His Possessive Ways
by SiMarcoJoseAko

Are you prepared to fight for your own feelings for him even though you know you can’t? #BSS2

==========

Bachelor Stories Series 2: His Possessive Ways

This is a work of fiction. Names, characters, businesses, places, events and incidents are either the products of the author's imagination or used in a fictitious manner. Any resemblance to actual persons, living or dead, or actual events is purely coincidental.

Do not distribute, publish, transmit, modify, display or create derivative works from or exploit the contents of this in any way. Please obtain permission from the author.

Started: April 2014- August 2014 (COMPLETED)

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

Prologue

Matalim ko siyang tinitigan habang sa isipan ko ay minumura at sinusumpa ko na siya. Wala akong pakealam kung siya pa ang ace player at team captain ng basketball team ng school. Kahit pa siguro siya ang presidente ng Pilipinas, walang takot ko siyang babanggain!

"May milagro atang nangyari para makita ko ang team captain ng volleyball team sa headquarters namin? Why? Are you going to accept my proporsal and will admit that you really like me from the very start?" Nakangisi niyang sabi sa akin.

"Oo, inaamin ko nang gusto kita." Gusto kitang sakalin, saksakin, tadyakan, ibigti patiwarik at patayin! Pinigilan ko ang sarili ko na gawin ang mga gusto niya dahil talaga namang makakatikim sa akin ang tarantadong 'to kapag lalo pa akong nabwisit.

"I knew it! Alam ko namang sa simula pa lang may gusto ka na sa akin." Kumpiyansa niyang sabi sa akin.

I stared at him for a moment. He has this greek body that a lot of girls drool of it, his chiseled chest, his define abs and v-line and his sexy happy trail. Maybe he developed his body through playing basketball since he was a kid. I admit, he's one of a hella sexy bad ass but I don't like him, kahit ano ay kinasusuklaman ko sa kanya. Wala rin akong pakealam kung may kasabihang, the more you hate, the more you love dahil halos gumawa na ako ng krimen kapag siya ang nakakaharap ko. I snapped

back to reality when he slowly walked towards my direction.

"Subukan mong lumapit, hindi ako magkakamaling bunutin lahat ng buhok sa katawan mo." Mariin kong banta sa kanya.

"C'mon Raisse, we're alone here you know." He said seductively. Kinilabutan naman ako sa sinabi niya.

Hindi ako nakapagsalita hanggang sa makalapit siya sa akin, I could smell his body soap and it sends shiver down my spine.

"I know you like me, I know. Kiss me Raisse, kiss me." I looked at his eyes, kulay berde iyon na namana niya sa ina niya. It's very beautiful, very tempting and very intimidating. He closed his eyes and kiss me. Nakatitig lang ako sa kawalan ng dumampi ang labi niya sa mga labi ko. His soft and pinkish lips, that a lot of women would do anything just to kiss this man is now kissing me. He moved his lips and I closed my eyes and feel how his lips kissed mine. I don't know why but I respond to his kisses.

"You answered my kiss Raisse, I win." He smirked.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter One

ONE

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

Isang mahabang buntong hininga ang pinakawalan ko nang makita ko ang papel na ibinigay sa akin ng Office of the Student Affairs. Gusto kong magwala at magsisisigaw nang bigla kong maalala kung bakit ako binigyan ng kulay dilaw na papel na ito at mapatawan ng walong oras na pagiging student assistant bukas.

Kung hindi ko lang sana pinatulan ang ginawa niyang pang-aasar, hindi sana ako nalagay sa ganitong sitwasyon. Gusto kong sapakin ang pagmumukha niya at gusto ko siyang murahin ng ilang ulit sa sobrang inis at galit na nararamdaman ko ngayon sa kanya.

Nilukot ko ang papel na ibinigay sa akin at walang pag-aatubiling itinapon iyon sa pinakamalapit na basurahan na nadaanan ko. Tumingin ako sa kalangitan at nakita kong nagdidilim iyon na tila ba nagbabadya ang malakas na pag-ulan. Binilisan ko ang paglalakad upang hindi ako maabutan ng ulan. Medyo malayo ang tinutuluyan ko sa school pero kaya namang lakarin lang. At least sa ganoong paraan, makakatipid pa ako.

Biglang pumasok sa isipan ko kung bakit nga ba ako pinatawan ng first offense ng OSA ng school.

"Marquez! Ano? Akala ko ba matapang kang babae? Bakit hindi mo magawang labanan itong girlfriend ko?" Nanghahamon niyang sabi sa akin habang nakangisi. Agad kong naiyukom ang mga palad ko sa sobrang inis.

"Wala akong panahon sa mga laro mo, Montemayor." Nagtitimpi kong sagot sa kanya ngunit mas lalo lamang lumaki ang ngisi sa mukha niya.

"Scared, Marquez?" Nanghahamon pa rin niyang sabi. Pinakatitigan ko naman ang berde niyang mga mata at nabasa kong gusto niyang makipaglaro. Kinagat ko lang ang ibabang labi ko upang pigilan ang galit ko. Agad din akong tumalikod upang umalis na roon ngunit nakakailang hakbang pa lamang ako nang biglang may humagit sa buhok ko. Walang pag-aalinlangan akong gumanti ng sabunot sa babaeng sa tingin ko ay ang girlfriend ni Montemayor. Ayoko sa lahat ay iyong ginagalit ako kahit na nanahimik ako.

Panay ang murang natatanggap niya mula sa akin at ganoon din ako habang sabunot namin ang buhok ng isa't-isa. Maikli lamang ang buhok niya na hanggang leeg lang kumpara sa buhok kong abot hanggang bewang ko, pero hindi alintana iyon para hindi ko siya masabunutan ng todo. Iniisip kong mukha ni Montemayor ang kinakawawa ko habang sinasabunutan ko nang todo ang babaeng nasa harap ko.

Nagawa ko siyang ihiga sa damuhan sa field ng school at tsaka ako pumatong sa kanya para mas masabuntan pa siya. Naririnig ko ang mga hiyawan ng estudyante na marahil ay pinapanood kami at natutuwa sa nasisilayan nila.

"H'wag n'yong aawatin!" Rinig kong sigaw ng isang napakapamilyar na boses na walang iba kung hindi si Montemayor.

Patuloy lamang ako sa pagsabunot sa babaeng nasa harapan ko ng umalingawngaw ang isang maawtoridad na boses na pinakatatakutan sa buong Unibersidad.

"Dean!" Rinig kong sabi ng isang estudyante kaya agad kaming tumigil sa ginagawa namin. Agad akong tumayo at inayos ko ang sarili ko. Akmang magsasalita na ako ng bigla namang magsalita ang lalaking nagpasimula nang lahat ng ito sa may likuran ko.

"Mrs. Inquillo, si Raisse po ang nagsimula." Diretso niyang sabi sa Dean ng College of Arts and Sciences. Nanlalaki ang mga mata kong napalingon sa kanya.

"That is not true!" Galit kong sigaw sa kanya pero lihim lamang siyang ngumiti.

"Opo, Mrs. Inquillo. Si Raisse po ang nanguna, sinabihan niya po akong mukhang bading at nilait pa niya ako na mas matalino raw po siya sa akin. Napuno lang po ako kaya ko po siya nasabunutan." Inosenteng sabi ng babaeng kasabunutan ko. Naramdaman ko ang pag-akyat ng dugo sa ulo ko sa sobrang galit.

"Hoy! Wala akong naalalang sinabihan kitang mukhang bading, pero pinagsisisihan kong hindi ko nagawang sabihin sa iyo 'yon! At halata namang pinagtutulungan niyo akong dalawa ng ugok na 'to. Tatandaan n'yo ang araw na ito. Lalo ka na! Sisiguraduhin kong hindi ka na tutubuan ng balbas sa ginawa mong ito!" Nanggigigil kong sabi sabay turo kay Greg na halatang nagulat.

"That is enough, Ms. Marquez! Follow me to my office. Now!"

"Bwisit! Babawian ko talaga iyong Montemayor na 'yon!" Inis kong sabi sa sarili ko. Nagawa ko pang sipain ang maliit na bato na nadaanan ko sa sobrang inis.

"I think someone's missing me." Bigla akong natigilan ng makilala ko kung sino ang pobreng nagsalita sa may likuran ko. Agad akong napalingon sa nagsalita at hindi ako nagkamali kung sino iyon.

"Hi, Marquez! Miss me?" Nakangisi niyang sabi sa akin. Agad akong nakaramdam ng inis dahil sa presensya niya. Pinaningkitan ko siya ng tingin at tinignan ng matalim.

"Who the hell will miss a demon?" Mataray kong sagot sa kanya sabay irap. Nagpatuloy ako sa paglalakad at nagulat ako ng sabayan niya ako. Halatang nang-iinis ang Montemayor na 'to.

"Lumayo ka sa akin, Montemayor. Kung ayaw mong bigwasan kita riyan." Inis kong sabi sa kanya. Ang kapal naman ata ng mukha niya para magpakita sa akin pagkatapos ng nangyari kanina?

"Ang init na naman ng ulo mo sa akin, Raisse baby." Nakangisi niyang sabi sabay akbay sa akin.

"Paanong hindi iinit ang ulo ko sa'yong tonta ka?! Sino ba ang may kagagawan kung bakit ako napatawan ng first offense ng OSA?! At pwede ba, h'wag mo akong matawag-tawag na baby dahil hindi na ako baby!" Iritable kong saad sa kanya sabay tanggal ng brasong nakaakbay sa akin. Kairita!

"Aba, malay ko. Sino nga ba? Tsaka ayaw mong tawagin kita ng baby? Ano gusto mo itawag ko sa'yo? Adult?" Nang-aasar niyang sagot sa akin na sinabayan pa niya ng paghalakhak.

"Gago!" Inis kong saad. Narinig ko lamang ang lalo niyang pagtawa.

"Alam mo Marquez, bakit hindi mo na lang ako patulan? Kapag natikman mo na naman ako, sigurado akong hahanap-hanapin mo na." Nakangisi niyang saad sa akin.

"Palagay mo sa akin? Babaeng patay na patay sa'yo? Duh. Mamaya pa n'yan mayroon kang STD o kahit ano pa mang sakit." Sabi ko sabay irap nang bongga.

"May protection naman ako lagi! Do you think I am a fool to forget that?" Hindi makapaniwala niyang sabi. Tinignan ko naman siya at tanging jersey uniform na may malaking printed na MONTEMAYOR sa likod at jordan shoes lang ang suot niya. Simple, pero lumalabas ang kanyang pagkamestizo. Hindi siya purong Filipino dahil iba ang lahi ng kanyang ina. Katulad ko, iba rin ang lahi ng ama ko, alien.

"Tanga ka naman talaga. Tsaka bakit hindi mo magawang tirahin 'yang sarili mo? Hindi 'yong ako ang yayayain mo." Diretso kong sabi sa kanya.

"Aba, Marquez. Dapat nga magpasalamat ka sa akin dahil niyaya pa kita. Iyong iba nga, kusa na lang na nalapit." Mayabang pa niyang sabi. Napairap na lang ako sa hangin dahil sa sinabi niyang iyon. Kung hindi lang ako pagod, kanina ko pa siya sinikmuraan.

"Iyon naman pala eh, di sila ang pagtuunan mo ng pansin." Sabi ko sa kanya.

"Nagsasawa na ako sa kanila. Gusto ko naman makatikim ng ibang putahe. Ano bang flavor ng iyo?" Nakangisi niyang sabi.

Walang pag-aalinlangan kong ihihampas sa kanya ang hawak kong bag. Hayop na 'to!

"Gago ka talaga! Tigilan mo ako sa mga kamanyakan mong 'yan! Sasapakin kita!" Inis kong bulyaw sa kanya.

"Aba, masarap kaya gawin 'yon!" Nagmamalaki pa niyang sabi sa akin. Sinimangutan ko naman siya.

"Kadiri ka, senior college ka pa lang hindi ka na virgin." Mariin kong saad.

"Normal na 'yon, lalaki ako eh. Kaya nga niyaya kita para may experience ka na rin. Malay mo mabuntis pa kita at instant pogi o maganda ang magiging anak mo. Lahing Montemayor pa! Ikaw pa nga lang ang una kong niyayang tikman ako." May ngisi sa labi niyang sabi. Ang kapal ng mukha! Jusko, saan ba kumukuha ng kakapalan ng mukha ang demonyong ito?

"Asa ka namang ibibigay ko sa'yo ang virginity ko, kung sa tulad mo lang din na manyak, mayabang, siraulo, at akala mo kung sino ang magiging ama ng anak ko. Mas

gugustuhin ko pang tumandang dalaga." Sabi ko sa kanya sabay irap.

"Masama raw magsalita ng tapos. At ayaw mo nun? Pananagutan naman kita. Hindi rin naman na masama ang dean lister na kagaya mo at maganda ka rin naman." Aba, siya pa ngayon ang may ganang magsalita ng ganoon?

"So parang sinasabi mong lugi ka pa?" Tinaasan ko siya ng kilay.

"Luging lugi naman talaga ako sa'yo. Ako, gwapo, matalino, mayaman, may sports car, MVP ng Basketball Team, at higit sa lahat ay habulin ng mga babae. Eh ikaw?" Natahimik naman ako sa sinabi niya. Oo nga naman, sino naman ba ako kumpara sa lalaking ito? Hindi nababagay ang isang dyosa sa isang lamang lupa na tulad niya.

"Iyon naman pala eh! Bakit sumasama ka pa sa tulad ko? Kumpara naman sa'yo walang wala ako. Kaya lumayo ka na sa akin, hindi rin naman ako bagay sa mga tulad mong mayayaman." Nilagpasan ko na siya pagkasabi ko noon. Alam ko naman na walang wala ako sa kanya, kung ikukumpara nga lang ako sa kanya ano ba ako? Galing siya sa kilala at mayamang angkan at ako? Wala. Pero pakielam ko sa kanya. Kahit gahasain pa siya ng kung sino diyan hinding hindi ko siya tutulungan. Mukha niya!

"Marquez!" Hindi ko na siya nilingon, basta tuloy tuloy lang akong naglakad. Pero dahil sa matangkad siyang tao, at mahahaba ang legs niya, naabutan niya ako.

"Marquez, hindi naman kita minamaliit. Niyaya nga kitang mag sex para mabuntis na kita at hindi na tayo mag-away pa and besides I have a perfect genes, I'm pretty sure na magiging maganda ang kalalabasan ng magiging anak natin. Ano deal ka?"

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Two

TWO

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Ikaw naman kasi ang may kasalanan, Raisse. Alam mo namang mainit ang ulo n'yo sa isa't-isa pero pinatulan mo pa." Diretsong sabi sa akin Dana. Siya ang tumatayong assistant captain ng volleyball team.

"Gago pala siya eh! Alangan namang hindi ko siya patulan? Di lalo akong ininis ng siraulong 'yon." Inis kong sabi. Marinig ko lang talaga ang pangalan ng Montemayor na 'yon, nagpapantig na ang mga tenga ko. Papasok na kami ngayon sa school at dinaanan ako ni Dana sa apartment para sabay kaming pumasok. Ngayon magsisimula ang pagiging student assistant ko at nananalangin akong hindi ako sa maintenance mapunta.

"That's the point, Raisse! Pinapatulan mo pa. Kung hindi mo na lang sana pinapansin, di wala ka sanang problema ngayon." Sermon pa niya sa akin. Napasimangot lang ako ng wala sa oras. Kung hindi ko lang 'to kaibigan, iisipin kong kay Greg siya kampi. Binati lang namin saglit ang gwardya na si Mang Elijah bago kami pumasok sa loob ng school. Alas otso ng umaga magsisismula ang pagiging student assistant ko at mayroon akong break na isang oras. Kaya hanggang ala-singko ako maglalagi sa school.

"Ikaw na lang ang bahala sa kanila, Dana. Naituro ko na naman sa inyo ang dapat kong ituro." Sabi ko kay Dana.

"Ako na bahala sa kanila, Raisse. Kita na lang tayo mamaya. Una na ako." Ani niya bago kami maghiwalay. Dumiretso naman ako sa OSA para itanong gagawin ko. Agad akong pumasok sa office ng OSA at lumapit sa isang estudyante upang magtanong.

"Ms. Marquez, sa office po kayo ng Dean mag-report. Iyon po kasi ang bilin niya sa amin." Sagot ng isang student assistant ng magtanong ako. Tumango lamang ako at agad na pumunta sa office ng Dean. Kumatok ako ng tatlong beses at tsaka pumasok.

Agad na nagsalubong ang mga kilay ko ng makita ko kung sino ang naroroon. Ano'ng ginagawa ng tontang ito rito?

"Good morning po, Dean." Bati ko sa Dean at agad na umupo sa isa pang bakanteng upuan. Lumipad naman ang mga mata ko sa lalaking nasa harap ko.

"I have to go, Dean. I hope my suggestion will help you a lot." Nakangiting sabi ni Greg sa Dean. Tumayo na ito at bago lumabas ay kininditan pa ako. Iniripan ko lang siya nang bongga. Akala mo naman kung sinong gwapo!

"So, Ms. Marquez." Panimula ni Dean. Ngumiti naman ako nang bongga. Dapat maging maganda ako sa paningin ni Dean at sa isang airconditioned na room niya ako ilagay. Ang magagandang tulad ko ay sa isang magandang lugar dapat inilalagay. Parang may naririnig pa akong tambol sa magkabila kong tenga habang hinihintay ang sasabihin ng Dean.

"I have already assigned you to spend your eight hours of being student assistant in maintenance office." Biglang nawala ang ngiti sa mukha ko dahil sa sinabi ni Dean. What?! Maintenance office?!

"Dean, bakit naman n'yo inilagay ang beauty ko sa maintenance office? Pwede namang sa MIS mo na lang ako ilagay o hindi kaya ay sa OSA! H'wag lang sa maintenance ng

school. Please, Dean." Halos magmakaawa kong sabi.

"My descision is final, Ms. Marquez. Dapat matuto ka sa ginawa mo, hindi pupwedeng hindi mo pagbayaran ang ginawa mo." Mariin na saad ni Dean. Biglang bumagsak ang mga balikat ko at nanghina sa narinig ko.

"At isa pa, Ms. Marquez. Dapat ka rin magsuot ng uniporme ng mga nasa maintenance." Biglang nanlaki ang mga mata ko sa sinabi ni Dean.

"Dean, ayos ng sa maintenance ako. Pero h'wag n'yo naman akong pag-suotin ng uniporme ng mga janitress dito! Marangal na trabaho ang pagiging janitor at janitress pero Dean, sobra naman ata ang ginagawa n'yo sa aking parusa." Reklamo ko. Hindi ko ata maatim na mag-suot ng ganoong uniporme. Pumasok ako rito bilang isang estudyante, hindi bilang isang empleyado. Dapat na ipaglaban ko ang karapatan ko. Oo, tama! Hihingi ako ng tulong sa GABRIELA at ANAKBAYAN.

"It's up to you, Ms. Marquez. Scholarship mo o ang walong oras na pagiging maintenance." Ani ni Dean. Lalo akong nanghina. Ayoko namang mawalan ng scholarship. Ayokong madissapoint sa akin ang Nanay ko na siyang naghihirap at nagtataguyod sa akin.

Muli akong huminga nang malalim tanda nang pagsuko ko. Padabog kong kinuha ang uniporme at magalang na nagpaalam sa Dean. Sakto namang pagkalabas ko ng office ng Dean ay namataan ko si Montemayor na nakasandal sa pader na mayroong ngisi sa labi, pero mas lalo lamang siyang ngumisi ng dumako ang mga mata niya sa hawak kong uniporme.

"Nice." Nang-aasar niyang saad. Uminit naman agad ang ulo ko.

"Ginagawa mo rito?!" Inis kong bulyaw sa kanya.

"Wala lang. Gusto lang kitang makita, masama ba?" Nakangisi niyang tanong.

"Leave me alone, Montemayor." Mariin kong giit at agad siyang tinalikuran. Ngunit nakakailang hakbang pa lamang ako nang magsalita siya.

"I really love, Dean Inquillo."

Agad na nagpantig ang mga tenga ko. Unti-unting pumasok sa isipan ko ang paglabas niya kanina sa office ni Dean bago ako pumasok. Dahan dahan ko siyang nilingon at halos maiyukom ko ang mga palad ko sa uniporme kong hawak dahil sa sobrang inis.

"Ikaw ang may pakana ng lahat ng ito?!" Galit kong sigaw sa kanya. Lalo naman siyang ngumisi at maya-maya lang ay bigla na lamang siyang humalakhak.

"Nadali mo, Marquez!" Humahalakhak niyang sabi. Walang pag-aalinlangan akong

lumapit sa kanya at agad siyang sinapak sa mukha. Napatumba siya sa ginawa kong iyon at hindi pa ako nakuntento't tinadyakan ko pa ang pare niya. Napahiyaw siya sa sakit sa ginawa kong iyon.

"Demonyo ka talaga! Gaganti ako sa'yo, tatandaan mo iyan!" Galit na galit kong sigaw sa kanya at tsaka siya tinalikuran ng may kaunting ngiti sa labi.

Nakaramdam ako ng gutom sa paglilinis sa comfort room ng mga babae. Iyon muna kasi ang inutos sa akin ng maintenance na linisin ko bago ang sa boys. Hirap na hirap ako sa paglilinis lalo na't maya-maya ang labas pasok ng mga nagbabanyo. Napapatingin ang iba sa akin at ang iba naman ay pinagtatawanan ako. Ang iba naman ay dedma lang sa presensya ko.

Naghugas muna ako ng kamay sa sink ng matapos ako. Nadatnan ko naman si Aling Karmen na nag-momop sa labas. Agad akong lumapit sa kanya.

"Aling Karmen, sabing ako na ho ang bahala sa mga gawain n'yo ngayon. Magpahinga na lamang po kayo." Magalang kong sabi kay Aling Karmen.

"Ikaw talagang bata ka, oo. Kaya ko naman itong simpleng gawain na ito. Parang hindi ko na ito ginagawa sa loob ng labing dalawang taon. Ito na nga ang nakapagpatapos sa mga anak ko." Medyo nakatawang sabi ni Aling Karmen. Ngumiti naman ako sa kanya.

"Trabaho ko ito ngayon Aling Karmen. Kaya ako dapat ang gumagawa nito. Sige na ho, magpahinga na kayo roon sa maintenance office." Sabi ko at tsaka ko kinuha ang hawak na mop ni Aling Karmen.

"O siya sige, basta't kumain ka pagkatapos mo riyan, maliwanag?" Saad niya. Tumango lamang ako bilang sagot.

Umalis na si Aling Karmen at pinagpatuloy ko lamang ang pag-momop niya. Nang sumapit ang break ko ay agad akong nagpahinga at nagpasyang sa cafeteria na lang ng Uniberaidad kumain. Maraming tao roon at halos lahat ng mga mata nila ay napapatingin sa akin. Sino ba naman kasing hindi mapapatingin eh sa dyosa ako. Ikaw ba naman ang makakita ng dyosang bumaba sa lupa para kumain lang. Hindi ba?

"Isang order nga po ng sinigang at dalawang kanin, Ate Grace." Sabi ko sa tindera. Napatingin naman siya sa akin at halatang nagulat.

"O Raisse, bakit ganyan ang suot mo?" Gulat niyang tanong. Ngumiti lang ako bilang ako sa kanya.

"Kailangan po eh, parusa." Nahihiya kong sagot. Sino ba naman kasing mahihiya kung ang isang team captain ng volleyball team at dean's lister na tulad ko ay nakaganito? Malamang sa malamang, magugulat ang lahat.

"Bitukang lalaki ka talaga, Marquez." Napalingon ako sa nagsalita.

"Pakielam mo?" Masungit at nakangisi kong sabi ng makita kong may band aid ang gilid ng labi niya. Napuruhan din kita sa wakas, Montemayor.

Hindi siya sumagot. Bumaling lamang siya sa tindera. "Isang order nga po ng menudo at adobong manok. Dalawa rin ang kanin ko." Sabi ni Greg sa tindera sabay abot ng five hundred bill.

"Pakibayaran na rin diyan ang inorder ni Marquez." Dagdag pa niya.

"Kaya kong bayaran ang kakainin ko." Mariin kong giit.

"I insist, besides barya lang naman 'yan." Sagot niya. Hindi ko na siya sinagot. Atleast nga nakatipid pa ako.

"Salamat." Sabi ko kay Greg ng makuha ko na ang pagkain ko. Agad akong naghanap ng pwesto at ng makakita ako ng bakanteng upuan ay dumiretso ako roon. Hindi pa ako nakakapag-breakfast kaya gutom na gutom talaga ako.

"Oh, mabulunan ka. Wala na akong aasarin kapag namatay ka." Umupo siya sa harapan ko pagkasabi niya noon. Dala niya iyong pagkaing inorder niya.

"Pauunahin na kitang mamatay. Siyempre, kapag namatay ka. Maiiyak ako." Sa tuwa. Lihim akong ngumiti sa kanya. Mababawian din kitang Montemayor ka.

Sunod-sunod ang ginawa kong pagsubo. Wala na akong pakielam kung nasa harapan ko pa si Greg. Panay ang salita niya at hindi ko siya pinapansin. Nang matapos ako sa pagkain ay agad akong tumayo. Inisang lagok ko lang ang tubig sa harapan n'ya at tsaka ko iyon inilapag sa harap niya.

"Solve! Salamat ulit, Montemayor!" Sabi ko ng nakangiti. Agad akong umalis doon.

"Marquez!" Narinig ko pa ang pagtawag niya ngunit hindi ko na iyon pinansin pa.

Bumalik na ulit ako sa trabaho ko dahil gusto ko ng umuwi at matapos pa itong parusang 'to. Boys comfort room naman ang lilinisin ko at saktong pagpasok ko roon ay nadatnan ko ang isang grupo ng mga kalalakihan. Tinaasan ko lang sila ng kilay at agad silang nagsilabasan. Lihim akong tumawa sa isip ko, iba talaga nagagawa ng isang dyosa.

Naglinis lang ako ng naglinis at medyo nahirapan akong maglinis dahil mga burara ang mga lalaki sa school namin ng gumamit ng banyo. Lumipas ang isang oras at hindi pa rin ako tapos. Buti na lang at walang pumapasok na lalaki sa loob.

Akmang papasok na ako sa loob ng isang cubicle ng mapatili ako dahil sa malaking daga na dumaan sa paanan ko. Napaupo ako sa sobrang gulat at naramdaan ko ang pagguhit ng sakit sa may likuran ko. Napatingin ako sa may daga at nakita kong laruan lamang iyon.

Hirap akong tumayo ng makarinig ako ng tawa sa may labas. Kahit na nahihirapan ako, agad akong lumabas upang patayin ang gagong naghagis ng daga sa pwesto ko. Nakita kong naroroon si Greg at walang humpay ang pag-tawa. Biglang nagdilim ang paningin ko at agad na lumapit sa kanya. Sinamantala ko ang pagtawa niya at walang sabi-sabi siyang itinulak ng malakas.

Nakita ko namang napaatras siya at bigla niyang natapakan iyong mop na ginamit ko kanina at nadulas siya. Nanlaki ang mga mata ko ng makita kong tumama ang ulo niya sa pader na nasa may likuran niya. Alam kong malakas ang pagkakatama ng ulo niya roon dahil rinig na rinig ko ang pagtama noon. Naghumerantado ang puso ko at agad na lumapit sa kanya.

"I—It hurts." Dain niya habang nakahawak sa ulo niya. Tinignan ko iyon at halos mapatili ako ng makita kong may dugo roon. Maya-maya pa'y bigla na lang siyang nawalan ng malay.

"Greg, gumising ka!" Kinakabahan kong sabi habang sunod-sunod na pinagsasampal ang pisngi niya.

"What the—?!" Sunod-sunod ang mga lalaking pumunta sa pwesto ko at ang iba roon ay teammates ni Greg. Agad nilang binuhat si Greg at wala akong ibang ginawa kung hindi ang mapatitig na lang sa kawalan.

"Raisse?" Nakita kong lumapit sa akin si Miguel na assistant captain ng basketball team. Hindi ko na napigilan ang pagtulo ng luha ko.

"I—I'm so stupid, look what I have done!" Galit kong sabi sa sarili ko. Bigla na lamang akong niyakap ni Miguel ng mahigpit.

"Don't worry, Raisse. He will be fine." Saad niya. Nakaramdam ako ng ginhawa sa presensya niya pero hindi pa rin maalis sa isipin ko na maaring mawala ang scholarship ko o mas malala ay ma-expel ako sa Unibersidad ng dahil sa kagagawan ko. Kinausap ako saglit sa office at agad din pinauwi. Kailangan nilang makuha ang side ni Greg at hindi sila pwedeng mag-desisyon na lang bigla.

Pagkatapos ng lahat ay umuwi na kami. Inihatid ako ni Miguel sa apartment kung saan ako tumutuloy ngayon.

"Don't worry Raisse, everything is gonna be alright." I smiled to him. Si Miguel lang ang isa sa mga close ko sa basketball team, mabait siya at guwapo rin kagaya ni Greg. Pareho sila ng estado sa buhay, mayaman at sa pagkakaalam ko ay matalik din silang magkaibigan ni Greg.

"Thank you Miguel. Hindi ko talaga alam ang gagawin ko. Baka tanggalin ng school ang scholarship ko." Napayuko ako. Sa isang iglap, mawawala ang lahat ng pinaghirapan ko. Sa katangahang ginawa ko, mawawala ang matagal ko nang pinapangarap. Ang maging isang broadcaster.

"Don't lose hope Raisse, I could talk to him." Nakangiti niyang sabi sa akin.

"Hindi mo na kailangang gawin 'yon Miguel, tatanggapin ko ang ihahatol sa akin ng school. Mali ang ginawa ko, buhay ni Greg ang maaaring mawala." Hindi ko napigilang mapaiyak. Bakit humantong sa ganito ang lahat? Suddenly, Miguel hugged me again.

"Shhh, don't cry Raisse. Hindi ako sanay na nakikita kang umiiyak." He whispered. I feel so safe in his arms. Buti na lang talaga nandito siya para i-comfort ako. Hindi ko talaga alam ang gagawin ko kung sakaling tanggalin ng school ang scholarship ko, graduating ako at malapit na ako sa pangarap ko pero mawawala na lang ang lahat ng 'yon. I hugged him back, kahit ngayon lang, kahit sandali lang.

"Salamat Miguel." Sabi ko sa kanya pagkatapos. Ginulo lang niya ang buhok ko.

"Wala 'yon, magpahinga ka na. I'll see you tomorrow." He said. I just said my goodbye to him at pumasok na sa apartment na tinutuluyan ko. Agad akong humiga sa kama pagkapasok ko. Ano na lang ang sasabihin ko sa Nanay ko kapag tinanggal ng school ang scholarship ko? Ano na lang ang mukhang ihaharap ko sa kanya kapag nagkataon? Ano na lang din ang mukhang ihaharap ko kay Greg kapag nagkita na kami at ano na lang ang sasabihin sa akin ng lahat kapag nalaman nila ang nangyari? Niyakap ko ang unan ko at doon inilabas ang lahat ng sama ng loob ko.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Three

THREE

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

Habang naglalakad ako sa hallway ay pinagtitinginan ako ng mga estudyante. Marahil ay alam na nila ang nangyari kahapon o kaya naman ay sadyang nagagandahan lang talaga sila sa akin kaya nila ako pinagtitinginan. Pero sigurado ako na ang unang rason ang dahilan kung bakit nila ako pinagtitinginan. Naglakad na ako papunta sa first class ko para pumasok. Isa akong Mass Communication student at graduating na

ako next year. Mas pinili kong maging isang varsity player kesa maging miyembro ng school publication. Simula pagkabata, hilig ko na ang paglalaro ng volleyball kaya mahusay ako sa larangang iyon.

Hindi ko pinansin ang mga matatalim nilang tingin sa akin at siguradong pagdidiskitahan na naman ako ng mga babaeng patay na patay kay Montemayor. Nag-ready na rin ako ng speech para mamaya sa office at sa dean. Tatanggapin ko kung ano man ang ihahatol nila sa ginawa ko. Kilala at napakalaking unibersidad ang paaralang ito kaya hindi nila palalagpasin ang ganito, unless ay may sa lahing anghel ang Montemayor na iyon at pabayaan na lang ang ginawa ko. Pero duda akong hahayaan na lang niya ang ginawa ko sa kanya, knowing na isa siyang demonyo.

Naniniwala kasi ako na hindi ko naman kasalanan kung bakit siya nauntog. Kung sana'y hindi niya ako ginulat, hindi ko sana siya itutulak. Konsensya na lang niya kung sakaling patalsikin ako sa paaralang ito.

Lumipas ang ilang klase ko at hinihintay ko pa rin na patawagin ako sa office, at hindi naman ako nagkamali. Bago mag lunch break ay pinatawag na ako sa office, I just ignored their stares. Kitang kita ko na naaawa sila sa akin at iba naman ay nagagalit sa akin, pero kumpiyansa pa rin ako na hindi ako mapapatanggal sa school na ito. Ipaglalaban ko kung ano ba ang tama. Tinuruan akong lumaban ng Nanay ko lalo na't kung alam kong nasa panig ako ng katotohanan.

Akala ko ay ako lang ang pinatawag sa office, pero laking gulat ko na naroon din ang miyembro ng basketball team at ng team ko. Wala lang ang kanilang hambog na captain. Malamang, nabagok ang ulo!

"So, Ms. Marquez is finally here. We could start our discussion." The dean said. Tumalima naman ang iba pang tao roon.

Tahimik lang kaming nakikinig at nakatingin sa dean. Kagabi, inilabas ko na lahat ng luhang pwede kong ilabas. Hindi ko rin naman kasi madadaan sa pagmamakaawa o sa pag-iyak ang pagkawala ng scholarship ko, hindi naman ako isang desperado na mamamatay kapag hindi na nakapag-aral. Maaari naman akong tumigil muna sa pag-aaral at magtrabaho muna at mag-ipon, nakatapos naman ako ng tatlong taon sa kolehiyo at sigurado akong may tatanggap pa rin sa akin. And besides, he deserves it! Masyado siyang mayabang at hambog, akala mo pa kung sino at tsaka matagal ko na talagang binabalak na gawin iyon sa kanya, napaaga nga lang.

"Ms. Marquez, I really don't know kung bakit umabot sa ganoon ang lahat. I couldn't believe that you could do that. You're a dean's lister since you were first year! Matalino kang babae, at sigurado naman akong matino ka, pero hindi ko lubos maisip kung ano ang pumasok sa isip mo para gawin iyon." She said and dissapointment was written all over her face.

"Hindi ko naman po sinasadya, kung hindi niya lang po sana ako ginulat gamit ang isang laruang daga. Di hindi ko po sana natulak ang gagong 'yon." Sabi ko at sinadya kong hinaan ang huli kong sinabi para hindi nila marinig.

"I'm sorry Ms. Marquez?"

"Dean, wala naman pong may gusto ng nangyari. Siya po ang nagsimula at naniniwala po ako na wala akong kasalanan. Kung tatanggalin n'yo man po ang scholarship ko, sige po. Tatanggapin ko po ang hatol n'yo. Tatanggapin ko po kung ano ang parusang ibibigay n'yo, pero sana naman po. Mayroon din siyang matanggap na parusa dahil siya ang nagsimula nito." Direditretso at kumpiyansa kong sabi. Totoo naman kasi, hindi ako papayag na ako lang ang maparusahan. Dapat siya rin! Huminga naman nang malalim ang dean sa sinabi ko.

"Isa itong malaking gulo, Marquez. Alam naman natin na malaki at kilalang angkan ang mga Montemayor pero katulad nga ng sinabi mo, walang may gusto ng nangyari." Sabi ni Mrs. Inquillo.

"Dean, ako po lahat ang may kasalanan. Huwag n'yo na pong idamay ang basketball at volleyball team. I'll accept any of your decision. Kung kailan ko pong bumaba sa pwesto ko bilang Captain ng volleyball team. Sige po, malugod ko po iyong tatanggapin." Yumuko ako, kailangan kong magpakumbaba para maligtas ang dalawang team. Kahit ngayon lang sana, tubuan ako ng pakpak at halo sa ulo.

"Captain." Lumapit sa akin si Dana.

"Alright, pinatawag ko lang kayong lahat dito para makumpirma ang nangyaring gulo at dahil parehong Captain ang involved dito, isinama ko na rin kayo. Mr. Greg Montemayor is now okay, hindi naman malala ang nangyari sa kanya but there's one thing na gustong mangyari ng side ni Mr. Montemayor para hindi ka na mapatalsik sa school na 'to." Bigla akong napaangat ng tingin sa dean. Seryoso ba siya? Hindi na ako matatanggal sa school na 'to?

"Totoo po? Hindi ako matatanggal sa school na 'to?" Gulat kong tanong.

"You heard it right, Ms. Marquez." Napangiti ako ng wala sa oras. I looked at my teammates and they are also smilling, habang ang mga matapobreng miyembro ng basketball team ay wala namang reaksyon.

"Pwede na kayong lumabas except of you, Ms. Marquez, may importante pa akong sasabihin sa'yo." Nagpaalam ako sa mga teammates ko bago sila lumabas at sinabihan lang ako ng goodluck.

"Mr. Montemayor insisted na pumunta ka ngayon sa ospital kung saan siya naroroon. He has something to tell you which is really important dahil scholarship mo ang nakasasalay dito." Tumango lang ako sa dean at nagpasalamat bago lumabas. Masaya ako na hindi nawala ang scholarship ko at masaya ako na maaari pa akong makapaglaro sa National Tournament. May sa lahi rin palang anghel ang Montemayor na 'yon.

"I told you." Si Miguel agad ang sumalubong sa akin pagkalabas ko sa office ng dean. Wala ako sa sarili napayakap sa kanya sa sobrang saya.

"O, baka naman mamatay na ako sa sobrang higpit ng pagkakayap mo." Napabitiw naman

ako bigla pero hindi pa rin mawawala sa mukha ko ang ngiti.

"Sorry, masaya lang talaga ako dahil makakapag-aral pa rin ako dito." Nakangiti kong sabi.

"You should thank him." Ngumiti siya kaya nasilayan ko na naman ang pantay at mapuputi niyang ngipin. Tulad ni Greg, may maipagmamalaki rin si Miguel, chinito ito at maganda rin ang pangangatawan, mayaman at habulin din ng mga babae dahil sa gwapo na ito ay hindi pa masungit. Ngunit hindi tulad ni Greg, mabait ito at gentleman. Halos lahat naman kasi ng basketball player dito sa school ay may mga itsura at mayayaman kaya sila lang din ang nagkakasundo sundo.

"Pupuntahan ko nga siya ngayon sa ospital. Wala rin na naman akong klase sa hapon." Sabi ko sa kanya.

"Gusto mo samahan na kita?" Aniya. Agad naman akong umiling, alam ko kasing may klase pa ito sa hapon at masyado ko na siyang maaabala pa kung magpapasama pa ako sa kanya.

"Ayos na ako, ibinigay na naman sa akin ng dean kung saang ospital siya nakaconfine ngayon. Baka naaabala na kita, may klase ka pa mamayang hapon." Saad ko.

"Pwede naman akong umabsent, gusto ko lang makasigurado na ayos kang makakarating doon." I felt my cheeks burn. He's really sweet! Kahit pala hambog ang captain ng basketball team mayroon pa rin silang matinong miyembro.

"Huwag na, ang laking abala ko na sa'yo niyan. Salamat ulit Miguel." Ngumiti ako sa kanya. Nagpaalam na ako sa kanya at inayos ang mga gamit ko bago lumabas ng school. Nag-iisip din ako kung bibili ako ng kandila para itirik sa labas ng kwarto niya sa ospital, pero dahil naging mabait siya, hindi na ako bibili. Wala rin kasi akong pambili at dalawang piso rin ang pospro.

Sumakay lang ako ng jeep at agad din naman akong nakapunta sa ospital kung saan siya nakaconfine. Sisingilin ko siya mamaya sa pamasahe, ang demanding naman kasi niya at ako pa ang pinapunta sa ospital. Tinanong lang ako ng nurse kung ano ang sadya ko at sabi ko kung may namatay na bang pasyente na nagngangalang Greg, pero sabi nila wala pa naman daw. As usual, disappointed ako pero pinilit ko pa rin maging mukhang masaya. Ayoko namang humarap sa kanya na nakabusangot ang mukha.

Nang makarating ako sa room 666 ay huminga muna ako ng malalim. Sana lang ay hindi niya ako inisin at baka hindi na pala ang maipukpok ko sa ulo niya. Baka masakal ko na siya ng wala sa oras at kung ano pang mangyari sa kinabukasan ko. Hindi na ako kumatok at binuksan ko na ang pinto, but I guess it's a wrong move.

Ganoon na ba siya kadesperado at pati ospital ay hindi niya pinatawad sa mga kababuyan niya? Pati ba naman nurse nilandi na niya. I saw them making out at kung saan saan na lumalanding ang mga kamay ni Greg sa iba't ibang parte ng katawan ng nurse. Hindi pa rin sila tumitigil kaya tumikhim na ako.

"Hindi ba uso sa'yo ang kumatok?!" Sigaw niya sa akin. Agad namang nag-ayos ang nurse at dali daling lumabas. Paano kaya kung hindi pa ako dumating? Gumagawa na kaya sila ng milagro dito? I shook my head to erase my thought.

"Hindi ba uso sa'yo ang magpahinga muna at pati nurse pinatos mo na?" I rolled my eyes.

"Who cares? She's beautiful and sexy, at pumayag naman siyang makipaghalikan sa akin. Kung hindi ka nga lang ata dumating baka nagsesex na kami dito sa kama ko. Istorbo ka lang talaga." Palahin ko ulit 'yang ulo mo eh!

"Ang bastos mo." Nakanguso kong sabi.

"Ang bastos nakahubad, gusto mo ba makita akong nakahubad? Pwede mo akong hubaran dito kung gusto mo, papahawakan ko pa ang gusto mong hawakan sa katawan ko." Hindi ako nakapagpigil at binato ko na siya ng unan na nasa couch. Wala na bang bukang bibig ang lalaking ito kung hindi kababuyan?

"Aba, aba. Baka nakakalimutan mo na may kasalanan ka pa sa akin? Pwede mo akong mapatay sa ginawa mo sa akin at pwede rin kitang kasuhan!"

"Sana nga natuluyan ka na." Mahina kong sabi at buti na lang bingi siya at hindi niya ako narinig.

"What did you say? May sinasabi ka?"

"Wala." I said in sing-sang.

"Alright, you're here because I want to have an agreement with you." Napakunot naman ang noo ko sa sinabi niya.

"Kung tungkol sa pera 'yan huwag mo na akong asahan."

"Hindi tungkol sa pera 'to, alam ko namang mas mahirap ka pa sa labandera namin." Aba't! Kung wala lang talaga siyang benda ngayon sa ulo, binatukan ko na siya!

"So, ano nga? Ano'ng gusto mo?"

"Your body. I want you to be my sex slave—ARAY! Ano ba?! Nakakarami ka na ah!" Binato ko ulit kasi siya ng unan at tumama sa ulo niya.

"Umayos ka kasi!" Sigaw ko sa kanya.

"So, as what I've said. I want you to be my personal assistant for a month. Kabayaran na sa ginawa mo sa akin at sa hindi ko pagtanggal sa scholarship mo." Napatigil ako. Isang buwang assistant niya? No!

"Ano ka nahihibang?! Ayoko!"

"You don't have any choice, isang tawag ko lang sa office kaya kong tanggalin ang scholarship mo. Maaari ka pang mapatalsik sa school kung saka sakali. Kaya wala kang magagawa kung hindi sundin ang utos ko." Demonyo talaga! Ayoko namang matanggalan ako ng scholarship, at tama siya. Kaya niyang tanggalin ang scholarship ko at patalsikin ako sa school. He could also sue me in court if he wants.

"Ano? Papayag ka o hindi?" He smirked.

"Oo na! Wala na rin naman akong choice di ba?" I sighed as a sign of defeat. Sana naman maging maganda ang isang buwan ko kasama siya. Sana this time hindi na ako magkasala pa sa taas dahil sa isip ko pa lang pinapatay ko na siya.

"Alright, mamaya na ako lalabas dito sa ospital na 'to. Sasama ka sa akin kahit saan man ako pumunta. Kapag tinawagan kita, pupunta ka. I have my own unit, bibigyan kita ng spare key dahil doon ako laging naglalagi. Kapag may inutos ako, susundin mo at kapag kasama kita ayokong may kasama kang iba. Gusto ko tayo lang, ikaw at ako lang." Sunod sunod na sabi niya kaya tumango lang ako.

"And one more thing, ayokong mag boboyfriend ka."

"Bakit naman bawal akong mag boyfriend aber?"

"Dahil kapag akin, akin lang. Hindi ako namamahagi ng pagmamay-ari ko. Gusto ko nasa akin lang ang atensyon mo, ayaw kong may kahati."

Napatanga lang ako sa sinabi niya.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Four

FOUR

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Ah—shit!" Nanlaki ang mga mata ko sa narinig ko. Nandito ako ngayon sa condo ng hinyaupak na Greg na iyon dahil tinawagan niya ako kanina at sinabing pumunta raw ako sa unit niya dahil may ipapagawa siya sa akin at may inutos din s'ya kaya ako nandito.

"G—Greg, p—that's it—Ahhh!" Narinig ko na naman ulit ang kakaibang ungol na nanggagaling sa kusina. Kinabahan ako dahil never pa akong nakakita ng bed scene sa totoong buhay, pero kailangan kong makumpira kung ano nga ba ang nasa isip ko. Dahan-dahan akong sumilip sa kusina and there I saw them doing something gross! Nakahiga sa kitchen counter ang babaeng kanina pa ungol nang ungol habang si Greg naman ay may ginagawang kababalaghan. The girl was totally naked, habang si Greg naman ay may suot pa rin na sando pero walang pang-ibaba. Agad akong umalis at pakiramdam ko ay namula ang buong mukha ko sa nasaksihan ko.

"Jusko, ano ho ba ang nagawa kong kasalanan para parusahan niyo ako ng ganito?" Halos maiyak kong sabi. Walang hiya talaga ang Montemayor na iyon! Wala na talagang pinalagpas!

"Ohhhh! T—that's it! F—faster!" Tinakpan ko ang mga tenga ko para hindi ko na lang sila marinig. Gustong-gusto ko silang buhusan ng tubig para malaman nilang may tao rin dito at hindi lang sila ang naririto.

Girls must be in control of their bodies because boys are not.

Itinuon ko na lang ang atensyon ko sa libro ko, kakatapos lang kasi ng klase ko kaya dito na ako dumiretso nang matanggap ko ang tawag niya. Ayokong isipin kung ano na ang ginagawa nila sa loob, pero tiyak akong kababuyan lang ng Montemayor na 'yon ang pinapairal niya. Sana makabuntis siya ng babae para magtino siya! Hindi rin naman ako makapaniwala sa mga babaeng nabibiktima niya, hindi naman porket guwapo siya at talagang may maipagmamalaki ay basta basta na lang nila ibibigay ang katawan nila sa mga lalaking gustong tumikim sa kanila. Sana makarma 'yang Montemayor na 'yan sa mga pinaggagagawa niya! Ako talaga ang unang matutuwa kapag nangyari iyon!

Pagkatapos ng ilang minuto ay lumabas na rin silang dalawa, kitang kita ko pa ang pag-aayos ng babae sa suot niya pagkalabas nila. Kita ko rin ang gulat niyang mukha ng makita niya ako.

"Who are you?" Mataray na tanong sa akin ng babaeng kalampungan ni Greg. She's absolutely sexy and beautiful. Hindi rin pala basta basta ang pinipili ng Montemayor na 'yon, siguro kung tatanungin kung ano siya sa society na 'to, first class prostitute siya.

Nakita ko namang lumabas sa likod niya si Greg wearing only his boxer brief! Napaiwas agad ako ng tingin nang makita ko siya at pakiramdam ko ulit lalo pang namula ang mukha ko. He is really sexy at talaga namang may maipagmamalaki ang

loko, his fitted body, toned chest, and his skin? I could say na mas makinis pa siya sa babae.

"Magsuot ka nga muna ng short!" Sigaw ko sa kanya. Pinilit kong hindi tumingin sa kanya. Baka kasi asarin lang niya ako at sabihing gusto ko naman makita which is sort of true.

"Ang prude naman nito! Makikita mo rin naman ito someday." Nangilabot ako sa sinabi niya. Ano'ng akala niya sa akin? Papatulan ko siya? No way!

"Sino ba siya baby Greg?" Baby daw? Ang laki niya ngang damulag tapos baby? Jusko ha!

"She's my girlfriend, hayaan mo lang 'yan tanggap niya na nagtataksil ako sa kanya—ARAY!" Hindi ako nakapagpigil at binato ko siya ng libro kong hawak. Buti rin at nagsuot na siya ng shorts dahil talaga namang paghuhubarin ko na siya nang tuluyan at paglalakarin sa gitna ng EDSA!

"Alright baby Greg, I really need to go. Call me if you want me to pleasure you again." She gave him a seductive wink. Iyong tipong may kasama pang nga nga. Pasukan ko 'yan ng bola ng basketball eh! Lumabas din naman agad siya at agad akong bumaling kay Montemayor.

"Ano bang problema mo?!" Bulyaw niya sa akin nang tignan ko ulit siya nang masama. Pinulot niya ang librong ibinato ko sa kanya at umupo sa harap ko.

"Tanghaling tapat nagawa n'yong gawin 'yon?! Grabe ka Montemayor! Bilib na talaga ako sa'yo." I said sarcasticly.

"Pakealam mo ba? She texted me na kung pwede ko siyang paligayahin, so I did. My dad said be gentleman, and be generous. Ginawa ko lang naman ang hiling niya." Hindi ulit ako nakapagtimpi at binato ko siya ng unan na nasa sala.

"Kadiri ka! Alam mo ba 'yon? Paano kung mabuntis mo siya? Mapapanagutan mo ba siya?!" Nanggigil kong sigaw sa kanya. Kung pwede lang talagang pumatay ng tao kanina ko pa siya ginitilan sa leeg.

"Gumamit ako ng condom! Tignan mo pa sa kusina nandoon pa at may ano ko pa!" Aba't! Sinusubukan talaga ng gagong 'to ang pasensya ko eh!

"Kahit na! Paano kung mabutas iyong condom? There is still a chance that you might get her pregnant!" Sigaw ko ulit.

"Wait nga, bakit ba pinapakealaman mo kung mabuntis ko siya? Nagseselos ka ba?" Bigla naman nag-init ang ulo ko. Kung kanina mukha ko ang nag-init, ngayon ulo na!

"Ang kapal mo rin naman pala Montemayor, concern lang ako sa magiging anak mo! Magiging bastardo siya at baka hindi mo pa panagutan!" Nangigigil talaga ako kapag kaharap ko 'tong lalaking ito eh. Hindi pa nadala sa pagkabagok ng ulo sa bato eh! Sana pala mas nilakasan ko ang pagtulak sa kanya nang magising ang napakamanyak niyang kaluluwa.

"Concern daw, sabihin mo ikaw ang gusto kong anakan. Kunwari ka pa, pero halata namang may gusto ka sa akin." Sumandal siya sa sofa at inilagay ang mga kamay sa likod ng ulo niya. Kitang kita ko ang mabuhok niyang kili-kili na akala mo ilang libong taong hindi inahit. Flat ang tiyan niya na may six pack abs and his chest, hindi ito malaki pero sakto lang para sa katawan niya. Kaya pala maraming babae ang nahuhumaling sa kanya dahil sa guwapo na siya, mayaman na, at may maipagmamalaki pa. Bigla tuloy akong nanliit sa kanya. Kung pinanindigan lang sana ng ama kong foreigner ang nanay ko hindi ako manliliit sa kanya. Pero wala eh, pagkatapos akong maipanganak ng nanay ko ay umalis agad ang siraulo kong ama papuntang Australia at naglaho na parang bula. Buti na lang talaga nakakuha ako ng genes ng tatay ko kaya kahit papaano ay may maipagmamalaki ako.

"Alam mo ang sarap mong sakalin. Kung wala lang talaga akong atraso sa'yo, matagal na kitang sinakal sa inis." I rolled my eyes. He really have the talent to annoy me —wait, linya niya 'yon ah?

"Kung tinatanggap mo na kasi ang proporsal kong buntisin kita di sana happy na tayong dalawa." He laughed, and I suddenly froze. Hearing his laugh makes my heart beat fast. Siguro kinakabahan ako kasi parang ritwal yung tawa niya na kukuhanin ang kaluluwa ko nang wala sa oras. May lahi atang mangkukulam ang bakulaw na 'to.

"Bakit hindi mo buntisin ang sarili mo? Akala mo ang dali daling magbuntis, palibhasa kayong mga lalaki tira lang nang tira at hindi n'yo naman iniintindi ang magiging sitwasyon namin." Seryoso kong sabi. Bigla rin siyang sumeryoso.

"No, you're wrong. It's the best thing to see the girl you love the most with her swollen tummy because she is carrying your child." Seryoso niyang sabi pero hindi ako tanga para magpaloko sa kanya. Kunwari pa siya, pero ang gusto niya talagang sabihin. "It's good to tira girls because it's very masarap!"

"At bakit hindi mo hanapin ang babaeng mahahalin mo at magdadala ng mga magiging anak mo? Hindi iyong tira ka nang tira d'yan sa tabi-tabi?" I asked while raising my eyebrow.

"I already found her, but I need to confirm if she's really fit to me. I want to make her shout my name in my bed. Hindi ko pa kasi nasusubukan kung kasya ba yung akin sa kanya." Here we go again, akala ko seryoso na iyon pala uuwi rin sa kababuyan ang mga lumalabas sa bibig niya. Hindi na ata talaga 'to magbabago kahit ano'ng mangyari.

"Kumain ka na nga lang! Dala ko na yung pinabili mo sa akin sa isang fast food chain. Three fifty lahat ng nagastos ko, tapos pamasahe pa papunta dito sa condo mo." Inilahad ko ang kamay ko sa kanya pero tinignan niya lang 'yon.

"Atat ka naman masyado, tara doon tayo sa lamesa. Kakain tayong dalawa at mamaya na kita babayaran." Tumayo na siya at kinuha yung binili ko. Gutom din ako kaya tumayo na ako at sinaluhan siya.

"Hindi ka man lang ba magsusuot ng maayos na damit? Hindi ka ba naiilang na makita ko halos ang hubad mong katawan?" Tanong ko sa kanya sabay kagat sa burger na binili ko na babayaran naman niya.

"Hindi, makikita mo rin naman 'yan pagdating ng araw. Baka nga hindi lang ganito ang makita mo, buong katawan ko pa kasama si pare sa baba. Besides, mas kumportable ako na ganito lang." Sabi niya sabay subo ng kanin. Tinignan ko lang siya. Hindi na ba mawawala ang pagiging bastos niya? Ang malas siguro ng magiging asawa niya dahil bubuntusin niya lang ito.

"Ano'ng tinitingin-tingin mo diyan?" Masungit niyang sabi ng mapansin niyang tinititigan ko siya.

"Wala, ano'ng lahi mo?" Tanong na hindi ko alam kung saan ko nakuha.

"Half—German, ikaw? As far as I know you are not a pure Filipino too, am I right?" Tinaasan niya ako ng kilay.

"Yes, I'm half—maganda, half—beautiful, and pure dyosa!" Sabi ko sabay tawa. Nasisiraan na ata ako ng bait dahil sa kanya, pero siya nakakunot lang ang noo.

"Joke lang ito naman hindi na mabiro, half—Australian ako. Kaya nga tisay ako diba?" Kumagat ulit ako sa burger na kinakain ko.

"Nasaan ang Papa mo?" Nagtataka niyang tanong.

"Wala, iniwan kami. Hindi pinanagutan si Mama. May pamilya kasi 'yon sa tunay niyang bansa." Paliwanag ko, ewan ko ba pero kumportable akong nagkukwento sa kanya. Marahil ay pareho kaming hindi pure Filipino kaya ayos lang na kwentuhan ko siya. Nagtaka naman ako ng hindi na siya nagsalita, tumungo lang siya at pinagpatuloy ang pagkain.

"Oh, bakit natahimik ka? Gusto mo pa ba? Ito oh may burger pa dito." Sabay abot sa kanya pero tinanggihan niya lang 'yon.

"No, I am okay. Naisip ko lang na pareho pala tayo." Napataas naman ang kilay ko sa sinabi niya.

"Magkaparehas tayo?"

"Hindi rin ako pinanagutan ng ina ko, but my Dad took all the responsibility. He's the best father in the world, I love him so much." Aba, daddy's boy pala ang isang

'to.

"Hindi na nag-asawa daddy mo?" Tanong ko. Usually kasi ang mga lalaki hindi natitiis ang walang kapareha sa buhay, you know may pangangailangan din sila na kailangang tustusan. Ito pa nga lang si Greg na walang asawa puro kababuyan na ang ginagawa yung mga wala pa kayang asawa?

"Hindi naman pinakasalan ng mommy ko si Dad, nabuntis lang ni dad ang Mommy ko pero mahal n'ya 'yon. Kaya nung inuwi niya ako dito sa Pilipinas, ginawa niya lahat para maging ama sa akin and he didn't fail. Until he met Mama Jin, hindi pa rin nagbago ang lahat at mas sumaya pa ako kasi dalawa na ang nagmamahal sa akin, they are the best parents in this world. Mayroon pa akong kapatid na lalaki at isang babae but they are not here." Sabi niya. Ah, ganoon pala ang buhay n'ya.

"Pakealam ko?" Sagot ko sa kanya. Nakita kong nagulat siya sa sinabi ko. Hindi naman kasi ako nagtatanong tungkol sa buhay n'ya, ang tinanong ko lang kung nag-asawa pa ulit ang Daddy niya pero ang dami na niyang sinagot. Simpleng oo at hindi lang naman ang inaasahan ko.

"Ano'ng pakealam mo?" Nagtataka niyang tanong.

"Wala, kumain ka na lang diyan sabi ko." Tinitigan niya na lang ako ulit and suddenly I heard him cursed.

"May problema ba?" Tanong ko. Tumingin ulit siya sa akin at namula at iniwas ulit ang tingin. Problema nito?

"Hindi ka ba marunong mag-ayos? Kitang-kita ko kaya iyang flat chested mong dibdib." Sabi niya.

Nanlaki ang mata ko sa sinabi niya at pakiramdam ko ay umakyat lahat ng dugo sa mukha ko.

"Montemayor!"

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Five

FIVE

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

Sinamaan ko siya nang tingin at ibinato sa kanya ang ilang fries na nasa harapan ko. Hayop na Montemayor na 'to at nagawa pa akong silipan.

"Baka may masilip sa'yo. Wala ka pa nga sa kalahati ng mga babaeng naikama ko na. Kung hindi ka pa nga magsasalita, mapagkakamalan na kitang lalaki eh." Pagmamayabang niya sa akin. Magkasakit sana siya! Damuho siya!

"Pakealam ko? Alam ko namang darating pa rin ang lalaking magmamahal sa akin despite of having a small boobs." Inirapan ko siya sabay kagat ulit sa burger ko. Nawawalan ako ng gana kumain dahil sa demonyong 'to eh. Kung hindi lang talaga ako gutom kanina ko pa sinaksak sa lalamunan niya ang kinakain niya nang mamatay na siya!

"Sus, naniniwala ka na may lalaki pang darating sa buhay mo?" He said in a very sarcastic tone.

"Oo, bakit? Hayaan mo, kapag dumating na ang lalaking tatanggap sa akin ng buong-buo, ipakikilala kita nang masapak ka naman niya sa mukha."

"Baka nga wala pang magkagusto sa'yo at ligawan ka."

"Ha! Baka kainin mo lahat ng sabihin mo? Baka nga mamaya ikaw pa manligaw sa akin." Inismiran ko siya. Akala mo naman ang pangit ko! Para sabihin ko sa kanya, Dyosa ang Nanay ko kaya Dyosa rin ako!

"Ako? Manliligaw sa'yo? Baka maligaw naman ako ng landas kapag niligawan kita." Sabi niya sabay hagalpak ng tawa.

"Manahimik ka na nga lang! Wala naman akong mapapala kapag kausap kita. Buti pa si Miquel matinong kausap." Na-miss ko tuloy si baby Miguel. Hindi ko kasi siya nakita kanina dahil may klase pa siya at ayoko namang magpahalata na may gusto ako sa kanya dahil baka layuan niya ako.

"Gusto mo si Miguel, ano? Sus, baka patulan ka noon. Wala ka pa nga sa kalingkingan ng girlfriend niya." Bigla akong natigilan.

"Girlfriend? Sino?" Naintriga tuloy ako. Alam ko kasi walang girlfriend si baby Miguel dahil hinihintay niya pa ako.

"Tara lapit ka rito, bubulong ko sa'yo." Sabi niya sa akin, at dahil sa gusto kong malaman kung sino ang girlfriend ni Miguel ay lumapit ako sa kanya.

"Lapit ka ng konti, bubulong ko sa'yo." Inilapit ko ang tenga ko at handa ng makinig sa sasabihin niya ng bigla niya akong halikan sa pisngi.

"Montemayor!" Tumakbo naman si Greg sa kwarto niya at hinabol ko siya. Lintik lang ang walang ganti!

"Siraulo ka! Sino'ng nagsabi sa'yo na halikan mo ako? Hah?! Hayup ka!" Dinamba ko siya sa kama niya at pinagsasakal siya.

"M—arquez1 H--Hindi ako makahinga!" Nahihirapan niyang sabi niya. Nakagadagan ako sa kanya, o mas magandang sabihin ko na nakaupo ako sa tiyan niya at sinasakal siya para mamatay na siya!

"Dapat lang sa'yo 'yan! Gago ka!" Sabay sakal ko ulit, pero sa isang iglap ay nagkapalit kami ng pwesto. Siya na ngayon ang nasa taas and he is pinning my arms so I could not move. Bigla akong napatitig sa kanya, his eyes. Ang mga berde niyang mata na parang nangungusap at may gustong sabihin.

"Raisse." He said in a husky voice. Agad ko siyang itinulak ng pagkalakas-lakas.

"Isa pang gawin mo ulit 'yon, I'll make sure na hindi lang 'yan ang matatanggap mo." Binato ko siya ng unan at nasambot niya lang 'yon.

"Sus, kunwari ka pa. Gusto mo ituloy natin dito sa kwarto? You know, tayo lang dalawa ang nandito at medyo nabitin ako kanina sa babae ko." Sumilay ang nakakalokong ngiti sa mukha niya. Manyak talaga kahit kailan 'tong Montemayor na 'to.

"Gusto mo ba?" Kung kaya niyang makipaglaro, mas kaya kong laruin ang nilalaro niya.

"H—huh?" Nagtataka niyang tayo, tinignan ko siya. Halos makita ko na ang kaluluwa niya sa suot niyang sando at short na halos parang boxers na sa kanya.

"Sabi ko, gusto mo ba? Bigla kasing nag-init dito sa kwarto mo." I said seductively.

"A—Ano, g—gusto ko." Nahihirapan niyang sabi. Lumapit ako sa kanya and I touched his chiseled chest. I saw the movements of his adams apple and I really find it very sexy. I slowly caressed his chest down to his six pack abs at ibinalik ko ulit ang mga kamay ko sa dibdib niya.

"Raisse—" I stop his lips using my index finger.

"Pakinggan mo lang ang nasa paligid mo, pakinggan mo lang." He closed his eyes at pinakinggan ang nasa paligid niya when suddenly...

"Fvck! Did you fart?" Napahagalpak naman ako ng tawa habang siya ay nanlalaki ang matang nakatingin sa akin. Walang humpay ang pagtawa ko hanggang sa napahiga na ako sa kama niya at hawak-hawak ko na ang tiyan ko.

"Stop laughing!" Sigaw niya sa akin pero hindi pa rin ako natigil sa kakatawa. Kung nakita n'ya lang ang mukha niya!

"Seriously Montemayor, ganoon ka ba katigang at pati sa simpleng ginawa ko tinayuan ka?" Bigla siyang namula at tumalikod.

"Get out of my room!" Sigaw niya. Tumayo naman ako at talagang gustong gusto ko na lumabas sa kwarto niya.

"Bye Montemayor!" Sigaw ko sabay tawa. Umalis ako sa condo niya na nasa akin ang huling halakhak. Nakaganti rin ako sa'yo kahit papaano, Montemayor!

"Ang gagaling nila, ano?" Sinamaan ko lang ng tingin si Dana sa sinabi niya. Nandito kasi kami ngayon sa court at nagpapractice at nagkataon naman na nagpapractice rin ang basketball team. Break namin kaya umupo muna kami sandali para magpahinga pero nakuha ni Greg ang atensyon ko. Practice game lang nila pero ang galing pa rin niya, parang ibinubuhos niya ang lahat ng kaya niya para maipanalo ang laro. I could also see how determined he is. Pati mga ka-team niya ay pinagagalitan niya kapag may maling ginagawa. He's not just a captain, he's also a coach.

"Magaling sila kasi hindi natin kaya yung nilalaro nila." Pagdadahilan ko na lang kay Dana.

"Hah? Eh bakit marunong si Cedric maglaro ng volleyball? Ang galing niya nga mag spike eh." Napataas ang kilay ko.

"Cedric?"

"Ayon oh, 'yong number six." Tumingin naman ako sa tinuro ni Dana pero hindi ako napatingin sa tinuturo niya dahil si Greg ang nakikita ko. Bigla niya akong kinindatan. I just rolled my eyes. Feeling niya naman maaakit ako sa kindat niya. Huwag niya akong itulad sa mga kaladkaring babae diyan sa tabi-tabi!

"Akala mo naman kung sinong gwapo at magaling."

"May sinasabi ka, Captain?" Napatingin naman ako kay Dana.

"Wala, ituloy na lang natin ang practice."

Nagpatuloy lang kami sa pagpapractice at nang matapos kami ay agad akong nagtungo sa room namin. Nag-ayos lang sila ng gamit at nagsiuwian na rin.

"Captain, una na ako ah?" Paalam sa akin ni Dana. Ngumiti at tumango lang ako sa kanya.

Naligo at nag-ayos na rin ako para makauwi na ng maaga. Masyado akong napagod sa practice at inaantok na rin ako. Gustong gusto ko ng humiga sa kama ko at matulog kaya binilisan ko na ang pag-aayos. Nang matapos ako ay agad kong sinara ang volleybally room.

Isang bulto ang biglang sumulpot sa harapan ko at humarang sa daraanan ko.

"Ano?" Naiirita kong tanong. Gusto ko ng matulog!

"May lakad tayo." Sabi niya. Tinignan ko siya, halatang bagong ligo lang siya batay na rin sa buhok niyang basa pa. Ang gwapo niya rin tignan sa fitted white v-neck shirt niya at jersey shorts niya na tinernuhan ng Jordan shoes. May sukbit din siyang bag sa likod niya.

"Montemayor h'wag naman ngayon. Pagod na pagod na talaga ako at gustong gusto ko na matulog. Pwede naman di ba? Parang sa trabaho leave—"

"Hindi pwede." Mariin niyang sabi. Kinaladkad na niya ako palabas ng school at dumiretso kami sa parking lot kung saan naroroon ang kanyang sports car.

"Kung wala lang talaga akong atraso sa 'yong gago ka." Pabulong kong sabi sa likod niya. Sumakay na siya ng sasakyan niya na hindi man lang ako pinagbuksan. Sabagay, ano pa bang aasahan ko sa kanya? Lumaki 'yang mayaman at lahat ng nasa paligid niya ay pinagsisilbihan siya. Sisiguraduhin ko na darating ang araw niya.

Padabog akong sumakay sa sasakyan niya at sinara ko ng pagkalakas lakas ang pinto. Dapat nasa bahay na ako at natutulog na sa apartment ko pero umepal lang 'tong manyak na 'to eh.

"May balak ka bang sirain ang sasakyan ko?" Tanong niya sa akin. Hindi sasakyan mo ang gusto kong sirain! Buhay mo! Gusto ko sanang sabihin sa kanya pero napagdesisyunan kong manahimik na lang. Wala rin naman kasi akong mapapala kung makikipag-usap lang ako sa kanya. Puro away lang ang kinahahantungan ng mga 'yon.

After fifteen minutes, nakarating kami sa MOA. Nag-park lang siya ng sasakyan at bumaba na. Buti na lang naka-jogging pants ako ng school at naka v-neck shirt din ako tulad niya.

"Iwan mo 'yang bag mo. Mamimili tayo." Sabi niya sa akin. Sinunod ko naman siya at

iniwan ko ang bag ko bago bumaba. Nakatalikod siya sa akin at mayroong kinakausap sa cellphone niya. Doon ko napagmasdan ang likod niya. Gwapo talaga siya kahit saan mo tignan, six footer din siya at hindi naman ako maliit kung itatabi sa kanya. Gusto kong pasalamatan ang ama ko dahil pati siguro height niya ay namana ko. I stand 5'7 1/2 at hindi na masama para sa babaeng tulad ko na naninirahan sa Pilipinas.

"I'm so sorry sweetheart, I forgot to tell about it. I'll be there as soon as I recover." Malambing niyang sabi sa kausap niya sa telepono. Ilang sakit na kaya ang nadahilan ni Greg sa mga babae niya?

"Yes sweetheart, I'm really sick." Ang daming alam ha!

"Alright, bye sweetheart." Ibinaba na niya ang cellphone niya at tumingin sa akin.

"Let's go." Sumunod naman ako sa kanya. Nasa likod niya lang ako habang naglalakad siya. He suddenly stopped kaya muntikan na akong mabangga sa likod niya.

"Bakit ba ang bagal mo maglakad? Bilis bilisan mo naman!" Sigaw niya sa akin kaya nakuha namin ang atensyon ng ibang tao na malapit sa amin. Bakit ba bigla na lang siyang maninigaw at magsusungit? Ano bang problema niya?

Sumabay na ako sa paglalakad sa kanya at hindi na rin ako nagsalita. Aminin ko man o hindi pero napahiya ako kanina, sinigawan niya ako sa harap ng maraming tao na sa dahilang hindi ko siya sinasabayan. Hindi ko naman kasi alam kung sasabayan ko ba siya o hindi. Pumasok kami sa hypermarket, kumuha siya ng isang pushkart at naglibot libot na kami. Para lang akong tanga na sumusunod sa kanya. Napansin kong hindi siya basta basta kumukuha ng mga pinamimili niya, sinusuri niya ang tatak at label at tsaka niya lang kukunin kapag pasado sa kanya. Nang matapos siya sa pamimili ay dumiretso na kami sa cashier at binayaran lahat ng pinamili niya.

"Bitbitin mo." Tapos inabot niya sa akin ang dalawang malaking plastic na puno ng mga pinamili niya tsaka naglakad. Wala akong nagawa kung hindi ang bitbitin ang mga pinamili niya, kahit mabigat ay pinilit kong mabuhat ang mga iyon.

Akala ko ay didiretso na kami palabas pero hindi pa pala, naglibot libot pa siya at mukhang may bibilhin pa. Nahihirapan man ako sa dala dala ko ay hindi ko na sinabi sa kanya. Nananakit na rin ang mga kamay ko kakabuhat at pati ang braso at balikat ko.

"Miss, do you mind if I help you?" Napatingin ako sa isang lalaki na lumapit sa akin. Gwapo at meztiso rin ito dahil ang puti ng balat niya na parang isang foreigner. Ngumiti siya sa akin at nakita ko ang paglabas ng puti at pantay pantay niyang ngipin.

"No, it's okay. I can handle it." Ngumiti rin ako sa kanya. Mayroon pa palang gentleman sa Pilipinas.

"Mukha kasing nahihirapan ka na sa dala mo, kanina pa kasi kita nakikitang hirap na hirap dalhin 'yan." Kung alam niya lang na isang demonyo ang may pakana kung bakit ako nahihirapan ngayon.

"Hindi ayos lang ako, kaya ko pa namang buhatin ang dala ko." Pinilit kong ngumiti kahit na gustong gusto ko nang ibigay sa kanya ang dala dala ko. Iniwan na rin ata ako ng Greg na 'yon at hindi ko na makita kung na saan siya.

"I insist. Hindi ko rin naman kasi kayang makita ang isang babae na nahihirapan samantalang ako ay tinitignan lang siya." Ngumiti ulit siya. Hindi ko alam kung gentleman siya o playboy. Ganito kasi yung moves ng mga playboy, tipong gentleman kunwari pero kukuhanin lang pala ang cellphone number mo. Kukuhanin na sana niya ang dala-dala ko nang may biglang magsalita sa likuran ko.

"Get your filthy hands off her."

It's Greg.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Six

SIX

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Ang sungit mo." Puna ko sa kanya. Kanina pa kasi magkasalubong ang mga kilay niya habang nagmamaneho. Simula ng hinatak niya ako sa school hindi na maganda ang timpla niya. Parang may bumabagabag sa kanya na kung ano. Baka naman nakabuntis na siya kaya ganyan.

"Manahimik ka na lang d'yan." Masungit pa rin niyang sabi sa akin. Nagsalubong naman ang mga kilay ko.

"Ano bang problema mo? Kanina ka pa masungit diyan at pati yung lalaking gustong tumulong sa akin kanina, sinungitan mo na. Gusto lang tumulong ng tao pero kung umasta ka akala mo binili mo buong mall." Napaka ng lalaking 'to! Kung wala lang talaga akong atraso sa kanya, matagal ko na siyang sinipa nang malakas!

"Tsk." Iyon lang ang sinagot n'ya sa akin at itinutok na ulit ang sarili sa pagmamaneho.

"May problema ka ba Montemayor?" Tanong ko ulit.

"Wala!" Sagot niya sa akin.

"Nakipag-break sa'yo yung girlfriend mo, ano?" Humarap na ako sa kanya. Para naman kasi akong nasa sementeryo kanina at napakatahimik. Hindi ako sanay na tahimik ang isang 'to eh.

"Marami akong babae at wala akong pakealam kung makipagbreak sila sa akin. Katawan lang naman nila ang habol ko sa kanila at katawan ko lang din ang gusto nila. Pare-parehas lang kaming nasasarapan sa mga ginagawa namin. Pero sa akin walang mawawala sa kanila meron." Natigilan ako sa sinabi niya. Jusko, kung pwede lang patayin lahat ng lalaking tulad ng gagong 'to, ginawa ko na!

"Eh ano ang problema mo? Bakit kanina ka pa nagsusungit?" Tanong ko.

"It's not your business anymore, at pwede ba? Could you please shut your mouth!" May topak ata 'tong gagong 'to eh. Parang nagtatanong lang ang sungit!

Prente kong isinandal ang likod ko sa upuan. Ipinatong ko rin ang paa ko sa unahan at ilinagay ko ang dalawa kong kamay sa likod ng ulo ko. Gusto ko nang matulog pero wala naman akong magagawa dahil impakto ang lalaking kasama ko ngayon at ayaw ako tantanan.

"Alam mo Montemayor, darating din 'yang araw mo. Yung iiyak ka dahil sa sarili mong kagagawan." Pag-uumpisa ko. Gusto ko lang ipamukha sa kanya na hindi lahat nasa kanya, na hindi niya pwedeng makuha ang lahat. Di porket mayaman siya, guwapo, matalino. Kaya niya ng kunin ang lahat.

"What were you saying?" Nakataas ang kilay niyang tanong sa akin.

"True love." Simple kong sagot sa kanya. Kinuha ko ang isang chocolate bar na nakalagay sa parang box sa unahan.

"Seriously? Naniniwala ka sa true love?" Sarkastikong tanong niya.

"Oo. Naniniwala ako sa true love. Kahit papaano babae pa rin ako." I said, sabay kagat sa chocolate ko na chocolate niya.

Tumawa siya ng pagak bago magsalita. "Isa ka rin pala sa mga babaeng naniniwala na may darating na lalaki sa kanila na magmamahal sa kanila ng totoo." Umiling iling pa siya.

"At bakit? Masama? Alam mo ba na sa panaginip ko na basketball player ang magiging asawa ko?" Tumawa lang siya ng mahina.

"Baka ako naman 'yan. Kunwari ka pa kasing walang gusto sa akin. Napapanaginipan mo na tuloy ako." Ang kapal talaga ng pagmumukha ng unggoy na 'to.

"Hindi ah. Imposible ngang ikaw 'yun kasi sa panaginip ko mabait siya, gentleman, macho, at alam kong pogi siya." Kinikilig kong sabi sa kanya.

"Umaasa ka na may ganoon talagang lalaki?" Tanong niya. Siguro wala na rin siyang magawa kaya kinakausap niya na rin ako. Achievement nga dahil hindi ata kami nagbabayangan ngayon.

"Oo naman, sabi kasi nila, kapag mahal mo ang isang tao. You could do everything just to make him or her fall in love to you. That his or her imperfections makes him or her perfect." Palibahasa puro fling lang siya eh. Hindi niya tuloy maranasan yung may babaeng mag-aalaga sa kanya at mag-tetext kung nakauwi na siya, nakakain na ba siya, kung nasa school na siya o kung nambababae siya.

"Really?"

"Hm—mn!" I nod sabay kagat uli sa chocolate ko.

"Hayaan mo, kapag hindi ka na gago, siraulo, manyak o kung ano pa mang negative sa'yo. Mahahanap mo rin 'yang true love mo. Masyado mo lang kasing binubulag ang sarili mo sa mga bagay na humaharang sa feelings mo. Subukan mong buksan ang isip mo, ang mga mata mo at higit sa lahat 'yang puso mo para naman mahanap mo na yung babaeng katapat mo." Seryoso kong sabi sa kanya.

"I don't even believe in true love. Kung mayroong ganon, matagal na sana akong masaya ngayon." Seryoso niya ring sabi.

"Matuto ka naman kasing maghintay, hindi yung puro babae lang ang inaatupag mo. Naku, kapag nakabuntis ka talaga, tatawanan kita nang sobra." Biglang tumigil ang sasakyan at nag-park na siya. Lumabas siya kaya lumabas na rin ako. Kukuhain ko na sana 'yung mga pinamili niya kanina nang pigilan niya ako.

"Ako na." Sabi niya tsaka binuhat yung dalawang malaking plastic ng mga pinamili niya. Nagkibit balikat na lang ako at tsaka sumunod sa kanya.

"Ikaw na bahalang mag-ayos ng mga 'yan diyan sa mga cabinet and cook something. Nagugutom ako." Sabi niya pagkapasok namin sa unit niya. Nagtuloy tuloy lang siya sa kwarto niya at tsaka isinara iyon.

Hinubad ko lang ang rubber shoes ko tsaka sinunod ang mga inutos niya. Una ko

munang sinalansan ng maayos ang mga pinamili niya at inayos ko na rin ang mga stocks niya sa fridge niya. Puro kasi beer at kung anu-ano lang naman ang mga nakalagay sa ref niya. Pagkatapos kong ayusin ang lahat, naghanap naman ako ng maaaring iluto. Tumingin ako sa freezer niya kung may stock siya ng meat. At buti na lang mayroon. Adobong meat na lang ang iluluto ko para sa kanya, tutal masarap naman ako magluto ng adobo. Nagsaing din ako ng bigas dahil hindi naman pwedeng isaing ang kanin kasi nga kanin na, at feel na feel ko rin ang pagiging katulong ko. Minsan lang naman ang ganito at sanay na rin naman ako magluto dahil mag-isa lang ako sa buhay.

Narinig kong bumukas ang pinto ng kwarto niya. Malapit na rin naman akong matapos sa niluluto ko kaya naghanda na ako ng plato at sigurado akong gutom na ang isang 'yon. Knowing boys, napakalalakas kumain.

"Are you done?" Nagulat ako ng marinig ko ang boses niya sa likod ko. Sobrang lapit niya at naramdaman ko pa ang init ng hininga niya sa leeg ko. I felt something foreign.

"A—Ano, malapit na akong matapos. Hintayin mo na lang, mga five minutes." Sagot ko. Tinakpan ko ang niluluto ko at humarap sa kanya.

Biglang nanlaki ang mata ko sa nakita ko. Boxer shorts lang kasi ang suot niya at kitang kita ko ngayon ang halos 90% ng katawan balat niya. Kitang kita ko na naman ang dibdib niya, ang nipples niya, ang abs niya, at ang kanyang mabalahibong legs. Nagawi naman ang mga mata ko sa gitna niyang katawan at—huwag sana akong magkasala sa itaas!

"P—Pwede bang magsuot ka kahit shorts at sando lang? H—Hindi kasi ako sanay na nakakakita ng hubad na lalaki." Sabi ko sa kanya. Umupo lang siya sa harap ng lamesa at tinignan ako.

"As fas as I know, unit ko 'to. Kung maghubad man ako sa harap mo wala ka nang pakealam at kahit pa wala akong suot na kahit ano kayang kaya kong gawin dahil unit ko 'to." Ang sungit!

"Hindi lang kasi ako komportable na makakita ng—"

Pinutol niya ang sasabihin ko. "Di ba nakita mo na akong naka-brief? Ano pa bang inaarte mo diyan?" Namimihasa na 'tong Montemayor na 'to ah.

"Teka nga, bakit ba ang sungit mo na naman? Mag-isip ka nga Montemayor! Babae ako at lalaki ka. Sino bang hindi maiilang sa itsura mo ngayon na kulang na lang ay hubarin ang kapirasong telang suot suot mo ngayon? Kung mag-asawa ba tayo, why not? Pero hindi eh—"

"Marry me." Natigilan ako sa sinabi niya. Alam kong hindi siya seryoso nang sabihin niya 'yon, pero parang may kakaiba akong naramdaman ng sabihin niya 'yon sa akin. Hindi ko maipaliwanag ang nararamdaman ko, para akong natatae.

"A—Ano'ng sinabi mo?"

"Pakasalan mo ako, para matigil ka na sa kakasalita diyan. You're so noisy." Bored niyang sabi.

"Bwisit ka! Kumain ka mag-isa!" Umalis na ako sa harapan niya dahil baka mabuhos ko lang sa kanya yung niluluto ko. Nakakainis, akala mo talaga kung sino. Palibhasa anak mayaman! Iipunin ko talaga lahat ng pambwibwisit niya sa akin at ibabalik ko sa kanya ng bonga.

Binuksan ko na lang ang TV sa may living room. Wala rin naman kasing saysay kung papatulan ko pa siya. Maiinis lang din ako sa mga sasabihin niya at sa pagmumukha niya.

Tinignan ko ang relo ko na nabili ko lang sa Quiapo. It's already seven o'clock in the evening. Buti na lang talaga at walang pasok bukas at makakapagpahinga ako ng mahaba-haba. Madalas na kasi ang pagpapractice namin kaya lagi akong pagod. Kumpiyansa akong makukuha ng team namin ang trophy ngayon. Pinaghandaang mabuti ng mga teammates ko ang National Tournament dahil sawa na kami na laging talo. Gusto ko rin na patunayan kay Greg na hindi ako talunan at hindi totoo lahat ng sinasabi niya.

Biglang tumabi sa akin si Greg na may hawak na mangkok at sarap na sarap sa kinakain niya. Mabulunan sana siya!

"Pwede na palang pagtyagaan 'yung luto mo kahit papaano." Sabi niya sabay subo ng kanin.

"Excuse me?" Baka hindi niya alam na masarap ako magluto, at ano raw? Pwede ng pagtyagaan?

"Sabi ko, ang sarap ng luto mo." Napatitig ako sa kanya. Firstime niya akong pinuri and it's really impossible na isang Montemayor ay puriin ako.

"Buti na lang pinagluto kita, mukha kasing hahanap hanapin ko na 'to." He said.

"Excuse me, 28 days na lang ang pagiging katulong ko. Huwag kang feeler na akala mo pang habang buhay kitang ipagluluto." Inirapan ko siya. Bigla tuloy akong nakaramdam ng gutom.

"I'm pretty sure about it babe. I'll assure na ako lang ang lalaking ipagluluto mo." He said then he wink.

Ano raw?

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Seven

SEVEN

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Hayop ka!" Sabi ko sa kanya sabay irap. Ano'ng palagay niya sa akin? Alila? Na aalilain niya pang habang buhay? Na akala niya mabibili niya ako? Excuse me, mataas ang pangarap kong maging isang broadcaster at makapagtrabaho sa BBC. Feeler 'tong gagong 'to. Akala mo kung sinong gwapo! Maliit naman itlog!

Humagalpak lang siya ng tawa sa sinabi ko.

"Alam mo ba ang organ na malapit sa heart?" He suddenly asked. Ayoko na sanang sagutin ang tanong niya kasi baka puro kababuyan lang ang sasabihin pero wala rin naman akong magawa.

"Ano?" Tanong ko.

"Lungs, ikaw lungs." Sabay hagalpak niya ulit ng tawa. Seriously? Ano'ng natira niya ngayon at ganyan siya?

"Ano ba natira mo at ganyan ka katanga ngayon?" I raised my eyebrow. Akala naman niya nakakatuwa yung joke niya.

"Babae." Simple niyang sagot sabay subo ng kanin. Hindi ako nakapag-pigil at binatukan ko na siya.

"Ano bang problema mo?! Can't you see? I'm eating!" Sigaw niya sa akin.

"Hindi ka na ba talaga magbabago Montemayor? Tell me, kailan nawala ang virginity mo?" Tanong ko. Agad naman siyang tumingin sa hangin at tila nag-iisip.

"When I was in grade eleven, my first girlfriend." He said. Sumubo ulit siya ng kanin.

"Nabuntis mo?" Tanong ko.

"Hindi, gumagamit ako ng protection kapag nagsesex kami. Mahirap na at baka mabugbog ako ng ama ko. Knowing dad, ayaw niyang matulad ako sa kanya." He said.

"Bakit nakabuntis ba ang daddy mo?" Tanong ko. Naiintriga kasi ako sa buhay ng Montemayor na 'to.

"Yep. He got my mom pregnant when he was in Italy to pursue his dream. Unfortunately, my mom left us after giving birth." Kaswal niyang sagot.

"Baka naman kasi naramdaman na niyang demonyo ang nasa tiyan niya kaya ka niya iniwan. Alam mo na." Sabi ko. Sinamaan niya ako ng tingin sa sinabi ko.

"Ikaw?" He said.

"Wala, nagpabuntis lang din ang nanay ko sa ama kong foreigner tsaka kami iniwan." Simple kong sagot.

"Ah, baka naramdaman din ng tatay mo na halimaw ang magiging anak niya kaya ka niya iniwan." Humagalpak ulit siya ng tawa.

"Gago!" Binato ko siya ng unan sa tabi ko. Pero nagulat ako ng bigla siyang umubo ng sunod sunod. Naalarma ako na baka nabubulunan siya dahil bigla siyang tumawa.

"Montemayor! Hoy, ano nangyari sa'yo?" Nag-aalala kong tanong. Lumapit ako sa kanya at hinagod ang likod niya kahit na naiilang ako kasi boxer shorts lang ang suot niya.

"M—Mar—quez. I—can't breath." Sabi niya sabay ubo ng sunod sunod. Doon na ako naalarma. Nabubulunan siya! Agad ko siyang pinatayo at niyakap siya sa likod. Nagmumukha tuloy kaming nag do—dog style! Ah—Ano ba 'tong iniisip ko!

"A—Ano'ng g—ginaga—wa mo?!" Sabi niya sabay ubo.

"Bibilang ako ah. Isa, dalawa, tatlo!" Sabay yakap ko sa kanya ng mahigpit sa tiyan para mailuwa niya yung nakabara sa lalamunan niya. Inulit ko ng inulit yung ginawa ko pero walang nangyari. Bigla siyang hinimatay! Jusko! Mamamatay na ata siya!

"Montemayor!" Naalarma ako lalo ng makita ko siyang nakahiga sa carpet ng living room niya.

"Montemayor! Gumising ka!" Niyugyog ko siya ng niyugyog. I check his pulse, buhay

pa siya. Kinakabahan ako sa mangyayari

"Greg! Gumising ka! Alam kong gusto na kitang mamatay pero 'wag naman ngayon. Paano kung ako ang pag bintangan nila? Paano kung sabihin na pinatay kita? Gumising ka!" Niyugyog ko ulit siya at pinagtatampal sa mukha.

"Mouth to mouth mo ako." Narinig ko siyang nagsalita. Bigla akong natigilan.

"Ano'ng sinabi mo?" Tanong ko habang nakanunot ang noo.

"Mouth to mouth mo ako, para magising ako." Nanlaki ang mata ko. Niloloko ba ako ng gagong 'to? Bigla siyang nagmulat ng mata at sumilay ang isang nakakalokong ngiti sa mukha niya.

"Nahawakan mo yung abs ko, ano feeling?" Walang pag-aatubiling dinaganan ko siya at pinagsasasakal.

"Hayop ka! Akala ko mamamatay ka na! Akala ko totoo na ang lahat! Siraulo ka!" Sinakal ko siya ng todo dahil gigil na gigil talaga ako sa pagmukukha niya.

"T—Tulong!—ACHK—Rape!" Sigaw niya pa.

"Rape? Hayop ka! Papatayin na kita!" I screamed and he died.

****

"Captain!" Napalingon ako ng marinig ko ang boses ni Dana. Papunta kasi ako ngayon sa volleyball room dahil mayroon kaming practice ngayon.

"Oh, bakit?"

"May balita ako sa'yo!" Sabi niya. Sumabay siya sa akin ng paglalakad. Kakatapos lang din siguro ng klase niya.

"Ano na naman 'yan?" Tanong ko.

"Hindi mo alam? Yung kay Greg? Di ba lately lagi kayong magkasama?" She said. Ano bang mayroon sa manyak na 'yon? Pakielam ko ba dun. Pagkatapos niya akong paglaruan noong isang araw. Bwisit siya!

"May nabuntis na siya? Ano? Sino ang malas na babae na naanakan niya?" Tanong ko.

"Hindi Captain, girlfriend na niya yung bagong transfer sa CAS building!" Hah? May

bago bang transfer sa building namin? At ano bang pakielam ko kung may girlfriend na siya, ulit?

"Oh? Ano gagawin ko? Magtatalon sa CR, kakain ng bubog, o hihithit ng katol?" Tinaasan ko siya ng kilay.

"Ang taray mo naman, Captain. Sinasabi ko lang sa'yo para updated ka." Wala naman akong pakielam sa buhay ng manyak na 'yon.

"Bakit, sino ba ang malas na babae na biktima niya ngayon?" Tanong ko. Hindi ko kasi kilala yung babaeng tinutukoy niya na kakalipat lang sa CAS.

"Akala ko ba wala kang pakealam?" Tanong niya.

"Bakit masama ba?" Curious kasi ako kung sino ang babaeng 'yon.

"Si Gwen Lim." Bigla akong napatigil sa paglalakad. Wait, wait. Lim?

"Huwag mong sabihin yung anak ng isang heneral?" Tanong ko. Kilala si Gwen Lim dahil na rin sa ama niya na isang heneral at sa pagiging maganda niya. Anak siya ni General Julio Lim. Nakilala ko silang mag-ama sa isang conference na dinaluhan ko nang ipinadala ako ng school doon para maging representative.

"Bagay nga sila Captain. Maganda si Gwen at gwapo si Greg. Tsaka parehas silang G ang sweet 'no?" Ngumisi ako. Good luck sa kanya! Sana makarma siya kay Gwen.

Papaliko na sana kami sa volleyball room ng may biglang umakbay sa akin at walang pag-aatubiling hinatak ako sa papasok sa basketball room.

"Ano na naman ba ang problema mo Montemayor?!" Nandito kami ngayon sa loob ng basketball room kasama ang mga teammates niya na mga nakahubad pa. Naghiyawan pa sila! This is really war. Kung ang ibang babae ay pinapangarap na makapasok sa basketball room para makita ang mga hubad na katawan ng basketball players, ako hindi!

"Captain, bakit barako ang dinala mo dito? Baka silipan tayo niyan!" Sigaw nung isa niyang ka-teammates. Naghagalpakan sila ng tawa. Tinignan ko ng masama yung lalaking nagsabi 'non.

"Don't worry guys, wala namang mawawala sa inyo." Sabi ni Greg. Bwisit talaga 'tong lalaking 'to eh.

"Kung mang-aasar lang kayo, aalis na ako!" Tumalikod na ako pero hinatak niya ulit ako at ni-lock ang pinto ng basketball team. Nanlaki ang mata ko! Don't tell me they will rape me? No!

"May ipapagawa ako sa'yo." Sabi niya. Ito na ba yung part na sasabihin niya na hahalikan ko siya sa lips pababa sa neck, sa chest, sa abs, sa—No! Ayoko, hindi ko gagawin 'yon!

"Ayoko! Isusumbong ko kayo sa Gabriela, sa office, o sa nanay ko!" Tinulak ko si Greg. Puro pagtataka ang nasa mukha nila.

"Sa tingin mo gagahasain ka namin? Seryoso ka Marquez?" Bigla silang nagtawanan kaya mas lalong nag-init ang ulo ko. Nagulat ako ng may biglang lumapit sa akin at akbayan ako and oh—my! It's my Miguel na ngayon ay walang suot na pang-itaas at tanaw na tanaw ko ang abs niya at and happy trail niya na sobrang sexy! Biglang nag-init ang buo kong katawan lalong lalo na ang mukha ko.

"Natural lang naman na isipin niya na gagahasain natin siya kasi puro tayo lalaki dito at mga wala pang saplot sa katawan. Kaya 'wag n'yo siyang pagtawanan." Bigla akong nakaramdam ng kakaibang feelings. Biglang bumilis ang tibok ng puso ko lalo na ng tumingin siya sa akin at ngumiti.

"May gusto ka ba sa kanya Miguel?" Biglang tanong ni Greg sa kanya. Biglang bumilis ang tibok ng puso ko lalo na ng tumingin siya sa akin at ngumiti ng pagkalawak lawak.

"Ano Miguel? May gusto ka ba sa kanya o wala?" Naiiritang tanong ni Greg sa kanya. Napatigil ang mundo ko sa magiging sagot niya.

"Paano kung sabihin kong, Oo?" Halos mabingi ako sa narinig ko to the point na wala na akong ibang marinig kung hindi ang bilis at lakas ng tibok ng puso ko dahil sa sagot niya. Gusto kong sumigaw at magtititili at sa sobrang kilig. Gusto kong namnamin ang pagkakadikit ng mga katawan namin. Ang mainit niyang katawan sa hot kong katawan. I could imagine that we are holding each other hand habang naglalakad sa isang park o kaya namamasyal sa mall na parang mag boyfriend-girlfriend pero mas level up ang aking imagination dahil naiimagine kong mag-asawa kami at may mga anak pa kami. Kinikilig ako! Pero biglang naputol ang lahat ang moment namin ni Miguel ng biglang tanggalin ni Greg ang pagkaka-akbay nito sa akin at siya naman ang umakbay sa akin and worst mas inilapit niya pa ang katawan niya sa akin na tipong ayaw akong pakawalan.

"Well, hindi muna siya pwede mag-boyfriend dahil sa akin siya ngayon. Ako lang ang pwedeng humawak, makipag-usap, makasama at makapiling niya." Diretso niyang sabi at lahat ng teammates niya ay nakatingin lang sa kanya.

"Well, I'll make sure na sa akin siya mapupunta pagkatapos mo sa kanya." Nakangiting sabi ni Miguel. Hindi ko alam kung nagbibiro siya o hindi pero pinapangarap kong sana ay totoo ang sinabi niya dahil walang pag-aatubiling sasama ako sa kanya at bibigyan siya ng masayang pamilya. Oh Miguel ko!

"It won't happen bro, it will not. I assure that." May kompyansang sabi ni Greg. Nagkatinginan silang dalawa at parang magkaaway na bigla na lang magsusunggaban.

Bumalik ang lahat sa realidad nang may biglang babae ang nagsalita sa likuran namin.

"Greg."

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Eight

EIGHT

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Greg." Agad kaming natigilan nang makarinig kami ng napakalambing na boses mula sa likuran namin.

"Ethan, buksan mo nga yung pinto." Utos ni Greg sa isa niyang teammates na malapit lang sa pinto.

"Pwede ba? Tanggalin mo nga 'yang braso mo na nakaakbay sa akin! Mamaya ma-transfer mo sa akin 'yang ka-demonyohan mo!" Pilit kong tinatanggal yung braso niya na nakaakbay sa akin pero sadyang malakas ang genes ng pagiging demon niya kaya hindi ko rin natanggal.

"Greg, bitiwan mo na siya. Baka nasasakal mo na siya." Saad ni Miguel sabay hawak sa braso ni Montemayor na nakaakbay sa akin. Pero tinanggal lang ni Greg ang kamay ni Miguel.

"Ano bang pakielam mo? Wala kang pakielam kung ano ang gusto kong gawin ko. Kung halikan ko man siya sa harapan n'yo o kung gahasain ko pa siya dito. Wala kayong—"

"Greg?" Natigilan si Greg sa sasabihin niya ng may magsalita sa likuran namin. Nanlalaki ang mata niyang napalingon sa babaeng nagsalita. It's her, Gwen Lim. Looking so charming and so sweet. Agad na tinanggal ni Greg ang pagkakaakbay niya sa akin at humarap sa girlfriend niya. They looked so sweet lalo na ng halikan ni Greg si Gwen sa pisngi. Paano kaya kung lokohin niya si Gwen? Ano kaya gagawin ni General Julio Lim?

"Greg?"Hindi maipaliwanag ang nararamdaman ni Gwen ng makita niya ang lalaking kanyang pinakamamahal na mayroong kasiping sa kama nito. Balak sana niyang isurpresa ang kasintahan dahil bukas na ang unang anibersaryo ng kanilang relasyon. Pero ito ang tumambad sa kanya. Ang kasintahan niya na mayroong kasiping na ibang babae sa kama.

"Gwen? L—Let me explain Gwen!" Agad na nagtago ang babaeng kasiping ni Greg sa likuran nito upang maitago ang mukha nito dahil sa kahihiyan.

Unti unting pumatak ang luha sa malambot na pisngi ng dalaga dahil sa sakit na nararamdaman na makita ang taong mahal niya na mayroong babaeng ibang kaniig. Parang milyong milyong palaso ang tumarak sa dibdib niya sa sakit na nararamdaman. Minahal niya ng lubos ang binata at hindi niya kaya kung wala ito sa buhay niya, dahil ikamamatay niya iyon.

"G—Greg, w-why? B—Bakit mo ako niloko?" Hindi mapigilan ni Gwen ang pag-agos ng luha niya. Sanhi iyon ng sakit na nararamdaman niya ngayon at nais ipakita ng dalaga ang sakit na nararamdaman niya sa kasintahan nito.

"G—Gwen, I'm sorry. I'm sorry, she's better than you. Mas mahal ko siya." Tanging nasambit ng binata sa kasintahan niya. Doon mas lalong nasaktan si Gwen. Tila pinatay siya sa sinabi ng binata sa kanya.

"May nagawa ba ako para hindi mo na ako mahalin? Tell me Greg, mayroon ba?" Nanghihinang tanong ni Gwen kay Greg na ngayon ay yakap yakap na ang babaeng kanina lang ay kaisang katawan nito. Nakatago ang mukha ng babae sa dibdib ni Greg habang balot ito ng tuwalya sa katawan. Mayroong suot na pang-ibaba si Greg pero bakas pa rin ang ginawa nilang pagtatalik batay sa hubad na kasama nito.

"No, no. Wala kang ginawang masama. I just love her so much than you. I can see my future with her, with our kids. I'm sorry Gwen. I love her so much." Niyakap ni Greg ang babaeng katabi niya at itinago ang mukha nito sa matipuno nitong dibdib.

"I—I'll tell my dad about this. Pagbabayaran n'yo ito!" Banta ni Gwen sa kasintahan na siyang ikinatakot ng babaeng kasama ngayon ni Greg.

"Handa akong harapin ang lahat kasama siya. Kahit ano pang mangyari Gwen, lalaban kami. Wala akong pakielam kahit na ikamatay pa namin iyon. Basta magkasama kaming dalawa, kaya naming harapin ang lahat." Natigilan si Gwen samantalang ang babaeng kayakap ni Greg ay natuwa sa narinig. Doon na siya kumalas sa pagkakayakap sa binata at hinarap na rin ang dati nitong kasintahan.

"Raisse?" Gulat na gulat si Gwen sa nakita niya. Hindi siya maaaring magkamali. Si Raisse iyon, si Raisse ang babaing kaisang katawan nito at ang babaeng ipinagpalit ni Greg para sa kanya.

"Mahal ko siya Gwen, nagmamahalan kami. And I am pregnant and he is the father of my child." Doon mas lalong naramdaman ni Gwen na maghiganti sa dalawa.

"No! I'll kill you, I'll kill you both!"

"I'll kill you Greg! Hindi maaari! Hindi pwede! Hindi niya ako pwedeng anakan! Ayoko sa kanya!" Sigaw ko. Hindi pwedeng mangyari iyon! Hindi pwedeng mabuntis ako ng demonyong Greg na 'yon! Hindi pwede na ako yung babaeng 'yon! Mamamatay muna ako bago niya ako maanakan! Hindi talaga pwede!

"Raisse?" Agad na naputol ako sa pag-iisip ng marinig ko ang boses ni Miguel.

"Ayos ka lang ba?" Agad na tanong niya. Doon ko napagtanto na nakatingin silang lahat sa akin. Nanlaki ang mata ko. Shit. Nasabi ko ba 'yon? No, no. Hindi pwede!

Kitang kita ko ang mukha ni Greg na ngayon ay nakatingin sa akin habang magkasalubong ang mga kilay niya. I swallowed hard. Ano na bang nangyayari sa akin? Nababaliw na ba ako?

"Ganoon mo ba ako kinamumuhian at ayaw mong maanakan kita?" Nagulat ako sa pagtaas ng boses ni Greg.

"Huh?" Iyon na lang ang naisagot ko. Nagulat ako ng magtuloy tuloy si Greg na maglakad sa isang pinto sa loob ng basketball room at malakas na ibinagsak ang pintuan na halos ikasira 'non.

"Is there something wrong? Bakit bigla bigla ka na lang sumisigaw?" Tanong ni Miguel sa gilid ko. Walang pag-aatubiling ibinaon ko ang mukha ko sa dibdib niya kahit na wala pa siyang suot na pang-itaas. Maitago ko lang ang kahihiyan ko. Tawagin na nilang chansing kung chansing pero nahihiya ako! Ano ba naman kasing utak ang mayroon ako at bigla bigla na lang papasok ang ganoong pangyayari sa isip ko?

"Miguel! Nakakahiya!" Sabi ko na lang. Narinig ko siyang tumawa ng mahina at naramdaman ko iyon dahil yakap yakap ko siya ngayon. Ang tigas ng dibdib niya at ang bango pa ng katawan niya! Kinikilig ako! Toned chest na mabango with extra pink nipples.

"It's okay babe. Hindi naman madadaldal ang mga tao dito. Tsaka kung pagtawanan ka man nila, nandito naman ako palagi sa tabi ko. Hindi kita hahayaan." Napaangat ako ng mukha at tinitigan siya sa mata. He smiled as his eyes landed on my eyes.

"I am here, don't worry." Then he suddenly lowered his face to me so I closed my eyes. Hinintay kong lumanding ang lips niya sa lips ko pero nagulat ako ng sa noo ko iyon dumampi.

"They say, it's better to kiss someone in their forehead than to their lips because it's more sweeter than forever." Hindi ako nakapagsalita. Ang alam ko lang, malapit na akong himatayin sa sobrang kilig na nararamdaman ko ngayon.

Miguel ko.

****

"Hoy Captain, para kang tanga diyan." Naputol ang pagtitig ko Greg habang naglalaro ng basketball ng biglang sumulpot sa gilid ko si Dana.

"Istorbo ka naman eh!" Ang ganda na ng panonood ko kay Miguel mag-basketball tapos bigla naman susulpot 'tong babaeng 'to.

"Bakit? Sino ba tinitignan mo diyan?" Tanong niya sabay tingin din sa mga players ng basketball na ngayon ay nag papractice.

"Si Miguel ko." Kinikilig kong sabi sa kanya. Bigla namang napatingin si Miguel sa gawi namin at ngumiti. He even waved his hand kaya abot tenga ang ngiti ko. Ang gwapo kasi niya sa malayo at ang hot niya sa malapitan.

"Hindi kaya matunaw ka na diyan?" Biglang tanong ni Dana na ipinagtaka ko.

"Huh? Bakit?" Tumingin ako sa kanya wearing a confused look.

"Ayun oh." Sabay nguso niya sa mga bleachers na malapit sa mga nagpapractice na basketball players. Napalingon naman ako sa tinuro niya at nakita ko si Greg na magkasalubong ang kilay na nakatingin sa akin.

"Kanina ka pa niyan tinitignan ng gwapong 'yon." Sabi ni Dana sa akin. Tinignan ko rin si Greg pero bigla siyang nag-iwas ng tingin at parang galit na lumapit sa mga teammates niya at inagaw ang bola. Problema 'non?

"Nag-away ba kayo ni Greg?" Tanong ni Dana.

"Hindi." Simple at diretso kong sagot. Hindi naman talaga kami nag-away eh. Bigla bigla na lang kasi siyang magagalit at magdadabog kanina. Pakielam ko ba sa kanya? Ang mahalaga lang naman sa akin ay nachansingan ko si Miguel ko.

"Good luck sa'yo Captain. Mukhang may atraso ka kay Greg eh." Inirapan ko na lang si Dana. Bakit ako matatakot sa Montemayor na 'yon? Feeling naman niya mahina akong babae. Baka tadyakan ko lang 'yang 'pare' niya at magtatatalon na siya sa sakit.

Pagkatapos naming mag-practice ay naligo agad ako sa volleyball room. Ayoko kasing umuwi ng pawisan at para tipid na rin sa tubig. Balita ko kasi nag critical level ang Angat Dam kaninang tanghali at dahil sa isa akong mabuting mamamayan ng Pilipinas, dito na lang ako maliligo sa school. Nagpatuyo agad ako at nagpalit ng damit.

"Captain, una na kami ah." Paalam sa akin ng mga teammates ko. Pinauna ko na rin si Dana dahil ako ang laging nagsasara ng room namin pagkauwian. Lumabas din ako pagkatapos kong magpatuyo ng buhok at balak ko na sanang umuwi ng mamataan ng mga mata ko ang grupo ng basketball player na papalabas na rin ng campus.

"Miguel!" Buong lakas kong tinawag si Miguel para sana sumabay sa kanya. Tutal naman mabait siya at gwapo pa. Kumaway naman siya sa akin. Binilisan ko ang lakad ko para makapunta agad sa kanya pero biglang may malaking bulto ang humatak sa akin papalayo doon.

"Ano bang problema mo Montemayor?! Lagi mo na lang akong hinahatak kung saan saan!" Namimihasa na 'tong gagong 'to sa kakahatak sa akin ah! Porket ba mas malaki siya sa akin, hahatak hatakin na lang niya ako?

"Ikaw! Ikaw ang kanina ko pa problema!" Sigaw niya sa akin. Nandito kami ngayon sa tapat ng kotse niya sa parking lot. Kitang kita ko ang inis sa mukha ni Greg dahil sa magkasalubong ang makakapal niyang kilay.

"Ano'ng ginawa ko sa'yo? Wala naman ah!" Sigaw ko rin sa kanya.

"Wala? Nakakainis ka na alam mo 'yon? Lagi mo na lang ipinamumukha sa akin na mas gwapo si Miguel which is not true. Alam ng lahat na mas gwapo ako sa kanya pero siya lagi yung pinapansin mo. Ano bang sinabi ko sa'yo? Di ba bawal kang mag boyfriend pero ano? Halos ata mag-sex na kayo ni Miguel sa ginagawa mong pagyakap sa kanya kanina! At may nalalaman pa kayong pahalik halik sa noo? Tsk. Bakit hindi na lang kayo maghalikan sa lips? Hah?" Natigilan ako sa outburst niya. Ano bang problema niya kung maglampungan kami ng asawa ko doon? Don't tell me na nagseselos siya eh samantalang may girlfriend siya.

"So?" Tinaasan ko siya ng kilay.

"So? Iyan lang ang isasagot mo? So? Di ba sinabi ko sa'yo dati at pinaulit ulit ko pa na kung ano ang akin, akin lang? Akin ka at hindi ka niya pwedeng kunin sa akin dahil kung ano ang akin, wala ng makaaagaw pa. Lalo na at markado na kita!" Sigaw niya ulit.

"At sino ang nagsabing sa'yo lang ako mister?" Halos abutin na ata ng kilay ko ang kisame dahil sa bwisit na Montemayor na 'to.

"Ako, because I am very possessive sa mga bagay na gusto ko."

Ano?

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Nine

NINE

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Ano ba?!" Isang batok ulit ang tinanggap niya nang sigawan niya ako. How dare him to say those word. Wala siyang karapatan na ipamukha sa akin na mas gwapo siya kay Miguel!

"Conceited mo masyado Montemayor! Sarap mong sakalin." Sigaw ko rin sa kanya.

"Bakit? Totoo naman di ba? Mas gwapo ako sa kanya! Alam mo ba 'yon?!" Nangigigil talaga ako sakalin ang isang 'to. Naku, kung wala lang talaga akong atraso sa gagong 'to matagal ko na siyang binayagan ng tumino tino.

"Hindi ko pa alam. At oo, sabihin na nating mas gwapo ka nga kay Miguel pero hindi siya bastos tulad mo!" Akala niya ha!

"Ako bastos? I am not! Lalaki lang ako at walang bastos kapag lalaki!" Mariin niyang sagot.

"Ah 'ganon? So gusto mo ba isa-isahin ko lahat ng kabastusan slash kababuyan mong ginawa sa akin?" Tinaasan ko siya ng kilay.

"Sige! Kahit wala naman akong natatatandaan!" Hamon niya sa akin. Aba, sinusubukan talaga ako nito.

"Sinong gago ang naglagay ng gamit na condom sa locker ko? Sino?!" Namula siya bigla sa sinabi ko at sandaling nag-iwas ng tingin.

"A—Aksidente 'yon! Akala ko sa basurahan ko naihagis!" Dahilan niya.

"Ano pagalay mo sa locker ko? Basurahan? Hayop ka ah!" Hindi ako nakapagpigil na nasubutan siya. Sa buong buhay ko, malinis akong tao. Tinuruan ako ng nanay ko na maging malinis dahil babae ako tapos aakalain niyang tapunan ng gamit na condom ang locker ko? This jerk has a talent to annoy me! Wala na akong pakielam kung line pa niya 'yon!

"At sinong gago ang nag pasa sa akin ng sex video niya kasama ang isang babae na napulot niya lang sa kung saan?!" Naiinis ako kapag naaalala ko iyon! Halos pagtawanan ako ng buong klase ng i-play ko ang video na 'yon. Akalain ba nilang malibog ako dahil may sex video ako sa phone ko? Kaya kahit nandidiri ako, pinanood ko ang videong 'yon at si Greg ang nakita ko. Nanlaki naman ang mata niya sa sinabi ko. Akala niya!

"N—Nagkataon lang na bukas din ang bluetooth mo! Kay Sheen ko iyon ipapasa, aksidente lang na sa'yo ko naipasa! At tsaka si Glaizer iyon hindi kung sinong babae lang!" Palusot niya ulit. Akala naman niya hindi ko natatandaan na hiniram niya that time ang phone ko at may titignan lang daw na number ng kaklase ko na maganda. Nakakagigil kapag naaalala ko ang mga bagay na 'yon!

"Talaga? Eh bakit mo nilagyan ng brief mo ang bag ko 'non?! Sabihin mong aksidente lang din? Kasi akala mo basurahan ang bag ko at aksidente lang din dahil akala mo bag ng kung sinong ponsyo pilato ang bag ko?!" Ang sarap niyang ibenta sa mga bading! Nakakainis!

"Sinadya ko 'yon, dahil pinagkalat mong mabaho ang pare ko!" Natigilan ako. Isang beses kasi niloko ko si Dana na mabaho ang ano niya pero may mga nakarinig sa likod ko hanggang sa kumalat na ng kumalat at ako raw ang pasimuno. Malay ko bang tatanga tanga ang mga tao sa paligid ko at naniwala naman sa sinabi ko. Hindi ko na kasalanan iyon.

"Bwisit ka!" Sigaw ko sa kanya. Wala talaga akong mapapala kapag kausap ko 'tong Montemayor na 'to. Inuubos niya lang ang pasensya ko at ang ganda ko sa mga pinagsasabi niya.

Nagulat ako ng bigla niya akong itulak papasok sa loob ng sasakyan niya. Gusto ko sanang magpumiglas pero naalala kong may usapan kaming dalawa. Pumasok na rin siya sa sasakyan.

"Pupunta tayo sa unit ko, may dapat tayong pag-usapan." He said then he started the engine at tsaka umalis ng school.

"Sabi ko sa'yo bawal kang mag-boyfriend." He said. Nagmamaneho lang siya ng seryoso nang bigla siyang magsalita.

"Bakit? Meron ba? Wala akong boyfriend." Sabi ko.

"Si Miguel! Hindi mo ba siya boyfriend!" Sabi niya na parang nang-aakusa.

"Hindi ko siya boyfriend, asawa ko siya." Oh Miguel! Kaylan kaya darating ang araw na pakakasalan mo ako. Excited na akong magkaanak sa kanya dahil for sure magiging maganda ang magiging lahi ng mga anak namin dahil sa dyosa ako, greek god siya. Ano kaya ang magiging tawagan namin? Siguro bebe ko, ano kaya ipapangalan namin sa mga anak namin? For sure aaraw-arawin ako ni Miguel dahil sa dyosa na ako, sexy pa ako!

Nawala lahat ng imagination ko ng bigla siyang mag-preno.

"Ano bang problema mo?!" Sigaw ko sa kanya. Bwisit! Muntik na akong sumubsob, buti na lang at may seatbealt akong suot.

"Asawa?! Paano kayo naging mag-asawa?! Bestfriend ko siya at wala akong nababalitaan na nag-asawa na siya! Hindi pwede, hindi!" Tanga talaga 'tong Montemayor na 'to. Wala ba siyang humor sa katawan at hindi akalaing joke lang ang sinabi ko?

"Ewan ko sa'yo. Ang laki mong tanga. Siyempre joke lang yung sinabi ko! Di kung asawa niya ako, matagal na akong may anak dahil siya na mismo ang aaraw-arawin ko!" Sabi ko sabay irap sa kanya.

"Akala ko asawa mo na siya. Kapag nagkataon ako ang bubuntis sa'yo at ako ang aaraw araw sa'yo para hindi ka na makabalik sa kanya." He said. Napalingon ako bigla sa kanya.

"Ano'ng sinabi mo? Aaraw arawin mo ako? Baka gusto mong tanggalan kita ng pagkalalaki!

"Ows? Baka mamaya pag nakita mo na yung sinasabi mo bigla mong kainin." Bigla siyang tumawa na parang sa demonyo. Well, demonyo naman talaga siya.

"Siguraduhin mong presentable 'yan kung kakainin ko. At hindi ka ba nadidiri sa mga piangsasabi mo?"

"Hindi. Actually it's really amazing that someone is eating my—"

"Stop! Ayoko nang marinig ang sasabihin mo!" Tinakpan ko ang bibig niya para wala ng lumabas na kababuyan. Itinaas niya lang ang dalawa niyang kamay bilang pagsuko.

****

"Ano na naman ang gagawin ko dito?" Tanong ko sa kanya.

"Ipagluluto mo ulit ako. Di ba sabi ko sa'yo ako lang ang lalaking pwede mong ipagluto? At wala ng iba?" Tinaasan ko siya ng kilay.

"Bahala ka sa buhay mo."

"Paano kung ikaw ang buhay ko?" Hindi ko na lang pinansin ang sinabi niya dahil alam ko namang nagbibiro lang siya.

"Ano bang gusto mong kainin?" Tanong ko habang tinitignan yung laman ng refrigerator niya.

"Kung papayag ka, ikaw sana." Tumawa siya ng malakas pagkasabi niya 'nun.

"Isa Montemayor, umayos ka. Seryoso ako ngayon." Sabi ko sa kanya. Para naman siyang aso na sumunod agad sa amo niya.

"Kahit ano naman kakainin ko, basta ikaw magluluto." Hindi ko alam kung bakit biglang bumilis ang tibok ng puso ko sa sinabi niya. Oo, alam kong maloko siya at manyak. Pero minsan may side rin siyang kakaiba. Minsan makulit siya na sweet at ayaw na ayaw niyang maaagawan siya ng kung sino. He is very possessive pagdating sa mga bagay na gusto niya. Lalo na kung bibihira lang dumating sa kanya ang bagay na iyon.

"Sabi mo 'yan ah. Sige magbihis ka muna sa kwarto mo. And make sure na may suot kang damit kahit sando lang. Huwag kang masanay na laging ibinabalandra ang katawan mo sa harap dahil babae pa rin ako at maaari mo pa rin akong mabastos." Sabi ko.

"Okay." Nagulat ako ng iyon lang ang isagot niya. Akala ko kasi sasabihin na naman niya na sa kanya itong unit na 'to at gagawin niya kung ano ang gusto niya. Mukha atang may mali at ang bait niya?

Naghubad lang ako ng sapatos at inilagay ko ang bag ko sa may living room para makagalaw ng maayos. Napagpasiyahan kong sinigang na baboy ang iluto ko para sa kanya. Siguro naman hindi siya maarte kapag natikman niya ang sinigang ko. Iyon kasi ang unang itinuro sa akin ng nanay ko na lutuin kaya naging eksperto agad ako sa pagluluto 'non. Nagsaing din ako sa rice cooker niya for two person dahil nagugutom na rin ako. After one hour and thirty minutes natapos na ako sa pagluluto. It's already seven in the evening at alam kong gutom na siya. Panay kasi ang practice niya at madaling magutom ang mga lalaki.

"Montemayor." Kumatok ako sa kwarto niya. Kanina pa kasi siya hindi nalabas simula ng pumasok siya. Kumatok ulit ako pero wala pa ring nasagot. Sinubukan kong buksan ang seradura ng pinto at nagulat ako ng bukas iyon. Dahan dahan akong pumasok dahil baka may ginagawa siya.

Napagmasdan ko ang kabuuan ng kwarto niya ng makapasok ako. Napakamanly ng dating 'non at halatang lalaking lalaki ang may –ari. May isa siyang malaking larawan na naka-sabit sa dingding ng kwarto niya. Para siyang model doon. Kahit hindi naman kasi niya sabihin, alam kong mas gwapo siya kay Miguel. Kung kasing ugali niya lang siguro si Miguel, matagal na akong may gusto sa kanya. Pero sadyang ganito na siya.

Tinignan ko siya na mahimbing na natutulog. Hindi na niya nagawang makapagpalit ng pambahay dahil sa sobrang pagod siguro. Umupo ako sa gilid ng kama at lumapit sa kanya. Napalunok ako ng matitigan ko ang mukha niya. I must admit na ang gwapo niya at halos lahat ng babae ay mapapatingin kung sakaling maglakad siya sa gitna. Minsan nga naiingit ako sa kanya dahil parang nasa kanya na ang lahat. Luho, mukha, katawan, popularity, brain. Samantalang ako, katawan, mukha, at brain lang ang pantapat sa kanya. Hindi ako sikat, hindi ako mayaman. Scholar nga lang ako ng

university at dahil iyon sa pagsisikap ko. Pero siya, kahit siguro hindi na siya mag-aral. Mabubuhay pa rin siya.

Marahan kong tinapik ang pisngi niya upang gisingin siya.

"Montemayor, baka lumamig yung pagkain. Gising na, hindi ka pa nakakakain." Kung hindi siguro ako good vibes ngayon. Sinipa ko na siya para gumising.

Agad naman siyang nagmulat ng mata at tumingin sa akin.

"Kumain ka muna bago matulog, wala pang laman 'yang tiyan mo at matutulog ka na. Bawal magpalipas ng gutom, nakakabaog, sige ka." Ngumiti ako sa kanya.

"Nakatulog pala ako." Sabi niya.

"Ayos ka lang ba?" Tanong ko. Tumango siya ng marahan bago tumingin sa akin.

"Magpalit ka muna ng damit at bago ka lumabas okay? Kakain na tayo." I said. Ngumiti ako sa kanya at tsaka lumabas ng kwarto niya.

Lumabas din siya pagkaraan ng ilang minuto. Nakasando at board short niya at masasabi kong ang gwapo niya tignan sa ganoon. Hindi siya mukhang manyak, bastos o demonyo. Basta may kakaiba sa kanya ngayon na hindi ko maipaliwanag.

"Tara na, kumain ka na." Yaya ko sa kanya. Umupo naman siya sa harap ng lamesa kaya nilagyan ko ng kanin ang plato niya at nilagyan ko rin ng sinigang ang isang tasa. Nakatingin lang siya sa akin habang ginagawa ko 'yon.

"Ang sarap palang may mag-alaga sa'yo." Bigla akong natigilan at napatingin sa kanya ng wala sa oras sa sinabi niya.

"Bakit hindi ka muna umuwi sa inyo? Sigurado namang aalagaan ka roon." Sabi ko. Nilagyan ko na rin ng kanin ang plato ko.

"Hindi, I mean yung ganito. Yung parang asawa kita at pinaghahanda mo ako ng pagkain kasi pagod ako galing sa trabaho. Ang sarap pala sa pakiramdam." Sabi niya.

"Gutom lang 'yan Montemayor! Kumain ka na nga." Sabi ko. Tahimik kaming kumain at binalot ng nakakabibinging katahimikan ang paligid.

Niligpit ko ang mga pinagkainan namin pagkatapos naming kumain. Siya naman ay nanood ng PBA sa T.V Nagpahinga ako saglit pagkatapos kong iligpit ang mga pinagkainan namin. Tumabi ako sa kanya para panoorin ang pinapanood niya. May laro pala ngayon. Finals na ng San Mig at TNT. Mukhang patapos na rin naman ang laban kaya tinapos ko na at nag-champion ang San Mig. Ang galing talaga ng crush kong si

Pingris, sayang at may asawa na siya, pero ayos lang kasi may Miguel na ako.

"Montemayor, uuwi na ako. Magpahinga ka na." Sabi ko sa kanya. Nakatingin lang siya sa akin at parang may hindi masabi. Lumabas na ako ng unit niya ng hindi pa siya nagsalita pero nakakailang hakbang palang ako palayo doon ng biglang may humawak sa braso ko.

"P—Pwede bang samahan mo muna ako kahit ngayon gabi lang? Please? Kahit ngayon gabi lang, samahan mo akong matulog. Natatakot ako."

It's Greg.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Ten

TEN

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Montemayor!" Nagulat ako ng bigla siyang matumba at mapayakap siya sa akin.

"You're burning! May sakit ka!" Ramdam na ramdam ko ang init ng buo niyang katawan dahil nakayakap siya sa akin.

"D—Don't leave. I—I need you—." Hindi na niya naituloy ang sasabihin niya dahil tuluyan na siyang bumigay. Pinilit kong kayanin ang bigat niya kahit na nahihirapan na ako. Nagpatulong ako sa dalawang lalaking dumaan upang dalhin siya papasok sa loob. Buti na lang at hindi naisara ni Greg ang pinto dahil hindi ko pa alam ang bago niyang pass code. Ayaw niya kasi ng de susi dahil nawawala niya lagi iyon.

Nagpasalamat ako sa dalawang lalaki pagkaalis nila. Sila na ang nagpasok kay Greg sa kwarto niya para hindi na ako mahirapan pa. Kumuha agad ako ng maligamgam na tubig at malinis na towel sa cabinet niya. Basa na ng pawis ang buo niyang katawan dahil siguro sa init ng katawan niya. Pilit kong hinubad ang suot niyang sando at hindi naman ako nahirapan doon. Pinunasan ko ang mukha niya at katawan niya na basa ng pawis.

"D—Daddy." He groaned. Marahil ay hinahanap niya ang kanyang ama.

Pinunasan ko ang buong parte ng katawan niya at masasabi kong perkpekto ang pagkakahubog nito. Hindi ko maiwasan ang hindi mapatingin sa six pack abs niya at sa dibdib niya. Inaamin ko na mas lamang si Greg kay Miguel but unlike Miguel. There's something special when it comes to Greg. Yes, he is undeniably jerk. But there's something on him na hindi ko maipaliwanag.

"M—Marquez?" Nagmulat siya ng mata.

"Nilalagnat ka, magpahinga ka muna." I said. Isinuot ko ang damit na kinuha ko kanina sa cabinet niya pagkatapos ko siyang punasan. Mataas ang lagnat niya at kaylangan niya ng gamot. Wala naman akong nakitang first aid kit sa unit niya.

"S—Saan ka pupunta? A—Alis ka ba? Iiwan mo ba ako?" Hinawakan niya ang kamay ko ng tumayo ako. Umupo ulit ako sa gilid ng kama at tinignan siya. Iba pala siya kapag may sakit. Ang bait.

"Ibibili kita ng gamot, masyadong mataas ang lagnat mo at 'wag kang mag-alala. Kunsensya ko pa kapag namatay ka kaya hindi kita iiwan." Marahan kong hinaplos ang buhok niya ng ilang ulit para pakalmahin siya. Natutunan ko iyon sa nanay ko. Hinahaplos niya ang buhok ko kapag may lagnat ako, natatakot ako at bago ako matulog.

"T—Talaga? S—Sabi mo 'yan. H—Hindi mo ako iiwan." Nahihirapan niyang sabi. Para pala siyang bata kapag may sakit. Ayaw na iiwanan siya.

"Oo, kaya hintayin mo ako dito. Okay? Bibili lang ako ng mga kaylangan mo." Hinaplos ko ulit ang kanyang buhok pati na rin ang kanyang mukha. It's perfect.

"B—Balik ka agad. H—Hindi mo ako iiwan." Sabi niya.

"Hindi kita iiwan." I said. Tumayo na ako at lumabas ng unit niya. Agad akong pumunta sa ibaba para maghanap ng botika pero wala akong makita. Nagtanong tanong ako hanggang sa makarating ako sa isang tindahan. Bumili ako ng gamot para sa lagnat at sa ubo at sipon na rin. Bumili rin ako ng ingredients para sa sopas. Tsaka ko na lang siya sisingilin kapag magaling na siya.

Pinainom ko agad siya ng gamot pagkatapos kong bumili. Kakakain pa lang naman niya kaya ayos lang iyon. Hindi pa rin nababa ang lagnat niya kaya nilagyan ko siya ng basang towel sa noo.

"B—Bumalik ka." Nagmulat ulit siya ng mata.

"Matulog ka na, mataas pa ang lagnat mo. Bababa 'yan kasi pinainom na kita ng gamot." Paulit ulit kong hinaplos ang buhok niya.

"A—Ayoko, b—baka umalis ka." Sabi niya. Ang kulit naman nito at kahit may lagnat ayaw paawat.

"Hindi nga sabi, babantayan lang kita." Sabi ko. Pero ayaw pa rin niyang ipikit ang mga mata niya.

"I—Iiwan mo ako, a—alam ko." Hindi ko alam kung malungkot ba siya o hindi.

"Montemayor, hindi kita iiwan. Aalagaan kita, babantayan hanggang sa gumaling ka, okay? Kaya magpahinga ka na. Babantayan kita. Kung gusto mo hawakan mo pa ang kamay ko para hindi ako umalis." Sabi ko.

"S—Sige." Nagulat ako ng bigla niyang kunin ang kamay ko at ipatong iyon sa dibdib niya. Hawak niya iyon ng mahigpit na tipong ayaw akong pakawalan. Ipinikit na niya ang mga mata niya at wala pang ilang saglit ay nakatulog na siya. Pinagmasdan ko ang buo niyang mukha. Sayang, kung katulad lang siya ni Miguel. Siguro matagal na akong patay na patay sa kanya. Gwapo naman kasi talaga siya. Siya nga ang unang nakakuha ng atensyon ko ng unang araw ko sa school noon kasi blonde pa yung buhok niya at akala ko foreigner siya kasi talagang ang gwapo niya. Pero nang makilala ko siya, doon ko napatunayan na may sa demonyo talaga siya. Hangang sa naging hobby na niya ang asarin, kulitin, galitin, at yayain ako ng mag-sex.

Lumaban ako sa kanya, hindi kasi ako pinalaki ng nanay ko na mahina at kawawa. She raised me very well. And the first thing is, to be tough. Ang karaniwang babae ay mahina at walang laban sa mga lalaki. Pero ako hindi, I won't let men to ruin me. Na paglaruan lamang ang mga babae. We don't deserve that. We deserve to be loved. Pero hindi iyon ang itinatak ko sa isipan ko. I need to be strong, because I am Raisse Miracle Marquez.

Nagising ako ng makaramdam ako ng pangangalay. Hindi ko na kasi namalayan na nakatulog na ako kagabi na ganito pa rin ang posisyon. Nakaupo ako sa isang upuan habang binabantayan siya. Baka kasi bigla siyang magising ulit katulad kagabi at parang nananaginip. Hindi ko alam ang gagawin ko kaya marahan kong hinaplos ulit ang buhok niya at huminahon siya. Paano kaya kung wala ako? Siguro kung ano na ang nangyari dito sa mamang 'to. Mahigpit pa rin ang hawak ni Greg sa kamay ko kaya dahan dahan ko itong tinanggal. Mahimbing pa rin ang tulog niya at bumaba na rin ang lagnat niya. Marahil ay napagod siya sa sunod sunod na practice para sa darating na National Tournament kaya siya nagkasakit. Ilang weeks na lang kasi at NT na ng iba't ibang school.

It's tuesday at may pasok ngayon. Pero mukhang hindi na rin ako makakapasok dahil wala naman akong dalang damit ni isa at alas siyete na ng umaga. At kanina pang six thirty ang pasok ko. Napagpasyahan kong ipagluto siya ng sopas. Mabuti raw na pakainin ang taong may sakit ng may sabaw at makakagaan agad iyon sa pakiramdam. Marunong akong magluto 'non dahil nagtrabaho ako sa isang karinderya sa probinsya noong nasa high school ako.

Eksaktong ala siyete y medya na ng umaga ng matapos ako sa niluluto ko. Bumili rin ako ng tinapay sa baba para kapares ng sopas. Kaylangan niyang magpahinga ng maigi para mawala ang lagnat niya, iyon lang ang sagot doon.

Nadatnan ko siyang mahimbing pa rin na natutulog ng pumasok ako sa kwarto niya. Hinipo ko ang noo niya kung may lagnat pa siya, pero mukhang sinat na lang iyon.

"Montemayor." Marahan kong tinapik ang pisngi niya upang gisingin siya. Mababa na ang lagnat niya at alam kong kaya na niyang tumayo mag-isa pero kaylangan pa rin niya ng suporta.

"Montemayor, gising na uy. Sige ka, may lalabas na bading sa ilalim ng kama mo at kakainin 'yang 'pare' mo." Gusto kong matawa sa sarili ko. Para na akong baliw dahil sa Montemayor na 'to. Minsan pala nakakaaliw mag-alaga ng may sakit.

"Montemayor, isa. Pag hindi ka gumising huhubaran kita." Laking gulat ko ng bigla siyang nagmulat ng mata at ngumisi.

"You have my permission." He said in a husky voice. I gulped. What the heck? Bakit gising na siya!

"B—Bumangon ka na nga! Kanina pa ako salita ng salita dito tapos gising ka naman pala!" Nakakainis. Kung anu-ano tuloy ang nasabi ko dahil sa lalaking 'to.

Bumangon naman siya at ngumiti sa akin ng pagkaluwag luwag.

"Ayos na ba ang pakiramdam mo?" Tanong ko.

"Yes." Kaswal niyang sagot habang marahan na tumango.

"Hindi ka ba nasusuka o nahihilo?" Tanong ko sa kanya.

"Hindi. Pero medyo nahihilo ako, but I'm feeling better." He said.

"Sige na, tara na sa labas. Ipinagluto kita." Nakita ko naman ang pagguhit ng ngiti sa mukha niya. Ang ganda ata ng gising nito ah?

Lumabas na ako ng kwarto niya at siya naman ay dahan dahan na umupo sa harap ng lamesa. Ako na ang naglagay ng sopas sa tasa niya.

"Mabuti 'yan sa may sakit. Nakakawala agad ng lagnat, kaya kumain ka na. May tinapay din diyan kung gusto mo." Inilapag ko na sa harap niya ang tasa at agad naman siyang kumain.

Hindi ko pa nauubos ang isang tasa ng sopas pero siya nakadalawa na. Napangiti ako ng wala sa oras ng makita siyang mapaso dahil sa sunod sunod na subo.

"Ayan kasi hindi nag-iingat. Ito oh, uminom ka." Iniabot ko sa kanya ang isang basong tubig. Para kasing mauubusan ng sopas. Tumingin ulit siya sa akin at ngumiti. Seriously? Ano ang meron at bakit parang ang ganda ng gising ng Montemayor na 'to?

"Oh, inumin mo ito. Para tuluyan ng mawala ang lagnat mo. Sa susunod kasi, 'wag masyadong magpapagod okay? Para hindi mabugbog 'yang katawan mo. Paano na lang kung wala ako? Di namatay ka na? Haynako. Dapat inaalagaan mo rin ang sarili mo." Sabi ko sa kanya sabay abot ng paracetamol at isang basong tubig. Kakatapos lang kasi naming kumain at pinagpahinga ko lang siya saglit.

"Salamat." He said.

"Himala, nagpasalamat ka? Akala mo naman libre lahat ng 'yon. May bayad lahat 'yun!" Sabi ko sa kanya.

"I mean, salamat dahil nandito ka. Hindi ka umalis. Binantayan mo ako at inalagaan. This is the firstime na nangyari sa akin ito and I'm really glad that you're here." He said.

"Bakit may magagawa pa ba ako? May atraso ako sa'yo at kunsensya ko na lang kung mamatay ka." Dahilan ko na lang sa kanya. Natigilan ako ng bigla niyang hawakan ang kamay ko.

"Masaya ako dahil dumating ka sa buhay ko." That made me stop. Nandito na naman ang pamilyar na pakiramdam sa dibdib ko. Parang kinakabahan ako sa mga sinasabi niya dahil biglang bumilis ang tibok ng puso ko.

"N—Nagkasakit ka lang, naging ganyan ka na." Pilit kong pinapakalma ang sarili ko. Pakiramdam ko kasi parang may mali sa nararamdaman ko. Parang gusto ko siyang sapakin.

"O siya, sige na. Uuwi na ako. Pahinga ka, okay?" Ngumiti ako sa kanya at tsaka dinampot ang bag ko. Papalabas na sana ako ng unit niya ng bigla niya akong pigilan.

"Akala ko ba hindi ka aalis sa tabi ko? Akala ko ba hindi mo ako iiwan?"

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Eleven

ELEVEN

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Captain, tignan mo oh." Sabi ni Dana sabay nguso sa may bleachers. There, I saw Greg making out with Gwen. Hindi ko magawang alisin ang mga mata ko sa kanila. Kitang kita ko kung paano dumapo sa iba't ibang parte ng katawan ni Gwen ang mga kamay ni Greg. They were obviously engrossed to each other to the point that some of his teammates taking some pictures and video of them. Napailing na lang ako ng wala sa oras. Boys will be boys.

"Minsan Captain, napapaisip ako kung paano humalik ang isang Montemayor." Napataas ako ng kilay sa sinabi ni Dana. Nagpapahinga kami ngayon dahil kakatapos lang ng practice namin at nagsiuwian na ang iba ko pang mga teammates.

"Huwag mong sabihin na may gusto ka kay Greg?" Tanong ko.

"Wala akong gusto sa kanya, may kilala rin kasi akong Montemayor when I was in highschool. Playboy din na kagaya ni Greg. One time, I caught him and his girl making out in the empty room. They were almost having sex." She said. Napailing na lang ako ng maalala kong nahuli ko si Greg na may ka-sex sa unit niya at ang muntikan na niyang mabiktimang nurse.

"Hayaan mo sila, gusto naman nila 'yon. Alam mo naman ang mga lalaki, walang nawawala sa kanila. Sa atin? Marami. And sometimes, pati puso natin nakukuha nila." Tumingin ulit ako sa mga basketball players na nagpapahinga rin katulad namin.

"Pero Captain, bakit may mga babaeng ayos lang sa kanila ang ganoon relasyon. Yung one night relationship lang." Tanong sa akin ni Dana.

"Ano ba palagay mo sa akin Dana? Stripper? Magtigil ka nga!" Suway ko sa kanya. Tumingin ulit ako sa kanila at hindi ko sinasadyang mapatingin sa pwesto ni Greg na nakatingin din sa akin.

It's been four days since we last talked. Hindi pa siya nagpaparamdam hanggang ngayon sa akin at hindi ko alam kung bakit. Parang umiiwas siya at sa tuwing makikita ko siya may kahalikan siyang babae. I wonder if Gwen know about his affairs.

"Captain, yung asawa mo papalapit dito." Natigilan naman ako sa pag-iisip ng makita kong papalit sa pwesto namin ni Dana si Miguel wearing a very sexy smile. I gulped hard as he walks like a model. Para siyang model ng jersey dahil sa suot niya. Labas na labas ang makinis at maputi niyang balat. Pag nagkaroon lang talaga ako ng pagkakataon na masolo siya, I swear susulitin ko na at hindi ko hahayaang gumamit

siya ng condom.

"Hi." He said. Biglang bumilis ang tibok ng puso ko. Gusto kong magtatatalon at sabunutan si Dana ng bigla siyang tumabi sa akin. Amoy na amoy ko ang katawan niya kahit pa basa iyon ng pawis. Ang bango bango pa rin kasi niya kahit na kanina pa sila naglalaro ng basketball. Bigla tuloy akong na-concious kung amoy pawis na ako.

"M—Miguel, ikaw pala 'yan." Ngumiti ako pero deep inside kinikilig ako. Mamaya ako magtatatalon sa C.R.

"Matagal din tayong hindi nagkausap. Busy kasi ako sa family gatherings." He said. Ayos lang basta sa akin ka pa rin uuwi pagkatapos ng araw. Iniintay ka kasi ng mga anak natin at miss na miss na nila ang daddy nila at miss na rin kita. Kinikilig ako paksyet.

"Ah, kaya pala hindi kita masyadong nakikita sa practice." Sabi ko.

"Oo nga, hindi tuloy kita mapanood mag-practice." Ngumiti siya ng maluwag kaya mas lalong nawala ang singkit niyang mga mata.

"Bakit mo naman ako panonoorin?" Painosente kong tanong. Kunwari good girl.

"Ewan, basta gusto lang kita mapanood, para kasing sumasaya ako kapag pinapanood kita." I gulped. Kapag hindi talaga ako nakapagpigil ng kilig, sisigaw ako ng wala sa oras.

"Niloloko mo na ata ako eh." I said. Sinuntok ko siya ng mahina sa braso na ngayon ay kitang kita ko ang biceps niya. Pasimpleng chansing. #Damoves101

"Hindi kita kayang lokohin." Napatigil ako sa sinabi niya.

"B—Bakit mo naman nasabi 'yan?" I gulped the lump in my throat.

"Wala lang. Free ka ba next week?" He suddenly asked.

"Captain, una na muna ako sa'yo. Hintayin na lang kita." Saglit kaming natigilan sa pag-uusap ng magpaalam si Dana. Tumango lang ako.

"Hindi naman." Depende na lang kung may iuutos sa akin si Prinsipe Greg.

"Good. Isasama sana kita sa outing ng basketball team." Bigla akong nagulat sa sinabi niya.

"Miguel, ano kasi—"

"Please? Ikaw lang ang gusto kong isama. Lahat kasi sila may date at ako wala." Napalunok ako. It means, date? Ako ang date niya?

"I—Ilang araw ba 'yan? Baka pagtripan lang nila ako." Napayuko ako. Nadala na kasi ng ugali ni Greg ang mga teammates niya sa pambubully sa akin. Pati rin sila pinagtitripan na ako at ayoko namang magpatalo kaya mas lalo lang nila akong pinatulan.

"I won't let them to touch my girl." Napaangat ako ng tingin sa kanya at doon ko nakita ang kasigaruduhan sa sinabi niya.

"Marquez!" Nagulat ako ng biglang lumapit si Greg sa amin. Nakakunot ang noo niya na lumapit sa amin.

"May pag-uusapan tayo." At bigla niyang hinablot ang braso ko at hinatak ako palayo sa gym.

"Ano?!" Bakit ba sa tuwing moment namin ng Miguel ko sumusulpot itong hinayupak na 'to?

"Ano bang problema mo hah? Hindi ka magpaparamdam ng apat na araw, tapos hahatakin mo na lang ako kung saan? Alam mo bang hanap ako ng hanap sa'yo kasi akala ko namatay ka na? Pero ano? Hindi mo ako pinansin. Tapos ngayong kausap ko si Miguel lalapit lapit ka? Ano ba talaga problema mong gago ka?!" Nakakabwisit lang. Pagkatapos niyang hindi magparamdam at iwasan ako ng apat na araw, hahatakin na lang niya ako bigla bigla? Nakakainis na siya!

"Bakit na-miss mo ba agad ako?" Sabi niya ng nakangisi. Walang pag-aatubiling sinakal ko siya.

"ACHK—Hindi—ako—makahinga!"

"Dapat lang sa'yo 'yan! Bwisit ka!" Bigla niyang hinawakan ang kamay ko at isinandal ako sa pader. Naaamoy ko at naririnig ko ang paghinga niya dahil ilang pulgada lang ang layo ng mukha namin. Hindi ko alam kung bakit hindi ko maialis ang mga mata ko sa mata niya. Tinitignan lang namin ang isa't isa na para bang matagal kaming hindi nagkita at nagkasama.

"I am sorry babe for not seeing you these past few days. Gwen is really jealous when I'm with other girls, so don't cry okay?" He smirks and wiped something in my cheek. Doon ako natigilan. Agad ko siyang tinulak ng malakas. Hindi ko alam kung bakit sobrang bilis ng tibok ng puso ko.

"Hindi ako naiyak! At bakit kita iiyakan?!"

"Hindi? Ano yung pinahid ko sa mukha mo? Laway mo?" Tumawa siya.

"It's okay babe to admit that you have a crush on me or some romantic feelings. I could bring you in a trysting place if you want, with no doubt." Then he winked. Lumapit ulit siya sa akin at inakbayan ako.

"Nagpa-good vibes muna ako sa girlfriend ko kaya hindi kita madalas utusan. Pero parang may nakalimutan ka ata habang wala ako." Sabi niya. Pinilit kong tanggalin ang braso niyang naka-akbay sa akin.

"Pwede ba?! Lumayo layo ka sa akin!" Sabi ko.

"Tsk. Di ba sabi ko akin ka lang? Bakit kasama mo naman si Miguel! Ano? Nililigawan ka na niya? Kayo na ba?!" Biglang nagbago yung itsura niya.

"Pakielam mo ba? Ikaw nga hindi nagpakita sa akin ng apat na araw tapos bigla ka na lang susulpot. Ano ngayon kung kami na?" Tinaasan ko siya ng kilay.

"May usapan tayo di ba?!" Nagulat ako sa pagsigaw niya. Ano ba ang problema niya kung magkaroon ako ng boyfriend?

"Wait nga! Ano ba problema mo kay Miguel at ayaw na ayaw mo akong lalapit sa kanya?!" Sigaw ko rin sa kanya. Bigla siyang nag-iwas ng tingin. Mayroon bang mali kay Miguel?

"Basta! Ayokong siya ang gawin mong boyfriend!"

"At sino ang gusto mong gawin kong boyfriend? Ikaw?" Bigla siyang humarap sa akin na mayroong ngisi sa mukha.

"Sure, why not? Pwede ka rin na namang pagtyagaan." He said then he looked at my chest. I gave him a deadly glare.

"Hindi na ako natutuwa sa'yo Montemayor." Tumalikod na ako at naglakad pabalik sa gym pero hinablot niya lang ang braso ko at iniharap ulit sa kanya.

"Sorry." He said sincerely.

"Forgiven." I crossed my arms.

"Bakit mo ba ako dinala dito?" Tinignan ko siya ng pataray para may effect. Kunwari pinapagalitan ko kasi hindi umuwi ng maaga at nagbulakbol sa labas.

"I want you to go with me next week." Napataas ang kilay ko. Hindi pwede! May date

kami ni Miguel ko next week at first date namin 'yon kaya hindi pwedeng palagpasin!

"At saan naman?" Tanong ko.

"Basta! Sumama ka sa akin next week." Determinado niyang sabi.

"Hindi pwede, at bakit hindi si Gwen ang isama mo? Tutal naman siya ang latest mo di ba?" I mocked him.

"Sumunod ka na lang! At bakit hindi? Akin ka di ba?"

"Ang kapal naman pala talaga, at paano ako naging sa'yo mister? Wala pong nagmamay-ari sa akin kung hindi ako lang, pero kung offeran ako ni Miguel why not di ba?" Nagbago na naman ang mukha niya ng banggitin ko ang pangalan ni Miguel.

"Sasama ka sa akin, no matter what."

"Hindi ako sasama sa'yo, yes matter what!" Nagsukatan kami ng tingin.

"Aish! Wala akong ka-date next week at gusto ko ikaw ang kasama ko doon! Hindi mo ba ma-gets 'yon?!"

"Bakit nga kasi ako, eh hindi naman ako ang girlfriend mo?!"

"Kasi nga ikaw ang gusto ko isama doon dahil mas kumportable ako sa'yo, hindi pa ba malinaw sa'yo 'yon?! Sayo lang ako nagkakaganito, sa'yo lang!"

Ano raw?

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Twelve

TWELVE

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Ayos ka lang ba?" Tinignan ko si Miguel na katabi ko sa van. Ngumiti ako ng pilit sa kanya at tumango.

"Parang hindi naman. Kanina ka pa hindi mapakali." Paano ako hindi mapapakali kung ang talim ng tingin sa akin ni Greg mula kanina? Malay ko bang dito rin niya ako gustong isama.

"Ayos lang ako." Sagot ko sa kanya. Ilang oras na lang at malapit na kaming makarating sa Mt. Makulot sa Cuenca, Batangas. At ilang oras na ring nakatingin ng masama si Greg sa pwesto namin. Kasama niya ngayon si Gwen at ang sweet lang nilang dalawa. Pero sa tuwing titingin siya sa amin ni Miguel nag-iiba na yung itsura niya.

Tinanggihan ko kasi ang proposal niya last week at kay Miguel ko gustong makipag-tanan. At tsaka kasama na naman niya si Gwen ah? Ano pang pinuputok ng butsi niya?

"Baby, gusto mo bang matulog?" I heard Gwen asked Greg in her flirtiest tone. Baby? Yuck. Kalaking tao niya, baby daw? Mahiya naman sila oy!

"No, ikaw na lang para mapagmasdan ko ang baby ko." Bigla akong napaubo ng malakas sa narinig ko. Seriously? Nandidiri ako sa pinagsasabi ng Montemayor na 'to! Akala mo kung sinong napakabait na boyfriend, eh nahuli ko ngang nakikipag sex sa kung sinu-sinong babae.

"Ayos ka lang ba?" Tanong ni Miguel sa akin. He even caressed my back at panigurado akong tinayuan 'yan. Ang sexy kaya ng likod ko!

"Ayos lang ako." I gave him my sexiest smile.

"Do you need water?" No. I need you in my life.

"Hindi na. Ayos lang naman ako." Ngumiti ulit ako sa kanya. He also smiled. Napatingin ako sa gawi ni na Greg at nakatingin na naman siya sa akin. Agad kong iniwas ang tingin ko sa kanila at itinuon ang pansin ko sa labas ng bintana. Pinagmasdan ko lang ang mga dinaraanan namin. Bigla ko tuloy na-miss ang Palawan. It's been one year since my last visit there. Kung hindi pa ako pinilit ng nanay ko na umuwi, hindi pa siguro ako nakakauwi hanggang ngayon.

"Gusto mo matulog? Kanina ka pa inaantok ah." Napalingon ako sa katabi ko.

"Ayos lang." Ngumiti ako.

"I know you want to sleep, c'mon." I was shocked when he suddenly hugged and placed my head to his chest. Biglang bumilis ang tibok ng puso ko. I could also hear the

heartbeat of his heart and I could smell his body perfume. I just closed my eyes and feel him.

"Raisse wake up." Nagising ako sa pamilyar na boses na naririnig ko. Dahan dahan kong iminulat ang mata ko at nakita ko ang asawa ko na walang suot na pang-itaas. Kakagising lang din nito siguro. Kagabi kasi, hindi namin pinatawad ang isa't isa at sinulit namin ang gabi kasi pareho kaming busy sa trabaho.

"Did you enjoy your sleep, honey?" He asked.

"No, I enjoyed you last night." I smiled seductively. Gusto ko ulit kasi siyang ma-enjoy. Hihi.

"You are so naughty. Pwede ka naman sumabay sa akin sa shower if you want." He winked at me. Nagningning ang mga mata ko. It means, makikita ko na naman si JunJun?

"Ikaw hah. We could do it here. Hindi pa naman ikaw late sa trabaho mo."

"Yes of course, I am the CEO. I could make love to you all day long." He said.

"You're so naughty, gising na ba ang mga bata?" I asked him.

"I guess they are. Pero gusto ko muna solohin ang misis ko." He said sabay halik sa akin. I answered his kisses at ang sunod ko na lang na napansin ay nasa banyo kami at sabay na naligo. We made love there as if there's no tomorrow.

I really love him.

"Hoy! Gumising ka na nga! Tulo pa laway mo, kadiri ka!" Napabalikwas ako ng may biglang sumigaw. It's Greg. Pero wait, where's Miguel?

"Epal ka 'no! Ang ganda ganda ng panaginip ko tapos sisirain mo lang?" Bwisit na lalaking 'to! Hindi ko pa nga nakita ang mukha ni Miguel sa panaginip ko tapos susulpot na lang siya at maninigaw? Hindi ba uso yung yugyog o kaya tapik ng pisngi sa kanya kung manggigising siya? Ang pakyu talaga ng Montemayor na 'to.

"Kanina pa sila nagbabaan, tapos ikaw ang sarap ng tulog mo diyan? Tulo pa laway mo. Tss." Agad akong napahawak sa gilid ng labi ko para tignan kung meron nga.

"Bwisit ka!" Sigaw ko sa kanya ng makumpirmang wala naman. Kahit kaylan talaga! Kaasar.

Kinuha ko yung maliit na backpack sa tabi ko at tumayo na. Baka mamaya hindi ako makapagpigil at sipain ko ang 'pare' niya.

Papalabas na sana ako ng van ng bigla niya akong hawakan sa braso. Kami na lang kasi ang nandito at tinted ang salamin ng sasakyan at sure akong hindi kami makikita ni Gwen.

"Akala ko ba may lakad ka?! Bakit nandito ka?! Niyaya kitang isama dito tapos tinaggihan mo ako!" Sigaw niya sa akin.

"At bakit? Pwede kitang tanggihan kung gusto ko! And for your information, si Miguel ang unang nagyaya sa akin dito." I rolled my eyes.

"Di ba sabi ko ayaw kong makikita kitang kasama siya? Akin ka lang di ba?" Ayan naman siya sa 'Akin ka lang di ba?' niya. Neknek niya.

"Pakielam ko sa'yo? Kasama mo na naman ang girlfriend mo ano pang nirereklamo mo?"

"Bakit may payakap yakap pa kayong nalalaman!"

"At bakit? Bawal? So pag kay Miguel bawal? Pag sa iba pwede? Ano 'to discrimination ng pogi?" Tinaasan ko siya ng kilay.

"Kahit sa iba bawal!" Mariin niyang sabi.

"So kanino pwede? Sa'yo?" Biglang namula ang mukha niya sa sinabi ko at iniwas ang tingin niya sa akin.

"O—Oo! Pwede sa akin, kasi ako ang gumawa ng batas." Sabi niya. Wow.

"Ay ang galing pala, pwedeng magpasa ng petition? Hindi ko kasi gusto 'yung batas mo."

"Hindi pwede! Pag sinabi ko, 'yun lang." Bigla akong napaisip. Wait, wait.

"Crush mo ba si Miguel?" I narrowed my eyes at him. Oo, tama! May gusto siya kay Miguel kaya ayaw niya kaming laging magkasama. Alam ko na rin sa wakas ang tinatago niya.

"What?!"

"Ano ka ba sister! Ayos lang 'yan. Pwede ko naman sa 'yong i-share si Papa Migs kung gusto mo." Hindi lubos akalain na may dugong berde pala sa Montemayor. Bongga!

"Tumigil ka nga! Ano tingin mo sa akin? Bading? Baka gusto mong gahasain kita

dito." Bigla naman akong natigilan. Si Miguel lang ang pwedeng gumahasa sa akin, at gaganti ako kapag ginahasa niya ako! Gagahasain ko rin siya para fair.

"Ewan ko sa'yo." Tinalikuran ko na siya at lumabas na ng van.

"Bakit ang tagal n'yo naman sa loob?" Tanong ni Brent, isa sa mga teammates niya. Kilala ko na kasi lahat ng teammates niya.

"May bigla kasing may tumawag sa phone kaya hindi ko agad nagising si Marquez." Biglang sabi ni Greg sa likod ko. Inakbayan pa niya ako at ngumiti sa mga teammates niya. Nasaan na ba si Miguel?

"Raisse." Agad kong tinanggal yung pagkakaakbay ni Greg sa akin. Lumapit ako sa kanya. Baka mamaya magselos pa siya. Alam mo na, nag-iingat lang. Mamaya bigla siyang makipag-divorce sa akin.

"Saan ka nanggaling? Kanina pa kita hinahanap." Sabi ko sa kanya.

"Ah, tumulong lang ako magbuhat ng mga gamit." Ngumiti siya.

"Bakit? Miss mo na agad ako?" Wala sa sarili akong napangiti. Kinikilig ako!

"Nagbibiro ka siguro." Painosente kong sabi. Pero kinikilig talaga ako.

"Bakit naman ako magbibiro? Ikaw nga na-miss agad kita." Sabi pa niya. Konti na lang talaga, konti na lang at magtatatalon na ako.

"Ikaw talaga." Pasimple kong pinisil ang pisngi niya. #Damoves102

****

"Sinu-sino ba magkakasama sa kwarto?" Tanong ni Cedric.

Sampu silang miyembro ng team, at lima lang ang may dalang babae. Bali fifteen kaming lahat. Dalawang van din ang dala nila kasi marami kami.

"Si Raisse kasama ko sa kwarto." Bigla akong nagulat ng magsalita si Miguel. Lahat nakatingin sa kanya pati na rin ako. Seryoso ba siya?

"Kung ayos lang kay Raisse." Dagdag pa niya. Agad akong natigilan. Wala sa sarili akong napatingin kay Greg na nakatingin din sa akin. Masama ang tingin niya at hindi maipinta ang mukha niya, magkasalubong din ang mga kilay niya tanda na naiinis siya o naiirita. Baka kasi magalit siya, ayos lang sana kung—Wait, bakit ko ba iniisip ang magiging reaksyon niya? Pakielam ko ba sa kanya.

"A—Ayos lang naman." Sabi ko.

"Good, so lahat ng may date magkakasama sa iisang kwarto. Kayong apat, parehas naman kayong mga lalaki kaya magsama sama na lang kayo." Sabi ni Glenn.

Napatingin ulit ako kay Greg. Laking gulat ko ng naghahalikan sila ni Gwen. Nag-iwas ako ng tingin lalo na ng nagmulat ng mata si Greg. Nakatalikod sa akin si Gwen at si Greg ang nakaharap, kaya nagulat ako ng tumingin siya sa akin. Parang may gusto siyang iparating.

****

"Miguel, h—hindi ka ba naiilang?" Tanong ko sa kanya. Tumawa siya ng pagak.

"Bakit naman ako maiilang? Nakita mo na naman ang katawan ko dati di ba?" Sabi pa niya. Kakaligo niya lang kasi ngayon at topless siya. Nagpupunas siya ng towel at ibinabalandra niya yung abs niya sa akin.

"K—Kasi babae ako." Sabi ko na lang. Hindi ko kasi maalis ang tingin ko sa katawan niya. Tumawa ulit siya ng mahina.

"Raisse, maiilang ka lang sa katawan ko kung may pagnanasa ka. Tell me, do you like me?" That made me stop. Napatingin ako sa kanya at sinalubong naman niya ang mga tingin ko. I gulped the lump in my throat.

"A—Ano." Hindi ako makasagot sa tanong niya.

"Tell me, do you like me too?"

I was stunned.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Thirteen

THIRTEEN

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Ang init naman, sarap maghubad." Natuon ang pansin ko sa biglang pagsulpot ni Greg sa gilid ko. Sando at board shorts ang tanging suot niya. May suot din siyang RayBan na shades.

"Ang init talaga." Sabi niya sabay hubad ng sando niyang suot. Tumambad sa harap ko ang mala-greek warrior niyang katawan. Ginawa niya ring pampunas ang sando niya ng katawan niya at parang nang-aakit pa siya na ewan. Sus, kahit maghubad pa siya sa harap ko hinding hindi ako maaakit sa kanya no!

"Ang yabang akala mo kung sinong gwapo." Pabulong kong sabi sa sarili ko. Ayaw ko muna kasing maligo tulad ng iba. Pinauna ko na rin si Miguel sa dagat at sabi ko naman na ayos lang ako dito sa duyan at magliwaliw muna siya.

"May sinasabi ka Marquez?" Sabi niya.

"Andyan ka pala, akala ko puno ng niyog." Bigla namang sumama ang mukha niya sa sinabi ko.

"Tss. Kunwari ka pa pero nakita kitang tumitingin sa katawan ko. Free to touch it, kung gusto mo pwede kitang dalhin sa kwarto namin para hindi mo lang mahawakan, matikman mo na rin." Sabi niya sabay kindat sa akin, iniripan ko lang siya. Laking gulat ko ng bigla siyang tumabi sa akin sa duyan kaya umuga ito at muntikan pa akong mahulog.

"Ano ba?! Muntikan na akong sumubsob sa buhanginan!" Sigaw ko sa kanya. Ngumisi lang siya ng nakakaloko.

"Alam mo kasi Marquez, aminin mo ng mas macho ako kay Miguel. Gusto mo patunay?" Nagulat ako ng bigla niyang kunin ang kamay ko at ipahawak sa abs niya. Naramdaman ko ang katigasan ng abs niya kaya agad kong binawi ang kamay ko. Para kasing biglang nag-init yung paligid ko.

"Tignan mo namula ka pa. Hayaan mo kapag tapos na ako kay Gwen, pwede mo na akong tikman." Sabi niya. Sinamaan ko siya ng tingin.

"Ano palagay mo sa akin desperada? Reserve mo? Excuse me. Kahit 'wag na, may Miguel na ako." Sabi ko sa kanya.

"Tsk. Kapag talaga naasar ako, gagahasain kita ng mabuntis ka na. Tignan mo lang kung patulan ka pa ni Miguel." Nanlaki ang mata ko sa sinabi niya.

"Hindi ka ba nandidiri sa sinasabi mo? Bakit ba puro sex na lang ang nasa utak mo?"

Sabi ko. Nagulat ako ng bigla siyang umakbay sa akin.

"Alam mo kasi Marquez. Walang lalaki ang hindi tatayuan sa babaeng hubad." Sabi niya. Aba, 'yun pala ang motto niya.

"Sa baklang hubad? Tinatayuan ka?" Tanong ko. Bigla naman siyang napatayo sa sinabi ko.

"Ano ba 'yang iniisip mo! Mandiri ka nga!" Sinamaan niya ako ng tingin.

"Malay ko ba, baka kasi pati bading pinatulan mo na sa sobrang manyak mo." Sabi ko.

"Pag hindi ka nagtigil, gagahasain kita. Sige ka." Banta niya.

"Di gahasain mo." Hamon ko sa kanya. Sumilay naman ang nakakalokong ngiti sa mukha niya.

"Gusto mo? Tara sa kwarto, bibilisan lang natin. May dala naman akong condom sa bag." Aba, ready ang pare niya. Boyscout!

"Ayoko nga. Masira pa kinabukasan ko at mahawa pa ako sa'yo ng sakit." Inirapan ko siya at itinuon ulit ang pansin ko sa mga lumalangoy sa dagat. Ang tagal namang bumalik ni Miguel.

"Wala naman akong sakit at tsaka sa akin mo rin naman ibibigay 'yan. Kaya hanggat maaga ibigay mo na. Practice makes perfect! Maganda pa magiging lahi ng mga anak natin." Seriously? Feeling niya talaga papatulan ko siya?

"Alam mo Greg, wala akong panahon sa mga paandar mo. Pagod ako." Sabi ko ng mahinahon. Kagabi kasi, akala ko seryoso si Miguel. Iyon pala hindi. Na-dissapoint ako ng sobra kaya wala ako sa mood.

"Ang sarap pala pakinggan kapag ikaw bumabanggit ng pangalan ko." Natigilan ako sa sinabi ni Greg.

"Hah?"

"Sabi ko ang sarap sa tenga kapag ikaw ang bumabanggit sa pangalan ko. Gusto ko na tuloy pakasalan ka." Seryoso niyang sabi. Hindi ko naman ma-gets yung sinabi niya. Lagi naman kasing nagloloko ang isang 'to.

"Paanong masarap?" Tanong ko.

"Parang inuungol mo yung pangalan ko. Yung kapag nagsesex kayo, yung moan." Nanlaki

bigla ang mata ko, pero siya tumawa lang ng malakas.

"Isa Montemayor! Namimihasa ka na. Hindi na ako natutuwa sa pagiging bastos mo." Bigla naman siyang tumabi ulit sa akin. I heard him sighed.

"Sorry. Sa'yo lang kasi ako nagiging ganito. Sa'yo ko lang nalalabas yung totoong ako. Alam mo naman siguro na kilala ang angkan ko. At hindi ko kilala yung mga nasa paligid ko kung katawan o pera lang ba ang habol nila sa akin." Natigilan naman ako sa sinabi niya at napaisip. Totoo nga, hindi rin naman kasi natin sigurado ang nasa paligid natin kung totoo ba silang kaibigan o hindi. Lalo na kung mayaman ka. May iba na nakadikit lang sa'yo kasi may pera ka, yung iba naman kasi sikat ka.

"Ganito na kasi ako pagdating sa'yo. Komportable ako kapag ikaw kasama ko, kasi alam kong hindi ko kaylangang itago ang totoong ako. Alam ko kasing sanay ka na sa akin at tanggap mo ako. That's why I asked you to join with me here instead of my girlfriend, because I know that I'll be safe and happy when I'm with you." Bigla akong may naramdaman na pamilyar na bagay. Biglang bumilis ang tibok ng puso ko na tipong kinakabahan. Wala ako sa sariling napatingin sa kanya at sinalubong din niya ang tingin ko.

"M—Montemayor."

"Greg, I want you to call me Greg. Ayoko ng Montemayor. Mas gusto kong banggitin mo ako sa pangalan ko. Masarap sa tenga at sa pakiramdam." Sabi niya habang nakatingin sa akin ng diretso sa mata. Hindi ko nagawang iiwas ang tingin ko sa kanya. Tila magnet ang mga mata niya na kapag tumingin ka, wala ka ng kawala.

"Baby!" Bigla kaming napaiwas ng tingin ng marinig namin ang boses ni Gwen. Papalapit siya sa pwesto namin.

"Ikaw pala 'yan Raisse. Hindi ka mag-siswimming?" Tanong niya, ningitian ko naman siya.

"Mamaya na siguro. Gusto ko muna kasing panoorin ang dagat." Sagot ko sa kanya.

"May dala ka bang two piece?" Natigilan naman ako sa sinabi niya. Two piece? T-shirt nga lang at cycling shorts ang suot ko tapos pagsusuotin niya ako ng 'ganon? No way!

"H—Hah? Ayos na ako sa ganito. Hindi kasi ako kumportable sa two piece." Nagsilapitan na rin ang iba pa naming kasamahan sa pwesto namin.

"C'mon girl! Lahat kami dito naka-two piece, ikaw lang hindi. Huwag kang KJ, lahat tayo nagsasaya dito!" Tumingin naman ako sa mga babaeng kasama namin. Halos lahat sila labas na ang kaluluwa. Panay sila mga naka-two piece na kulang na lang ay maghubad sa harap ng mga ka-date nila.

"W—Wala kasi akong dala." It's true. Wala akong dala dahil hindi ko talaga balak mag two piece. Wala naman akong dapat ikahiya sa katawan ko dahil may ipagmamalaki rin naman ako. Cup G kaya ako, joke.

"I have a extra." Sabi ng babaeng kasama ni Cedric. If I am not mistaken, siya si Lourdes. Ano'ng gagawin ko?

"Yun naman pala. Huwag ka ng mahiya, unless kung may tinatago ka." She smirked. Wala naman akong dapat ikahiya pero kasi, hindi ko pa nasusubukan magsuot ng two piece.

"Ano girl? Go ka? Sabihin mo lang kung may tinatago ka para—"

"S—Sige." Sumilay naman ang ngiti sa mga labi nila. Sana lang talaga hindi makita ang kaluluwa ko sa susuotin ko at sana lang hindi ako mapahiya sa isusuot ko. Bakaka mamaya butas butas pala ang ibigay nila sa akin. Sana lang talaga.

****

Hindi ko alam kung bakit halos lahat sila ay nakatingin sa akin. Pati na rin ang ibang tao na naroroon sa beach ay nakatingin sa akin pag labas ko ng suit namin. Lumapit naman sa akin si Miguel at ngumiti.

"You're gorgeous." He said. I just smiled.

Hindi ko alam kung maiilang ba ako ng biglang pumulupot ang braso ni Miguel sa bewang ko and I felt the adrenaline rushed to my veins when he whisper something in my ear.

"You're so beautiful, Raisse. You are." He said.

"S—Salamat."

Pumunta na kami sa pwesto nila at panay puri ang natanggap ko. Pero hindi ko alam kung bakit tahimik si Greg. Nakatingin lang siya sa akin kaya wala akong magawa kung hindi ang iiwas ang tingin ko sa kanya. Akala ko nga aasarin niya ako, pero nung nakita niya ako tahimik lang siya na nakatitig sa akin at parang chinecheck ako. Itinuon ko na lang ang pansin ko kay Miguel.

Last night, hindi ko alam kung bakit ganoon ang nararamdaman ko. Pakiramdam ko na-reject ako. He asked me if I liked him too. Sasagot na sana ako ng bigla siyang tumawa at sabihing nagbibiro lang siya. I'm so disappointed. Akala ko kasi gusto niya rin ako. Masakit palang umasa sa mga motibo lang.

"Is there something wrong?" Miguel asked me.

"I am okay." Kaswal kong sagot. Tahimik lang kaming nakaupo sa buhangin sa ilalim ng puno ng niyog. Mas pinili kasi naming panoorin na lang sila dahil tirik pa ang araw. Walang nagkikibuan at pinakikiramdaman lang naming ang isa't isa.

"Raisse." Binali niya ang katahimikan na bumabalot sa paligid.

"Paano kung totoo yung sinabi ko sa'yo kagabi? Paano kung gusto kita. May pag-asa ba ako?" Tumingin ako sa kanya pero nakatingin lang siya sa kawalan.

"B—Bakit mo naman natanong 'yan?" Ayoko ng umasa pa. Baka kasi niloloko na naman niya ako.

"Tell me, mayroon ba akong pag-asa?" This time, he looked back at me. Hindi ko alam kung bakit hindi ko maalis ang tingin ko sa kanya, pero alam kong naghihintay siya ng sagot mula sa akin.

"D—Depende naman sa iyo 'yan. Hindi mo kaylangang tanungin kung may pag-asa ka ba sa akin o wala. The point is, sinubukan mo na maiparamdam yung nararamdaman mo para sa isang babae." I gave him a smile.

"Paano Raisse, kung may gusto sa'yo ang isang lalaki pero hindi niya masabi ang nararamdaman niya? Ano ang gagawin mo?" Tanong niya. Mahina akong tumawa dahil sa tanong niya.

"Mayroon pa palang torpe sa 21st Century? Pero kung sakali namang hindi niya masabi ang nararamdaman niya para sa akin. Nasa sa kanya naman iyon kung sasabihin niya o hindi yung nararamdaman niya para sa akin. Pero once na hindi niya masabi ang nararamdaman niya sa akin o sa ibang tao. Nasa huli pa rin ang pagsisisi." Bigla akong nagulat ng umakbay siya sa akin.

"Salamat, ngayon alam ko na ang gagawin ko." Then he suddenly kiss me in my cheek.

"Tara na, kumain na tayo." Hindi agad ako nakatayo. Isipin ko pa lang kasi na hinalikan niya ako sa pisngi ay parang gusto ko nang magpakalunod sa dagat.

"Let's go Raisse. Baka maubusan pa tayo ng pagkain ng mga 'yon." At hinatak na niya ako papunta sa mga teammates niya. Pero hindi pa kami nakakalayo ng may biglang humawak sa kamay ko.

"Fvck off, she's mine."

It's Greg wearing a deadly glare.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Fourteen

FOURTEEN

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Miguel, pwede mauna ka na? Kakausapin ko lang 'tong mongoloid na 'to." Ngumiti ako ng pagkaluwag luwag kay Miguel para hindi niya mahalata na makakapatay ako ng tao mamaya.

"S—Sigurado ka? Pwede naman kitang hintayin dito." Sabi niya.

"Nope, I'm okay. Mauna ka na kasi medyo matagal ang pag-uusapan namin. Mahirap magbungkal ng lupa para sa libangan niya." I said.

"H—Hah?"

"Wala, mauna ka. Susunod agad ako. Okay?" Ngumiti ulit ako sa kanya.

"Okay. I'll wait." He said. Sinagot niya rin ng ngiti ang mga ngiti ko. Buti nalang nag toothbrush ako kanina.

Hinarap ko agad si Greg pagkaalis ni Miguel. Binigyan ko siya ng nakakamatay na tingin dahil sa pag sira niya sa HHWW namin ni Miguel. Napaka epal talaga kahit kaylan!

"At ikaw naman na manyak ka! Magtutuos tayo!" Sabi ko sabay pingot sa tenga niya at tsaka ko siya dinala sa may kubo na medyo malayo sa pwesto nila.

"A—Aray ko naman babes! M—Masakit!" Reklamo niya habang pingot pingot ko ang tenga niya. Hindi lang 'yan ang matitikman niya mamaya!

"Mas masakit pa diyan ang gagawin ko sa 'yong manyak ka! At kaylan pa naging babes ang pangalan ko?! Impaktong 'to!" Binitiwan ko na ang pulang pula niyang tenga. Matanggal sana 'yan!

"Balak mo bang tanggaling ang tenga ko?! Paano ko mapaparinggan ang I love you too mo kung kulang na lang putulin mo ang precious ears ko?!" Sabi niya habang hinihimas ang tenga niya na ngayon ay pulang pula na. Ang cute tuloy niyang tignan. Halata kasi ang pagkapula ng tenga niya dahil mestizo nga siya.

"Kung 'yang 'pare' mo kaya ang putulin ko?!" Sigaw ko sa kanya.

"Gagahasain muna kita bago mo maputol 'to!" Sigaw niya rin sa akin.

"Sasapakin talaga kita kapag hindi ka nagtino, Montemayor!" Tinasaan ko na siya ng kilay at tinignan siya ng masama.

"Magtitino ako kapag hindi mo na kinausap 'yung p—payatatot na 'yon!" Aba, aba. Sino'ng payatot ang tinutukoy niya?

"At sinong payatot 'yon, aber?" I crossed my arms in my chest and raised my eyebrow. Kunwari ako si Ms. Minchin.

"Y—Yung Miguel na 'yon!" Sabi niya. Bakit ba hindi siya makatingin sa akin ng diretso at kung saan saan dumadapo ang tingin niya?

"So feeling mo macho ka?" Ang kapal ng mukha ng tontang 'to na tawaging payatot ang Papa Miguel ko eh may abs nga 'yun!

"Oo! Nakita mo na naman akong naka-brief lang kaya sure akong alam mong macho ako!" No doubt, mataas talaga ang tingin nito sa sarili. Minsan talaga ang sarap i-down ng Montemayor na 'to. Napaka self-proclaimed kahit kaylan.

"Excuse me, saglit lang kitang nakitang naka-brief 'no at ako na ang nagsasabing hindi ka macho." Mariing kong sagot sa kanya kahit na macho naman talaga siya.

Bigla namang sumilay ang nakakalokong ngiti sa mukha niya.

"So, gusto mo medyo matagal?" Nakangiti niyang tanong sa akin. Teka, ano bang sinasabi niya?

"Huh?" Nagulat ako ng bigla siyang lumapit sa akin at itapat ang labi niya sa tenga ko.

"Pwede mo naman hilingin na maghubad ako sa harap mo at para na rin matitigan mo ako ng matagal. Mukhang nabitin ka ata 'non." Nanlaki ang mata ko sa sinabi niya kaya tinulak ko siya ng malakas.

"A—Ang baboy mo! F—Feeling mo naman ang laki niyan!" Sabi ko sa kanya. Nawawala talaga ang pagiging inosenteng maganda ko kapag kausap ko 'tong Montematayor na

'to. Akala niya lahat sa kanya perpekto!

"Aba, eight inches din si pare ah! Kaya nga ang daming naghahabol sa akin na mga babae eh. Ikaw ba naman makatikim ng ganitong kalaking pagkalalaki, hindi mo hahanap hanapin?" Tumawa siya ng malakas pero sinamaan ko lang siya ng tingin.

"Kadiri ka kahit kaylan. Hindi mo ba naisip na pwede kang makabuntis? Paano na lang 'yung magiging anak mo? Display mo lang? Patunay na lalaki ka?" Binigyan ko siya ng nakakamatay na tingin. Sulitin na niya ang pagiging easy niya dahil kapag dumating ang karma niya sa babae. Naku, magpapapiyesta talaga ako.

"Huwag kang mag-alala, lagi akong may dalang kapote kaya safe ako." Sabi niya sabay akbay sa akin.

"Tsaka 'wag kang mag-alala, dahil sa inyo pa rin ako uuwi." Kumunot ang noo ko sa sinabi niya. Pinagsasabi ng timang na 'to?

"Inyo?"

"Oo, sa inyo ng mga magiging anak natin." Tumawa ulit siya. Wala talaga akong mapapala sa isang 'to, I swear.

"Kung magkakaanak ako, sinisugurado kong hindi ikaw. At eight inches? Ganoon kaliit ang iyo? Mahiya ka naman Montemayor!" Ako naman ngayon ang tumatawa ng malakas. Akala niya siya lang ang marunong tumawa? Pakyu siya!

Tinanggal naman niya ang pagkakaakbay niya sa akin at tsaka tumingin sa akin ng pagkasama sama.

"Paano mo nasabing maliit?! Nakita mo na ba hah?! Kaylangan ng meter stick para masukat ang pare ko!" Mariin niyang sabi. Napataas naman ako ng kilay. Meter stick? Ganoon kalaki ang pare niya? Napalunok ako ng wala sa oras.

"M—Meter stick?" Tanong ko. Sumilay ulit ang nakakalokong ngiti sa mukha niya.

"Ano? Gusto mo sukatin mo pa eh." Hamon niya sa akin. No way! Baka mamaya tuklawin ako ng pare niya bigla. Ang haba kaya!

"S—Sige ba! May dala naman akong protractor sa bag ko." Sabi ko sa kanya. Bigla ulit nagbago ang mukha niya at sinamaan ako ng tingin.

"Tangina, protractor?! Seryoso ka?! Kapag hindi talaga ako nakapag pigil sa'yo Marquez, gagahasain na kita!" Natawa naman ako sa sinabi niya. Ang childish talaga niya kahit kaylan. Sana lang, kaya siyang i-handle ng girlfriend niya kapag ganito siya.

"At bakit, aber? Baka nga mas maliit pa 'yan sa protractor at kung makapagreklamo ka diyan akala mo kalaki laki niyan!" Sabi ko sa kanya sabay tawa ulit.

"Naiinis na ako sa'yo." Sumeryoso naman ang mukha niya. Tinignan ko siya pero hindi siya nakatingin sa akin. Napakunot ang noo ko, dahil nakatingin siya ng masama sa likuran ko. Lilingon na sana ako ng bigla siyang tumingin sa akin pababa sa dibdib ko at biglang namula ang mukha niya. Tumalikod siya bigla sa akin at hinubad ang t-shirt niyang suot.

Nagulat ako ng bigla niyang ibato sa mukha ko ang t-shirt niya na may nakalagay na I'M MONTEMAYOR. "Isuot mo nga 'yan! Pinagpipiyestahan na ng mga kung sinu-sinong lalaki 'yang katawan mo!"

Agad naman akong napatingin sa likod ko at nakita ko ang ilang lalaki na nakatingin sa akin. Isinuot ko agad ang t-shirt niya na above the knee sa akin dahil sa laki.

Humarap ulit siya sa akin at ibinalandra ang mala-adonis niyang katawan. Wala ako sariling napatitig sa katawan niya. His chest, his nipples, his abs, at ang perfect cut n'yang v-line. Napalunok ako bigla, ang sexy ng mokong.

"Sa susunod, 'wag kang magsusuot ng ganyan kung napipilitan ka lang. Ayoko ng may nambabastos sa'yo na kung sinu-sino. Baka magulpi ko lang sila ng wala sa oras. Maliwanag ba?" Seryoso niyang sabi sa akin. I raised my eyebrow, again.

"Ayaw mo ng may nambabastos sa akin pero ikaw pwede?" I narrowed my eyes at him.

"Tinayuan ako kanina, aminado ako! Pero pinigilan ko naman ah?! At tsaka bakit ba ang dami mong tanong! Tara na nga!" At tumalikod na siya at naglakad pabalik sa pwesto namin. Bigla tuloy akong napangiti. Minsan pala, matino rin si Montemayor at concern sa beauty ko. Kung ganyan ba siya lagi, why not?

****

"Why are you wearing my baby's shirt?" Maarteng tanong sa akin ni Gwen ng makabalik na ako sa pwesto namin. Nagsisimula na rin silang kumain at 'yung iba naglalampungan lang.

"Hah? Ano kasi—"

"Binabastos siya kanina kaya ipinasuot ko sa kanya 'yan." Mabilis na sagot ni Greg sa girlfriend niya.

"Oh, I see. You are so gentleman baby. Kaya kita love na love eh." Sabi ni Gwen sabay pulupot ng mga ahas niyang braso sa katawan ni Greg. Nakakaawa naman si Montemayor, baby na ang pangalan.

Kitang kita ko kung paano maghalikan si Greg at si Gwen. Hindi ko alam kung bakit hindi maalis ang tingin ko sa kanila. Pero kasi, ang galing humalik ni Greg. Parang gusto ko tuloy maranasan ang mahalikan ng isang Montemayor.

I shook my head. What was that? Nagkakaroon na ba ako ng pagnanasa kay Greg? Oo, aminado akong gwapo siya at may maipagmamalaki. Pero hindi pa rin tama na magnasa ako sa kanya. Mali, dahil una sa lahat may girlfriend siya at para ko na ring nilabag ang utos ng Panginoon.

"Get a room!" Kantyaw ng mga teammates niya sa kanya. Tumigil naman sila sa pag mamake out nila.

"Baby, gutom ka na ba?" Maarteng tanong ni Gwen kay Greg. I rolled my eyes.

"Mahilig ba dumede sa kanya si Greg?" Wala sa sarili kong tanong. Baby kasi ang tawag niya kay Greg eh, baka dede ng dede si Greg sa kanya kaya baby ang tawag niya. Malay ko ba.

"Are you saying something, Raisse?" Bigla naman akong napalingon kay Gwen.

"Hah? Wala naman akong sinasabi ah." Sabi ko. May sinabi ba ako? Tinignan ko ang ibang tao na nasa harap ng lamesa, pero parang nagpipigil sila ng tawa. Si Greg naman nakakunot ang noo, si Gwen halatang naiinis batay sa mukha niya. Problema ba niya?

"Baby, mauna na ako sa kwarto natin okay? I'll wait." Sabi ni Gwen bago ito umalis. Nagsialisan na rin ang iba pang tao sa lamesa. Yung may mga kasamang babae nagkanya kanya na, yung mga loner naman nag vovolleyball, kaya kaming tatlo na lang ni Miguel at Greg ang naiwan sa harap ng lamesa.

"Ayaw mo sumali sa kanila?" Tanong ko kay Miguel. Hindi siya sumagot pero ngumiti lang siya.

"Sige na, ayos lang ako dito. Susunod din ako." Sabi ko sa kanya.

"Sunod ka, okay? I'll see you." At tumayo na siya.

"Sa wakas nasolo rin kita." Napalingon ako sa pwesto ni Greg ng magsalita siya. Akala ko ba sinundan na niya ang girlfriend niya?

"Breast feeding time mo na! Ano pang ginagawa mo dito?" Sabi ko sa kanya.

"Will you shut your mouth? Kanina ka pa ah!" Problema niya? Isa rin ata 'tong may topak eh.

"Bakit? Siya ba ang padedehin mo ngayon?" Tanong ko. Nanlaki ang mata niya sa sinabi ko pero napalitan agad iyon ng nakakalokong ngiti.

"If you want, ikaw sana ang gusto kong magpa-breast feed sa akin." Ako naman ngayon ang nakatingin sa kanya ng masama.

"Ang baboy mo."

"Bakit? May pang breast feed din naman ako sa'yo, hindi nga lang breast." Sabi niya sabay hagalpak ng tawa.

Tumayo na ako at tinalikuran siya, dahil wala naman akong mapapalang matino sa kanya. Pero bago pa ako makalayo sa kanya ay bigla siyang nagsalita na nakapagpatigil sa akin.

"Magiging Montemayor ka rin, Raisse."

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Fifteen

FIFTEEN

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Bwisit naman! Bakit ngayon pa umulan?" Sumilong agad ako sa waiting shed sa labas ng school ng biglang bumuhos ang malakas na ulan. Marami ring estudyante ang sumilong kagaya ko sa waiting shed ng biglang bumuhos ang napakalakas na ulan, marahil ay wala ring mga payong tulad ko.

Pwede ko namang takbuhin lang ang apartment ko mula dito pero sigurado akong basa ako at ang mga gamit ko kung tatakbuhin ko lang. Wala naman akong dalang payong at halos lahat ng mga teammates ko nagsiuwian na at wala na ring masyadong estudyante sa campus. Dyahe naman, bakit ngayon pa umulan.

Naghintay ako ng thirty minutes pero ayaw pa ring tumigil ng ulan. Mukhang babaha pa sa lakas ng ulan. Ayoko namang lumusong sa baha at magpaka dakilang tanga.

Mabasa pa yung thesis paper ko sa bag!

"Nasaan na ba si Tito Arthur? Ang tagal naman ata!" Napalingon ako sa gilid ko ng may biglang magsalita. Pamilyar kasi ang boses niya.

"Bro, 'pano 'yan? Una na ako."

"Sige pre, hintayin ko na lang 'yung Tito ko." It's Greg. Kaya pala minamalas ako ngayong araw dahil sa manyakis na 'to.

"Hoy, ginagawa mo dito?" Napalingon naman siya sa akin ng magsalita ako.

"Bulag ka ba? Nakatayo." Masungit niyang sabi sa akin. Aba! Nagawa pa akong pilosopohin ng Montemayor na 'to.

"Alam ko, hindi ako tanga. What I mean is, bakit hindi mo ata dala ang precious sports car mo?" Tanong ko habang nakataas ang kilay.

"Ayoko kasing ipamukha sa'yo na mas dukha ka pa sa hardinero namin kaya hindi ko dinala." Aba, aba. Dukha man ako, mayaman naman ako sa kagandahan.

"Bakit? Ikaw ba ang bumili ng sasakyan mo? Kung makapagyabang ka akala mo napakayaman mo." Nainis tuloy ako bigla. Sana pala hindi ko na lang siya pinansin.

"Bakit? Masama na ba magsabi ng totoo? Masama na bang—"

"Hindi masamang magsabi ng totoo. Pero ikaw? Hindi ka naman nagsasabi ng totoo, nanlalait ka. Oo, pinanganak akong mahirap, pero hindi ibig sabihin 'non na habang buhay na akong mahirap. Oo, ikaw pinanganak ka ngang mayaman, pero sa tingin mo ba panghabambuhay ka ng mayaman? Kaya 'wag kang magsalita ng tapos." Tumalikod na ako sa kanya at naglakad. He really have the talent to hurt my feelings. Akala mo kung sino.

"Marquez!" Narinig ko ang boses niya sa may likuran ko pero nagtuloy tuloy lang ako ng lakad. Wala akong panahon para makipag-usap sa mga mayayabang na tulad niya.

"Marquez!" Hinarangan niya ang daraanan ko kaya napatingin ako sa kanya ng masama.

"Sorry, I shouldn't say that. Wala lang ako sa mood kaya ko 'yon nasabi sa'yo." Sabi niya sabay yuko.

"Sa susunod na magmamalaki ka, make sure na sa kapantay mo. Hindi 'yung sa tulad kong dukha lang sa paningin mo." Seryoso kong sabi sa kanya.

"Sorry na. Hindi na mauulit." Nag-angat na siya ng tingin sa akin.

"At bakit? May balak ka bang ulitin 'yon?" Tinasaan ko siya ng kilay.

"W—Wala."

"Siguraduhin mo lang na hindi mo na 'to uulitin, maliwanag ba?" I crossed my arms para kunwari under ko siya.

"Oo na, hindi ko na uulitin." Saad niya.

"Good." Naglakad na ulit ako para umuwi pero pinigilan niya ako.

"P—Pwede ba akong sumama sa apartment mo? Hindi raw ako masusundo ng uncle ko dahil mataas na ang baha sa street na papunta dito." Sabi niya. Tinignan ko naman siya mula ulo hanggang paa.

"Hindi pwede." Simple kong sagot sa kanya at naglakad na ulit.

"Marquez naman, sige na. Hindi naman ako maglilikot sa apartment mo. At hahayaan mo ba ang future husband mo na magkasakit? Mag-gagabi na oh! Gusto mo ba akong magahasa?" Napatigil ako sa sinabi niya. Pakielam ko ba kung rape-in siya? Eh gustong gusto niya ngang magpa-breast feed sa girlfriend niya!

"Ayoko nga, baka mamaya gahasain mo pa ako. Tsaka, hindi ka bagay doon. Pang dukha ang tinitirahan ko." Sabi ko sa kanya.

"Marquez naman, ayos lang sa akin 'yun basta ikaw kasama ko. Malamig, kaylangan nating magpa-init. Sige ka." Sabi niya sabay kindat sa akin.

"Isa, hindi ka magtitino?" Lumapit naman siya sa akin.

"Ito naman, hindi na mabiro. Ano na? Tara na at magpa-init na tayo sa apartment mo!" Sabi niya sabay akbay sa akin.

"Magpa-init ka diyan!" Siniko ko siya sa tiyan niya pero parang walang talab, ang tigas eh.

"Oo, magpa-init. Ayaw mo ba magkape? Ano ba iniisip mo? Ang green mo naman pala Marquez." Tumawa siya ng malakas kaya sinamaan ko siya ng tingin.

"Ayoko pa rin, baka mamaya kung ano na lang gawin mo sa apartment ko." Mariin kong sabi sa kanya.

"Hindi nga ako magkukulit. Promise!" Sabi niya sabay taas ng kaliwang kamay niya. Di ba dapat kanan? Tinitigan ko muna siya ng matagal bago magsalita.

"Oo na sige na. Kapag lang talaga may ginawa kang hindi maganda sa apartment ko, naku Montemayor! Mapapatay kita." Banta ko sa kanya. Sumilay naman ang nakakalokong ngiti sa mukha niya.

"Tara na!"

****

"Sabing 'wag 'yan eh! Ang kulit mo naman!" Hinablot ko ang underwear kong hawak hawak niya.

"Ang cute, pink." Amusement was written all over his face.

"Hindi ka magtitino? Maupo ka nga lang diyan!" Nauubusan na talaga ako ng pasensya dito sa mamang 'to. Ang hirap patinuin!

Nagulat naman ako ng bigla siyang maghubad sa harapan ko.

"Hoy, hoy! B—Bakit ka naghubad?" Gulat na tanong ko sa kanya.

"Nabasa ng ulan ang shirt ko kanina, gusto mo ba akong magkasakit?" Sabi niya.

"S—Suotin mo ulit 'yang damit mo! Hindi ako sanay na may hubad na lalaki sa apartment ko!" Sabi ko sa kanya pero parang wala siyang narinig at umupo lang sala at naghubad ng sapatos.

"Tss. Ang tagal tagal mo ng nakita akong hubad, naiilang ka pa rin. Paano na lang kapag pinakasalan kita? Di araw araw mo na akong makikitang hubad." Sabi niya. Sabagay, ilang beses na rin naman niyang ibinalandra ang katawan niya sa akin at dapat na siguro akong masanay dahil exhibitionist ang isang 'to.

"Oo na, oo na! Huwag kang aalis diyan at magluluto ako ng hapunan natin, okay?" Sabi ko sa kanya.

"Opo Misis." Ngumiti siya ng nakakaloko.

"Misis mo mukha mo!" Sinamaan ko siya ng tingin pero tumawa lang siya. Tinalikuran ko na siya at pumasok sa kwarto ko para makapagpalit ng damit.

Tinolang manok ang inuluto ko para mainitan siya. Kakainin naman niya ang iluluto

ko basta ako naman daw ang nagluto sabi niya. Buti na lang may stock ako sa maliit kong refrigerator na minsanan lang magkalaman. Nagsaing na rin ako sa rice cooker na kakasaya sa aming dalawa. Sinadya kong damihan ang saing ko dahil alam ko ang bituka ng mga lalaki, knowing how PG boys are.

"Ang bango." Bigla akong naalarma ng maramdaman ko ang hininga malapit sa tenga ko. Hindi ko alam kung ang niluluto ko ba ang sinabihan niyang mabango o ako.

"Mabango ka diyan. Umupo ka na nga at malapit na 'tong maluto. Alam ko namang gutom ka na, señorito." Sabi ko sa kanya. Sumunod naman siya at umupo na sa harap ng lamesa. Ilang minuto na lang naman din at maluluto na ang niluluto ko.

"Dapat kumain ka ng marami, dahil nag-basketball ka. Kaylangan mo lagi ng lakas kapag maglalaro ka, at malamig ngayon kaya tamang tama 'tong tinola na niluto ko. Mainit sa sikmura." Sabi ko sa kanya habang nilalagyan ng kanin ang plato niya. Naglagay din ako ng tinola sa dalawang tasa para sa kanya at sa akin.

"Sige na kumain ka na." Sabi ko sa kanya pero hindi siya kumibo at nakatingin lang sa akin ng seryoso.

"Kumain ka na Greg Joseff Montemayor." Wala sa sarili kong nasabi ang buo niyang pangalan na siyang nagpangiti sa kanya.

"Kapag ba naging asawa na kita ganito rin gagawin mo sa amin ng mga magiging anak natin?" Bigla kong naramdaman ang pamilyar na bagay sa dibdib ko dahil sa sinabi niya. Biglang bumilis ang tibok ng puso ko na para bang kinakabahan.

"G—Greg."

"Aalagaan mo rin ba kami kapag lagi kaming makulit o pasaway?" Hindi ko alam ang isasagot ko sa mga tanong niya. Hindi ko masabi kung nagbibiro ba siya dahil napaka-seryoso ng mukha niya at hindi mo mababakas ang pagbibiro.

"A—Ano bang sinasabi mo?" Pilit kong pinapakalma ang nararamdaman ko.

"Answer me, handa ka bang pakasalan ako kung sakaling magtino ako? Kung sakaling magbago ako? I wanted to know your answer. I wanted to know if you are going to say yes to me, Raisse Miracle." Mas lalong bumilis ang tibok ng puso sa pagsabi niya ng buo kong pangalan. Ito ang unang pagkakataon na sinabi niya ng buo ang pangalan ko. This is the first time, pero bakit ganito ang nararamdaman ko? Bakit kakaiba na hindi ko naman naramdaman kay Miguel?

Nakabibinging katahimikan ang bumalot sa paligid. Nakatingin lang kami sa mata ng isa't isa at tila naghihintay kung sino ang unang magsasalita. I lost my tongue. I lost words. I lost myself and I think I lost my heart.

"Sige na, kumain na tayo. Gutom lang 'to." Sabi niya sabay tawa ng mahina. Pero

hindi iyon ang tawa niya, kilala ko siya. Sa mahigit tatlong taon ko siyang kaasaran at kabayangan, nakilala ko na siya. Hindi lang sa panlabas pati na rin sa panloob.

Kumain kami ng tahimik at wala ni isa sa amin ang nagtangkang magsalita. Hindi ko alam kung bakit nawalan ako bigla ng sasabihin, hindi ko alam kung dahil ba 'yon sa sinabi niya.

"Answer me, handa ka bang pakasalan ako kung sakaling magtino ako? Kung sakaling magbago ako? I wanted to know your answer. I wanted to know if you are going to say yes to me, Raisse Miracle."

I shook my head. This is really wrong, he has a girlfriend and I know my feelings when it comes about to him and to Miguel. But everytime Greg say something serious, my heart beats became faster. I glanced at him and he's eating seriously. I just focus myself on eating, and try to forget what he said a while ago. This is really wrong Raisse Miracle. I know myself, I know that I don't have any romantic feelings to him. I know and I hope I am right.

Pagkatapos naming kumain ay nagpahinga muna siya sa sala samantalang ako ay nagligpit ng pinagkainan namin. Hindi pa rin kami nag-uusap hanggang sa inantok na s'ya.

"Hindi ka pa ba matutulog? Inaantok na ako." Sabi niya sa akin. No choice rin naman kasi ako na dito na lang siya patulugin dahil hindi pa rin natigil ang pag-ulan sa labas at baha na rin siguro ang mga kalye sa labas.

"Matulog ka na kung inaantok ka." Sabi ko sa kanya.

"Okay." Iyon lang ang isinagot niya at biglang naglakad papasok sa kwarto ko.

"H—Hoy! Montemayor! Ano'ng gagawin mo diyan?" Sigaw ko sa kanya pero parang wala siyang narinig at tuloy tuloy na pumasok sa kwarto ko. Dali dali kong pinatay ang ilaw sa kusina at sinundan siya.

"I'm so tired, I wanna sleep." Sabi niya at tsaka humiga sa kama ko at niyakap ang unan ko.

"Montemayor! Tumayo ka diyan, isa!" Hinatak ko ang braso niya pero sadyang mabigat siya at hindi ko siya kinaya.

"Montemayor! Sa lapag ka matulog! Ako diyan!" Hinatak ko ulit siya pero laking gulat ko ng bigla niya akong hatakin kaya napahiga ako sa kanya ng wala sa oras. We stared at each other, and I know that my heart is beating really fast right now.

"M—Montemayor." He suddenly change our position. Ako na ngayon ang nakahiga sa kama at siya naman nasa itaas. Hindi ko magawang alisin ang tingin ko sa mga berde

niyang mata. Lalo na't ramdam na ramdam ko ang bilis ng tibok ng puso ko pati na rin ng sa kanya.

Unti unting bumaba ang mukha niya sa mukha ko at hindi ako nagkamali sa hinala ko ng lumapat ang labi niya sa labi ko.

He kissed me and I just closed my eyes.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Sixteen

SIXTEEN

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

He wants me to answer his kiss but I don't know how. I don't know if I am going to answer his kiss or not. It's my firstime, it's my first kiss and he was the only one who has the courage to kiss me. He moved his lips and I don't because I might lose if I answer his kiss.

Bigla ko siyang tinulak ng malakas kaya nahulog siya sa kama.

"Aray ko naman! Tangina, ang sakit naman babes!" Reklamo niya sa akin habang hinihimas ang likod niya. Sinamaan ko siya tingin.

"Bakit mo ako hinalikan?! Ano bang problema mo?!" Sigaw ko sa kanya. Wala na akong pakielam kung marinig pa ako ng mga kapitbahay.

Bigla naman namula ang mukha niya at nag-iwas ng tingin sa akin.

"A—Ano, w—wala." Wala? Hinalikan niya ako para sa wala? Talaga namang ginagalit ako ng isang 'to eh.

"Lumabas ka sa kwarto ko." Mariin kong sabi sa kanya. Iba ako magalit at hindi niya gugustuhin na magalit ako.

"Misis naman, hahayaan mo ba akong ginawin sa labas? Gusto mo ba akong magkasakit? Hindi na ako magkukulit, promise." Sabi niya at tsaka siya ngumiti ng pagkaluwag luwag sa akin.

"Huwag mo akong matawag tawag na Misis, Montemayor! Hindi mo ako asawa at lalong hindi tayo mag-asawa!" Sigaw ko sa kanya. Inuubos talaga ng Montemayor na 'to ang pasensya ko at kapag hindi talaga ako nakapag pigil, papatayin ko na siya.

"Sus, baka nga ikaw pa mag propose sa akin ng kasal." Narinig ko siyang bumubulong.

"Kapag hindi ka talaga lumabas sa kwarto ko, sisipain kita!" Banta ko sa kanya. Pero parang wala siyang narinig at bumalik ulit sa kama ko at nahiga.

"Hindi ko kayang matulog sa sofa mong maliit, hindi kasya ang legs ko." Sabi niya at tsaka pumikit. Relax Raisse, magtimpi ka. Kasalanan ang pumatay ng tao, kasalanan.

Tumayo ako at kinuha ang kumot at unan ko. Kung ayaw niyang lumabas, ako ang lalabas. Kahit papaano, babae pa rin ako. At hindi tama para sa isang babae ang matulog katabi ng isang lalaking manyak.

"Misis, saan ka pupunta?" Tanong niya.

"Kung ayaw mong lumabas, ako na lang ang lalabas." Seryoso kong sabi sa kanya. Pagod ako at ayoko ng mas mapagod pa.

Bago pa ako makalabas, tumayo na siya at nagdala ng isang unan.

"Oo na, ako na ang lalabas. Hindi ko ata kayang makita kang natutulog sa sofa at nilalamig." Seryoso niyang sabi bago lumabas ng kwarto ko.

Ilang oras na ang nakalipas pero hindi pa rin ako makatulog. Malakas pa rin ang ulan sa labas at binabalot ng lamig ang paligid. Alas diyes na ng gabi pero hindi pa rin ako makatulog dahil iniisip ko ang nangyari kanina. It was just a kiss, pero bakit ganito ang nararamdaman ko? Bakit pakiramdam ko nasa labi ko pa rin ang mga labi niya? Bakit pakiramdam ko, hinahalikan pa rin niya ako? Shit. This is really wrong. Hindi tama ang iniisip ko. Ang dapat kong isipin, kung paano ko ipapasa ang prelim next week.

I sighed.

Lumabas ako ng kwarto ko para uminom ng tubig. Baka sakaling makatulog ako kapag uminom ako ng tubig. Nadaanan ko si Greg na natutulog sa sofa, at tama nga siya. Hindi siya kasya sa sofa dahil mahahaba ang mga binti niya at sa palagay ko ay hindi siya kumportable na doon matulog. Uminom lang ako saglit at binalikan siya.

Halatang hindi siya kumportable at halatang nilalamig siya. Panay din ang galaw niya senyales na nahihirapan siyang matulog. Lumapit ako sa kanya at doon ko nakumpirma na nanginginig na siya sa lamig. Wala kasi siyang suot na pang-itaas at nakabalandra lang ang katawan niya. I looked at his closed eyes down to his pointed nose and to his thin pinkish lips. Ramdam ko ang pamumula ng mukha ko ng maalala ang nangyari kanina.

Marahan kong tinapik ang mukha niya upang gisingin siya. Konsensya ko pa kung manigas siya dito ng buhay. Hindi naman ako ganoong kasamang babae at kilala ko naman kahit papaano si Greg. After all, hindi niya ako magagawang pagsamantalahan dahil tinuruan siya ng ama niya batay na rin sa kwento niya sa akin. At tsaka kung may gawin man siyang pananamantala, I swear. Sa morgue na siya makikita ng pamilya niya.

"Greg, gumising ka diyan. Doon ka na sa kwarto ko matulog." Marahan ko ulit tinapik ang pisngi niya na ngayon ay tinutubuan na ng maliliit na balbas na bumabagay naman sa kanya dahil sa mestizo siya. Nagmulat naman siya ng mata at tila inaaninag kung sino ang nasa harapan niya.

"Tumayo ka na, sa kwarto ko na ikaw matulog." Sabi ko sa kanya at tsaka ngumiti. May tiwala ako sa kanya.

"Are you serious?!" Gulat na gulat na tanong nito. Akala ko ba gusto niyang matulog sa kama kanina? Bakit ngayon parang ayaw na niya.

"Oo nga, kesa naman mamatay ka diyan sa lamig. Tsaka malaki naman 'yung kama ko at hindi naman pang-dukha." Sabi ko sa kanya.

"Lalaki ako Marquez! May pangangailangan ako lalo na't tatlong lingo akong walang sex!" Sabi niya. Ang baboy talaga ng bibig ng lalaking 'to, ang sarap tahiin.

"May tiwala ako sa'yo, kahit na manyak ka. Bilis na at tumayo ka na diyan bago pa magbago ang isip ko!" Sabi ko sa kanya. Tinignan niya lang ako ng makahulugan.

"Babae ka at lalaki lang ako. Ayos na ako dito, sige na matulog ka na." Sabi pa niya at tsaka ulit humiga sa sofa. Kung ganito ba lagi ang ugali ng isang 'to, why not? Bibihira na kaya ang lalaking tumatanggi sa babae.

"Bahala ka diyan, may nagpaparamdam pa naman na pugot na ulo dito sa sala. Sige, matutulog na ako." At tsaka ko siya iniwan. Pero hindi pa ako nakakapasok sa loob ng kwarto ko ng bigla siyang kumaripas ng takbo papalapit sa akin.

"S—Sige na! Diyan na ako matutulog." Sabi niya habang yakap yakap ang unan ko.

"Kalalaki mong tao takot ka sa multo." Pumasok na siya sa kwarto at umupo sa gilid ng kama kaya sinara ko na ang pintuan.

"Papatayin ko na ang ilaw, okay? Matulog ka na." Sabi ko sa kanya bago ko patayin ang ilaw. May konti namang liwanag na nagmumula sa bintana kaya kahit papaano, naaaninag ko siya. Humiga na rin ako sa tabi niya at tumalikod sa kanya. Hindi ako sanay na may katabi sa pagtulog, pero bakit pakiramdam ko iba ngayon? Bakit tuwing nandyan si Greg, nag-iiba ang pakiramdam ko? I shook my head and erase what I thought.

****

Nagising ako ng may maramdaman akong mabigat na nakapatong tiyan ko. Dahan dahan akong nagmulat ng mata at nakita ko si Greg na mahigpit na nakayakap sa akin. Biglang parang nag-iba ang tibok ng puso ko. Ramdam ko ang hininga niya sa leeg ko at sobrang lapit lang ng mukha niya sa mukha ko. Nakapatong din ang mga binti niya sa binti ko na para bang ayaw akong pakawalan at sarap na sarap sa pagkakayakap sa akin. Bigla akong naalarma ng maramdaman ang hubad niyang katawan sa katawan ko. Sando at denim shorts lang ang tanging suot ko kaya ramdam ko ang mainit niyang balat sa balat ko.

Nanlaki ang mata ko ng biglang gumalaw ang mga kamay niya na nakayakap sa akin at humawak sa left breast ko at biglang pinisil. Biglang nag-init ang ulo ko at walang sabi sabing sinampal ko siya ng pagkalakas lakas. Bigla siyang napabalikwas ng tayo sa ginawa ko.

"What the heck is wrong with you?!" Galit na sigaw niya sa akin habang hawak-hawak ang pisngi niya na ngayon ay pulang-pula dahil sa lakas ng pagkakasampal ko. Dapat lang sa kanya 'yon!

"Ikaw! Bakit kahit tulog ka ang manyak mo?! Hindi mo ba alam na pinisil mo ang dibdib ko kanina habang tulog ka?! Ang bastos mo! Nagmagandang loob na nga ako na patuluyin ka dito kahit labag sa looban ko pero ikaw, ang manyak mo!" Sigaw ko sa kanya. Umagang-umaga ginagalit ako ng isang 'to.

"Bakit alam ko ba?! I am deep in sleep! At hindi ko alam ang ginagawa ko!" Dahilan niya sa akin.

"Kahit na! At bakit ka nakayakap sa akin ng mahigpit kanina?! Siguro kagabi palihim mo akong niyakap ng makatulog na ako! Manyak ka talaga kahit kaylan!" Nangigigil kong sigaw sa kanya.

"Hindi ko nga alam ang ginagawa ko dahil tulog ako! Ano bang hindi malinaw doon?! Lagi mo na lang bang iisipin na manyakis ako, gago, tarantado, mahilig magpaasa ng babae, at hindi laging nagseseryoso?! Hindi ba pwedeng iba naman ang tingin mo sa akin?! Bakit kapag kay Miguel, lahat positive ang nakikita mo sa kanya. Pero bakit sa akin, iba?! Ganoon mo ba ako kinamumuhian? Hah?! Hindi mo ba kayang tignan ako sa ibang angulo? Hindi mo ba ako pwedeng ituring ng kagaya ng kay Miguel? Hindi ba?!" Natigilan ako sa sinabi niya at hindi ako nakaimik. Nakatitig lang ako sa kanya at hindi makapaniwala sa sinabi niya.

I lost words again.

Hindi ko alam kung ano ang isasagot ko sa tanong niya. Nahihimigan ko ang hinanakit niya, at hindi ganoon ang tingin ko kay Greg. Mataas ang tingin ko sa kanya pero hindi ko iyon pinahahalata dahil alam kong lalaki lang ang ulo niya. I treated him as a normal person I met everyday, pero habang lumilipas ang mga araw. Nagiging iba ang pakikitungo ko sa kanya. Nag-iba ang nararamdaman ko para sa kanya. Binalot ulit ng nakabibinging katahimikan ang paligid. Walang makapagsalita sa aming dalawa, pero agad ding nabali iyon ng magsalita siya.

"I have to go." Sabi niya pero bago pa siya makalabas ng tuluyan ay nagsalita na ako.

"Iba ang tingin ko sa'yo Greg, iba ka kay Miguel kaya huwag mong ikumpara ang sarili mo sa kanya. Iba ka para sa akin, ibang iba."

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Seventeen

SEVENTEEN

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

It's been one week since I last talked to him. Hindi ko alam kung busy ba siya o sadyang umiiwas siya. Pero sa tuwing magkakasalubong ang mga landas namin, siya ang unang umiiwas. I am not that fool para hindi maintindihan ang sinabi niya sa akin, I know him. Kahit na lagi kaming magka-away, nakilala ko ang isang Greg Montemayor.

Nasanay akong lagi siyang nandyan at hindi ko naman masisisi si Greg kung umiwas man ito sa akin. Hindi naman niya ako girlfriend o kung ano para lagi niyang pansinin. It's his choice not mine. Hindi ko na rin madalas makausap si Miguel dahil sunod sunod na ang naging practice ng basketball team at ng volleyball team para sa NT.

The elimination for the National Tournament is now ongoing. Today is a great event, dahil laban ngayon ng St. Tomas sa St. Paul kaya maraming outsider at estudyante ngayon ang nasa school para manood ng laban. Nang nakaraan namang taon hindi ganito karami ang tao pero nagtataka ako dahil halos libo ang dumagsa ngayon sa school para lang makapanood ng laban. Itinaas na rin ang lebel sa seguridad ng school kung sakaling may mangyaring hindi maganda.

Dumiretso agad ako sa volleyball room para makapagpalit ng fitted na v-neck shirt. Nasanay na rin kasi akong magpalit tuwing uwian dahil kumportable akong gumalaw kapag ganoon. Wala ni isang tao sa loob kaya binilisan ko na lang ang pagbibihis at dali daling lumabas para pumunta sa gymnasium at manood ng laban.

"Dammit!" Napatigil ako sa paglalakad ng may marinig akong boses ng isang lalaki sa isang bakanteng classroom malapit sa gymnasium. Walang ibang tao dahil halos lahat ay excited ng manood ng laban.

"Agh. I—I need help!" Doon ako naalarma at mabilis na pumasok sa loob ng classroom para tignan kung sino ang nandoon.

Napatulala ako ng makita ko ang lalaking namimilit sa sakit. Hawak nito ang mga paa nito at tila hirap na hirap batay na rin sa mukha nitong basa na ng pawis. Agad akong lumapit sa kanya na siya namang ikinagulat niya.

He is having muscle cramps.

"W—Wait, w—what are you doing?" Nagtataka nitong tanong ng bigla kong hawakan ang paa niya. When I was a kid, I always had a muscle cramps so I knew what to do.

"Wait, wait, don't touch me! Argh." He said. Ang arte naman ng lalaking 'to.

"Sinabi kong 'wag mong hawakan ang paa ko—Ahhhh."

"Kapag hindi ka tumigil sa kakangawa mo diyan, puputulin ko 'tong paa mo." At tsaka ako tumingin sa kanya ng masama.

My lips parted when I saw his face, his angelic face. Napaka-manly ng dating ng mukha niya with his spiky black hair na parang kay Sendoh ng Ryonan. He has a strong jaw and very thin lips. He also have a white skin like Miguel and a pointed nose like Greg. He is very handsome, no doubt.

"Sige na, pagpatuloy mo lang yung ginagawa mo. Nawawala 'yung sakit." Doon lang bumalik ang sarili ko ng magsalita siya. Pinagpatuloy ko lang ang ginawang paghilot sa paa niya hanggang sa tuluyan ng mawala iyon.

"Ahhh. It feels so good!" Sabi niya at tsaka tumayo at nag-inat ng paa at tumalon talon pa para makumpirmang ayos na siya. He wore his Jordan shoes and I think he is one of the players of St. Paul.

"Tangnang pulikat 'yan, ngayon pa umatake. Buti na lang nandito ka Ms. Cleavage." Nanlaki ang mata ko sa sinabi niya.

"What did you say?!" I felt my body react in anger.

"Which part I am going to repeat?" He asked. Lalong nag-init ang ulo ko.

"The Ms. Cleavage part!" Sigaw ko sa kanya.

"Ah that, I just saw your cleavage while you were doing something good in my feet." He said with a playful smile on his face.

"Manyak ka rin 'no?!" Itinaas ko ang kamao ko at aktong sasapakin siya pero iniharang niya ang magkabila niyang kamay.

"Chill Ms! It's not my fault. Hindi ko kasalanan kung makita ko 'yung cleavage mo. Ikaw kaya 'yung basta na lang lumuhod at hinawakan ang paa ko." He said defensively.

"So ako pa ngayon ang may kasalanan? Ganoon?!" Hirap talaga sa mga lalaki eh yung temptasyon. Konting kita lang ng cleavage tinatayuan na!

"Hindi. Sinabi ko ba? And don't worry miss, hindi ko naman masyadong nakita. And—" Tumingin siya sa silver wrist watch niya.

"Ah Ms, I need to go. Next time ko na lang babayaran 'yung ginawa mong pagpapasarap sa akin." Sabi niya at tsaka tumalikod sa akin at nagmamadaling umalis.

I just shrug my shoulders. I met a jerk again.

Marami ng tao sa gymnasium ng dumating ako. Halos puno ang buong gymnasium ng mga estudyante at outsiders. Agad namang nahagilap ng mga mata ko ang pwesto ng mga teammates ko kaya lumapit ako sa kanila.

"Dana, bakit ang daming tao ngayon?" Tanong ko sa kanila at tsaka umupo sa tabi niya. Binati naman ako ng iba kong teammates at tinanguan ko lang sila

"Hindi mo ba nabalitaan ang latest news ngayon?" Sagot niya sa akin. Napakunot naman ako ng noo.

"Latest news?"

"Oo Captain, laban ngayon ng dalawang MVP ng magkabilang school. Hindi mo alam?" Sabi niya.

"Eh ano naman ngayon kung labanan ng dalawang MVP ng magkabilang school?" Tanong ko sa kanya. Ano ba kasing meron sa dalawang MVP ng magkabilang school para

pagkaguluhan ng ganito?

"Seriously Captain? Hindi mo kilala ang poging MVP ng St. Paul?" Gulat na gulat na sabi niya. Para namang big deal iyon.

"At sino naman ang ponsyo pilatong nilalang na 'yon?" Tanong ko. Sasagot na sana si Dana ng biglang umingay ang buong gymnasium. Halos lahat nag-iinay at puro mga tili ng kababaihan ang naririnig sa buong court. At doon ko nakita ang hinahanap ko.

It's him, the jerk I met a while ago. Number 7, Sy. I looked at him. Walang duda, gwapo at sikat ito kagaya ni Greg. Mas lalong umingay ang buong gymnasium ng lumabas na ang manlalaro ng St. Tomas. Number 11, Montemayor. He walks with a proud and intimidating face, na para bang kapag bumangga ka. Hindi mo kakayanin.

Halos hindi magkandamayaw ang mga manonood lalo na't nagtapat na ang dalawang team. Parang umaapoy ang bawat isa at matalim na nagtititigan, lalo na ang dalawang MVP ng magkabilang team.

"He is Andrew Marcus Sy, mayaman, gwapo with brains at isa sa pinakamagaling na manlalaro ng sikat na team ng New Jersey Knights." Nagtataka akong napalingon kay Dana.

"New Jersey? You mean, isa siyang international player? Bakit pa siya umuwi ng Pilipinas kung ganoon?" Tanong ko sa kanya.

"Sa pagkakaalam ko, hiling iyon ng lolo nito na si Don Marsiano Sy. Kilala ang company ng mga Sy katulad ng Laurel Company Malls at Montemayor Empire at marami pang iba. Pero silang tatlo ang magkakalaban, pero I've heard na naging mag business partners ang LCM at ang Montemayor Empire." Napatingin ulit ako sa court. Greg is wearing a serious face while the guy name Andrew Marcus is wearing a playful smirk.

"Let's all welcome the candidates for the elimination for the National Tournament." The announcer said. Naghiyawan naman ang lahat ng manonood. I looked around the gymnasium, punong puno ng mga tao at halos hindi magkandamayaw ang ilan. May mga nagdala ng banner na may nakalagay na Go Greg I love you #11 at Go Andrew, We love you. Halos lahat nagchecheer para sa dalawang manlalaro na ngayon ay nag-iinit na.

Lalong uminit ang buong gymnasium ng magsimula na ang laban. Nakuha ng team ni Greg ang jump ball at nagsimula na ang laban. Bantay sarado si Greg kay Andrew. Matalim ang tingin nila sa isa't isa na tila mortal na magkaaway.

Naging mainit ang laban hanggang sa mag fourth quarter, 89-92 ang score at lamang ng tatlong puntos ang team ni Greg. Tatlong minuto na lang ang natitirang oras at hawak ngayon ng St. Paul ang bola.

"Let's take one basket!" Determinadong sigaw ni Andrew. I stared at him. Napakalakas ng sex appeal niya at ngayon ko lang ito naramdaman sa isang lalaki. Na

tipong hindi ko magawang hindi humanga sa kanya at hindi siya panoorin. Just like Greg, mapapalingon ka kapag dumaan ito at mapapanganga ka sa taglay nilang kagwapuhan. His spiky black hair na bagay sa hulma ng mukha nito ang nagpapagwapo sa kanya. Bigla akong nakaramdam ng kakaiba, I'm attracted to him. I know that to myself. Sino bang hindi magkakagusto sa kanya kung talaga namang guwapo siya?

Pakiramdam ko ay tumigil ang paligid ko ng bigla siyang lumingon sa gawi namin at tumingin sa akin. He caught my eyes. He smiled playfuly and winked at me. Napalingon ako sa paligid at nagtitilian ang mga babae sa paligid ko.

"Captain, nakita mo 'yun? May kininditan siya sa atin! Ang gwapo niya! Para siyang si Montemayor!" Kinikilig na sabi ni Dana. Hindi pa rin naalis ang tingin ko sa kanya at ngumiti ulit siya sa akin. Oo, alam kong ako ang ningitian niya.

"It's for you Ms. Cleavage!" I heard him shout. My eyes widen at what he said, but I was shocked when his teammate passed the ball to him and shoot it for three point shot.

Shoot!

Naghiyawan ang buong gymnasium. Tie na ang score ng magkabilang team at dalawang minuto na lang ang natitirang oras.

"Captain, sino kaya 'yung sinabihan niyang Ms. Cleavage?" Tanong sa akin ni Dana.

"H—Hah? H—Hindi ko alam!" Sagot ko at tsaka ko ibinalik ang tingin sa court.

But I caught his eyes. He is looking at me, Greg. He smirked and shoot the ball with one last minute.

Naghiyawan ulit ang buong gymnasium, nanalo ang St. Tomas sa score na 94-92. I'm so happy for him because he did it again. Tumayo na ako para umalis doon pero hindi pa ako nakakalabas ng gymnasium ng bigla akong harangan ng dalawang lalaki na kanina ko pa pinapanood.

"Hi Ms. Cleavage."

"Raisse."

Greg.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Eighteen

EIGHTEEN

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Hi Ms. Cleavage!"

Napatulala ako sa pagsulpot ni Andrew sa harap ko. He's smilling from ear to ear. His body is sweating because of the play, but despite of it. He looks very hot when his muscular body is wet. I gulped the lump formed in my throat. He is a total package, I guess.

"W—What is it?" I asked. Damn, did I stammered?

"Did you see my three point shot? It's for you!" He said while smilling like a high school boy.

"At bakit?" Mataray kong tanong sa kanya. I could see the deadly stares they were giving to me.

"Ang sungit mo naman. It's for you because you're the reason why I played with them. You know, binigyan mo ako ng masarap na hilot." He winked at me. Nanlaki ang mata ko sa sinabi niya.

"Pakielam ko sa three point shot mo? Makakain ko ba 'yun?" I raised my eyebrow. Hindi ko naman siya gustong tarayan pero kapag hindi ko ginawa 'yon, baka mamaya may mang-salvage na lang sa akin dahil sa lalaking ito. Kay Greg pa nga lang, ang dami ko ng natanggap na death threats. Dito pa kaya sa Sy na 'to?

"Yeah, may iba pa namang three point shot akong pwedeng ibigay sa'yo na pwede mong kainin. You know." Then he did his famous wink again. Nanlaki ulit ang mata ko sa sinabi niya. Alam ko ang tinutukoy niyang three point shot na 'yan at alam ko ang galaw ng mga bituka niya. Kagaya ni Greg.

Agad akong napatingin sa likuran niya kung naroroon pa si Greg, pero wala na ito. Inilibot ko ang mga mata ko sa buong court pero wala akong nakitang Greg. Marami pa ring tao sa loob ng gymnasium at karamihan doon ay nagpapapicture sa mga basketball players.

Nagulat ako ng biglang dumugin si Andrew ng mga babae at pilit na nagpapapicture. I smirked. Karma is karma, buti nga sa kanya! Tumalikod na ako at nagsimulang maglakad. Inilibot ko ulit ang mata ko sa paligid para hanapin si Dana, pero wala akong nakita kahit anino niya.

Hindi pa ako nakakalayo sa gymnasium ng may matigas na braso ang umakbay sa akin at ng tignan ko kung sino ang nagmamay-ari noon, ay walang iba kung hindi si Andrew Marcus Sy.

"Sorry girls, muntik ng mag-walk out ang girlfriend ko. Selosa kasi siya kaya ayaw niyang may iba akong babaeng kasama. I love her, so please try to understand the situation." Nanlaki ang mata ko sa sunod sunod na sabi ni Andrew. Sisigaw na sana ako ng biglang dumampi ang malambot niyang labi sa pisngi ko. I felt the adrenaline rush to my veins because of what he did.

"See? Namula tuloy 'yung girlfriend ko. Mauna na kami, okay? May date pa kami. Bye girls." He said. Hindi ako makapagsalita, hindi ako makagalaw. Because for the firstime, may ibang lalaking humalik sa pisngi ko maliban kay Greg.

Namalayan ko na lang na dinala niya ako sa fire exit ng gymanasium na walang katao tao. Walang pag-aalinlangang sinapak ko siya sa mukha ng malakas.

"Shit!" Napasigaw siya sa sakit dahil sa ginawa kong pagsakapak sa mukha niya.

"You deserve that! Hindi ako isang pick up girl para gawin mong girlfriend kung kaylan mo gusto. At hindi rin ako isang babaeng desperadang magkagirlfriend ng isang antipatikong manyak na tulad mo!" Sigaw ko sa kanya. Ayoko pa naman sa lahat 'yung bastos ang bibig, yung literal na bastos.

Si Greg?

Bigla akong natigilan. Bakit ba bigla bigla na lang siyang papasok sa isipan ko? Iba siya kesa sa lalaking ito! Si Greg kilala ko, ito hindi!

"Akala ko katulad ka lang nila." He said while wearing a smirk. I was stunned when I saw blood in his lips. I hitted him really hard.

"Do not underestimate me Mr. Andrew Marcus Sy." I said seriously while looking at him, fiercely.

"I like you." Walang pag-aalinlangan niyang sabi.

"I don't like you." Walang pag-aalinlangan ko ring sagot sa kanya.

He stared at me for a moment and smiled like an idiot seeing his crush looking at him. I smirked, I have an idea.

"What if I tell you that I am attracted to you?" I asked. Yes, it is true. Hindi ako plastik na tulad ng iba na pakipot at akala mo mga birheng dalagang Pilipina.

"It's not that bad. You are not that far to be my type." He said. I must say, that he is very vocal. Unlike, Greg. Masyadong maraming palusot kaya nababatukan ko minsan. Pero this guy? Hah. He is very proud of himself.

"Kaso sabi sa akin ng isa kong kaibigan, kapag daw Chinese maliit daw ang pututoy." Ngumiti ako ng pang-asar.

"I am not a Chinese!" I was trying to hold my laugh. I know that he is not a Chinese but I know their temper, I know Greg.

"You are very defensive, pero kahit hindi ka Chinese, nararamdaman kong maliit." I laughed. Kita ko naman ang pagbabago ng mukha niya. Alam kong naasar na siya.

"I bedded a lot of women and I don't leave them unsatisfied." Mariin niyang sabi sa akin. Who cares?

"What size? Four inches?" I tried to insult him. Tapakan ang ego. Ito ang gustong gusto kong gawin sa mga lalaking mataas ang tingin sa sarili nila. Ang tapakan ang ego nila, ang pride nila.

"Eight and a half inches." He smirked. I froze.

Eight and a half inches? So it means mas malaki ang kanya kay Greg? Oh no.

"S—Seryoso ka?" Hindi ko makapaniwalang tanong. Mukhang napasubo ako sa isang 'to.

He smirked again. "I am pretty sure girlfriend. If you want, I can show you my di—" Agad kong tinakpan ang tenga ko. Hayup na 'to!

"Hindi ako interisado! At pwede ba? Hindi kita boyfriend!" Mariin kong sigaw sa kanya. Inuubos talaga nito ang pasensya ko eh.

"Well, tell me that tomorrow." Then he turned his back to me with a smile.

Shit. Mukhang ako ang dehado ah. At anong tomorrow? Huwag niyang sabihing magkikita pa kami bukas? No. A big NO.

Paalis na sana ako ng biglang may humatak sa braso ko.

"G—Greg." I looked at him. There's something wrong in his face. He looks really mad.

"Tama ba ang narinig ko?! Totoo ba?! Tell me! Totoo bang girlfriend ka ng gagong 'yon?!" I felt the adrenaline rush to my veins. I felt my heart beating very fast.

"G—Greg, n—nasasaktan ako." I tried to be calm. Pilit kong iniignora ang sakit sa mahigpit na pagkakahawak niya sa braso ko.

"You must be kidding right? He must be! Hindi ka niya pwedeng maging girlfriend, dahil walang ibang pwedeng mag may-ari sa'yo kung hindi ako lang! No one Raisse, no one." Then the next thing I knew, his lips was on mine.

He kissed me very rough and I don't know what to do. Hindi ko alam kung bakit nagkakaganito siya, kung bakit nag-iba bigla ang pakikitungo niya sa akin. I felt his lips kissing mine very rough but suddenly, the movements of his lips change. He is now kissing me very passionate, very smooth and very slowly. Na para bang kami lang magkasama, na para bang ayaw n'yang matapos pa ang paglalapat ng mga labi namin. He urge me to answer his kisses.

And I did.

I put my arms around his neck and fist his hair to deepen the kiss. I felt his tongue seeking for the entrance. I confusedly open my mouth and he invade my mouth by his filthy tongue. Now, I know the feeling of kissing a Montemayor and I admit, I like it.

Naramdaman ko ang paglapat ng likod ko sa matigas na pader. Hindi niya hinayaan na hindi maghiwalay ang mga labi namin at mas pinagtibay pa niya iyon. He kissed me, a real kiss.

He pressed himself to mine and I felt something hard poking my tummy. I felt the heatness of my body. I knew what is it and I knew that he was really hard. The hard thing poking my tummy really turns me on.

We were both breathless when he stopped. We looked at each other's eyes and I felt something different.

Do I like him?

"R—Raisse, tell me. You are not his girlfriend, right? Please. Tell me the truth." He said with a begging tone.

"I—I am not h—his girlfriend." I said stammering while looking at him.

Suddenly, smile formed in his good looking face and with one second. He claimed my

lips again and it lasted for a minutes.

"I like you Raisse." I was stunned. Hindi ko alam ang isasagot ko sa sinabi niya. Gusto niya ako, pero bakit? Paano si Gwen? Paano ang relasyon nila? Kilala ko na siya at nakilala ko siya sa loob ng maraming taon. Kilala ko ang isang Montemayor na tulad niya, playboy at mahilig manakit ng babae at higit sa lahat. Katawan lang ang habol ng mga tulad niya.

"Please, huwag mo akong gawing tanga Montemayor. Aalis na ako." At dali dali akong tumakbo paalis doon. I heard him calling my name but I didn't response.

Ano bang pumasok sa isip ko at hinayaan ko siyang halikan ako? At ang malala pa, hinalikan ko rin siya pabalik! This is insanity! Ano na lang ang mukhang ihaharap ko sa kanya? Ano na lang ang sasabihin ni Dana sa akin?

I don't know what to do. I don't know what kind of feeling is this. I am feeling confused when I answered his kiss. There's something in my heart that I can't explain. When he kissed me, I felt something in my heart very different.

I feel that I am in love with him.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Nineteen

NINETEEN

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

Hindi ko alam ang magiging reaksyon ko sa taong nakatayo ngayon sa harap ko. Hindi ko alam kung bakit biglang bumilis ang tibok ng puso ko ng makita ko siya.

I was stunned.

"Pagod ako." Sabi niya sa akin at tsaka pumasok ng tuluyan sa loob ng apartment ko. Doon lang bumalik ang katinuan sa sarili ko.

"H—Hoy! Sinong may sabing pumasok ka diyan?!" Sigaw ko sa kanya. Pero huli na, nakapasok na siya.

"Napagod ako kanina sa laro, kaya dito na lang ako matutulog." At tsaka siya tuloy tuloy na pumasok sa kwarto ko.

"Montemayor!" Agad ko siyang sinundan pero pagpasok ko sa kwarto ko nakahiga na siya at yakap pa ang unan ko. Tinignan ko ang bag niya na basta na lang niyang inihagis sa kung saan, agad ko siyang tinignan pero napahinto ako.

His eyes were both closed and he looks very peaceful. Bigla akong natigilan dahil nararamdaman ko na naman ang naramdam ko noong hinalikan niya ako.

Bumibilis na naman ang tibok ng puso ko.

I looked at him again, and I should admit that I like him. Yes, I do like him pero wala akong balak sabihin sa kanya 'yon. I know him, he is a Montemayor.

He likes me and I like him too. It's means, our feeling is mutual.

Gwen.

Doon lang ako bumalik sa sarili kong pagpapantasya. Si Gwen ang girlfriend niya at paano ito? Sigurado akong masasaktan siya kapag nakipaghiwalay si Greg sa kanya. Kung hindi ba naman kasi gago ang lalaking 'to at ayaw magpakatino sa buhay. Lahat na yata ng kagaguhan nasa kanya eh, pulos kalokohan ang alam!

"Kapag hindi ka tumayo sa loob ng isang segendo, mawawalan ka ng pagkalalaki." Mariin kong sabi sa kanya.

He groaned.

"Patulugin mo naman ako, hindi mo ba nakikita na pagod ako?" Sabi niya habang nakapikit at mahigpit na yakap yakap ang unan ko.

"At bakit dito ka sa apartment ko matutulog?!" Inuubos na naman ng Montemayor na 'to ang pasensya ko.

"Ganun talaga kapag mag-syota, papatulugin ni girlfriend si boyfriend sa kwarto niya so they could make babies." Nanlaki ang mata ko sa sinabi niya.

"Anong babies ang sinasabi mo diyan?!" Sigaw ko sa kanya. Doon na siya napaupo at tinignan ako ng masama. Kinamot niya ang ulo niya na parang naiinis.

"Misis naman, patulugin mo naman ako. Kanina pa ako pagod na pagod! Tsaka hindi mo ba ako na-miss? One week kitang tiniis tapos ako hindi mo ako na-miss. Kaya nga kita hinalikan kanina ng ilang ulit dahil miss na kita!" He pouted. Bigla ay parang namula ang mukha ko dahil sa sinabi niya.

"Huwag ka ngang ngumuso! Nagmumukha kang bibe!" Bwisit na lalaking 'to. May nalalaman pa siyang pagtitiis at miss!

"Misis—"

"Huwag mo akong matawag-tawag na Misis, Montemayor! Kahit kaylan hindi mo ako magiging Misis!"

"Weh? Nagpahalik ka nga sa akin eh." Ngumiti siya ng nakakaloko.

"H—Hindi ko alam a—ang sinasabi mo!" Umiwas ako ng tingin sa kanya.

"Hindi nga? Aminin mo, ang sarap ko humalik 'no?" Sabi niya habang nakangiti ng nakakaloko.

"T—Tumigil ka nga diyan!" Bakit ba ako nagpapaapekto sa Montemayor na 'to? Kiss lang naman 'yun ah!

French kiss sabi ng kabilang bahagi ng isip ko.

"Sus, aminin mo na kasing nasarapan ka. Ako nga nasarapan eh." Tinignan ko siya ng masama.

"Hindi ako nasarapan!" Sabi ko sa kanya. Bigla siyang ngumiti ulit ng nakakaloko at tsaka tumayo.

"Di ulitin natin." At tsaka niya ako biglang itinulak pahiga sa kama at hagkan ang labi ko.

He kissed me again.

Tila nawala ang galit at pagkalito na nararamdaman ko kanina sa pagkakadampi ng mga labi niya sa labi ko. Siya lamang ang tanging lalaki na nakakagawa nito sa akin, na nakakapagparamdam ng kaba sa tuwing lalapit siya at maglalapat ang aming mga labi. Sa kanya ko lang nararanasan ang ganito at siya lang din ang nakakapagparamdam sa akin na isa akong babae. Siya lang.

"Ano masarap?" Sabi niya sa akin ng tumigil siya sa pagkain ng labi ko. Naramdaman ko naman ang pamumula ng buo kong mukha kaya agad akong tumayo.

Pero tila tumigil ang paligid ko ng bigla niya akong yakapin mula sa likod.

"Gusto kita Raisse, gustong gusto kita." Humigpit ang pagkakayakap niya sa akin kaya mas lalo kong naramdaman ang init ng katawan niya at ang tibok ng puso niya.

"Sa'yo lang ako ganito Raisse, sa'yo lang." Sabi niya. Hindi ko alam ang sasabihin ko at hindi ko alam kung bakit ganito ang nararamdaman ko para sa kanya.

Na para bang gusto ko rin siya.

"Huwag mo sana akong baliwalain dahil hindi ko kayang hindi mo ako pansinin Raisse. Gusto kita, gustong gusto." He said.

I turned myself to him and I met his green eyes.

Hinawakan niya ang kanang kamay ko at inilagay iyon sa matipuno niyang dibdib. Naramdaman ko ang pagtibok ng puso niya.

"Hindi ko alam kung ganito ang nararamdaman ko sa'yo Raisse, 'yung bigla na lang bibilis ang tibok ng puso ko kapag nakikita kitang ngumingiti at tumatawa. Na para bang ang saya saya ko kapag magkasama tayo at parang ayoko ng matapos ang oras na kasama ka. Gusto ko nasa tabi lang kita, gusto ko kasama kita, gusto ko kayakap kita at gusto kita. At—" Bigla niyang binitiwan ang kamay ko at tsaka tumalikod sa akin.

"Tangina, firstime kong umamin na may gusto ako sa babae at nakakabakla." Pabulong niyang sabi. Bigla akong napangiti.

"Montemayor, humarap ka nga sa akin." Sabi ko sa kanya.

"Ayoko, pagtatawanan mo lang ako." Sabi niya habang nakatalikod sa akin.

"Isa! Hindi ka haharap?"

"Ayoko, alam ko namang tuwang tuwa ka dahil nahulog ako sa'yo. Sige na, pagtawanan mo na ako." Sabi pa niya.

Naningkit ang mata ko sa sinabi niya. Bakit ko naman siya pagtatawanan?

"Kapag hindi ka talaga humarap sasapakin kita!" Banta ko sa kanya.

"Tss." Humarap naman siya pero hindi siya nakatingin sa akin, sa gilid.

"Tignan mo ako sa mukha." Sabi ko sa kanya.

"Ayoko." Sabi niya at tsaka tumingin sa taas.

"Isa."

"Ayoko."

"Dalawa, kapag pangatlo na hindi talaga kita papasinin kahit kaylan." Binantaan ko na siya. Tignan ko lang kung uubra ang pagmamatigas ng mamang 'to.

"Dalawa't kalahati." Sabi ko pero hindi pa rin siya tumitingin sa akin.

"Tat—"

"Aish. Oo na, ayan na nakatingin na ako sa'yo!" Sabi niya at tsaka siya tumingin sa akin.

"Gusto rin kita." Walang pag-aatubiling sabi ko sa kanya. I saw him stunned.

Bakas sa mukha nito ang pagkagulat at parang hindi makapaniwala sa sinabi ko. Gusto ko na nga siyang tawanan pero baka magalit ang mamang 'to.

"A—Ano'ng sabi mo? G—Gusto mo rin ako?" Tanong niya sa akin na para bang nagjojoke ako.

"Oo nga! Ang kulit mo naman kahit kaylan!" Sabi ko sa kanya. Nagulat ako ng bigla siyang magtatalon sa tuwa na parang siraulo.

"Magiging tatay na ako! Yes! Tatay na ako! Mga kapitbahay tatay na ak—ARAY!" Bigla ko siyang binatukan ng pagkalakas lakas.

"Sabi ko gusto kita, hindi ko sinabing buntis ako. Gusto mo matulog pang habang buhay?" Tinaasan ko siya ng kilay.

"Sorry na Misis, excited eh." Nagulat ako ng biglang pumulupot ang mga braso niya sa bewang ko at hapitin ako papalapit sa kanya. Bigla akong naalarma dahil ilang pulgada na lang at maglalapit na ulit ang mga labi namin.

"Wala ng bawian 'yun ah? Sabi mo 'yan!" Sabi niya habang nakangiti ng pagkaluwag luwag.

"Para kang sira." Marahan ko siyang hinampas sa dibdib niyang matipuno.

"Sira na kung sira, sa gusto kita ano magagawa ko?" Sabi niya habang hindi mawala wala ang ngiti sa mukha niya.

"Ano bang nagustuhan mo sa akin?" Tanong ko sa kanya. Ramdam ko na ang pagiging komportable ko kasama siya.

"Iyon nga ang pinagtataka ko dahil hindi naman malaki ang boobs mo pero pwede namang pagtyagaan na tapos 'yung pwet mo medyo umbok lang hindi—" Kinurot ko siya ng pagkalakas.

"Misis!" Napahiyaw siya sa sakit dahil sa kurot ko.

"Kapag talaga ako napuno, Montemayor! Matatahi ko 'yang bastos mong bibig ng wala sa oras." Banta ko sa kanya.

"Hindi na nga, sorry na." Sabi niya sabay halik sa pisngi ko. Aba, nakakarami na 'to ah!

"Tayo na ah!" Bigla akong natigilan.

"Tayo na?"

"Oo, tayo na. Hinalikan na kita at hinalikan mo na rin ako so it means tayo na!" Nakangiti niyang sabi. Walang pag-aatubiling tinulak ko siya ng malakas kaya napaupo siya sa kama.

"At ano palagay mo sa akin? Easy to get? For your information Mr. Greg Joseff Montemayor, babae po ako at uso rin sa akin ang ligaw!" Sabi ko sa kanya. Di porket gwapo siya hindi na siya manliligaw!

"M—Manligaw?" Sabi niya na para bang ikamamatay niya iyon kapag ginawa niya.

"Oo, manligaw ka para maging girlfriend mo a—" Bigla akong natigilan. Hindi pala pwedeng maging kami dahil mayroon na siyang Gwen at hindi pa ako sigurado sa nararamdaman ko para sa kanya. Oo, gusto ko siya. Pero hindi sapat iyon para maging kami dahil baka sa huli, pareho lang kaming masaktan.

"What's the problem?" Tanong niya ng mapansin niyang natigilan ako.

"Umuwi ka na Montemayor, mali 'tong ginagawa natin. May girlfriend ka at maaari mo siyang masaktan kapag nalaman niya ang ginagawa natin mali pala, masasaktan siya kapag nalaman niya ang ginagawa nating ito. Kaya please lang, umalis ka na." Sabi ko. Hindi ko alam kung bakit parang nasaktan ako sa katotohanang may girlfriend na

siya at mas lamang siya sa akin.

"Alin? Yung halikan nating dalawa?" Tanong niya.

"Hindi lang 'yon, lahat ng ito. Mali, kasi girlfriend mo si Gwen at masasaktan siya." Sabi ko sa kanya. Yumuko ako, dahil nakakaramdam ako ng sakit sa dibdib ko dahil doon. Kung hindi lang kasi malandi ang lalaking 'to at pati ako nilandi, hindi sana ako makakaramdam ng ganito.

"Tell me, nagseselos ka ba?" Bigla akong napaangat ng tingin sa kanya. Nakangiti siya ng nakakaloko.

Nagseselos nga ba ako?

"A—At bakit naman ako magseselos?" Pinilit kong maging normal ang boses ko.

"Kasi gusto mo ako. Sige, tatawagan ko na 'yung girlfriend ko. Miss na miss ko na kasi siya." At tsaka niya inilabas ang cellphone niya. That's the sign.

Tumalikod na ako at agad na lumabas sa kwarto ko. Aminin ko man o hindi, halatang nagseselos ako. Iba ang nararamdaman ko para kay Greg kesa kay Miguel. Ibang iba dahil mas lamang si Greg kay Miguel. Hindi ko alam kung kaylan ako nahulog sa kanya, pero noong naglapat ang mga labi namin noon. Doon ako nakaramdam ng kakaiba para kay Greg at alam ko na hindi na iyon tama.

Huminga ako ng malalim at pilit na pinapakalma ang sarili ko. Siguro kaylangan ko na talaga siyang iwasan para hindi na lumala itong nararamdaman ko para sa kanya. Dahil alam kong sa huli, ako pa rin ang masasaktan.

Narinig kong tumunog ang cellphone ko kaya agad kong kinuha 'yon sa bulsa ko. May tumatawag na unknown number. Kahit hindi ko ugaling sumagot ng unknown number, sinagot ko iyon.

"Hello?"

"Hi Misis!" Bigla akong napalingon sa likod ko ng marinig ko ang boses sa kabilang linya at nakita ko si Greg na nakangiti ng maluwag.

"Tinawagan pala kita kasi namimiss na kita. Miss mo na rin ba ako?" Tanong niya. Hindi ako nakapagsalita.

Please Greg, tama na.

"Magsalita ka naman Misis, alam kong ang gwapo rin ng boses ko pero uso magsalita."

"Wrong number ka." Sabi ko at tsaka ko ibinaba ang cellphone ko.

Tumalikod na ako sa kanya at dumiretso sa maliit na kusina ng apartment ko. Hanggat maaga, dapat ko ng tigilan ito dahil baka masaktan lang ako kung sakaling tumuloy pa ako.

That's the reality of fear. You are not afraid to love. You are just afraid of not being loved back.

Bigla akong napatigil ng yakapin niya akong muli sa likuran ko.

"Nasasaktan ako kapag binabaliwala mo ako Raisse, ayoko ng ganun. Gusto ko nasa tabi lang kita, gusto ko yakap yakap lang kita at gusto kong akin ka lang Raisse, akin ka lang." Inihirap niya ako sa kanya kaya nagtama muli ang mga mata namin. Nakita ko ang sinseridad sa mga mata niya.

"Gwen is not my girlfriend anymore, she broke up with me last day. So don't be jealous about her, okay? Gagawin ko lahat para maging girlfriend kita, kahit pa ligawan kita kahit tayo na, ayos lang sa akin 'yon. Basta kasama kita. Sa'yo lang ako nagkakaganito Raisse, sa'yo lang. At handa akong magbago para lang sa'yo." He cupped my face and look at my eyes.

"Ikaw lang ang bukod tanging babae na kayang magpabaliw sa akin ng ganito at gusto ko 'yon."

"Please Raisse, give me a chance."

At hindi na ako nagulat ng biglang maglapat ang mga labi namin.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Twenty

TWENTY

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Sabi nang 'wag kang malikot! Ano ba?! Umupo ka nga lang diyan!" Suway ko sa kanya.

"Parang kiss lang, ang damot." Sabi niya at tsaka sumimangot. Umupo na lang siya sa harap ng lamesa at pinanood ako. Nagluluto kasi ako ngayon ng ulam namin at sabi niya sinigang ang gusto niya kaya iyon ang iniluto ko ngayon. At kanina pa rin niya ako kinukulit habang nagluluto ako, panay ang yakap, nakaw ng halik sa pisngi, pasimpleng chansing at kung anu-ano pa.

"Bakit ba kasi ang kulit kulit mo? Ayaw mong pumirmi sa isang tabi!" Sabi ko sa kanya. Hinihintay ko na lang maluto ang niluluto kong sinigang at kakain na rin kami.

"Kasi naman, isang kiss lang." Sabi niya na parang bata na humihingi ng candy.

"May nanliligaw bang humihingi ng kiss? Aba, ang tindi mo naman pala Montemayor. Ikaw lang ang bukod tanging lalaki sa Pilipinas na nanliligaw palang, humihirit na ng kiss!" Umiling ako ng ilang ulit na para bang hindi makapaniwala. Ibang klaseng lalaki!

"Sa gusto kita eh!" Parang bata niyang sagot sa akin at tsaka ulit sumimangot.

"Kahit na! Hindi porket gusto mo ako, lagi ka na lang nakahalik! Tandaan mo, nanliligaw ka pa lang. Kung sipain ko kaya 'yang pare mo gusto mo?" Pinanlakihan ko siya ng mata. Minsan talaga bata mag-isip 'tong mamang 'to.

"Tss. Gusto mo namang kinikiss kita." Sabi niya.

"Wow, lakas ng self-confidence mo ah. At teka nga, bakit wala ka na namang suot na pang-itaas?" Tinasaan ko siya ng kilay.

"Ang prude mo naman! Ang tagal tagal mo ng nakita ang macho kong katawan, naiilang ka pa rin. Gusto mo sabay tayo maligo? Tama! Sabay tayong maligo para ma-meet mo na si pare!" Ngumiti siya ng nakakaloko.

"Kung ikaw kaya ang pakuluan ko, aber? At tigil tigilan mo nga ako sa mga paandar mo. At huwag mo akong itulad sa mga past girlfriends mo na bibigay diyan sa bulok mong charms!" Sabi ko sa kanya. Bigla siyang tumingin sa itaas na parang desperadong desperado.

"Tangna, under ata ako." Narinig ko siyang bumubulong-bulong sa hangin.

"Ano'ng sabi mo?!" Mataray kong tanong sa kanya.

"Wala! Sabi ko ang ganda mo!" Nakasimangot niyang sabi sa akin.

"Good, akala ko may sinasabi ka. Baka kasi may maputol ako ng wala sa oras." Sabi ko sabay angat ng matalas na kutsilyo. Nakita ko namang napalunok siya.

Pinapanood ko lang siya habang sunod sunod ang subo niya ng kanin at parang isang buwang hindi kumain.

"Dahan dahan lang sa pagkain, hindi ka naman mauubusan." Natatawa kong sabi sa kanya.

"Ang sarap kasi, Misis." Sabi niya at tsaka pinagpatuloy ang pagkain. Napailing na lang ako. Siguro dapat na akong masanay sa pagtawag niya sa akin ng Misis. Isipin ko pa lang kung gaano siya kakulit, sumasakit na ang ulo ko.

"Matanong ka kita Montemayor, ilan puyo mo sa ulo?" Tanong ko habang kumakain. Saglit siyang tumingin sa akin at nilunok ang kanin sa bibig niya.

"Lima." Kaswal niyang sagot. Bigla namang nanlaki ang mata ko at muntik pa akong mabulunan. Napaubo ako ng wala sa oras.

"Ayos ka lang Misis?" Tanong niya sa akin. Sinamaan ko siya ng tingin.

"Anong lima?!" Sigaw ko sa kanya ng makarecover ako.

"Joke lang, dalawa lang." Sabi niya sabay subo ulit ng kanin.

Kaya naman pala sobrang kulit ng Montemayor na 'to, dalawa ang puyo. Pinanood ko ulit siya sa pagkain, ganadong ganado siya at natutuwa ako na nasasarapan siya sa mga luto ko. Sabi nila, the best way to a man's heart is through his stomach. Kaya siguro nagkagusto sa akin ang mamang 'to dahil sa niluluto ko para sa kanya.

Tinignan ko siya ulit at sa bawat pagalaw niya ay gumagalaw din ang muscles niya sa katawan. He is very manly, very hot, and very good looking. Total package na nga ata talaga si Greg, bukod kasi sa mayaman na, may itsura pa na ipagmamalaki at matalino pa. Freebies na lang siguro ang pagiging magaling niya sa basketball.

"Busog na ako!" Sabi niya pagkatapos niyang kumain.

"Naka tatlong plato ka lang naman ng kanin at dalawang tasa ng sinigang." Sabi ko sa kanya habang inililigpit ang mga pinagkainan namin.

"Napagod nga kasi ako sa basketball kanina." Dahilan niya. Sus, ayaw pang umamin na nasarapan siya sa luto ko.

"Ah, siguro malakas ang team nila kaya ka napagod." Pang-aasar ko sa kanya at mukha

namang effective dahil biglang nagbago ang itsura ng mukha niya.

"Sus! Chicken nga lang ang larong 'yon! Ang weak naman ng team nila, buti pa ako gwapo." I rolled my eyes.

"Mas sikat naman siya kesa sa'yo at tsaka mas gwapo siya." Sabi ko sa kanya. Biglang naningkit ang mata niya sa sinabi ko.

"At tsaka, medyo mas matangkas siya sa'yo. Spiky ang buhok niya at pure black hindi tulad sa'yo, semi-blonde." Sabi ko. Matalim lang siyang nakatingin sa akin.

"Mas halata rin ang muscles niya sa katawan kesa sa'yo. Over all, siya ang matatawag mong gwapong macho." Tignan ko lang kung hindi ko matapakan ang ego niya.

"Nasa kanya na ang lahat." Sabi ko pa.

"No, he doesn't have everything. Because right now, he doesn't have you. I own you." Sabi niya at tsaka siya tumayo at umalis sa harap ng lamesa. Naiwan na lang akong nakatanga doon.

At kinikilig.

****

"Bed time na!" Nagulat ako sa biglang paglundag ni Greg sa kama ko. Dito rin kasi siya matutulog dahil ayaw niya talagang umuwi sa condominium niya.

"Bed time ka diyan!" Sabi ko sa kanya sabay irap.

"Bed time na Misis, let's make babies!" Sabi niya ng nakakaloko.

"Tumigil ka diyan Montemayor. Hindi ako natutuwa sa mga paandar mo." Sabi ko sa kanya.

Mabilis na nag-react ang katawan ko ng biglang pumulupot ang braso niya sa bewang ko at hapitin ako papalapit sa kanya. Hindi ako makahinga dahil ilang pulgada na lang, maglalapit na ang mga labi namin.

"G—Greg."

"I like it when you are saying my first name. No Misis, I love it." He said then he smiled.

"T—Tumigil ka nga!" At tsaka ko siya itinulak ng malakas. Bakit ba kasi ugali na ng mga lalaki ang hindi magsuot ng damit kapag matutulog. Palibahasa walang mawawala sa kanila kahit pa hindi na sila magsuot ng damit.

"Misis naman, ayaw mo ng sexy time? Masarap 'yon! Mapapa ungol ka sa sar—ARAY! Misis naman, wala ka naman sigurong balak tanggalin ang ulo ko?" Reklamo niya habang hinihimas ang ulo niya na binatukan ko.

"Hindi pa nga tayo tapos kung yayain mo ako ng sexy time mo parang asawa mo na ako! Umakto kang manliligaw hindi asawa! Paano na lang kapag nalaman nila na tabi na tayo natutulog? Ano na lang iisipin nila? Sa panahon pa naman ngayon ang daming hindi open minded." Sabi ko.

"Di sabihin mo sa kanila, mag-asawa na tayo. Na gagawa na tayo ng babies na—"

"Isa!" Sinamaan ko ulit siya ng tingin.

"Oo na nga, mag bebehave na ako. Payakap na lang sa mabango kong Misis!" At tsaka niya ulit ako niyakap ng mahigpit.

Naging kumportable ang pakiramdam ko sa yakap niya. Pakiramdam ko ligtas ako at importante ako para sa kanya. Ganito pala 'yun, ang mayakap ng taong gusto mo. Bigla tuloy akong kinilig.

"Huwag ka ng lalapit sa Miguel na 'yon hah? At 'wag ka ng lalapit sa kung sinu-sinong lalaki lang diyan. Kapag nakita talaga kitang may ibang lalaki, bubuntisin kita para wala ka ng kawala sa akin." Sabi niya at tsaka ibinaon ang mukha niya sa leeg ko. Nakaramdam ako ng pagkakiliti dahil siya ang unang lalaking gumawa noon sa akin at siya rin ang unang lalaking nakatabi kong matulog at makahalik sa akin. Bigla ay parang namula ang mukha ko ng maalala ang nangyaring iyon.

"Bakit? Hindi pa naman tayo ah." Sabi ko sa kanya.

"Kahit na, magiging tayo rin naman! Ako hindi mo sasagutin? Sus. Baka nga bukas sagutin mo na ako." May kumpiyansa niyang sabi sa akin.

"Ikaw talaga kahit kaylan, ang taas ng tingin sa sarili!" Sabi ko sa kanya. Kahit na naiilang ako, iniyakap ko ang braso ko sa kanya at mas lalo kong naramdaman ang init ng katawan niya lalo na't wala pa siyang suot na pang-itaas.

"Ano'ng magagawa ko kung patay na patay ako sa'yo? Kung pwede nga lang mag-live in na tayo para malaman na nilang akin ka." Sabi niya.

"Manligaw ka muna!"

"Oo na! Manliligaw na ako, kahit wala akong alam sa ligaw ligaw na 'yan!" Sabi niya

kaya napangiti ako.

"Talaga? Liligawan mo ako? Bibigyan mo ako ng chocolates at flowers?" Tanong ko sa kanya.

"Oo, kahit ano ibibigay ko sa'yo." Sabi pa niya.

"Talaga? Idedate mo rin ba ako sa mamahaling restaurant?" Tanong ko sa kanya. Hindi tuloy mawala wala ang ngiti sa mukha ko. Kasi naman, ang cute lang ni Greg.

"Ganoon ba manligaw? Parang ang mahal naman ata manligaw." Sabi niya.

"Ganoon talaga manligaw, kaylangan mo ng pera. Pero teka, paano ka nagkakagirlfriend kung hindi ka nanliligaw?" Na-curious tuloy ako sa buhay ng lalaking 'to.

"One night stand." Hindi na ako nagulat sa isinagot niya sa akin. Pero nakaramdam ako ng kaunting selos at inggit.

"Tell me honestly Montemayor, ilang babae na ang naikama mo?" Tanong ko sa kanya. Bigla ay parang may kirot sa puso ko na tanungin 'yon sa kanya. Palibhasa sa aming mga babae maraming mawawala kapag ginawa iyon pero kapag sa lalaki wala, tapos nasarapan pa sila.

"Tsk. Don't asked me that question. I won't going to answer it. Baka mamaya mag-iiyak ka diyan kapag nalaman mo kung ilan." Sabi niya.

"Fifteen?"

"Isa, sabing ayokong sabihin! Bahala ka." Sabi niya.

"Twenty?"

"Nah."

"Twenty five?"

"Nope."

"Ahmm, last na lang. Thirt—"

"Raisse stop it, ayoko ng alalahanin ang mga flings ko lang. Ikaw ngayon ang importante sa akin, okay? Kaya 'wag mo ng tanungin ang mga bagay na 'yon dahil nasa

nakaraan ko na 'yon. For now, ikaw lang ang importante sa akin, okay?" Napatitig ako sa kanya na nakatingin na ngayon sa akin.

"O—Okay." Sagot ko. Biglang sumilay ang ngiti sa mukha niya.

"Good, so let's sleep. Good night Misis." He said.

Then he kissed me.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Twenty One

TWENTY ONE

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

Halos umabot sa kisame ang kilay ko dahil sa taas nito. I crossed my arms around my chest and look at him. He is smilling very wide. Sabado ngayon at kauuwi niya lang kanina at ngayon ay nandito na naman siya.

"Ano'ng ginagawa mo dito, Mister?" Mataray kong tanong sa kanya. Halos apat na oras lang ng umalis siya dito tapos ngayon nandito na naman siya? Mukhang namimihasa 'tong lalaking 'to ah.

"Aakyat ng ligaw." Kaswal na sabi niya habang nakangiti. Napataas ulit ang kilay ko.

"Ligaw?"

"Oo, ito nga oh dala ko para sa'yo." Sabay abot niya sa akin ng isang balot na flat tops. Nanlaki ang mata ko sa inabot niya.

"Flat tops? Seryoso ka?" Hindi ko makapaniwalang tanong sa kanya.

"Oo, 'yan lang 'yung mura sa grocery store eh. Dapat nga hany bar kaso masyadong

cheap naman kung 'yon lang. May choco choco rin kaso pambata naman masyado kaya 'yan na lang." Proud na proud niyang sabi. Sinamaan ko siya ng tingin.

Kung hindi ko lang talaga gusto ang lalaking 'to, matagal ko na 'tong sinipa. Seriously, sino'ng lalaki ang manliligaw na ang dala ay flat tops? Kung hindi ba naman siya siraulo at hindi man lang niya inisip na pwede siyang mabasted kapag 'yon ang ibinigay niya sa babaeng nililigawan niya. Wala sa sarili akong napailing habang nakatingin sa kanya. Kahit kaylan talaga Montemayor!

"Tsaka may dala rin pala akong bulaklak." Dagdag pa niya at tsaka siya bumalik sa sasakyan niya.

Halos manlaki ang mata ko ng makita ko siyang pabalik na at may bitbit na paso ng cactus na may flowers. Hindi ko alam kung ano ang irereact ko sa mga ginagawa niya lalo na ngayon. Minsan nga gusto kong mapatanong sa sarili ko kung normal ba talaga siya o hindi.

"Nakita ko lang 'to sa may entrance ng condominium, mukhang maganda kaya kinuha ko at tsaka para hindi na ako bumili ng mamahaling bulaklak. Kung gusto mo ilagay mo na lang diyan sa may pintuan at diligan mo araw-araw para mabuhay." Sabi niya habang nakangiti.

"Wala ka talagang kwenta 'no? Ikaw lang talaga Montemayor ang bukod tanging lalaki sa Pilipinas na nanligaw ng ganito. At tignan mo nga 'yang itsura mo, bakit board shorts at sando lang ang suot mo?" Binibigyan talaga ako ng konsumisyon ng lalaking 'to eh. Ang tanda tanda na, umaaktong parang bata!

"Hindi nga kasi ako marunong manligaw." Dahilan niya. Huminga lang ako ng malalim para kalmahin ang sarili ko. Wala akong mapapala kapag pinatulan ko pa ang bata niyang isip.

"Pumasok ka na sa loob, bago ka pa magahasa diyan sa labas." Sabi ko sa kanya. Sumilay naman ang ngiti sa mukha niya sa sinabi ko.

"Success!" Narinig kong sabi niya ng makapasok sa loob ng apartment ko.

"Alam mo minsan, gusto na kitang ikulong sa sobrang kulit mo. Kanina lang nandito ka ah? Ano na namang ginagawa mo dito?" Sabi ko sa kanya. Inilagay ko sa maliit kong refrigerator 'yung binigay niyang flat tops.

"Miss ko na kasi ang mabango kong girlfriend!" Sabi niya sabay biglang yakap sa akin mula sa likod. Walang pag-aatubiling siniko ko siya sa tiyan ng malakas kaya napabitiw siya ng yakap.

"Excuse me, hindi pa kita sinasagot at wala akong balak sagutin ka kung ganyan ka manligaw." Sabi ko sa kanya.

"Sus, pakipot ka pa. Baka nga nung umalis ako kanina, nagtatalon ka sa kilig. Kilala ko kayong mga babae." Umupo siya sa lumang couch ng apartment ko.

"Asa ka pa, feeling mo naman ang gwapo mo masyado at patay na patay ako sa'yo." Kahit kaylan talaga ang taas ng tingin sa sarili.

"Oo nga pala, hindi mo ko boyfriend. Asawa mo pala ako." Sabi niya ng may ngisi sa labi.

"Oo na sige na, asawa na kung asawa. Bakit ka pumunta ulit dito?" Tanong ko sa kanya para matapos na ang panggugulo niya sa akin. Hindi pa kasi ako tapos maglaba at baka mamaya umulan pa.

"Isasama kita sa rancho. Tutal sabi mo naman na asawa na kita kaya isasama kita doon." Bigla akong napatigil.

Rancho De Montemayor.

Nakabasa na ako ng mga articles tungkol sa Rancho De Montemayor at isa iyon sa pinakamalaking rancho sa buong Pilipinas. Pagmamaya-ari iyon ni Gabriel Juan Carlos Montemayor at sa loob ng napakaraming taon, napanatili itong maganda. Isa ang Montemayor Empire sa mga main supplier ng mga gulay, manok, baboy, baka at marami pang iba sa buong Pilipinas kaya naman kinikilala talaga ang Montemayor Empire sa industriya ng Pilipinas.

At ngayon, niyayaya niya akong sumama sa Rancho De Montemayor. Bigla ay nakaramdam ako ng matinding kaba, dahil noong bata ako. Pinangarap kong magkaroon ng katulad noon, pero alam ko sa sarili ko na hindi ko kaylan man mararating ang pangarap kong iyon. Pero kahit na alam kong hindi ko kayang abutin 'yon, gusto ko pa rin makita ang ipinagmamalaki ng mga Montemayor.

"S—Sigurado ka?" Hindi ko makapaniwalang tanong sa kanya. Baka kasi nagloloko na naman siya, knowing him.

"Oo nga, para makilala mo na si Lolo Gab. Tsaka baka mabugbog na naman ako ng tatay ko dahil hindi pa ako nagpapakita sa kanya. At mas maganda na rin na makilala nila ang future nanay ng mga magiging anak ko." Sabi niya sabay kindat sa akin. I just rolled my eyes.

"Tapos na naman ang hell week at nakaraos tayo sa prelim, ano? Sama ka na kasi Misis, nagtataka na rin kasi sila kung bakit hindi pa ako nagdadala ng babae sa rancho everytime na may reunion kami. Ikaw pa lang ang madadala ko doon kung sakali, pero ayaw mo atang sumama eh." Natigilan ako sa sinabi niya. Parang binabayo ulit ng kaba ang dibdib ko.

"A—Ako pa lang ang una?"

"Oo, pero ayaw mo naman atang sumama sa akin. Gusto pa naman kitang ipakilala kay Lolo Gab at sa daddy ko, pati na rin kay na Tito Arthur at Tito Gian na inaasar ako dahil wala raw akong babae. Si Tito Levinn lang ata ang pinakagusto ko sa kanila dahil mabait na lagi pang may pogi tips!" Nakangiti niyang sabi. Alam ko na namimiss na niya ang pamilya niya at siguro akong ito ang isa sa pagkakataon ko para makilala pa siya. At kung pagbibigyan ko ba siya na magkaroon ng puwang dito sa puso ko.

"Sige, sasama ako." Sabi ko. Bigla namang nagliwanag ang mukha niya.

"Talaga? Sasama ka sa akin sa rancho? Yes!" Nagulat ako ng bigla niya akong halikan sa pinsgi. Hindi agad ako nakakilos sa paghalik niya sa pisngi ko at mas lalo akong hindi nakapag-react sa sinabi niya.

"Salamat Misi, sana ikaw na nga talaga ang para sa akin." Then he hugged me.

Please Greg 'wag kang gumanyan, I might fall in love to you.

HALOS hindi ko maisara ang bibig ko ko habang inililibot ang mata ko sa kahabaan ng daan papunta sa mansyon ng mga Montemayor. Isang napakahabang palayan ang nakikita ko ngayon at pulos mga nakakabayo ang mga tao roon, maging ang napakaraming baboy, at kambing ng mga Montemayor ay natatanaw ko rin. Maraming tauhan ng mga Montemayor ang naroroon at tila hindi iniinda ang init ng araw sa pagbubungkal at pagtatanim sa malaking lupain ng mga Montemayor.

"A—Ang laki ng rancho!" Hindi ko mapigilang masabi. Tumingin ako kay Greg na ngayon ay nakangiti kaya mas lalo siyang gumuwapo. May suot siyang RayBan at naka-long sleeves siya na nakatupi hanggang siko niya na tinernuhan naman ng kupas na maong at black nike shoes.

"Sabi ko naman sayo Misis hindi ka magsisisi na sumama sa akin. Marami pa akong ipapakita sa'yo." Sabi niya. Tumingin ulit ako sa labas at pinagmasdan ang lawak ng lupain nila. I smiled. Ngayon lang ulit ako nakaramdam ng ganito, ang malayo sa Manila at makapag relax.

"Greg, tignan mo dali!" Sabi ko sa kanya at tsaka itinuro ang kumpol ng kabayo. Ang dami!

"Don't worry Misis, isasakay kita sa kahit anong kabayo." Sabi niya kaya napatingin ulit ako sa kanya.

"Talaga?" Nakangiti kong tanong sa kanya.

"Oo, basta ba ikaw. Mahal kaya kita." Bigla ay parang nawala ang ngiti ko sa labi sa sinabi niya. Natigilan ako.

Tama ba ang narinig ko? Mahal niya ako?

"G—Greg."

"A—Ano, malapit na tayo." Sabi niya. Doon ako napalingon at nakita ang napakataas at napakalaking gate ng mansyon ng mga Montemayor. Napanganga ako ng wala sa oras.

Nasa harap ko na ngayon ang Mansyon ng Rancho De Montemayor.

"Let's go Misis, dapat mo ng makilala ang angkan ng mga Montemayor." Sabi ni Greg at tsaka bumaba ng sasakyan. Pinagbuksan niya ako at wala ako sa sariling bumaba ng sasakyan habang nakatingin sa napakalaki at napakagandang mansyon.

"Tama na 'yan Misis, pumasok na tayo at ipapakuha ko na lang sa mga tauhan ang gamit natin." Nagulat ako ng bigla niyang hawakan ang kamay ko ng mahigpit. Napatingin ako sa kamay ko at sa kanya. He just smiled and suddenly, kiss me in my cheeks.

Bigla akong namula.

"You look so beautiful when you are blushing Misis." He said.

"T—Tumigil ka na nga." Suway ko sa kanya dahil binabayo na naman ng kaba ang dibdib ko.

"Oh tignan mo, namumula ka ulit." Sabi niya at tsaka siya tumawa. Mahina ko siyang hinampas.

"Tumigil ka Greg! Hindi ako natutuwa diyan." Banta ko sa kanya. Tumawa siya ng mahina.

"Kanina pa ako nagtitiis na hindi halikan 'yang mga labi mo. Pero ngayon, hindi ko na ata kaya."

Sasagot na sana ako pero bigla na lang dumampi ang mga labi niya sa labi ko at marahan akong hinalikan.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Twenty Two

TWENTY TWO

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Ehem."

Bigla kong naitulak ng malakas si Greg ng may marinig akong boses sa likuran namin. Nadala ako sa paghalik niya sa labi ko at hindi ko napigilang hindi gumanti at nakalimutan ko na baka mayroong makakita sa amin.

Pakiramdam ko ay biglang umakyat ang lahat ng dugo sa mukha ko sa sobrang kahihiyan. Wala sa sarili kong hinawakan ang kamay niya ng mahigpit at tsaka tumungo.

"Greggy boy! Kumusta na? Mukhang nag-eenjoy ka diyan ah." Rinig kong sabi nung lalaki. Kahit nahihiya ay nag-angat ako ng mukha at tinignan kung sino iyon.

Hindi ko napigilan ang hindi humanga sa lalaking nasa harap namin ngayon. Guwapo ito katulad ni Greg at talaga namang lalaking lalaki ang dating sa suot na fitted white v-neck shirt at board short. Kumindat ito sa akin kaya napaiwas ako ng tingin.

"C'mon Tito Gian, you have Tita L.A. She's mine!" Maktol ni Greg at tsaka sumimangot.

"Oo na! Ang damot nito sa girlfriend. Ano bang pangalan mo Ms. Tisay?" Napukaw naman ang atensyon nito sa akin.

"I am Raisse Miracle at h—hindi po niya ako girlfriend." Bigla kong nasabi. Natigilan naman ang lalaking nasa harap namin.

"Hindi pa?!" Hindi makapaniwala nitong tanong.

"Nililigawan pa lang po niya ako." Sabi ko ng may ngiti. Tumawa naman siya ng malakas habang sumimangot lang si Greg.

"Stop lauging Uncle! Magiging kami rin!" May kumpiyansa niyang sabi.

"Ang bagal mo dumiskarte! Kung ako sa'yo galingan mo ang panliligaw dito kay Raisse at mukhang under ka ah." Sabi nito at tsaka tumingin sa kamay naming magkahawak.

Hindi ko alam kung bakit hindi ako naiilang na magkahawak kami ng kamay. Ang lambot kasi ng kamay niya parang sa babae kaya ang sarap hawakan.

"Hindi naman ako under siya nga under ko." Halos pabulong na sabi ni Greg. Sinamaan ko siya ng tingin.

"Sus, ako pa lokohin mo. Ako nga under ng Misis ko, tatay mo under, si Arthur under ng Tita Sindy mo at lalo naman si Levinn under na under! Tapos ikaw hindi? Lokohin mo 'yung tatay mo hindi ako!" Hindi ko napigilan ang hindi mapatawa. Sinimangutan lang ako ni Greg at ningitian naman ako ni Tito Gian.

"Pumasok ka na sa loob at kanina ka pa hinihintay ng Lolo Gabriel at ang daddy mo parating na rin. At ikaw naman Ms. Beautiful, pahirapan mo 'tong isang 'to ah? Balita ko babaero 'to sa Manila kaya pahirapan mo." He said then he winked at me.

"Uncle!" Maktol ni Greg. Tumawa lang si Tito Gian at tsaka umalis.

"Ang cute n'yo, para lang kayong magkabarkada." Sabi ko sa kanya. Pero nakasimangot pa rin ang mukha niya.

"Tss." Sabi niya. Naramdaman kong humigpit ang hawak niya sa kamay ko pero hindi siya nakatingin sa akin.

"Montemayor, 'wag ka ng sumimangot diyan. Sige ka, hindi ka na gwapo sa paningin ko." Sabi ko at tsaka ngumiti. Humarap naman siya sa akin at bigla akong hinalikan sa pisngi. Hindi na ako nagulat ng gawin niya iyon.

"Oo na, hindi na ako sisimangot. Baka mamaya pa niyan maghanap ka ng iba." Sabi niya. Unti unti namang sumilay ang ngiti sa mukha niya kaya napangiti na rin ako. Marahan kong pinisil ang ilong niya.

"Kunwari ka pa Montemayor, gusto mo lang akong ka-holding hands. At tsaka namumuro ka na. Puro ka na lang halik ng halik. Pasalamat ka nandito ka sa teretoryo mo." I narrowed my eyes on him.

"Hehe, sorry na. Masarap eh." Sabi niya ng nakangiti. Hindi ko alam kung bakit bumilis na naman ang tibok ng puso ko, marahil ay dahil sa napangiti ko siya.

"Masarap ka diyan!" Mahina ko siyang hinampas sa dibdib niya.

"Tara na nga, baka mamaya mahalikan pa kita ulit." Sabi niya. Kinurot ko lang siya ng mahina sa tagiliran niya.

"Halik ka diyan!"

****

"Mommy it wasn't me! It was Kuya who did it!" Iyon ang bumungad sa amin ni Greg pagkapasok namin sa maluwag na entrada ng mansyon ng mga Montemayor.

"Hindi naman ako 'yon Mommy! Si Papa nagsabi 'non!" Bigla akong napangiti ng makita ko ang kambal na lalaki na pinapagalitan ng isang matangkad at magandang babae. Bigla ay nakaramdam ako ng insecurity sa kanya. She's so beautiful and she's so elegant. Sa tindig pa lang niya na pang modelo at tangkad na sa tingin ko ay 5'8 ½ ay mamamangha ka na, plus the wavy hair she has. Mapagkakamalan mo itong modelo.

"Sumusobra na talaga kayong mag-aama. Palagi n'yo na lang pinapasakit ang ulo ko dahil sa mga kalokohan n'yo! At ikaw na bata ka, umupo ka diyan at huwag kang sasama sa mga kuya mo, maliwanag?" Sabi pa nung babae sa isang batang lalaki rin na nakaupo sa sofa at nakangiti.

"Opo mommy!" Masiglang sabi nung bata.

"Auntie Freen! Kinukulit ka na naman ba ng dalawang 'to?" Bigla ay napalingon sa amin 'yung babaeng sinesermonan 'yung tatlong batang lalaki.

"Greg!" Napangiti naman 'yung babae at tsaka kami lumapit sa kanila. Binitiwan niya ang kamay ko at niyakap 'yung babaeng tinawag niyang Auntie Freen.

"You've grown up! Ang tangkad tangkad mo na, napag-iwanan na ako." Doon ako mas humanga sa kanya. Mas maganda siya sa malapitan at talaga namang nakakainggit ang ngiti niya. Napatingin tuloy ako sa sarili ko, simpleng leggings na stripe at fitted t-shirt lang kasi ang suot ko. Pero hindi naman ako mukhang dugyutin. In fact, litaw na litaw ang kurba ng bewang ko. Ang sexy ko kaya!

"Maganda ka pa rin naman Auntie Freen at mukhang may ginawa na namang kalokohan ang dalawang 'to ah?" Sabi ni Greg sabay tingin sa kambal na lalaki. Ang gugwapo nila!

"Kuya Greg!" Masayang sabi ng dalawang bata at tsaka lumapit kay Greg. Nakipag bro fist naman si Greg sa dalawa at pinatayan ang height ng mga bata.

"Kamusta na kayo boys? Magaling na ba kayong mag-basketball?" Tanong ni Greg.

"Naman kuya Greg! Kaya ka na nga naming talunin ni Kuya!" Sabi noong isang batang lalaki. Magkamukhang magkamukha sila pero may pagkakaiba sila na mahahalata mo agad. The other boy has a mole in the side of his lips at may dimples din ito sa magkabilang pisngi samantalang ang isa naman ay isa lang ang dimple.

"Talaga? Sige maglalaro tayo mamaya!" Sabi ni Greg at tsaka ginulo ang buhok ng dalawang bata.

"Hi, what's your name young lady?" Napukaw ang atensyon ko ng biglang magsalita 'yung babaeng maganda sa harap ko.

"R—Raisse po, Raisse Miracle." Magalang kong sagot sa kanya.

"You are his girlfriend?" Tanong niya.

"Hala, hindi po! Manliligaw ko lang 'yang Montemayor na 'yan." Sabi ko. Bigla naman siyang tumawa ng mahina. Napakunot ang noo ko.

"Magkakasundo tayo. I like you." Nakangiti niyang sabi sa akin. Napangiti rin ako.

"Ang ganda n'yo po." Sabi ko.

"Asus, nahawa ka na ata diyan sa manliligaw mo ng pambobola." Sabi niya at tsaka ngumiti.

"Mommy, chicka babes po ba s'ya ni Kuya Greg?" Bigla namang nakpukaw ang atensyon ko sa cute na bata na nakaupo lang sa sofa kanina. Binuhat ito ni Tita Freen.

"Ikaw talagang bata ka, kung saan saan mo na lang nakukuha 'yang mga ganyan! Pag-uuntigin ko na talaga kayong apat at pare-pareho kayo ng ugali!" Natawa naman ako sa sinabi ni Tita Freen. Humagikgik lang din ang bata at hinalikan siya sa pisngi.

"Mommy, pag many ba ang chicka babes pogi?" Tanong nung bata kay Tita Freen. Natawa ako.

"No. Kung anu-ano na lang talaga ang natutunan mo sa tatay mo! Mamaya talaga sa akin 'yung Montemayor na 'yon." Sabi ni Tita Freen.

"Tatlong lalaki po ang anak n'yo?" Tanong ko.

"Oo, tatlong lalaki plus 'yung tatay nilang siraulo." Sabi ni Tita Freen. Nakakabilib naman na tatlong lalaki ang anak ni Tita Freen. Siguro tuwang tuwa 'yung asawa niya kasi tatlong lalaki ang anak niya. Napatingin naman ako sa gawi ni Greg na kausap pa rin ang kambal.

Kung siya ang lalaking para sa akin, hihilingin ko na magkaroon din kami ng anak na lalaki at babae.

Bigla akong natigilan.

Ano ba 'tong pumapasok sa isip ko? Anak agad? Ni hindi ko pa nga siya sinasagot

anak agad. I shook my head.

Biglang nagtama ang mga mata namin ni Greg ng lumingon siya sa gawi ko. Naramdaman ko ang pagbilis ng tibok ng puso ko lalo na ng ngumiti siya sa akin. Alam kong nahuhulog na ako kay Greg, alam ko 'yun. Hindi ko ito naramdaman kay Miguel, sa kanya lang.

At sana kapag nahulog na ako sa kanya, saluhin niya ako.

****

"Lolo Gabriel, this is Raisse my wife." Nanlaki ang mata ko sa sinabi ni Greg. Kaharap namin ngayon ang Lolo niya na nakahiga sa kama dahil bawal itong mapagod.

Palihim kong kinurot si Greg sa tagiliran niya.

"Aba, ang apo ko sa tuhod may asawa na. Ilan na ba ang anak n'yo apo? Sinunod mo ba ang style na tinuro ko?" Sabi nito habang hirap magsalita dahil sa may katandaan na.

"Naman Lo! The best ang mga styles n'yo pang 40's!"

"Loko kang bata ka, pang 50's iyon. Ginawa mo pa akong matanda!"

"Sorry naman Lo." Sabi ni Greg sabay kamot sa likod ng ulo niya.

"Ilan na ba ang anak n'yong dalawa? Nakarami na ba kayo?" Tanong ulit ni Lolo Gab.

"Dalawa po, tapos buntis po siya—" Binatukan ko na siya ng malakas. Ngumit naman ako kay Lolo Gab.

"Hi po, ako po si Raisse. Wala pa po kaming anak at hindi ko po siya asawa. Manliligaw ko lang po siya." Ngumiti ako ng maluwag kay Lolo Gab.

"Ganoon ba? O siya sige, tumuloy na kayo sa kwarto n'yo at doon gumawa ng bata! Gusto ko bago ako mamatay, buntis ka na ineng." Nanlaki naman ang mata ko sa sinabi ni Lolo Gab habang si Greg naman ay ngumisi.

"Sige, ako ay magpapahinga na at kayo naman ay gumawa na ng bata! Iyon itinuro ko sa'yo apo na style, maganda iyon!"

"Aye aye Lo!" Sabi ni Greg at sumaludo pa. Inakbayan naman ako ni Greg at lumabas na kami sa kwarto ng matanda.

"Narinig mo sinabi ni Lolo ah, gusto raw ng apo." Bulong sa akin ni Greg. Kinilabutan ako bigla.

"T—Tumigil ka nga!" Pilit kong pinapakalma ang boses ko. Pumasok kami sa isang kwarto at namangha ako sa laki noon.

Bigla akong nagulat ng pumulupot ang mga braso ni Greg sa bewang ko at yakapin ako ng mahigpit. Bigla ay parang uminit ang loob ng kwarto.

"Gusto ko ng baby Raisse, gusto ko." Bulong niya sa tenga ko. Naramdaman ko ang init ng hininga niya at napagtanto kong wala na pala siyang suot na pang-itaas.

"G—Greg, hindi ako natutuwa." Kalmado kong sabi pero sa loob loob ko, nag-iinit ang katawan ko dahil sa kanya.

"Pwes, matutuwa ka sa gagawin ko sa'yo." At tsaka niya biglang hinalikan ang leeg ko.

"Montemayor!"

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Twenty Three

TWENTY THREE

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Namumuro ka na sa akin Greg Joseff Montemayor! Di ba pinagsabihan na kita? Usapan natin, kailangan mong umuwi ng rancho kahit isang beses sa isang buwan! Pero ano? Halos tatlong buwan kang hindi nagparamdam! Sinasabi ko sa'yo, kapag nalaman ko lang talaga na may ginagawa kang kalokohan sa Maynila! Pauuwiin kita dito!" Nakatingin lang ako kay Greg at sa Daddy nito na kanina pa siya pinagsasabihan. Natatawa na nga ako dahil tiklop pala siya sa Daddy niya.

"Daddy naman, nandyan 'yung asawa ko. Huwag mo naman akong ipahiya." Narinig kong sabi ni Greg. Agad naman tumingin sa akin si Tito Paul.

Katulad ni Greg, gwapo rin si Tito Paul. Kamukhang kamukha siya ni Greg sa lahat ng angulo pero sa mata lang sila nagkaiba. Kulay green kasi ang mata ni Greggy boy samantalang si Tito Paul naman ay dark brown.

"H—Hindi po niya ako asawa." Sabi ko ng umiiling. Patay talaga sa akin si Greg mamaya.

"Oo nga, hindi niya ako asawa. Pero asawa ko siya Dad." Sabi ni Greg.

"Ganoon ba 'nak? Siya ba 'yung kinukwento mo sa akin na pinopormahan mo pero hindi ka type?" Napakunot ang noo ko sa sinabi ng daddy niya habang nanlaki naman ang mata ni Greg sa sinabi ni Tito Paul.

"Dad!"

"Siya rin ba 'yung sinasabi mo sa akin na matagal mo ng gusto pero hindi ka makaporma? Ang ganda naman pala ng taste mo 'nak, mana kay daddy." Sabi ng Tito Paul sabay kindat at ngiti ng nakakaloko katulad ng kay Greg.

"Dad! It's a secret!"

"Aba, secret pala 'yon? Wala na 'nak, nasabi ko na eh. Ano nga ulit ang pangalan mo? Raisse?" Nagulat ako sa sinabi ni Tito Paul. Bakit alam niya ang pangalan ko?

"O—Opo, Raisse Miracle po." Sabi ko. Buti na lang talaga tatlo lang kami dito sa terasa sa kwarto ni Greg.

"Ah, kaya pala milagro at nagsama ng babae 'tong anak ko dito sa rancho. Akala ko nga bading na eh, kung hindi ko lang nakita 'yung kabalastugan niya sa cellphone niya mapagkakamalan ko na talagang bading 'tong anak ko." Gusto kong matawa sa sinabi ni Tito Paul pero baka mas lalong magalit si Greg na ngayon ay pulang pula na ang mukha dahil sa sinabi ng Daddy niya.

"Dad! Hindi ako bading! At kaya hindi ako nagsasama ng babae dito sa rancho, dahil wala naman akong gustong isama dito kung hindi ang babaeng mahal ko lang!" Bigla akong natigilan sa sinabi ni Greg. Napatitig ako sa kanya ng wala sa oras dahil sa sinabi niya.

Dahil wala naman akong gustong isama dito kung hindi ang babaeng mahal ko lang.

Mahal ako ni Greg? Mahal na niya ako?

"Ohh. Sige, mukhang may hindi ako alam dito. Iiwan ko muna kayo, ikaw 'nak. I'm so proud of you. Hindi na kita baby boy, galingan mo dito kay Raisse ah? I like her

for you. Basta pagkatapos n'yo diyan sumunod na kayo sa baba, okay?" Sabi ni Tito Paul at tsaka kami iniwan.

Biglang binalot ng nakabibinging katahimikan ang paligid namin. Wala ni isa ang nagsasalita sa amin at hindi siya nakatingin sa akin pero nakatitig lang ako sa kanya. Hindi ko alam ang dapat kong sabihin. Para bang nalunok ko ang dila ko at hindi ako makapagsalita.

"Pambihira naman! Si Dad kasi ang kulit!" Doon lang ako natauhan ng magsalita na siya.

"Nadulas pa ko, 'tangna!" Sabi pa niya sa hangin. Napakunot lang ako ng noo.

"Humarap ka nga sa akin Montemayor." Sabi ko sa kanya. Humarap naman siya sa akin habang magkasalubong ang kilay niya.

"Ano?!" Sigaw niya sa akin. Pinaningkitan ko siya ng mata.

"Sabi ko bang sumigaw ka?" Masungit kong sabi sa kanya.

"Hindi!" Sigaw na naman niya.

Lumapit ako sa kanya at bigla siyang binatukan.

"Next time na sigawan mo si Tito Paul, gigitilan na kita sa leeg. Maliwanag ba?"

"Oo. May magagawa ba ako? Ikaw na nagsabi at ano ba ako? Lalaki lang ako, dapat sumunod sa babaeng gusto niya." Sabi pa niya na parang hindi matanggap na kaya ko siyang pasunudin.

"May reklamo ka? Sabihin mo lang para mapag-usapan natin."

"Wala! Tangna, hirap maging under." Sabi pa niya pero hindi ko narinig ang huli niyang sinabi.

"Tara na, bumaba na tayo at nagdatingan na raw ang iba mo pang kamag-anak. Di mo ba sila na-miss?" Sabi ko sa kanya at tsaka ko siya inakbayan. Buti na lang talaga medyo matangkad ako.

Hindi siya sumagot, sumimangot lang siya.

"Thank you nga pala dahil dinala mo ako dito." Sabi ko at tsaka ko siya hinalikan sa pisngi.

Pakiramdam ko ay umakyat lahat ng dugo sa mukha ko sa ginawa ko. Hindi ko alam kung bakit ko na lang ginawa 'yon, kung bakit ko na lang siya biglang hinalikan sa pisngi.

Bigla namang sumilay ang ngiti sa mukha niya dahil sa ginawa ko.

"Sus, kunwari ka pa. Gusto mo lang ako halikan." Sabi niya ng may ngiti sa labi.

"H—Hindi ah! I—It's a thank kiss!" Sagot ko sa kanya. Minsan talaga mahirap kapag ikaw ang gumawa ng first move sa lalaki.

"Thank kiss nga ba? Ayaw mo ba ako halikan? Pwede naman ah." Sabi pa niya sa akin.

"O—Oo, t—thank kiss lang 'yun dahil dinala mo ako dito sa rancho. Kaya hina—"

"Dami mo pang sinasabi!" Sabi niya at tsaka niya ako biglang hinalikan sa labi. Hindi na ako nakaimik pa.

Montemayor you're such a jerk.

****

"Sweetheart, dalawang oras lang naman akong late. Nagmadali naman akong pumunta dito, sorry na oh. Kiss mo na ako." Gusto kong matawa sa asawa ni Tita Freen. Kanina pa kasi ito nagmamakaawa sa kanya na pansinin siya nito pero kanina pa rin nagmamatigas si Tita Freen.

"Kung gusto may paraan, kung wala may babae." Sabi pa ni Tita Freen.

"Wala nga akong babae! Kahit pa itanong mo kay Allen! Ginawa mo na ngang lalaki 'yung secretary ko tapos nagdududa ka pa rin! Ano ba naman 'yan sweetheart, lagi na lang akong kawawa." Sabi ni Tito Levinn kay Tita Freen. Buhat ngayon ni Tita Freen si Francisco na apat na taong gulang na. Ang kambal naman ay nasa labas kalaro si Xander na anak ni Tito Arthur, Travis na anak naman ni Tito Travor at Shaun na anak ni Tito Gian, at Simon na kapatid naman ni Greg. Tuwang tuwa nga ako dahil nakilala ko na sila kanina, at nagulat din ako kasi halos lahat sila may anak na lalaki at ang mas malala pa kay Tita Freen na tatlong lalaki ang anak at samahan pa raw ng makulit na asawa.

"Tatay is loyal! Patawad mo na si tatay, mommy!" Sabi ni Francisco. He's really adorable!

"O tignan mo 'yang anak ko. Naniniwala sa akin na loyal ako sa'yo. Pansinin mo na kasi ako sweetheart." Sabi pa ni Tito Levinn.

"Ang cute nila." Bulong ko kay Greg.

"Oo nga, ang cute nila." Sabi niya. Bigla naman siyang umakbay sa akin kaya napatingin ako sa braso niyang umakbay sa akin at sa kanya. Pero hindi siya nakatingin sa akin at may ngisi siya sa labi.

"Kahit na! Pumunta na nga kami ng mga anak mo dito ng wala ka tapos hindi ka pa agad sumunod. Alam mo bang puro konsumisyon na lang ang dala n'yo sa aking apat? Ang titigas ng ulo n'yo at ang kukulit n'yo pa! Kapag napuno talaga ako, iiwan ko kayo dito sa rancho!"

"Misis naman, sorry na nga. Hindi na ako uulit, promise bebehave na kami ng mga anak ko."

"Yan! Lagi mo n'yo na lang sinasabi 'yan sa akin! Mag bebehave pero lagi kayong mga pasaway! Naku talaga Levinn! Mapapatay kita ng wala sa oras."

"Mommy, behave kami ni Tatay! Patawad mo na siya. Di ba tatay? Behave na tayo?" Sabi ni Francisco sabay ngiti. Ngumiti rin si Tito Levinn at nagulat ako ng bigla nilang halikan ng sabay si Tita Freen sa magkabila nitong pisngi. How cute!

"Patatawarin mo na ba ako Misis?" Tanong ni Tito Levinn kay Tita Freen.

"Oo na!"

"Success!" Sabi pa ni Tito Levinn sabay apir kay Francis. Magma-ama nga sila, walang duda.

"Ang cute naman ng pamilya nila." Sabi ko kay Greg. Nasa pool kasi ngayon ang karamihan sa kamag-anak ni Greg at nag suswimming at nag-iihaw. Pasado alas dos y media pa lang naman ng hapon kaya mas masarap maligo pero pinili muna namin ni Greg na dito muna sa sala at ito ang nadatnan namin.

"Sex tayo para mabuntis ka at magkapamilya na tayo. Gusto mo?" Bulong ni Greg sa akin. Bigla ko naman siyang kinurot sa dibdib niya ng malakas.

"Ouch. Masakit 'yun ah!" Reklamo niya. Manyak eh!

"Yan ka na naman kasi eh! Sabi kong i-zipper mo 'yang bastos mong bibig pero ayaw mo tumigil. Mag behave ka nga rin!" Sabi ko sa kanya.

"Aw, under si Greggy boy." Napangiti ako sa pang-aasar ni Tito Levinn kay Greg.

"Ikaw rin naman Tito, under ka. Di ba Tita Freen?" Sabi ni Greg.

"Pulos kayo mga kalokohan! Ikaw Levinn, umakyat ka na sa taas at isama mo 'tong makulit mong anak. Magbihis kayong dalawa sa taas at hahanapin ko muna 'yung mga big boys ko at baka kung saan na nagsususuot." Sabi ni Tita Freen.

"Opo, Misis." Sabi ni Tito Levinn sabay buhat kay Francisco na kanina pa kumakain.

Naiwan kami ni Greg sa sala.

"Ayaw mo bang maki-join sa kanila sa labas?" Tanong ko sa kanya. Nakaakbay pa rin siya sa akin. Binuksan niya lang ang T.V.

"Ayoko, gusto muna kitang solohin." Sabi niya sa akin. Humigpit naman ang pagkakayakap niya sa akin kaya mas naramdaman ko ang init ng katawan niya.

"Solohin ka diyan. Namimihasa ka kamo." Mahina ko siyang hinampas sa matigas niyang dibdib. Ang macho ng loko.

"Hindi naman, ngayon ko lang 'to naranasan kaya susulitin ko na. Baka mamaya makakita ka lang ng ibang lalaki diyan iwan mo na ako." Sabi pa niya.

"Ikaw nga 'yun eh! Babaero ka!"

"Hindi naman ako babaero. Simula kaya ng naging katulong kita wala pa akong sex." Sabi pa niya na ikinagulat ko.

"Ang baboy mo! May makarinig sa'yo at ako pa ang lokohin mo. Ikaw? Hindi mag b-breast feeding? Lokohin mo ako! Tsaka, ano pa lokohin mo. Walang nangyari sa inyo ni Gwen?" Pinaningkitan ko siya ng mata. Lokohin niya pa ako.

"Wala pa nga hanggang ngayon, loyal ako sa'yo! At tsaka walang nangyari kahit isang beses sa amin ni Gwen! I respect her." Bigla ay nakaramdam ako ng selos ng sabihin niyang I respect her.

"Minahal mo ba si Gwen?" Bigla kong tanong sa kanya.

"H—Hah?"

"Sabi ko, minahal mo ba si Gwen?" Seryoso kong tanong sa kanya.

"Hindi ko siya minahal. Dahil una pa lang, ikaw na 'yung laman nitong puso ko. Yung kanina, totoo 'yun. Ipinangako ko sa sarili ko na 'yung babaeng mahal ko lang ang dadalhin ko dito sa rancho." Tila tumigil ang mundo ko sa sinabi niya sa akin pero mas tumigil pa ang mundo ko sa sunod niyang sinabi.

"At ikaw 'yung babaeng 'yun Raisse, ikaw."

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Twenty Four

TWENTY FOUR

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Sabi ko naman sa'yo umuwi ka muna. Kakagaling lang natin sa rancho pero dito ka agad dumiretso sa apartment ko." Sabi ko sa kanya. Marahan kong hinawi ang buhok niya. Dito kasi kami agad dumiretso sa apartment ko pagkagaling namin sa rancho at nahiga agad sa kama ko sa sobrang pagod. Pasado ala-siyete na rin kasi ng gabi kami nakauwi mula sa rancho.

"Ayoko 'dun, wala ka naman. Hindi kita makikita." Sabi niya habang nakapikit pa at yakap ang unan na lagi kong ginagamit.

"Ang kulit mo naman."

"Ayoko nga kasi 'dun, wala ka." Sabi pa niya. Huminga muna ako ng malalim.

"Gusto mo bang dito ka na lang matulog? Wala pa namang pasok bukas at sa susunod pa." Sabi ko sa kanya.

"Oo, gusto ko katabi lang kita." Sabi niya na parang bata.

"Hindi naman ako aalis, baka ikaw nga 'yung umalis." Sabi ko sa kanya. Nakapagpalit na ako ng damit pambahay pero siya hindi pa. Hinubad niya lang 'yung sapatos niyang suot at nahiga agad.

"Hindi ako aalis, dito lang ako. Hug mo ako." Sabi niya.

"Para kang sira Montemayor." Natatawa kong sabi sa kanya. Nagdilat na siya ng mata

at tumingin sa akin ng nakangiti.

"Hug lang psh."

"Para ka kasing bata! Umayos ka nga." Sabi ko sa kanya. Sumimangot lang siya kaya hindi ko napigilang hindi pisilin ng mahina ang pisngi niya.

"Ikaw pa nga lang 'yung babaeng kinalolokohan ko ng ganito tapos hug lang nagdadamot ka. Hindi mo naman ata ako love." Sabi niya na parang five years old na nagtatampo sa mommy niya. Kapag hindi talaga siya tumigil sa kakaganyan niya, papatulan ko siya!

"Sure ba 'yan?" Tanong ko. Tumalikod siya sa akin at niyakap ang unan ko.

"Ayoko sa'yo! Hindi mo ako love." Sabi pa niya.

"Para ka talagang sira sa kakaganyan mo Montemayor." Natatawa kong sabi.

"Tatawa-tawa ka pa diyan. Sa'yo nga lang ako nagkakaganito tapos tatawanan mo ako. Tapos hug lang ayaw mo pang ibigay!" Maktol pa niya. Natawa ako lalo sa sinabi niya.

"Ang baho kasi ng damit mo, amoy lalaki." Sabi ko sa kanya. Bigla naman akong nagulat ng umupo siya sa kama at hinubad ang suot niyang damit at tsaka ulit humiga at humarap sa akin.

"O ayan, wala na akong damit! Hug mo na ako." Sabi niya. Napangiti ako ng wala sa oras. Mahina ko siyang hinampas sa matigas niyang dibdib na ngayon ay lantad na sa harap ko.

"Sinabi ko bang maghubad ka? Kahit kaylan ka talaga."

"Sabi mo mabaho damit ko kaya ayaw mo akong i-hug. O ayan na, wala na akong damit! Hug mo na nga ako." Nagmamakaawa niyang sabi sa akin. Naka-indian sit kasi ako sa kama ko at siya naman nakahiga.

"Bakit ba gusto mong i-hug kita? Hindi ka pa ba kuntento diyan sa unan ko?" Tanong ko sa kanya.

"Naman Raisse! Gusto ko 'yung tunay 'yung yayakapin ko." Lalo akong natawa sa pagsimangot ng mukha niya.

"Ayoko na sa'yo!" Sabi niya at tsaka ulit tumalikod sa akin. Mas lalo akong napangiti sa pagtatampo niya kaya walang sabi sabi kong niyakap siya mula sa likod.

I felt him stiffened and a smile formed in my face. I could feel the heat from his naked body and I could feel his heartbeat. He suddenly turned himself to me and face me with a smile on his face.

"I love you." He said without any hesitations, without any doubts.

"I love you too." I said. Yes, I should admit it. He deserve to be love. He deserve me.

I saw him stunned for a second. I saw how his lips parted and I saw how his eyes reacted to what I said.

"Y—You love me too?" He asked. I smiled before I speak.

"Yes, I do." I said.

Unti unting sumilay ang ngiti sa labi niya at ang tuwa sa buo niyang mukha. Tila ba ay hindi ito makapaniwala sa sinabi ko.

"T—Tayo na?" Tanong niya. Pinaningkitan ko siya ng mata.

"Di porket mahal din kita, tayo na! Manliligaw ka pa rin siyempre!" Natatawa kong sabi. Pero hinapit niya lang ako sa bewang at mas inilapit pa niya ako sa kanya.

"Basta tayo na! Sabi na nga ba't malalaglag ka rin sa kagwapuhan kong taglay!" Sabi niya ng nakangiti.

"Oo na!"

"Tayo na talaga?" Tanong niya ulit ng may ngiti.

"Oo nga kulit mo!" Hinampas ko ulit siya sa dibdib niya.

"Wala nang bawian 'yan ah? Mamatay man si batman, superman, spiderman o kahit sino pa man. Basta tayo na, I love you." Then he kissed me. I kissed him back.

I could feel his hard body and the heat around us. He's kissing me as if there's no sun light for us, as if It was the only thing we could do. Kissing. He invade my mouth by his tongue, he invade my lips by his lips, and he invade my heart by his heart.

"Wala na talagang bawian ah! Tayo na." Sabi niya ng may ngiti sa labi.

"Oo nga ang kulit."

"Basta, kapag binawi mo. Bubuntisin na kita!"

"Pulos ka kalokohan Montemayor." Sabi ko sa kanya. Mas humigpit ang yakap niya sa akin kaya niyakap ko rin siya.

"Ang sarap pa lang magmahal, 'yung ganito. Kayakap mo 'yung babaeng mahal mo." Sabi niya. Napangiti ako. Iniksik niya ang muka niya sa leeg ko at niyakap ako ng mas mahigpit.

"Sana pala dati pa lang natutunan na kitang mahalin. Kasi kung ganito lang din naman, ang sarap at ang saya pala." Sabi niya.

"Ikaw kasi babaero ka masyado." Sabi ko sa kanya.

"Hindi na nga ako babaero ngayon. Promise, loyal na ako sa'yo."

"Sus, ganyan naman kayong mga lalaki eh. Sa una lang pakitang gilas." Sabi ko sa kanya.

"Ayokong gumawa ng rason para magalit ka sa akin. Kaya gagawin ko lahat para mapasaya kita kasi ngayon pa lang pinasasaya mo na ako." Sabi niya. Napangiti ako.

"Ang corny na hah!"

"Sus, corny ka diyan. Kinikilig ka Misis?" Tanong niya. Hinalikan niya ang leeg ko kaya bigla akong nakiliti.

"Hindi ah. Bakit naman ako kikiligin sa'yo?" Sabi ko sa kanya.

"Kunwari ka pa. Basta, hug mo lang ako lagi at kikiss kita lagi. Okay? Tsaka 'wag ka ng lalapit sa Miguel na 'yon lalong lalo na sa Sy na 'yon! Dahil kapag nakita kitang lumalapit sa kanila, aanakan na kita. Hindi ako nagbibiro." Sabi niya. Hindi ko napigilan ang hindi mapangiti.

"Ang possessive mo naman pala."

"Oo, kapag akin lang akin."

"Paano 'yung needs mo? Di ba hindi nakakatagal ang lalaki kapag walang ano—yung ano. Basta alam mo na 'yun!" Sabi ko sa kanya.

"Kaya kong magtiis, kesa naman pumatol ako sa iba tapos mawala ka pa sa akin. Iyon ang hindi ko kakayanin."

"Kinikilig naman ako." Sabi ko sa kanya.

"Kaya naming mga lalaki magtiis sa ganyan, pero makita ang taong mahal namin na wala sa tabi namin. Iyon ang mahirap, dahil bilang lalaki. Babae ang nagsisilbing lakas namin sa pang-araw araw." Doon ay parang binayo ng martilyo ang puso ko sa bilis ng tibok nito dahil sa sinabi niya. Hindi ko alam na ganito pala ang mga lalaki. Kami pa lang mga babae ang nagsisilbi nilang lakas.

"Gagawin ko lahat para maprotektahan ka. Wala na akong pakielam sa sabihin ng iba, basta mahal mo rin ako."

"Paano kapag dumating 'yung time na hindi tayo magkaintindihan, o sabihin na nating niloko kita. Ano ang gagawin mo?" Tanong ko sa kanya.

"Siyempre, papakinggan ko muna 'yung side mo. Hindi ko paiiralin 'yung selos o galit dahil sa ginawa mo. Paniniwalaan ko lang 'yung sinabi mo sa aking mahal mo rin ako. Iyon lang ang panghahawakan at paniniwalaan ko. Pero kapag dumating 'yung time na 'yun, manghihiram sa aso 'yung lalandi sa'yo! Kaya 'wag kang makikipaglandian kung kanino dahil babasag talaga ako ng mukha." Humigpit pa ang pagkakayakap niya sa akin at mas ibinaon ang mukha niya sa leeg ko. Ramdam ko ang mainit niyang hininga at ramdam ko rin ang bilis ng tibok ng puso ko.

"Sabi mo 'yan ah? Ganyan din ang gagawin ko kapag dumating ang araw na 'yon. Maniniwala lang akong mahal mo rin ako." Sabi ko sa kanya. Yumakap ako sa kanya katulad ng ginawa niya.

"Basta ikaw lang ang paniniwalaan ko dahil mahal kita, Raisse Miracle Marquez-Montemayor."

"Montemayor ka diyan! Tumigil ka nga Greg."

"Hehe, sarap nga pakinggan eh. Mrs. Raisse Montemayor." Sabi niya.

"Heh! Ang lakas mo maka-daydream diyan!" Sabi ko sa kanya. Hindi na ata mawawala sa mukha ko ang ngiti ng dahil sa kanya.

"Kung darating naman 'yung araw na magkakaanak na tayo. Gusto ko dalawang lalaki ah." Natawa naman ako sa sinabi niya. Napaka advance kasi niya mag-isip!

"Ayaw mo ng babae?"

"Siyempre gusto! Kaya dalawang lalaki para sure ball na magugulpi nila 'yung

manloloko sa magiging anak nating babae. Pero gusto ko ng dalawang lalaki tapos ako magpapangalan."

"Mag-aral ka muna bago mo isipin 'yan! Balita ko bagsak ka sa isang subject sa prelim! Umayos ka Greg, graduating na tayo." Sabi ko sa kanya.

"Oo na po, aayos na ako. Basta ah! Dalawang lalaki sa akin, tapos kahit ilang babae na basta makadalawa akong lalaki!" Sabi niya. Para talagang sira si Montemayor.

"Ang adik mo." Nakangiti kong sabi sa kanya kahit hindi niya nakikita.

"Adik na kung adik, dalawang Montemayor soon!"

"Soon ka diyan!"

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Twenty Five

TWENTY FIVE

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Nagkabalikan na si Greg at si Gwen." Bigla akong natigilan sa ginagawa ko sa sinabi ni Dana. Biglang binayo ng martilyo ang dibdib ko sa bilis ng tibok nito.

"S-Sila na ulit?" I asked her with disbelief in my tone.

"Yep. Kalat na kasi sa buong university na may girlfriend na ulit si Greg. So it means, sila na ulit. At balita ko pa, si Greg ang nakipagbalikan kay Gwen. Ang sweet 'no? Mukhang tinamaan na si Greg ng pag-ibig. Wala ng aaway sa'yo Captain!" Hindi ako makapagsalita sa sinabi ni Dana. Hindi ako makapaniwala at lalong hindi ko kaya.

I felt betrayed.

Para akong dinuga ng paligid ko sa narinig ko. Para akong napaglaruan at basta na lang itinapon sa kung saan. Bigla akong nakaramdam ng sakit sa dibdib ko.

"I love you Raisse. Mahal kita."

Kasinungalingan. Ang tanga ko naman pala. Hindi ko pala naisip na Montemayor nga pala siya. Nakilala ko siyang playboy at kahit kaylan ay walang tumagal na babae sa kanya. Ako pa kaya? Ako naman 'tong si tanga na nagpdala sa mga pinagsasabi niya. Ang galing, tangina. Ang galing! Ilang araw na relasyon, may nanloko agad.

"Captain, ayos ka lang ba? Bakit ka umiiyak?" Tanong ni Dana sa akin. Wala sa sarili akong ngumiti sa kanya ng mapait.

"Ayos lang ako. Punta muna ako sa CR, okay? Mauna ka na ring umuwi." Sabi ko sa kanya at tsaka ko siya tinalikuran.

Agad akong dumiretso sa comfort room at pumasok sa isang cubicle para doon ilabas ang sakit na nangingibabaw sa dibdib ko.

I cried silently, I don't want anyone to hear my agony. I am a strong woman. Hindi agad ako nagpapatalo, pero bakit pagdating dito napaluha niya agad ako? I admit. I am falling. Unfortunately, hindi niya ako nasalo. Umiyak ako dahil unang heartbreak ko 'to ng dahil sa isang lalaki at si Greg Joseff Montemayor pa ang dahilan.

Montemayor.

Kung hindi sana ako nagpadala sa mga pinagsasabi niya at mga pinaggagawa niya, hindi sana ako magkakaganito. Kasalanan mo rin Raisse. Nagpahulog ka kasi sa kanya, ang tanga mo.

I cried silently and after that. I fix myself, I look at the mirror and I made sure that there's no trace of any pain. I left the room after I assured that I am okay. That I look okay.

Kinuha ko agad ang gamit ko at nagmamadaling lumabas ng school. Ayokong makapatay ng wala sa oras. I need to talk to him, pero hindi ngayon. Ayokong kumausap ng tao ng galit ako dahil baka may hindi ako magawang tama at pagsisihan ko lang.

"Ang tagal mo namang lumabas!" Napaangat ang kilay ko sa sumalubong sa akin. Agad akong napalingon sa paligid at kita kong pinagtitinginan kami ng mga ilang dumadaan sa likod ng school. May gate pa kasi sa likod at mas gusto kong dito laging dumadaan dahil malapit lang sa apartment ko at kakaunti lang ang mga taong dumadaan.

"Huwag ngayon Sy." Sabi ko sa kanya at tsaka ko siya nilagpasan.

"Samahan mo naman ako, wala kasi akong kasama." Bigla akong natigilan sa sinabi niya.

"Please, samahan mo naman ako kahit ngayong araw lang." Napalingon ako sa kanya. At kahit na galit ang nananalaytay sa puso ko ngayon, nakaramdam pa rin ako ng awa.

Tinignan ko lang siya ng diretso sa mata. Matagal kaming nagtitigan at hindi ko alam kung bakit nagkakaganito ako. Kung bakit gusto ko na lang maluha bigla, kung bakit gusto ko na lang iiyak itong sakit na nararamdaman ko dito sa dibdib ko. Dito sa puso ko.

"I knew it. C'mon, I can be your shoulder right now." Nakaramdam ako ng gulat sa sinabi niya pero sakit pa rin na dulot ni Greg ang nangingibabaw sa dibdib ko.

Nasasaktan ako dahil mahal ko na rin siya.

"Pwede mo akong iiyakan, pwede mong ilabas ang sakit diyan sa dibdib mo sa harap ko." Sabi niya at tsaka niya ako biglang niyakap.

Doon ako napaiyak sa dibdib niya. Wala akong nagawa kung hindi ang yumakap sa kanya at umiyak dahil sa sakit na nararamdaman ko ngayon. Dati naman hindi ako nagkakaganito kapag may bagong girlfriend si Greg pero bakit ngayon iba na? Ganito ba talaga ang nagagawa ng pag-ibig sa isang tao?

"Shh, sasapakin natin 'yung nagpaiyak sa'yo." Sabi pa ni Andrew.

Doon ay iniyak ko lang sa kanya ang sakit na nararamdaman ko. Unang beses kong masaktan at dahil sa gagong 'yon. Mapapatay ko talaga siya kapag nakita ko siya!

"Nabasa tuloy 'yung polo shirt mo." Sabi ko sa kanya pagkatapos kong umiyak sa kanya ng ilang minuto.

"Ayos lang, sasamahan mo naman ako mag-dinner di ba?" Sabi niya ng nakangiti.

"Oo na, nagpapa-cute ka pa diyan." Sabi ko sa kanya.

"Hindi naman na ako nagpapacute, sabi kasi ng Papa ko cute na raw ako." Sabi pa niya sabay ngiti.

"Asus, pa-cute ka pa. Pero tama naman ang Papa mo, cute ka naman." Sabi ko sabay ngiti. Ngumiti rin siya kaya lumabas ang pantay at puti niyang mga ngipin.

"I like your smile." He said.

"Bola, sige na. Saan mo ba ako ililibre?" Tanong ko sa kanya.

He smiled showing his dimples before he speak. "Sa paborito ko."

****

"S-Sigurado ka? Kumakain ka ng dinuguan?" Tanong ko sa kanya. Hindi kasi ako makapaniwala na karinderya ang paborito niyang kainan.

Ngumiti ulit siya kaya lumabas na naman ang lubog na lubog niyang dimples.

"Oo, favorite ko 'to eh tsaka chicken adobo." Sabi niya. Namangha naman ako sa kanya at kahit papaano ay nawala 'yung sakit na kanina ay nararamdaman ko. Nakakaaliw kasi siya kausap at hindi siya nawawalan ng kwento. Fluent din siya sa tagalog dahil iyon ang lenggwahe nila kapag nasa bahay lang sila at sinanay talaga siya ng ina niya na magtagalog dahil Filipino raw siya at karapatan niya iyon.

"Ang sarap kaya ng dinuguan. Ikaw ba? You don't like?" He asked. I shook my head and I smiled.

"Gusto ko rin ang dinuguan pero iba ka kasi. Anak mayaman ka pero ikaw 'to at paborito iyan." Sabi ko sa kanya.

"What's the matter? Masarap eh. Pinakain sa akin 'to ni Pops dati tapos nahuli ako ni Mama kaya ayun, pinagbawalan ako. But I am a hard headed boy so I always eat this when I am craving." He said.

"Ilang taon ka na bang nanirahan sa ibang bansa?" Tanong ko sa kanya. Tinolang manok ang inorder ko at siya naman ay dinuguan, sinigang na baboy, bopiz at isang tapa. Ang takaw niya!

"I was only seven years old when we migrated in New Jersey, tapos ngayon lang ako nakauwi dito sa Pilipinas. I am twenty years old, single at gwapo. Apply ka?"

"Hindi na, may mahal na akong iba eh." Bigla akong natigilan sa sinabi ko.

May mahal na ako at si Greg iyon.

"I see."

Pinagpatuloy lang namin ang pagkain namin at naaliw ako sa kanya. Masayang kausap si Andrew, marami siyang kwento sa buhay. Kung paano siya mabasted ng unang crush niya, kung paano siya natutong mag basketball at kung anu-ano pa. Nakalimutan ko kahit papaano si Greg dahil sa kanya.

"Gusto mo ng ice cream? Ililibre kita." Sabi niya sa akin. Bigla akong natawa, may naalala ako.

"Buti ka pa nagyaya mag ice cream yung pinsan ko kasi isang baso lang ipinagdamot na." Sabi ko sa kanya.

"Hayaan mo na lang siyang tumaba." Natawa ako sa sinabi niya. Sana nga tumaba 'yung pinsan ko sa ice cream na pinagdamot niya.

"What flavor do you want?" He asked while looking at the menu. Nakakita kasi kami ng isang ice cream shop kaya doon kami pumasok.

"Guava flavor." Sabi ko. Bigla siyang tumawa ng malakas kaya nakuha niya ang atensyon ng ilan sa kumakain doon.

"Niloloko mo naman ata ako. Wala namang guava flavor na ice cream." Sabi niya.

"Hindi ka naman mabiro! Chocolate na nga lang." Sabi ko sa kanya.

Hindi namin kinain sa loob ng shop 'yung ice cream. Dinala niya ako sa sea bay at doon namin kinain 'yung ice cream na binili niya. Naglabas din siya ng snacks na nasa sasakyan niya.

"Thank you Andrew ah." Sabi ko sa kanya ng makaupo kami at panoorin ang mga kuminkinang na bituwin sa langit.

"Sus, wala 'yon. May bayad, date ulit."

"Date ka diyan! Pero seryoso, salamat kahit papaano nakalimutan ko 'yung problema ko." Sabi ko sa kanya.

"Banatan natin 'yung nanloko sa'yo? Ano?" Natawa ako sa sinabi niya. Si Greg? Babanatan niya? Baka nga 'yung gagong 'yun pa ang mambanat sa kanya. Knowing how devil he is.

"Huwag na, ako na lang bubugbog sa unggoy na 'yun." Sabi ko sa kanya.

"I like you." Bigla akong napalingon sa kanya sa sinabi niya. Napatanga bigla ako sa harap niya.

"I admit, I like you. Hindi kasi ako 'yung tipo ng lalaki na torpe. Gusto kita." Pag-amin niya sa akin. Napatulala lang ako sa kanya at hindi makapaniwala sa sinabi niya.

"H-Hindi na pwede-"

"I know." Tumingin ulit siya sa langit at pinagmasdan ang mga bituwin.

"Alam kong hindi na pwede dahil may mahal ka ng iba. Pero sana maging magkaibigan tayo kahit magkaiba tayo ng school. I hope we can still be friends." He said.

"Oo naman, pwede naman tayong maging magkaibigan." Sabi ko sa kanya. Ngumiti siya at nagulat ako sa sunod niyang ginawa.

He kissed me in my cheek.

"Thank you ha? Akala ko kasi tatanggihan mo ako bilang kaibigan. Buti na lang talaga gwapo ako." I just smiled.

Inisip ko na lang na galing siya sa liberated country at ayos lang sa kanila ang ganoon.

Hinatid niya rin ako pagkatapos namin tumambay sa sea bay. Halos tatlong oras rin kaming magkasama at sa mga oras na 'yon, nakalimutan ko kahit papano si Greg.

"Thank you for giving time for me Raisse. I am really happy." He said.

"Ayos lang, sa'yo nga dapat ako magpasalamat." Sabi ko sa kanya.

"No problem. Atleast I made you happy." He said.

"Oo nga salamat ulit sa-" Bigla akong natigilan ng tumunog ang phone ko. Ngayon ko lang kasi kinuha ang phone ko sa bag ko at hindi ko pa nasisilip simula kanina.

Greggy Boy Calling...

Ilang segundo kong tinitigan ang screen ng phone ko bago ko pindutin ang cancel button. Huminga ako ng malalim. Hindi ngayon Greg, hindi ngayon.

"So, I am going home. Salamat sa time at sa next date natin." Sabi niya sabay kindat sa akin. Ngumiti lang ako at pinanood ang pag-alis ng sasakyan niya hanggang sa mawala ito sa paningin ko.

Papasok na sana ako sa loob ng apartment ko ng may biglang magsalita sa likod ko.

"You ignored my call because of that stupid jerk. Nice, ang galing." He said

sarcasticly and I know that it's him.

Muli na namang bumalik ang sakit na naramdaman ko kanina. Bigla ay binayo ng martilyo ang puso ko sa bilis ng tibok nito.

"Tangna, nalingat lang ako saglit may iba ka na? Ang galing naman Raisse." Nagulat ako sa sinabi niya.

"H-Hindi totoo 'yan." Pigilan mo ang emosyon mo Raisse. Pigilan mo kahit ngayon lang.

"Hindi? Sino lolokohin mo ako? Kita na ng dalawang mata ko, Raisse." Mariin niyang sabi. I saw him clenched his jaw.

"K-Kaibigan ko lang si Andrew, kaib-"

"Wow! First name basis? Ang bilis naman ata. Ilang araw pa lang kitang girlfriend nakahanap ka agad ng-" I slap him, hard and tears fell down in my cheeks.

"Ganyan naman kayong mga babae! Hindi n'yo alam na nasasaktan din kaming mga lalaki! Nagseselos ako ng sobra Raisse! Hinanap kita kanina dahil gusto na kitang ipakilala sa kanila! Sinabi ko sa kanila na may girlfriend na ulit ako at gusto kong sabihin sa kanila na ikaw 'yon pero gusto ko kasama ka kapag sinabi ko 'yon! Pero ito lang pala 'yung madadatnan ko. Sobra ang pagseselos ko Raisse dahil ikaw lang ang bukod tanging babae na nakapagpapabaliw sa akin. Ikaw lang Raisse!" Hindi ako naka-imik sa sinabi niya.

Nagkamali ba ako ng hinala? Akala ko sila na ulit ni Greg dahil sabi nito ay may girlfriend na ulit siya. Mali ako, ako 'yung mali.

"S-Sorry, h-hindi ko sinasadya." Napayuko ako. Ilang minutong binalot ng nakabibinging katahimikan ang paligid namin. Wala ni isa sa amin ang nagsasalita pero binasag niya rin 'yon.

"Magpapalamig muna ako. Ayokong magalit sa harap ng babaeng mahal ko." And with that, he turned his back on me and walked away.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Twenty Six

TWENTY SIX

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

Tahimik at mag-isa lang akong kumakain sa canteen. Pinili kong kumain sa dulo upang makapag-isip ng maayos. May importante kasing gagawin si Dana kaya hindi ko siya ngayon kasama. Isang araw na ang lumipas at hindi pa rin siya nagpaparamdam sa akin.

I must admit, I miss him. Miss ko na ang kakulitan ni Greg at ang boses niya at ang mga kapilyuhan niya. Miss na miss ko na siya kahit pa isang araw pa lang ang nakakalipas. Gusto kong mag sorry sa kanya at magpaliwanag oras na makita at makausap ko siya. Alam ko na ako ang may mali at dapat akong humingi ng tawad sa kanya, he deserve that. Hindi naman porket babae ako, lalaki ang gagawa ng first move. Kung alam kong mali ako, ako ang gagawa at iyon ang gagawin ko ngayon.

Bigla akong natigilan ng biglang mahagip ng mga mata ko ang kakapasok lang na babae at lalaki. Tila binabayo ng martilyo ang puso ko sa bilis ng tibok nito.

It's Greg with another girl.

Nakaramdam ako ng sakit sa dibdib ko lalo na ng magtama ang mga mata namin at tila hindi niya ako kilala at umiwas lang siya ng tingin. They are holding each other hand at nakangiti silang pareho na tila masaya sa piling ng isa't isa.

Naramdaman ko ang pangingilid ng luha ko at kahit anong oras ay babagsak na ang mga luha ko. Pilit kong pinipigilan ang emosyon na nararamdaman ko, ang sakit na nararamdaman ko.

Umupo silang dalawa malapit sa kinaroroonan ko at hindi ko alam kung sinasadya nila 'yon dahil kitang kita ko sila mula sa pwesto ko. Kitang kita ko ang mga ngiti sa mukha nila at ang saya sa mga mata nila. Kitang kita ko kung paano ngumiti at kung paano makipag-usap si Greg sa babaeng nasa harap niya.

Nagseselos ako.

Ganoon na lang ba 'yon? Porket ba ako ang may kasalanan, maghahanap na lang siya bigla ng ibang babae? Akala ko ba mahal niya ako? Nasaan na 'yon? Palabas niya lang? Pakulo niya lang? Isang malaking biro niya lang?

Tila sinasak ng ilang ulit ang puso ko sa nakikita ko ngayon. He kissed her in her cheeks. I bit my lower lip to suppress my emotion, to hold it. Hindi ko kaya ang nakikita ko.

Hindi ko kaya dahil mahal ko siya.

At ang makita ang taong mahal mo na may kasamang ibang babae ay masakit, hindi pala. Sobrang sakit!

Hindi ko na kinaya pa ang sakit na nararamdaman ko sa huli kong nakita. Agad kong kinuha ang gamit ko at pagkalayong pagkalayo ko roon ay bigla namang bumagsak ang mga luha ko mula sa mga mata ko.

Traydor na mga luha.

Bakit naman siya ganoon? Sana naman kinausap niya ako kung ayaw na niya. Sana naman hindi na lang niya sinabi na mahal niya ako kung ganito rin lang naman pala ang mangyayari at sana naman hindi niya ako pinaglaruan.

Para saan ba ang ginagawa niya? Para ba ipamukha sa akin na wala akong halaga? Na wala akong kwenta? Na isa lang akong hamak na babae na napaibig niya? Na kaya niya akong paglaruan tulad ng iba pa niyang babae? O baka naman na challenge lang siya sa akin kaya niya ako sinubukan?

"I hate you Greg for doing this to me. I hate you." I said to myself. Tinakpan ko ang bibig ko para hindi makawala ang mga hikbi ko kahit pa nasa bakante akong classroom napadpad.

"I really hate you..." I said as tears escaped my eyes.

"I love you." Bigla akong natigilan ng marinig ko bigla ang boses niya mula sa likuran ko. Hindi agad ako nakakilos lalo na bigla niya akong yakapin mula sa likod.

"Alam mo ba na ang saya-saya ko ngayon dahil nalaman kong mahal na mahal mo ako? Ang saya ko ngayon dahil sa'yo Raisse." Sabi niya. Tila tumigil ang paligid ko dahil sa sinabi niya at para bang nawala na lang bigla ang galit at inis na nararamdaman ko kanina sa kanya.

"Success ba 'yong pagseselos ko sa'yo? Mukha naman eh, nag-walk out ka." Sabi niya. He kissed my cheek.

I turned myself to him and I met his face with a smile.

"Nagseselos ka—" Hindi na niya naituloy ang sasabihin niya ng bigla ko siyang paghahampasin sa dibdib niya.

"Nakakainis ka! Naiinis ako sa'yo!" Paulit ulit kong sabi sa kanya habang pinaghahampas siya. Inilabas ko lahat ng galit ko sa kanya dahil sa ginawa niya.

Pero bigla na lang niyang hinawakan ang dalawa kong kamay at siniil ako ng hilik. Pilit kong sinasabi sa isipan ko na huwag kong sagutin ang mga halik niya, ngunit tila may sariling isip ang mga labi ko at awtomatikong sinagot ang mga halik niya. Kahit na isang araw pa lang kaming hindi nagkakausap at nagkikita, miss na miss ko na siya.

Ganito ba talaga ang nagagawa ng pagmamahal? Para kang mababaliw? Para kang masisiraan ng bait?

We were both breathless when we ended the kiss. He put his arms around my waist and pulled himself closer to me.

"Sinubukan ko kung magseselos ka rin ba katulad ng pagseselos ko sa inyo ng Sy na 'yon. Sinubukan ko kung mararamdaman mo rin ba ang naramdaman kong selos ng gabing 'yon. And I think I succeed. I made you jealous. You love me." Sunod sunod na sabi niya sa akin.

"Nakakainis ka!" Sabi ko sa kanya.

"Sorry na nga Misis, suggestion kasi 'yon ni na Alex at Allen. Pagselosin daw kita para malaman kung mahal mo rin ba ako o hindi." Sabi niya sabay kamot sa likod ng ulo niya. Mga impakto niyang teammates!

"Nagdududa ka ba na mahal kita?" Tanong ko sa kanya.

"Hindi, I just confirm it. Alam kong mahal mo rin ako. Sino bang hindi magmamahal sa gwapong tulad ko? Pero aaminin ko, sobra ang selos ko sa Sy na 'yon. Ayoko lang kitang mawala kasi ikaw nga lang ang nakakagawa nito sa akin. Ikaw lang." Sabi niya.

I smiled to him.

"Mas gwapo naman ang baby ko kesa kay Andrew." Nakangiti kong sabi sa kanya.

"Huwag mo akong tawaging baby!" Nakasimangot niyang sabi sa akin.

"So kapag si Gwen mo ayos lang? Ako hindi?" Sabi ko sa kanya.

"That's my point, si Gwen ang may tawag sa akin non. Believe me, I always wanted to puke whenever she is calling me in that endearment. I want you to call me, Montemayor ko." He said while smilling from ear to ear.

"Montemayor ko." Wala sa sarili kong sabi.

"Oo, Montemayor ko. Dahil pagmamay-ari mo na ako Raisse. Sa'yo lang ako tandaan mo 'yan, okay?" He said. Hindi ko alam kung bakit parang binabayo na naman ang dibdib ko. Pero isa lang ang alam ko, dahil ito sa kanya.

I suddenly kissed him in his lips which makes him stunned.

Bakas sa mukha nito ang pagkagulat dahil sa ginawa ko. Hindi ko alam kung bakit bigla ko na lang ginawa iyon. Unti unti rin napalitan ng ngiti ang kaninang gulat sa mukha niya.

"I love you." Sabi niya ng walang pag-aalinlangan sa akin.

"Ikaw hah! Porket nahalikan ka lang gumaganyan ka na." Sabi ko sa kanya. Bigla naman siyang nag-iwas ng tingin at kita ko ang biglang pamumula ng mukha niya.

"Ang hirap pa lang kiligin sa harap ng babaeng mahal mo." Sabi niya ng pabulong sa sarili niya pero hindi pa rin iyon nakaligtas sa pandinig ko.

"Asus, kinikilig ka?" Sabi ko sabay tawa. Sumimangot lang siya at mas inilapit pa ang sarili niya sa akin.

"May usapan tayo Misis, baka nakakalimutan mo." Sabi niya bigla. Kumunot naman ang noo ko sa sinabi niya.

"Hah? Ano naman 'yon?" Tanong ko sa kanya.

"Di ba sabi ko kapag nakita kitang kasama ng Sy o Miguel na 'yon, bubuntisin na kita? Alam mo bang sagad na sagad ang pagseselos ko ng gabing 'yon? Gusto kong basagin ang mukha ng lalaking 'yon! Tangna, akin ka lang at wala ng ibang pwedeng umangkin sa'yo." Seryoso niyang sabi.

Napalunok ako ng wala sa oras. Bubuntisin niya ako? Seryoso ba siya?

"A—Ano, s—sigurado ka ba? Hindi ba natin pwedeng pag-usapan 'yan?" Sabi ko sa kanya.

"Hindi pwede! Ang usapan ay usapan, kaya tara na sa apartment mo at simulan na natin ang pagbuo kay Jr!" Sabi niya sabay akbay sa akin.

"Jr ka diyan! Tumigil ka nga Montemayor!" Sabi ko sa kanya.

"Tara na! Para ma-meet mo na si pare, gusto ka na niyang makita alam mo ba 'yon? Sabi niya, 'Hi Raisse, I'm Pare. You can touch me if you want, it's free' sabi niya sa akin 'yan. Kaya tara na!" Ngumiti siya ng nakakaloko. Siraulo talaga 'tong

lalaking 'to.

"Isa kapag hindi ka tumigil diyan. Kahit kaylan napakapilyo mo!" Sabi ko sa kanya sabay pisil sa ilong niyang matangos.

"Hindi mo ako na-miss? Ako kaya miss na kita! Kung hindi lang dahil sa plano ni Allen at Alex pupuntahan agad kita para ma-kiss kita eh. Pero sabi nila, magpa-miss naman daw ako kahit papaano sa'yo." Sabi niya ng nakasimangot. Para talagang bata 'tong si Greggy boy.

"I missed you." I said. Bigla naman siyang napatitig sa mga mata ko.

"Talaga? Miss mo na ako?" Tanong niya.

"Oo, na-miss ko ang kapilyuhan at kakulitan mo. Na-miss kita ng sobra." Pag-amin ko sa kanya.

"Kiss mo nga ako kung na-miss mo talaga ako." Sabi niya pa.

"Ikaw talaga, kahit kaylan ang kulit!" Pinaningkitan ko siya ng mata.

"Di mo naman ako na-miss, 'wag na lang." Sabi pa niya at akmang tatalikod sa akin ng bigla ko siyang halikan ulit.

This time, the kiss is very passionate and very sensual. He is kissing me toridly and I let him invade my mouth by his playful tongue. How I love this man!

"Marquez! Montemayor!"

Bigla kaming naghiwalay ng marinig naming ang isang boses na kinatatakutan ng lahat.

It's her, the terror dean.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Twenty Seven

TWENTY SEVEN

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Umayos ka na nga Montemayor! Kasalanan mo 'to eh!" Naiirita kong sigaw sa kanya.

"Wala na nga 'yung dean, tuloy na natin 'yung labing labing natin." Sabi niya ulit.

"Isa, sasakalin kita! Ayusin mo 'yang ginagawa mo hindi puro kabastusan ang iniisip mo!" Sabi ko sa kanya. Ngumuso lang siya na parang bata at tsaka sumimangot.

"Parang isa lang, wala namang tao dito." Bulong niya pa sa sarili niya.

"Kaya nga tayo nahuli dahil diyan sa kapilyuhan mo tapos ayaw mo pa tumigil? Grabe ka naman Montemayor!" Hindi ko makapaniwalang sabi sa kanya.

"Bakit ba? Masarap eh!" Dahilan niya pa.

"Umayos ka nga, para kang bata diyan!" Sabi ko sa kanya. Sumimangot lang ulit siya at pinagpatuloy ang ginagawa niya.

Kanina pa kasi niya ako kinukulit tungkol sa kiss at pasimple siyang chumachansing sa akin. Kaming dalawa kasi ang pinaglinis ng dean ng buong pool ng University bilang parusa sa ginawa namin. Kaya pagkatapos ng klase ay dito kami dumiretso, buti na lang wala kaming practice ngayon.

"Sige na kasi, isa lang ulit." Sabi niya na naman.

"Di ba sabi ko sa'yo tapusin mo na 'yang ginagawa mo para makauwi na tayo ng maaga? Kapag hindi ka talaga tumigil, sasapakin na kita." Banta ko sa kanya.

"Isa nga lang kasi, parang kiss lang eh. Wala namang mawawala sa'yo." Pagpupumilit niya.

He even pouted.

"Pulos ka naman kalokohan Greg!"

"Sige na hindi na, pero sa apartment mo ako mamaya ah!" Nakangiti niyang sabi.

"Bakit ba ang kulit kulit mo? Gusto mong ihampas ko sa'yo 'to?" Sabi ko sa kanya. Namumuro na talaga 'tong lalaking 'to at nangangati na akong hampasin siya ng panlinis ng pool eh.

"Mag bebehave ako sa apartment mo mamaya, promise!"

"Ano na naman bang gagawin mo roon? May condominium ka naman!"

"Mas gusto ko sa apartment mo eh! Binebaby mo ako." Sabi niya.

"Para ka talagang bata. Umayos ka nga!"

"Sige na Misis, mag bebehave talaga ako kapag nandoon na ako. Please? Please? Please?" Sabi pa niya.

Matagal ko siyang tinitigan sa mukha. Nakangiti siya ng maluwag at parang batang nakikiusap na bilhan siya ng laruan. Huminga muna ako ng malalim bago muling magsalita.

"Siguraduhin mong mag bebehave ka kung hindi sisipain kita palabas ng apartment ko." Sabi ko sa kanya. Bigla namang nagliwanag 'yung mukha niya at nagtatatalon sa tuwa.

"Iskor na 'to!" Rinig ko pang sabi niya. Umiling na lang ako ng ilang ulit.

****

"Misis, bakit ang linis linis lagi ng apartment mo? Hindi ko pa ata 'to nakikitang marumi." Sabi ni Greg sa akin habang nagliligpit ako ng plato. Nakaupo lang siya sa upuan malapit sa akin.

"Ganoon talaga kapag babae, dapat malinis hindi burara. Palibhasa kayong mga lalaki, puro kayo pasarap." Sabi ko sa kanya.

"Grabe ka naman, hindi naman ako puro pasarap lang. Pinaghirapan naman kita ah?" Sabi niya. Bigla akong natigilan.

Ako pinaghirapan niya?

"Saan banda mo naman ako pinaghirapan? Ni hindi ko na nga pinatagal ng isang buwan ang panliligaw mo dahil sa kakulitan at kapilyuhan mo." Sabi ko sa kanya.

"At tignan mo nga 'yang itsura mo, wala ka na namang damit pang itaas. Sinasabi ko sa'yo Montemayor, kapag nagka sakit ka na naman!" Sabi ko sa kanya habang

napapailing.

"Pinagbigyan mo lang ba ako? Kaya mo ako sinagot?" Napatigil ako sa sinabi niya.

Lumingon ako sa kanya at tinignan siya ng seryoso sa mga mata niya. Mga mata niyang gustong gusto ko sa kanya.

"Kahit ano pang kakulitan ang meron ka, tatanggapin kita. Kahit ano pang kapilyuhan at kabastusan ang lumalabas diyan sa bibig mo, ikaw pa rin si Greg na mahal ko. Kaya itigil mo 'yang pag dadrama mo. Hindi bagay sa macho mong katawan." Sabi ko sa kanya. Bigla namang nagliwanag ang mukha niya at ngumiti ng abot tenga.

"Talaga? Kahit sobrang kulit ko na? Mahal mo pa rin ako?" Tanong niya.

"Oo. May magagawa pa ba ako?" Sabi ko sa kanya. Bigla naman siyang tumayo at niyakap ako mula sa likod.

"Hindi ko alam kung ano ang ginawa mo sa akin. Pero handa akong magbago para lang sa'yo Raisse. Lakas ng gayuma mo sa akin Misis!"

"Gayuma ka diyan. Umupo ka na nga lang ulit at hindi pa ako tapos dito." Sabi ko sa kanya.

Ninakawan muna niya ako ng halik bago siya umupo ulit. Masasabi kong masaya ako ngayon dahil nandito siya at kahit pa na pilyo at makulit siya. Mahal na mahal ko siya.

****

"Misis, ilan ba gusto mong maging anak natin?" Bigla niyang tanong sa akin.

"Tumigil ka nga sa anak anak na 'yan. Mahirap mag buntis at mahal." Sabi ko sa kanya. Nilagyan ko ng tinolang manok ang tasa sa harap niya at nilagyan ko rin ang plato niya ng kanin. Kanina pa kasi siya nagrereklamo na gutom na raw siya.

"Masarap naman gawin 'yon. Subukan natin mamaya?" Sabi niya ng may nakakalokong ngiti sa mukha.

"Tumigil ka. Wala akong pakielam kung masarap gawin 'yon. Tsaka nasa harap tayo ng pagkain, itikom mo 'yang bastos mong bibig." Sabi ko sa kanya.

"Pero gusto ko talaga ng dalawang lalaki para matuturuan ko sila ng basketball. Pero mas maganda kung makaka lima tayong lalaki para basketball team na!" Sabi niya. Pinaningkitan ko siya ng mata. Parang ang dali dali magbuntis ah!

"Kung ikaw kaya magbuntis?" Mataray kong sabi sa kanya.

"Nag susuggest lang naman ako. Nagpipigil na nga lang ako at mag dadalawang buwan na akong walang sex. Gusto ko kasi maging loyal sa'yo." Sabi niya.

"Ako pa lokohin mo. Ikaw? Baka nga kahapon o noong isang araw lang nambabae ka eh." Sabi ko sa kanya.

"Hindi nga, ikaw lang babae ko." Sabi niya.

"Lokohin mo pa ako at teka nga. Bakit ba sa tuwing nandito ka, lagi ka na lang walang saplot sa katawan?"

"Ang slow mo naman! Inaakit nga kita hindi mo pa halata? Pero hindi ka ata marunong maka-apprecite ng machong katawan." Sabi niya.

"Naakit naman ako sa'yo, pero nangingibabaw kasi 'yung inis ko sa'yo kapag naglilikot ka. Ang laki-laki mong tao pero ang likot mo."

"Sa'yo lang naman." Sabi niya.

"Kumain ka na lang diyan. Alam ko namang kanina ka pa nagugutom." Sabi ko sa kanya. Kumain naman siya at palihim ko siyang sinusulyapan habang kumakain. Sunod sunod ang pagsubo niya ng kanin at ganadong ganado kumain. Minsan tuloy nagtataka ako kung saan niya nilalagay ang napakaraming kanin sa tiyan niya. May abs kasi.

"Dahan dahan lang sa pagkain, hindi ka muubusan."

"Opo." Sabi niya sa akin.

Kung tatanungin ako kung sapat na siya para makasama ko pang habang buhay? Oo ang isasagot ko. Dahil kahit ganyan siya kakulit at kapilyo, alam ko na mahal na mahal niya ako.

****

"K—Kayo na Captain?" Hindi makapaniwalang tanong ng mga teammates niya. Kung sipain ko kaya sila?

"Oo, bakit?" Tanong ni Greg.

Bigla na lang kasi akong hinatak ni Greg papunta sa basketball room at ipinakilala sa mga teammates niyang siraulo.

"Kunwari ka pa Captain, papatulan mo rin pala si Marquez." Sabi ni Glenn sa kanya.

"Humingi pa ng advice sa amin, binata na si Captain! Bilog na ang utot." Sabi ni Alex.

"Si Captain tuli na!" Sabi ni Allen at tsaka sila naghagalpakan ng tawa. Sumimangot lang ulit si Greg at tsaka umakbay sa akin.

"Buti pinatulan mo 'yan Marquez? Si Captain? Dating mong mortal na kaaway? Nakanang, iba na talaga nagagawa ng pag-ibig." Sabi ni Cedric.

"Tumigil nga kayo!" Namumulang sabi ni Greg.

Tinukso lang siya at inasar-asar ng mga teammates niya. Asar talo kasi si Greg kaya madaling mapikon. Para kasing bata at ayaw magtino.

"Nababadtrip ako, sana hindi na lang kita pinakilala sa kanila." Sabi ni Greg habang nakasimangot. Bigla akong tumawa ng mahina.

"Pinagtatawanan mo pa ako!" Asar na sabi niya.

"Hindi ah, ang cute mo lang kasi." Sabi ko sa kanya.

"Tangna talaga, kapag may pumorma pa sa'yo babasagin ko na talaga ang mukha." Sabi niya. Bigla ko siyang hinampas ng mahina sa dibdib niya.

"Umayos ka nga, para kang bata na aagawan ng candy eh. Hindi naman kita ipagpapalit sa kanila. Di ba sabi mo mas pogi ka sa kanila?" Sabi ko sa kanya.

"Kahit na, ayoko ng may umaaligid sa'yo. Gusto ko ako lang ang gwapo sa paningin mo." Sabi niya.

"Ikaw lang naman talaga." Sabi ko.

"Tsk." Iniwas niya ang mukha niya kasi biglang namula. Ang cute!

"Montemayor ko, 'wag kang mag-aalala. Ikaw lang ang gwapo sa pangingin ko, kung may mas gwapo man sa'yo. Lagi mo lang isipin na mas mahal naman kita." Sabi ko sa kanya. Tinignan niya ako ng matagal sa mata at nababasa ko ang kasiyahan doon.

Those green eyes he has.

"Kung may makita man akong mas maganda at mas sexy sa'yo, hindi ako pipikit." Bigla akong napasimangot sa sinabi niya.

"Okay." Malamig kong sabi sa kanya.

"Hindi ako pipikit, kasi kahit saan ako tumingin mukha mo lang ang nakikita ko. Mahal kita, okay? Mahal na mahal. Lagi mo lang tandaan na akin ka. Akin ka Raisse."

"Oo na, ang possessive nito!" Sabi ko sa kanya.

"Hehe, wala bang mahal rin kita diyan?" Sabi niya. Bigla akong napangiti.

"Mahal rin kita, inunahan mo lang ako!" Sabi ko sa kanya.

Masaya ako dahil kasama ko siya. Masaya ako dahil nasa tabi ko siya at masaya ako dahil mahal niya rin ako. Hindi ko alam na ganito pala kasarap magmahal. Hindi ko alam na masaya pa lang mahal ka rin ng taong mahal mo.

"Greg, can we talk?" Bigla kaming natigilan ni Greg ng may magsalita sa likuran namin. Lumingon kaming dalawa upang malaman kung sino iyon.

And it's Gwen.

Bigla akong nakaramdam ng kaba sa pagdating niya. Parang mayroong hindi magandang mangyayari.

"I want to talk to you Greg in private."

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Twenty Eight

TWENTY EIGHT

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

Bigla akong nakadama ng kaba sa biglang pagdating ni Gwen. Marahan ko siyang tinignan at mababatid kong may nagbago sa kanya.

"Why we need to talk in private? Bakit hindi mo na lang sabihin sa harap ng girlfriend ko?" Mariing sabi ni Greg kay Gwen. Tila parang binuhusan naman si Gwen ng napakalamig na tubig sa sinabi ni Greg dahil natigilan ito.

"Please Greg, I want to talk with you in private." Nagmamakaawang sabi nito kay Greg.

"I don't want to talk—" Pinutol ko ang sana'y sasabihin ni Greg.

"Go, talk to her. May tiwala naman ako sa'yo." Sabi ko kay Greg at tsaka ako ngumiti ng maluwag sa kanya. Tinignan naman niya ako na tila nagtatanong kung sigurado ba ako sa sinasabi ko.

"Babalik din ako, okay? I love you." Bigla ay para na namang binayo ang puso ko sa sinabi niya.

"Ikaw nag papasweet ka na naman." Sabi ko sa kanya ng nakangiti.

"Parang naglalambing lang." Sabi niya at tsaka sumimagot.

"Sige na, pwede ka na pumunta sa apartment ko mamaya. Alam ko 'yang mga galawan mong 'yan." Sabi ko sa kanya. Bigla namang nagliwanag ang mukha niya at walang sabi sabing hinalikan ako sa labi.

"Mamaya ah, sabi mo 'yan!" Sabi niya at tsaka tumalikod sa akin at hinaharap si Gwen.

"Where do you want us to talk?"

"Follow me." Gwen said and then they turned their back at me and walked away.

I sighed.

Bakit nakakaramdam ako ng kaba ngayon? Bakit pakiramdam ko ay mayroong hindi magandang mangyayari?

I sighed again for one last time.

"What's with the sigh?" Bigla akong napalingon sa taong nagsalita sa may likuran

ko.

"M—Miguel."

"Kamusta na?" Marahan niyang tanong sa akin.

"A—Ayos lang ako. Ikaw?"

"Huli na pala ako. I already heard about the news." He smiled painfully.

"M—Miguel."

"It's okay. Tanggap ko namang wala akong laban kay Greg. After all, alam ko namang siya rin ang gusto mo." He said.

"I—I am sorry." I said.

"You don't need to say sorry. Masaya ako para sayo at sana maging masaya ka rin sa kanya." He gave me a smile.

"Miguel."

"I need to go, bye Raisse. Sa susunod na lang ulit." He said then he walked away.

Naiwan lang akong nakatanga roon.

****

Makailang ulit na akong tumingin sa orasan sa dingding pero wala pa rin si Greg. It's already seven thirty in the evening at wala pa rin siya. Hindi rin siya nag tetext o tumatawag man lang. Ngayon pa lang ay nakakaramdam na ako ng kaba. Kanina pa kasing tanghali ng mag-usap sila at hanggang ngayon ay wala pa si Greg.

Muli kong tinignan ang screen ng phone ko pero wala pa rin ni isang text o tawag akong natatanggap. Sana lang talaga at walang masamang nangyari kay Greg.

Ipinikit ko na lang ang mata ko at isandal ang likod ko sa sofa hanggang sa unti unti akong dalawin ng antok.

Nagising ako sa magkakasunod na katok mula sa labas ng pinto ng apartment ko. Dahan dahan akong nagmulat ng mata at inaninag ang orasan na nakasabit sa batong ding ding ng apartment na tinutuluyan ko. Pasado alas diyes na ng gabi. Mahigit dalawang oras din pala ang naging tulog ko.

Marahan akong tumayo upang tignan kung sino ang taong kumakatok sa labas. Nang mahawakan ko na ang seradura ng pinto, doon ako nakaramdam ng kaba. Bakit may taong kakatok sa ganitong oras ng gabi?

Nilakasan ko ang loob ko at hinanda ko ang sarili ko. Huminga muna ako ng malalim bago pihitin ang seradura ng pinto.

"Greg!" Halos manlaki ang mata ko ng biglang bumagsak sa harapan ko si Greg. Yumakap ito sa akin ng mahigpit.

"A—Ano'ng nangyari sa'yo?! Greg!" Bigla ay parang binayo ng martilyo ang dibdib ko. Agad ko siyang inihiga sa sofa ng apartment ko at doon ay mas lalo kong nakita ang bugbog sarado niyang mukha. Napatakip ang kamay ko sa bibig ko na makita ang t-shirt niya na puno ng dugo. Sino ang taong gagawa nito sa kanya?

"Greg! Gumising ka, ano'ng nangyari sa'yo? Greg!" Kinakabahan kong sabi sa kanya.

"R—Raisse." Iyon lang ang ang nasabi niya bago siya nawalan ng ulirat. Agad akong kumuha ng bimpo at maligamgam na tubig. Pinasalamatan ko rin ang sarili ko ng makita kong may yelo sa ref ko. Agad ko iyong kinuha at nagmamadaling tinungo ang pwesto niya.

Agad kong pinunasan ang mukha niya ng bimbo na binasa ko sa maligamgam na tubig. Kumuha rin ako ng alcohol at betadine para gamutin ang mga sugat niya sa mukha. Malakas ang kabog ng dibdib ko habang pinupunasan ang mukha niya at ginagamot ang mga sugat niya. Napakaraming tanong ang pumapasok sa isip ko pero isa ang nangingibabaw doon.

Si Gwen ba ang nasa likod nito?

Biglang nag-init ang buo kong katawan sa galit pero ng makita ko ang kalagayan ni Greg ay bigla na lamang kumalma ang sistema ko. Ginamot ko ang mga sugat niya sa mukha at pinunasan ko rin ang buo niyang katawan. Kahit nahihirapan akong hubarin ang suot niyang t-shirt, ginawa ko ang lahat para maalis iyon dahil nag-aapoy rin ang buo niyang katawan sa lagnat.

Pilit ko siyang ginising upang palipatin siya sa kwarto at gumising naman siya. Inalalayan ko siya hanggang sa maihiga ko siya sa kama ko.

Muli ko siyang tinignan at naawa ako sa kalagayan niya. Sino ang gagawa nito sa kanya? Sina Gwen ba? May kaaway ba siya? Pero duda ako na si Gwen ang nasa likod ng lahat ng ito. Siya lang ang huling nakasama ni Greg at malamang na si Gwen ang may pakana nito.

"R—Raisse." Bigla akong natigilan sa pag-iisip ng marinig ko siyang magsalita. Nakapikit pa rin siya at habang nakakunot ang noo. Hinawakan ko ang kamay niya at

marahan kong hinawi ang buhok niya na dati ko ng ginagawa sa kanya. Kumalma naman siya at nawala ang pagkunot ng noo niya. Patuloy ko lang ginawa iyon at magdamag ko siyang binantayan.

****

Naalimpungatan ako ng maramdaman ko ang pagalaw ng kama. Agad akong nagmulat ng mata at tinignan si Greg. Pinipilit nitong tumayo.

"Greg! Puro ka pasa at nilalagnat ka pa, magpahinga ka muna!" Suway ko rito. Agad naman itong tumingin sa akin, pero nabigla ako ng bigla niya akong yakapin.

"G—Greg, may problema ba? Ano bang nangyari sa'yo?" Tanong ko sa kanya habang yakap yakap niya ako.

"I love you, okay? No matter what happened, I love you. I will fight for you." He said. Parang awtomatikong kumilos ang mga kamay ko at niyakap ko rin siya.

Ilang minuto kaming nasa ganoong posisyon ng humiwalay ako sa kanya.

"Sabihin mo sa akin, sino ang may gawa niyan sa'yo?" Seryoso kong tanong sa kanya.

Naghintay ako ng sagot pero tinitigan niya lang ako sa mga mata.

"Greg, sino?"

"You don't need to know."

"Si Gwen ba ang nasa likod ng lahat ng 'to?" Tanong ko sa kanya. Hinintay ko ang sagot niya pero nagulat ako sa biglang sinabi niya.

"No, it's not Gwen." Sabi niya at tsaka siya nag-iwas ng tingin.

Mayroong mali. Kilala ko si Greg, at alam ko kung kaylan siya nagsasabi ng totoo.

"Greg—"

"Please, let's not talk about it." Mariin niyang sabi sa akin.

"Kumain ka na ba?" Tanong ko sa kanya pero nagulat ako sa sinagot niya.

"I want to go home." He said.

Bigla akong natigilan.

"Hindi pa maayos ang lagay mo Greg, dito ka na lang muna. Walang mag-aalaga sa'yo sa unit mo." Sabi ko sa kanya.

"I said I want to go home! Hindi mo ba narinig 'yon?!" Doon na ako natigilan. Hindi niya ako sinigawan ng ganito sa haba ng pagsasama namin. Kahit na short tempered siyang tao, pagdating naman sa akin tiklop siya. Pero bakit niya ako sinigawan?

"Greg, may problema ka ba?" Seryoso kong tanong sa kanya.

"Wala akong problema, gusto ko ng umuwi." Mahinahon niyang sabi.

"Greg, alam kong hindi ka nagsasabi ng totoo. May nangyari ba?" Tanong ko sa kanya. Tinitigan ko siya sa mata at tinitigan niya rin ako. Ramdam ko na mayroong mali at gusto kong malaman kung ano ba 'yon.

Ayoko ng ganito na parang hindi niya ako kilala na parang hindi siya ang Greg ko dahil nasasaktan ako.

"Greg?"

"Please Raisse, wala akong problema kaya huwag ka ng magtanong. Uuwi na ako, tatawagan na lang kita kapag ayos na ako." Sabi niya at tsaka nagmamadali tumayo at lumabas ng kwarto.

He left.

Ramdam ko ang biglang pag-uunahan ng luha mula sa mga mata ko. Ano'ng nangyari? Iyon ang tanong sa isipan ko. Ano ang mali, ano ang nangyari? Bakit bigla na lang siyang nagbago ng pakikitungo sa akin? May mali ba?

Tumayo ako at sinundan siya pero ang tanging naabutan ko na lang ay ang pagharurot ng kotse niya.

Ngayon lang ako nakaramdam ng ganito, ngayon ko lang naramdaman ang ganitong sakit sa dibdib ko. Na para bang isa akong bata na iniwan ng mga magulang niya sa gitna ng dilim. Na para bang napaglaruan ako. Bakit?

Maraming tanong sa isipan ko ngayon na alam kong siya lang ang makakasagot, pero isa lang ang gusto kong masagot.

Ano'ng meron sa singsing niya sa kamay?

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Twenty Nine

TWENTY NINE

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

Isang lingo na ang lumilipas ngunit wala ni isang Greg akong nakita. Hindi pa siya nagpaparamdam simula ng gabing iyon at hindi rin siya pumapasok sa mga klase niya. Tinatanong na rin ako ng mga teammates niya kung may balita ba ako sa kanya pero wala rin akong maisagot. I already texted and called him for so many times, but there's no any answer from him. Sobra na ang pag-aalala ko sa kanya at gusto kong malaman kung ano ba ang nangyayari sa kanya.

Gusto ko rin sanang tanungin si Gwen ngunit katulad ni Greg, hindi pa rin ito pumapasok.

"Captain, ayos ka lang ba?" Tanong sa akin ni Dana. Lumingon naman ako sa kanya at binigyan siya ng tipid na ngiti.

"Ayos lang ako." Pagsisinungaling ko sa kanya.

"Mukhang hindi ka ayos Captain, balisa ka." Puna niya sa akin. Marahan kong inihilamos ang mga palad ko sa mukha ko. Hindi ko na alam ang gagawin ko. Gusto kong malaman kung ano na ang kalagayan niya ngayon, kung bakit hindi pa siya nagpaparamdam sa akin at kung bakit hindi man lang niya sinasagot ang mga text o tawag ko.

"Captain, may problema ba kayo ni Greg?" Tanong niya sa akin. Yes, she knew everything between us. After all, she is my bestfriend and she has the right to know.

"Hindi ko alam Dana, pero parang may mali sa kanya." Ikamamatay ko na siguro kung wala pa akong pagsasabihan ng problema ko. Problema ko nga ba?

"Nag-away ba kayo?" Tanong niya sa akin.

"No, hindi kami nag-away."

"Eh ano?" Tanong niya. Napatingin ako kay Dana.

"Nag-usap sila ni Gwen then he came to my apartment, things suddenly changed." I said.

"Nagpupunta na siya sa apartment mo?!" Gulat na tanong ni Dana sa akin.

"O—Oo, natulog na siya katabi ko." Pag-amin ko kay Dana. Hindi ko kasi naikukwento sa kanya na natulog na si Greg sa apartment ko.

"Oh my gosh! Don't tell you two had sex?!" Sabi niya. Tinapunan ko siya ng masamang tingin.

"Gaga, hindi ako ganoon kababang babae! Natulog lang siya at normal lang iyon dahil boyfriend ko naman siya." Sabi ko sa kanya kahit na nakatulog na si Greg sa apartment ko kahit hindi pa kami on.

"Siguraduhin mo lang Raisse! Kung hindi talaga masasabunutan kita." Sabi niya sa akin. Napangiti naman ako ng tinawag niya ako sa pangalan ko. Tinatawag lang akong ganoon ni Dana kapag galit o naiinis na siya sa akin.

"Alam ko." Sagot ko sa kanya. Binalot ulit ng katahimikan ang paligid namin.

"Talk to him." She said.

"How? Ni hindi nga siya nagpaparamdam sa akin. Hindi rin siya pumapasok so paano ko siya kakausapin?" Tanong ko sa kanya.

"Ikaw mismo ang lumapit sa kanya. Puntahan mo siya sa unit niya, hindi ba't may spare key ka ng unit niya?" Bigla akong natigilan. Tama si Dana, pupuntahan ko siya sa unit niya.

"Dana, minsan pala may pakinabang ka 'no?" Sabi ko sa kanya. Ngumiti ako sa kanya at dali daling inayos ang mga gamit ko.

Nasa labas na ako ng school ng mamataan ko ang isang pamilyar na sasakyan at hindi ako nagkamali sa hinala ko ng lumabas siya mula sa roon.

"Andrew."

"Hi, it's nice to see you again." He said while smilling very broad.

"Ano'ng ginagawa mo dito? Pinagtitinginan ka tuloy ng mga estudyante." Sabi ko sa kanya. Lumingon naman siya sa paligid.

"Gwapo ako, magagawa ko?" Pagmamayabang niya.

"Oo na, gwapo ka na kung gwapo. Pero ano bang sadya mo dito?" Tanong ko sa kanya.

"Yayain sana kitang mag meryenda. Ayos lang ba sa'yo?" Sabi niya sa akin. I looked at my wrist watch. Alas singko pa lang naman ng hapon at makapaghihintay pa si Greg.

"O—Okay, saan ba?"

"Sa Starbucks na lang, don't worry my treat." He said then he smiled. Agad akong pumasok sa kotse niya at umalis kami roon.

****

"Wala ka bang ibang kaibigan dito? O tropa man lang?" Tanong ko sa kanya.

"I have, but not all the time I am with them and they are with me." Bigla akong natigilan sa sinabi niya. He is right, hindi lahat ng taong mahalaga sa'yo ay nasa tabi mo lagi. Minsan akala mo nandyan pa sila para sa'yo, pero magugulat ka na lang wala na pala sila.

Huminga ako ng malalim.

"May problema ka ba ngayon?" He asked. I just stared at him.

"Wala." I said to him.

"It's him, right?" He asked. Napatitig lang ako sa kanya.

Ano bang nangyayari sa akin? Bakit ba ganito na lang ang epekto sa akin ni Greg na dati naman ay wala akong pakielam sa kanya? Bakit ganoon na lang kalaki ang nawala sa akin ng umalis siya? Paano kapag dumating iyong araw na iwan na talaga niya ako? May matitira pa ba sa akin?

"You don't need to tell me, it's written all over your face." He said.

"Ganito pala kapag nagmamahal 'no? Nakakatanga." Sabi ko sa kanya. Tumawa naman

siya ng mahina.

"Oo, sabi kasi ng lolo ko kapag nagmahal ka raw para kang nasa tuktok ng bundok. Masarap sa pakiramdam, nakaka relax pero lagi mong tandaan na maaari kang mahulog pababa at tandaan mo. Lahat ng nahuhulog, nasisira at nasasaktan." Napatitig ako sa mga mata ni Andrew.

And I saw pain.

"Nagmahal ka na ba?" Tanong ko sa kanya.

"Unfortunately yes. But we rush things so we ended hurting each other. Kaya 'wag na 'wag mong mamadaliin ang lahat. Just always remember that if things were really destined to each other, you don't need to rush things because it will end up together. No matter what happened." He said then he gave me a smile.

"Ang makata mo ah!" Pagbibiro ko sa kanya. Kahit papaano nawala ang lungkot ko dahil sa kanya. Minsan pala masarap din itong kasama.

"I am not. I'm just stating the fact." Sabi niya sabay higop sa kape niya. Tinawanan ko lang siya.

I looked at my wrist watch and it's already late.

"Kaylangan ko ng umalis Andrew, sa susunod na lang ulit."

"Ihahatid na kita." Sabi niya.

"No, I can handle this." Sabi ko sa kanya.

"I insist, ano ba naman iyong inistorbo kita. Sige na, hahatid na kita. Sige ka, kapag hindi ka pumayag magtatampo ako." Sabi niya. He pouted.

Oh c'mon! Sinong hot na lalaki ang mag popout ng ganito? But he still managed to be handsome.

"Oo na, sige na." Sabi ko sa kanya at tsaka ngumiti.

Ihinatid niya ako sa harap mismo ng building na tinutuluyan ni Greg.

"Salamat. Ingat ka sa pag-uwi." Sabi ko sa kanya bago siya iwan. Tumango lang siya at ngumiti sa akin.

Pumasok na ako sa loob ng building at sumakay sa isang elevator. Hinintay ko lang na tumunog ang elevator at tsaka ako lumabas pero hindi ko inaasahan ang nadatnan ko ng makalabas ako sa elevator.

It's Gwen and Greg.

"See you tomorrow, okay? I had a great time with you." Rinig kong sabi ni Gwen. Pakiramdam ko ay naging manhid ang buo kong katawan at tumigil ang paligid ko sa nakikita at naririnig ko.

"I had too, you're so great. Are you going here tomorrow?" He asked her while smilling very broad. Wala itong suot na pang-itaas at tanging jersey shorts lang nito ang suot. Nasa labas sila ng unit ni Greg at mukhang paalis na si Gwen.

"Kung gusto mo ba pupunta ako." Sabi ni Gwen.

"I will be happy if you are here." Sagot naman ni Greg at doon ay parang pinalaso ng ilang ulit ang dibdib ko.

Naramdaman ko ang pagbagsak ng luha ko sa mga pisngi ko. Naiyukom ko ang mga palad ko sa galit.

"Then I'll be here tomorrow to be with you again. I need to go." She even smiled at him.

"Let me kiss you first before you leave." Then Greg kissed her and I feel so fool, so stupid for believing him.

She left and when he is going to close the door, our eyes met.

"I hate you Greg, I hate you."

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Thirty

THIRTY

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"What are you doing here?" Tanong niya sa akin na para bang isa akong kaaway na napadpad sa teritoryo niya. Pinipigilan ko ang damdamin ko na sumabog. Pinipigilan ko ang sarili ko na umiyak at higit sa lahat, pinipigilan ko ang sarili ko na ipakita sa harap niya na mahina ako. Na napaglaruan lang niya ako.

I aggressively wiped the tears fell in my cheeks and raised my chin and look at him fiercely.

"Montemayor ka nga pala." Sabi ko sa kanya. Sinadya kong tonohan ang boses ko. Gusto ko siyang sapakin, gusto ko siyang pagsusuntukin, gusto ko siyang murahin pero bakit parang hindi ko magawa? Bakit parang may pumipigil sa sarili ko na gawin ang mga bagay na iyon?

"So what if I am a Montemayor?" Nagulat ako sa tono ng pananalita niya. I sense bitterness.

Hindi agad ako nakasagot sa sinabi niya. Ano nga ba kung Montemayor siya?

"Are you here to accuse me infidelity?" Tumawa siya ng mahina. Naiyukom ko ang mga palad ko sa galit.

I bit my lower lip to suppress my emotion.

"O nandito ka para ipamukha sa akin na mas lamang ang Sy na 'yon sa akin?" Natigilan ako sa sinabi niya.

"A—Ano'ng pinagsasabi mo?"

"Ano ang pinagsasabi ko? So you're denying him? How sad to his part." Then he suddenly grabbed my wrist.

"Ano ba?! N—Nasasaktan ako!" Sigaw ko sa kanya. Bigla niya akong hinatak papasok sa unit niya at sinara ng malakas ang pinto.

Nakaramdam ako bigla ng kaba. Binitiwan niya ang kamay ko at ramdam ko ang pananakit noon.

"Then explain these things to me." Then he throw me an envelope. I stared on it for a minutes.

Pero pagkuwan ay dinampot ko rin iyon. Naiyukom ko ang mga palad ko ng makita ko

kung ano ang laman noon.

It me and Andrew. It's the scene where he kissed me in my cheek, pero sa angulong iyon ay nakatalikod ako sa kamera kaya parang magkahalikan kami. May iba't ibang angulo rin at lahat ng iyon ay parang sinadya.

"You are being cliché, Greg." Sabi ko sa kanya habang napapailing.

"I am not, hindi ako ganoon kababaw para maniwala diyan." Sabi niya sa akin. Bigla ulit akong natigilan.

"But he told me that those pictures are true. Inamin niya sa akin na hinalikan ka niya at hindi ka man lang nagalit. I couldn't believe that you were that low. Nasa loob din pala ang kulo mo, katulad ka lang din pala ng iba—" I slapped him.

At hindi ko napigilan ang pagtulo ng mga luha ko. Hindi ko napigilan ang emosyon ko. Hindi ko napigilan ang galit sa dibdib ko.

"You are judging me because of those pictures? Nagawa mo na bang magtanong sa akin? Tell me Montemayor, nagawa mo bang tanungin kung ano'ng meron diyan sa mga walang kwentang litratong 'yan? Ang kapal ng mukha mo Greg, ang kapal." Sabi ko sa kanya.

"Ako pa ngayon ang lumalabas na masama? Tangina lang, nakipagsuntukan ako sa mga lasenggero sa kalye ng dahil sa'yo! Dahil hindi ko maisip na 'yong babaeng mahal ko _"

"Ay niloloko ka?" Natigilan siya sa sinabi ko.

"You are so unpredictable Greg. You are so immature." I said to him.

Tinitigan niya lang ako at ganoon din ang ginawa ko. Hindi nakaligtas sa mga mata niya ang pagtulo ng mga luha ko. Pinapangako ko sa sarili ko na hindi na ako muling iiyak sa harapan niya na hinding hindi na ulit ako masasaktan ng dahil sa kanya.

"Kung gusto mo kay Gwen, sa kanya ka na." I said coldly to him. I saw him stunned.

"Bakit? Sasama ka sa gagong 'yon?!" Galit na sigaw niya sa akin. Biglang nag-init ang katawan ko sa galit at parang awtomatikong kumilos ang kamay ko at sinampal siya ng pagkalakas-lakas pero sa pagkakataong ito ay mas malakas kesa sa una. Kita ko ang pagbakat ng kamay ko sa mukha niya.

"Bakit hindi mo itanong 'yan sa sarili mo?!" Hindi ko magawang pigilan ang emosyon ko. Sa loob ng mahabang panahon, ngayon ko lang naranasan ang ganito. Ang masaktan ng ganitong kasakit.

"Gwen is a special friend of mine, huwag mo siyang idamay dito!" Mariin niyang sabi.

"Friend with benefits? Wow. Just wow." I hate it, I am being sarcastic in the middle of this situation and it's because I want to hide my weakness. I don't want him to see how weak I am. How fragile I am.

Hindi ulit siya nagsalita kaya sinamantala ko na ang pagkakataon.

"It's true, the pictures? It's true Greg. Hinalikan niya ako at hindi ako nagreklamo o nagalit man lang sa kanya. Lahat ng nakikita mo sa pictures at ang mga sinabi sa'yo ni Andrew ay totoo. Pero isipin mo kung ang iniisip mo ay totoo rin Greg. Be a man, don't be boy. You're so immature and childish. I hate you, I really hate you." I saw him clenched his jaw and his fist. Marahas kong hinawi ang mga luhang patuloy na kumakawala sa mga mata ko. Mga luhang siya ang dahilan.

Binalot ng nakabibinging katahimikan ang paligid namin. Walang nagsasalita sa amin at pinakikiramdaman lang namin ang isa't isa. Alam kong hindi umaayon sa amin ang tadhana. Naiintindihan ko na, hindi kami para sa isa't isa. Dahil kung ganito lang naman din ang mangyayari, patuloy lang namin sasaktan ang sarili namin at ayokong humantong sa punto na parang hindi namin kilala ang isa't isa.

Oo, mahal ko siya. Hindi ko alam kung paano, kaylan o saan. Basta ang alam ko lang mahal ko siya. Minahal ko siya dahil siya si Greg, hindi dahil sa Montemayor siya o kung ano. Minahal ko siya dahil sa napakaraming dahilan. Pero bakit ganito? Bakit sa tuwing magmamahal ang isang tao, kaylangan niyang masaktan? Oo gasgas na ang tanong na 'to pero bakit sa tuwing magmamahal ang isang tao ay kakambal nito ang masaktan ka?

Bakit kapag masaya na kayo tsaka darating 'yong ganito? Bakit ang komplikado magmahal? Sabi nila, kung mahal mo raw ang isang tao at may dumating na pagsubok sa inyo, malalagpasan n'yo 'yon basta magkasama kayo. Pero hindi, mali sila. Mali 'yong matagal ko ng pinaniniwalaan dahil ngayon pa lang nasa harap ko na ang kasagutan.

Once na nagmahal ka, masasaktan ka.

Dapat kong itatak sa isipan ko 'yan, dapat akong maging matatag dahil kaming mga babae. Marurupok kami, mahihina kami at higit sa lahat madali kaming masaktan. Hindi man halata pero kami ang mas higit na nasasaktan sa isang relasyon lalo na kapag mahal namin ang lalaking nagpapasaya sa amin.

Mahina ako.

Marupok.

Madaling masaktan.

At alam kong isa lang ang natatanging paraan para hindi ako masaktan, para hindi ako masira at para hindi na ako umiyak pang muli.

"Itigil na natin 'to at sana Greg, huwag mong pagsisihan ang lahat ng ito." At kasabay ng pagsabi ko ng mga salitang iyon ay ang pagtulo ng mga luha ko.

Ang mga traydor kong luha.

Unti-unti ko siyang tinalikuran at naglakad palayo sa kinaroroonan niya. Hindi ko napigilan ang pag-iyak ko habang naglalakad.

Ito ang unang beses na masaktan ako at umiyak ng dahil sa isang lalaki at ang malala ay dahil sa isang Montemayor.

Ang galing.

Hindi ko alam kung matutuwa ako o hindi ng makita kong nandoon pa ang sasakyan ni Andrew. Nakita niya ako at lumabas siya ng sasakyan niya at kumaway sa akin. I wiped my tears and gave him a smile too.

Papalapit na sana ako ng biglang may tumawag sa likuran ko.

"Raisse!"

Napatigil ako, hindi agad ako nakakilos ng marinig ko ang boses niya.

"H—Huwag mo akong iwan, please." Gusto kong maiyak sa sinabi niya. Gusto kong iiyak sa harapan niya ang sakit na bumabalot sa dibdib ko.

Pero hindi ko kayang harapin siya, hindi ko kayang ipakita sa kanya ang nararamdaman ko dahil sa oras na ipakita ko sa kanya ang nararamdaman ko. Alam ko na magiging mahina na ako at ayokong maging mahina. Ayokong maging talunan.

At maging kawawa.

Nang hindi na siya nagsalitang muli ay naglakad na ako patungo sa pwesto ni Andrew at tsaka sumakay sa passenger seat. Pumasok siyang muli sa sasakyan at inistart ang makina ng kotse niya.

"Dalhin mo ako kahit saan, please. Dalhin mo ako kung saan makakalimutan ko siya kahit sandali." Sabi ko sa kanya at doon ay bumuhos ang emosyon ko.

Ang kaninang tinatago kong sakit ay ngayon ay inilabas ko na.

"Everything's gonna be alright Raisse." Andrew said.

Sana nga, sana bumalik ang lahat sa normal. Sana maging maayos ang lahat, sana pati rin ako maging maayos.

Mahal ko siya at alam kong kaya ako nasasaktan ng ganito ay higit pa roon ang nararamdaman ko para sa kanya. Marahil sa mahabang panahon na nagkasama kami ay mahal ko na talaga siya pero hindi ko lang maamin sa sarili ko ang nararamdaman ko para sa kanya dahil natatakot ako. Natatakot akong masaktan.

At dumating na nga ang ikinatatakot ko. Dahil ngayon, nasasaktan ako ng lubusan.

Hinayaan ko lang na kumawala sa mga mata ko ang mga luha ko, hinayaan ko lang ang sarili ko na masaktan. Unti unti kong ipinikit ang mga mata ko at imahe niya ang nangingibabaw doon.

Sana sa pagising ko, panaginip lang ang lahat. Sana sa bukas na darating, wala na ang sakit na nararamdaman ko at sana kapag nagmulat na ako ng mga mata.

Hindi na siya ang laman ng puso ko.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Thirty One

THIRTY ONE

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Daddy bakit big ka na? Ako little pa?" Kanina pa pilit na pinapatulog ni Andrew si Alexander.

His son.

Yes, he has a son. He was only sixteen when he made her girlfriend pregnant. He was

actually very happy that time because he loves his girlfriend so much and he will be a father soon.

But not his family.

They have a name which they need to protect. His father wanted to take his child out of his way, in short. They wanted to kill his child.

He fought for his child. He wanted to father it, he wanted to raise it. He cried in front of his family begging for his child.

And they did.

But they will hide his son in public. He agreed on it, atleast his son will be saved. But destiny is really that playful. Because his girlfriend died after she gave birth of their son. He don't know what to do. But when he heard his son's cries. His life filled with everything. His son is his everything.

He named his son, Alexander who will symbolyzes his courage. His son is his life but it is a secret.

"Kasi nga dapat mag sleep ka na para maging big ka na rin." Sabi ni Andrew sa anak niya. Bigla akong napangiti. Yumakap ang anak niya sa kanya at ibinaon ang mukha nito sa dibdib niya.

"Ayaw ko pa mag sleep daddy." Napangiti ulit ako sa inakto ng anak niya.

"Bakit ayaw mo pa? Tulog ka na baby boy ko." Sabi niya sa anak niya pero tila mas makulit pa ata ito sa kanya.

Who would have thought that Andrew Marcus Sy is a father of a four years old boy?

"Gusto ko dito ka lang tabi ko." I could see how he really loves his son. How proud he is to be a father.

"Gusto ko pa mag play."

"It's late, bukas na tayo mag play ulit. Okay? Tulog ka na." Sabi ni Andrew.

"Mag play tayo ulit bukas daddy? Promise? Mag mall din tayo bukas daddy?" Nakangiti na ngayon ito ng maluwag.

"Kahit saan mo pa gusto, dadalhin kita. Love ka ni daddy di ba?" Sabi ni Andrew.

"Love ako ni daddy!" Masiglang sabi ng anak ni Andrew. Hinalikan ni Andrew ang anak niya kaya mas lalo akong napangiti. The scenario was so beautiful.

Nakatulog si Alexander sa mga bisig ng ama. Nakayakap lang ito ng mahigpit sa kanya. Masasabi kong naging maganda ang pagpapalaki kay Alexander. Kahit na walang tumatayong ina rito ay naging maganda at maayos ang buhay ni Alexander dahil kay Andrew.

"Tulog na siya." Sabi ni Andrew sa akin. Binigyan ko lang siya ng ngiti.

"Ayaw mong kumuha ng nanny para kay Alexander?" Tanong ko sa kanya.

"I don't want. I want to raise my child on my own. I want to prove to them that I can live with my child, na mali ang sinabi nilang magiging hadlang ang anak ko para maging matagumpay ako. Gusto kong malaman nila na anak ko ang dahilan kaya ako nakatayo sa sarili kong mga paa." Bigla ulit akong napangiti sa sinabi niya.

He is a great father.

"Mahal na mahal mo talaga ang anak mo, ano?"

"Oo, sobra. Siya lang ang buhay ko." Sinabi niya iyon habang nakatingin sa anak niya na natutulog sa kandungan niya.

"Hindi ko inakala na isa ka ng ama. Ang bilis, nagulat ako." Sabi ko sa kanya.

"Naiintindihan ko naman 'yon, sino bang magaakala na nakadisgrasya na ako sa edad kong ito? Siyempre wala. Dahil may pangalan ako, sikat ako. At kahit gusto kong malaman na ng publiko na may anak ako ay hindi ko magawa dahil ikapapahamak iyon ng anak ko. At ayokong dumating sa punto na kunin nila ang anak ko sa akin. Hindi ko kaya, ikamamatay ko." Sabi niya.

"Napakasuwerte ng anak mo na ikaw ang naging daddy niya." Sabi ko sa kanya ng nakangiti.

"No, mas suwerte ako dahil binigyan ako ng isang makulit na batang tulad niya." Sabi niya ng natatawa.

"Makulit ba siya?" Tanong ko.

"Oo, nagmana ata sa akin. Sabi kasi ng mama, kasing kulit ko raw ang anak ko. Upgraded nga lang ang pagiging pogi nito, pogi tatay eh!" Tumawa siya. Marahan niyang binigyan ng halik ang anak niya sa pisngi nito.

"Di ilibre mo na ako niyan? Ibablackmail kita kasi alam ko na ang sikreto mo." Natatawa kong sabi sa kanya.

"Ayos ba! Lagi tayong may date, hehe." Tumawa siya ng mahina.

"Heh! Date ka diyan." Sabi ko sa kanya.

"Pero bakit hindi ka man lang nagalit sa akin? Dahil sinabi ko sa kanya iyong totoo." Bigla naman akong natigilan sa sinabi niya.

Si Greg.

Hindi ko lubos maisip na tinapos ko na ang lahat sa pagitan naming dalawa. That our relationship was ruined. Ang galing, unang relasyon palpak. Hindi siguro talaga ako bagay sa mga ganyang bagay. Masyadong komplikado magmahal, magastos pa.

"You just told him the truth and what? He concluded. Hindi man siya nagtanong, hindi man lang niya ako kinausap. Gumawa siya ng sarili niyang hakbang ng wala ako. Hindi man lang niya naisip na masasaktan ako sa gagawin niya, sa ginagawa niya. Ang sakit lang kasi dahil naniwala ako sa sinabi niya na kapag nagkaproblema kami, ako ang niyang pupuntahan. Ako ang una niyang kakausapin, pero ano? Wala. Sarili lang niya ang pinakinggan niya." Sabi ko sa kanya hindi ko napigilan ang mga luha ko. Agad ko iyong pinahid upang hindi niya mahalata na mahina pa rin ako hanggang ngayon.

Pero sinisugurado ko na sa susunod na magkita kami, malakas na ulit ako.

"Knock, knock." Bigla naman akong natigilan sa sinabi niya. Knock, knock?

"Hah? Anong knock, knock?" Naguguluhan kong tanong sa kanya.

"Dalandalan." Sabi niya pa.

"Dalandan?"

"Does the moonlight shine on Paris after the sun goes down. If dalandan bridge is fallin~" Hindi na niya naituloy ang kanta niya dahil tumawa na siya.

"Sira ka talaga." Sabi ko sa kanya ng naiiling habang nakangiti.

"Napangiti rin kita." Sabi niya sa akin habang nakangiti rin.

"Ikaw kasi ang corny mo. Alam mo namang broken hearted ako tapos pinapatawa mo ako." Sabi ko sa kanya.

"It's getting late, dito ka na ba matutulog?" Tanong niya sa akin. I looked at my wrist watch. It's already seven in the evening.

"Hindi na, dadalawin ko na lang kayo dito ni Alexander sa susunod. Alagaan mo 'yang makulit na batang 'yan ha?" Sabi ko sa kanya. Tumayo na ako at inayos ang gamit ko. Gusto man niya akong ihatid ay tumanggi ako. Mas kaylangan siya ni Alexander kesa sa akin.

Sapat na iyong mga oras na nakalimutan ko si Greg sa panandaliang panahon ng dahil sa kanya. Humahanga rin ako sa kanya dahil sa pagiging daddy niya kay Alexander. He is a great man.

At sana si Greg din katulad niya.

"Mag-iingat ka ah." Sabi niya sa akin. Naihiga na niya ngayon si Alexander sa kwarto nilang mag-ama.

"Oo, sabihin mo na lang kay Alexander na dadalaw ako agad ah? Kiss him for me." I said.

"Okay, mamimiss ka ng makulit na 'yon. Kaya dumalaw ka agad, okay?" Sabi niya sa akin.

"Oo, 'wag mo turuan ng kung anu-ano 'yong poging 'yon ah? Sasapakin kita!" Sabi ko sa kanya.

"Good boy ako kaya good boy din 'yon." Sabi niya sa akin sabay kindat. Napatawa na lang ako sa pagkindat niya. Para kasing wala pang anak!

"Sige, mauuna na ako. Bye." I said. He just gave me a smile. I waved at him bago sumakay ng taxi.

This day is history. Ang daming nangyari sa ilang oras lang, ang daming nagbago sa mga ilang salita lang. I admit, I will miss him. Lalo na iyong kakulitan niya, 'yong mga kababuyan na lumabalas sa bibig niya. Iyong mga pangungulit niya at pag-iinarte niya kapag pinag titripan ko siya. May mga bagay na hindi namin ipinapakita sa iba at lahat ng iyon ay mamimiss ko.

Dahil hanggang ngayon ay mahal ko pa rin siya.

But things should end in this way. Ayokong dumating sa tagpong mas masaktan pa kami ng tuluyan, na mas masaktan pa ako ng dahil sa kanya. I should accept the fact the he is a Montemayor. He gets what he wants. Habulin siya ng mga babae, gwapo siya, matalino, mayaman at higit sa lahat lumaki siyang may pangalan sa industriyang ito. May mas babaeng mas bagay pa sa kanya, iyong kagaya niya. Maganda, matalino, kauri

niya at higit sa lahat mayaman tulad niya. Hindi iyong tulad ko na nabubuhay lang sa napakababaw na pangarap.

I let my tears fell again. Ganito naman kaming mga babae eh, idinadaan na lang sa iyak ang mga masasakit na bagay.

Mahina kasi kami.

Marupok.

Madaling masaktan.

When I was a kid, I always tell myself that I am strong. Na walang pwedeng umaway sa akin, kaya lagi akong may kaaway noon dahil matapang akong tao. Lagi kong binibigyan ng konsumisyon ang nanay ko pero kahit ganoon, ipinapakita kong matalino akong babae. Na mayroon akong pangarap para sa nanay ko. I stand on my own, I didn't let those people who are blocking my way to take my dream off. I fought them and I won't let my feelings to ruin this dream.

Not just my dream but myself.

Pasado alas nuwebe y media na ng gabi ako nakauwi sa apartment ko. Balot na ng dilim ang paligid at kakaunti na lang ang mga tao sa labas, isang tipikal na gabi sa lansangan. Papasok na sana ako sa pintuan ng apartment ko ng may biglang humablot ng braso ko.

Si Greg.

"Inaabot ka ng ganitong oras ng gabi kasama lang iyong gagong iyon?!" Singhal niya sa akin. Kita ko ang galit sa mga mata niya. Ang galit sa boses niya at ang selos sa buong mukha niya. Selos? Tanong ng ibang bahagi ng isip ko.

Binawi ko ang mga braso ko sa pagkakahawak niya.

"Ano bang pakielam mo?" Tanong ko sa kanya.

"Ano'ng pakielam ko? Tangina, boyfriend mo ako Raisse! Boyfriend—" Pinutol ko ang sasabihin niya.

"Bumitiw na ako Greg, ayoko na. Kung patuloy mo lang paniniwalaan ang sarili mo, go. Walang pipigil sa'yo. Paniwalaan mo ang gusto mong paniwalaan. Be matured Greg, hindi ka na bata. Buksan mo 'yang isipan mo at mga mata mo. Huwag mong bulagin ang sarili mo Greg. Dahil kapag pinagpatuloy mo 'yan, lahat ng taong mahalaga sa'yo mawawala na lang." Sinabi ko iyon habang nakatitig sa mga mata niya. Pinipigilan ko na naman ang emosyon ko dahil nandito na naman sa dibdib ko ang pamilyar na sakit ng dahil sa kanya.

"Umalis ka na." At tumalikod na ako sa kanya. Dapat ko ng itigil ito at isa lang ang paraan.

"At kung pwede lang sana, isipin mo na lang na hindi tayo magkakilala at iisipin ko rin na hindi na lang kita nakilala. Isipin mo na lang na walang Raisse na nag eexist sa mundo mo at wala kang Raisse na nakilala at iisipin at kakalimutan ko rin na wala akong Greg Montemayor na nakilala at minahal sa buong buhay ko. Let's forget about each other Greg so we can move on. Huli na 'to, ayoko na." At tsaka ko siya iniwan doon sa labas.

Pagkasarang pagkasara ko ng pintuan ay napasandal agad ako at hindi ko na napigilan ulit ang mapaiyak.

Huli na talaga itong pag-iyak ko, pangako.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Thirty Two

THIRTY TWO

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

Pag-iwas.

Iyon sa tingin ko ang sagot para makalimutan ko na si Greg, ang iwasan siya. Oo, alam kong mahirap dahil halos araw-araw ay nagkikita kami sa gymnasium ng school para mag practice. Pero kahit alam kong mahirap, pipilitin ko. Aakto ako na parang dati, na para bang wala lang siya sa akin at para bang dati na buo pa ako pero this time.

Hindi na siya kasama.

Inayos ko ang sarili ko bago lumabas sa volleyball room. Doon ako naglalagi kapag wala akong klase o mayroon akong ginagawa. Mas tahimik kasi roon kesa sa library, ako ang nasusunod at walang pwedeng makielam sa akin.

Pilit kong iniignora ang mga tingin na kanilang ibinibigay sa akin. Marahil may alam na sila tungkol sa amin ni Greg. Paanong hindi malalaman ng lahat ang tungkol sa amin? Isa siyang Montemayor at halos hindi na pribado ang buhay nila sa rami ng gustong makihalubilo sa kanila.

Oo, aaminin ko. Mahal ko pa rin 'yong gagong manyak na 'yon. Hindi naman parang magic lang na mawawala agad iyong feelings ko para sa kanya sa isang iglap. Siyempre matagal iyon, may proseso iyon at isang hakbang ang pag-iwas sa kanya para mawala itong nararamdaman ko para sa kanya.

Natapos ang klase ko at normal naman ang naging takbo ng araw ko. Hindi ko kinikibo ang mga nakikipag-usap sa akin at iniignora ko lamang ang mga tao sa paligid. Wala akong pakielam sa nangyayari sa paligid ko ngayon.

"Marquez! May naghahanap sa'yo sa labas." Nabasag ang pag-iisip ko ng may tumawag sa akin. Tumayo na lang ako at lumabas, wala pa kasi kaming professor kaya ayos lang naman. Bigla akong napatigil ng makita ko ang lalaking naging dahilan ng pag-iyak ko sa ilang gabi.

It's Greg.

Direkta siyang nakatingin sa akin na para bang gusto niya akong kausapin. Tinitigan ko rin siya at napansin kong malalim ang itim sa mga mata niya. Kita ko rin ang ilang balbas niya na tila ba hindi niya inaahit. Aaminin ko, mas nagmukha siyang guwapo dahil sa balbas niya.

"Captain ano? Kakain ka ba? Wala naman daw si Prof. Alivio, hindi raw papasok. Nirayuma ata, masyado kasing pasaway ang mga studyante ng CAS hindi kinaya ng lapel niya." Naalis lang ang pagkakatitig ko kay Greg ng magsalita si Dana. Bigla ay para akong nakaramdam ng gutom.

Hindi pa pala ako kumakain simula kagabi.

"S—Sige, hintayin mo na lang ako dito sa labas. Kukuhanin ko lang ang mga gamit ko." Sabi ko kay Dana. Tumingin ulit ako sa gawi ni Greg bago pumasok, naroroon pa rin siya sa pwesto niya at nakatingin lang sa akin at para bang nasasaktan siya sa nangyayari aming dalawa.

Nasasaktan?Imposible! Sabi ng ibang bahagi ng isipan ko.

Imposible siyang masaktan dahil siya naman ang may kagagawan ng lahat ng ito, kung nasasaktan man siya mas nasasaktan ako.

Kinuha ko lang ang gamit ko at lumabas na, wala na roon si Greg ng lumabas ako kaya dumiretso na kami ni Dana sa cafeteria. Kakaunti pa lang ang mga estudyante sa cafeteria dahil wala pang lunch time. Pumila lang kami ni Dana para bumili ng pagkain at naghanap na ng pwesto namin.

"Iyan ang sinasabi ko sa'yo Raisse! Tapos iiyak-iyak ka kapag nasaktan ka? Alam mo namang Montemayor iyon, hindi ka pa nasanay." Sermon sa akin ni Dana. Kaya pala niya ako niyaya mag lunch para sermonan lang ng ganito. Para ko na rin kasi siyang kapatid, simula kasi ng mag-aral ako sa St. Tomas siya na ang tumayong bestfriend ko kaya kapatid na ang turingan namin sa isa't isa.

"Oo na! Palibhasa hindi ka pa naiinlove kaya mo ko nasesermonan." Sabi ko sa kanya. Bigla siyang nag-iwas ng tingin sa sinabi ko.

"May hindi ka ba sinasabi sa akin Maria Dana Oliveros?" Pinaningkitan ko siya ng mga mata.

"W—Wala! Ano naman ang sasabihin ko sa'yo?" Sabi niya sa akin. Magsasalita na sana ako ng biglang may tumawag sa pangalan niya.

"Dana!" Napalingon kami sa tumawag sa kanya.

It's Cedric.

Lumapit ito sa amin na nakangiti abot tenga. Si Cedric ay isa sa mga varsity player ng basketball team. Pilipino ito pero parang may dugong banyaga dahil sa kaputian. Anak mayaman kasi.

Tinignan ko naman si Dana at namumula siya! Pinaningkitan ko silang dalawa ng mata. May iba sa mga tingin nila sa isa't isa.

"So ano? Tuloy ba mamaya?" Tanong ni Cedric kay Dana. Bigla ulit namula si Dana, sinasabi ko na nga ba at mayroong hindi sinasabi sa akin 'tong babaeng 'to eh.

"S—Sige, a—anong oras ba?" Tanong ni Dana kay Cedric. Nagliwanag naman ang mukha ng mokong at parang nanalo sa lotto.

"Talaga? Yes! Kahit anong oras, gusto ko nga ngayon na eh pero may klase pa tayo. Mamaya na lang, okay? Hintayin na lang kita o gusto mo tawagan na lang kita kapag tapos na klase ko. May number mo na naman ako." Sabi ni Cedric habang nakangiti ng maluwag.

"S—Sige." Sabi ni Dana habang namumula. Nagtitigan na lang silang dalawa ng wala ng magsalita sa kanila.

"Ehem." Kunwaring nauubo kong sabi.

"Ikaw pala Raisse, nandyan ka pala." Sabi ni Cedric sa akin.

"Oo nga eh, pero parang wala rin kasi grabe kayo magtitigan." Sabi ko sa kanila. Sabay namang namula ang mukha nilang dalawa. Confirm, may namamagitan sa dalawang 'to.

"Pwede ba akong makikain dito? Hindi pa rin kasi ako kumakain at parang nagutom ako bigla. Malaki naman ang lamesa kasya naman ang sampung tao." Sabi ni Cedric.

"So parang sinabi mo na rin na wala akong choice na tumanggi na sumabay ka sa amin kumain, nag-rason ka na eh." Sabi ko ng nakasimangot.

"Hehe, gusto ko kasi makasabay kumain si Dana." Sabi ni Cedric. Tinignan ko si Dana na kamatis na ang mukha sa pula.

"Oo na sige na, bumili ka na ng makakain mo roon." Sabi ko sa kanya. Agad naman siyang umalis para bumili ng pagkain niya. Sinipa ko naman si Dana pagkaalis ni Cedric.

"Aray naman Captain!" Reklamo ni Dana sa akin.

"Ano'ng ibig sabihin 'non?" Pinaningkitan ko siya ng mata.

"Wala." Sabi niya sabay iwas ng tingin.

"Ikaw nga Dana umamin sa akin, kayo ba?" Tanong ko. Bigla namang siyang napatigil sa sinabi ko.

"N—Nanliligaw pa lang." Sabi niya.

"Ay kaya naman pala hindi ka sumasabay sa akin kapag uuwi, lumalandi ka muna ano?" Sabi ko sa kanya.

"Gusto ko siya Captain, mabait si Cedric. He even introduce me to his parents and to his friends. Iba siya, gusto ko siya." Sabi niya sa akin.

Huminga ako ng malalim.

"Oo nga Dana gusto mo siya, pero gusto ko lang sabihin sa'yo na dapat maging handa ka. Kasi once na mapamahal ka sa isang tao, kaakibat noon ay ang masaktan ka. Kaya ihanda mo 'yang sarili mo. Maliwanag ba?" Sabi ko sa kanya.

"Handa ako Captain." Sabi niya sabay ngiti sa akin. Dumating na rin si Cedric na maraming dalang pagkain. Baka raw kasi magutom pa kami at ayaw niya raw na nagugutom si Dana. Bigla kaming natigilan ng may pumasok na isang grupo sa cafeteria.

It's Greg with his teammates.

Inilibot nito ang mata hanggang sa matagpo ang mga mata namin. Hindi ko inalis ang pagkakatitig ko sa kanya. Gusto kong masagot ang tanong ko kanina.

Nasasaktan nga ba talaga siya?

"Captain! Oy, dito!" Bigla akong napatingin kay Cedric na tinawag ang mga teammates niya at si Greg.

Lumapit naman ang grupo ni na Greg sa puwesto namin.

"Kakain ba kayo Captain? Tamang tama dito na lang kayo, may pito pang upuan. Kakaumpisa lang namin." Sabi ni Cedric. Bigla ay parang gusto kong sapakin si Cedric dahil sa pag-aanyaya niya sa mga teammates niya.

"Oh, ayun naman pala Captain! Dito na lang tayo." Sabi ni Allen at tsaka sila nagsiupuan. Nag-angat ako ng tingin at nagsalubong ang mga mata namin ni Greg.

"Dana mauuna na ako, biglang sumama ang tiyan ko." Sabi ko at tsaka tumayo. Bigla naman silang natahimik, marahil ay naramdaman nila at alam na nila ang tungkol sa amin ni Greg.

Tinalikuran ko na sila pero hindi pa ako nakakalayo ng magsalita si Greg.

"Huwag mo naman akong iwasan Raisse." Sabi niya sa akin.

Natigilan ako.

"Sana inisip mo na mangyayari 'to bago mo ginawa ang mga bagay na 'yon." Sabi ko ng nakatalikod pa rin sa kanya at tsaka ko sila iniwan roon.

****

Nagising ako sa magkakasunod na katok sa labas ng apartment ko. Dahan dahan akong nagmulat ng mga mata at inaninag ang malaking orasan na nakasabit sa dingding ng kwarto ko. Pasado alas onse y media na ng gabi at malapit ng mag hating gabi. Umuwi agad ako kanina pagkatapos naming mag practice dahil nakaramdam ako ng pagod. Marahil ay wala akong maayos na tulog nitong mga nakaraang araw kaya mabilis akong napagod. Idagdag pa ang stress sa academics at ng walang kwentang buhay pag-ibig ko.

Marahan akong tumayo at binuksan ang ilaw. Hindi pa rin tumitigil sa pagkatok ang

taong nanira ng tulog ko. Tinungo ko ang pintuan at agad na binuksan iyon pero biglang bumulagta sa harapan ko si Greg. Bumagsak siya pero agad din namang tumayo pero halata sa kanya na nakainom siya.

"R—Raisse." Sabi niya. Amoy na amoy ko ang alak na nanggagaling sa katawan niya. Namumula rin ang buo niyang mukha at sa tingin ko ang buo rin niyang katawan dala ng alak.

"Ano'ng ginagawa mo dito?" Tanong ko sa kanya.

"P—Patawarin mo na ako, h—hindi ko na kaya." Sabi niya. Nakahawak siya sa pintuan upang kumuha ng suporta. Marahil ay sa dala ng kalasingan ay hindi na niya kayang tumayo ng maayos.

"Umalis ka na Greg. Tapos na tayo di ba? Ayoko na." Sabi ko sa kanya at akmang isasarado na ang pintuan ng pigilan niya iyon.

"H—Huwag naman 'yong ganito Raisse. S—Saktan mo na ako, g—gawin mo kung ano ang gusto mo sa akin. K—Kung gusto mo patayin mo na rin ako. Huwag lang yung ganito Raisse, iyong p—parang hindi mo ako nakikita. Iyong p—parang hindi mo ako kilala. A—Ayoko 'non, hindi ko kaya Raisse. P—Patawarin mo na ako. N—Nagmamakaawa ako sa'yo Raisse." Kasabay noon ay ang pagtulo ng mga luha niya. Hindi ko alam kung ano ang magiging reaksyon ko, hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko. Dahil ang sagot sa kaninang tanong ko ay nasagot na.

Nasasaktan din siya.

Pero bakit? Siya naman ang may kagagawan nito kaya bakit siya masasaktan? Ginusto naman niya 'to ah.

"M—Mahal kita Raisse. M—Mahal na mahal." Sabi niya habang tumutulo ang mga luha niya.

Dala lang ba ito ng kalasingan niya? O totoong nasasaktan talaga siya? Ayokong paasahin ang sarili ko dahil baka masaktan na naman ako ng dahil sa kanya.

"U—Umalis ka na Greg." Pilit kong sabi.

"A—Ayoko, k—kasi wala ka naman doon sa kwarto ko. W—Wala akong kayakap, w—wala akong kinukulit. W—wala iyong babaeng mahal ko." Sabi niya.

Greg please, tama na.

"G—Greg."

"P—Please Raisse, patawarin mo na ako. H—Hindi ko na kaya." At kasabay noon ay ang pagbagsak niya.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Thirty Three

THIRTY THREE

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

Marahan ko siyang itinulak pahiga sa kama ko upang makapagpahinga. Laking pasasalamat ko na lang at kahit papaano ay mayroon pa siyang lakas para makatayo at makalakad papunta sa kwarto ko, hindi ko rin kasi kaya ang bigat niya kahit na macho pa siya. Tinanggal ko lang ang Jordan shoes niya at itinira ang medyas niyang suot bago lumabas upang kumuha ng maligamgam na tubig. Kinuha ko rin ang sando niya na naiwan niya noon. Basa kasi ng pawis ang polo shirt niyang suot at kaylangan kong palitan, ayoko namang maghubad na naman siya at nawiwili na siya masyado.

Aaminin ko, galit pa rin ako sa kanya pero hindi iyon ang umiiral ngayon dito sa puso ko. Tanga na lang ang maniniwala kapag sinabi kong hindi ko na siya mahal dahil ang totoo, mahal ko pa rin siya hanggang ngayon. Pero natatakot ako na baka masaktan na naman ako kapag binigyan ko siya ng chance, sino ba naman kasing tanga ang gugustuhing masaktan ulit hindi ba?

Bumalik ako sa kwarto ko dala ang palangana ng maligamgam na tubig pati na rin ang sando niya. Pilit kong hinubad ang suot niyang polo shirt at nagtagumpay naman ako. Tumambad na naman sa akin ang macho niyang katawan, dinampian ko ng basang towel ang mukha niya pababa sa katawan niya. Aaminin ko na naiilang pa rin ako na hawakan ang katawan niya kahit pa lagi siyang nakayakap sa akin noon ng hubad. Sino ba naman kasi ang hindi maiilang kung ganito kaganda ang view?

"Hmmm." Ungol niya habang pinupunasan ko ng basang towel ang katawan niya. Pinunasan ko rin ang mabuhok niyang kilikili para siguradong hindi na siya pagpapawisan pa.

Pagkatapos kong linisin ang buo niyang katawan ay pilit ko namang isinuot ang sando niya. Hindi naman din ako nahirapan doon pero natigilan ako ng biglang dumapo ang mga mata ko sa mukha niya.

I sighed.

Matagal ko nang naamin sa sarili ko na gwapo talaga si Greg, pero bakit mas lalo pa siyang gumugwapo ngayon? Dahil ba sa may balbas na siya at bigote? Kung ahitin ko kaya 'yan?

Aaminin ko, na-miss ko si Greg. Na miss ko iyong pangungulit niya sa akin, iyong pagnanakaw niya ng halik kapag hindi ako nakatingin. Iyong bigla na lang niya akong yayakapin sa mula sa likuran at aamuyin ang leeg ko. Miss ko na rin ang mga araw na katabi ko siyang matulog at ang pagsimangot niya kapag inaasar ko siyang bading o hindi naman kaya ay payatot. Madali kasi siyang mapikon kaya masarap asarin pero kapag ako inaasar niya napapaiyak niya ako. Miss ko na lahat sa kanya.

Pero sa tuwing maaalala ko ang mga ginawa niya. Hindi ko mapigilang hindi magalit sa kanya at para bang bumabalik iyong sakit na naramdaman ko ng makita ko silang magkasama ni Gwen. Ang sakit lang, pero ano ba naman ako kung ikukumpara sa kanya? Walang wala, pero kahit na mayaman siya at gwapo. Wala pa rin siyang karapatan na manakit ng babae, lalo na kung mahal siya nito.

"R—Raisse." Sabi niya habang nakapikit pa rin. Hindi ko naman alam kung napapaginipan niya ako o hindi.

Parang awtomatikong gumalaw ang kamay ko at marahang hinawi ang makapal niyang buhok. Hindi ko alam pero gustong gusto kong ginagawa sa kanya iyon. Para kasing sumasaya ako kapag ginagawa ko sa kanya ang ganoon. One time nagtatampo siya sa akin at nakasimangot lang siyang nakaupo sa sofa ko. Ayaw niya akong pansinin kasi nilait lait ko iyong laro niya. Sabi ko ang baduy at para siyang bading kumilos tapos ayun nagalit siya, pero nang hinawi ko iyong buhok niya. Nawala ang galit niya at nagkabati kami. Gusto niya kasi na hinahawi ko 'yong buhok niya, tinatayuan daw siya kaya sinapak ko rin siya that time.

I sighed again.

Kung hindi lang talaga siya gago siguro kami pa rin hanggang ngayon. Bigla akong napatingin sa kamay niya, nandoon pa rin 'yong singsing na nakita ko sa kanya last time. Bigla ay binalot na naman ng tanong ang isipan ko. Bakit ba mayroon siyang singsing na suot?

Inignora ko na lamang iyon. Tumayo na ako at iniligpit ang mga ginamit ko. Pagkatapos ay bumalik din agad ako sa kwarto ko at naglatag sa sahig ng banig.

Sana bukas pagising ko, maayos na ang lahat.

*

Tulog pa si Greg ng magising ako kaya lumabas na ako ng kwarto ko. Isang subject lang naman ang klase ko ngayon araw at mamayang tanghali pa 'yon. Nag-ayos muna ako ng sarili ko bago ko naisipan na magluto na lang ng agahan. Marami ang natirang

kanin kagabi kaya naisipan kong isinganag iyon. Nagprito rin ako ng hotdog, itlog at longanisa, sinadya kong damihan ang niluto ko dahil alam ko namang malakas kumain si Greg. Nag-init din ako ng tubig para sa kape. Malapit na akong matapos ng marinig kong bumukas ang pinto ng kwarto ko.

Lumingon ako at nakita kong si Greg iyon hawak ang ulo niya na marahil ay sumasakit dahil sa rami ng ininom niya kagabi. Napailing na lang ako at ibinalik ang atensyon ko sa ginagawa ko. Naramdaman ko ang presensya niya sa may likuran ko.

"Umupo ka na diyan." Sabi ko sa kanya nang nakatalikod. Kumuha ako ng dalawang plato at inilapag ang isa sa harapan niya. Nakatitig lang siya sa akin na para bang ngayon lang niya ako nakita.

Inilagay ko na sa isang mangkok ang singanag na niluto ko at tahimik na inilapag sa harapan niya. Nilagay ko na rin sa isang plato ang itlog, hotdog at longanisa na niluto ko at ipinagtimpla ko rin siya ng kape para kahit papaano ay mahimasmasan siya sa hang over. Wala naman kasi akong honey para mas mawala ang hang over niya.

"Kumain ka na diyan." Malamig kong sabi sa kanya at tsaka umupo na rin para kumain. Hindi naman porket galit ako sa kanya ay wala na akong pakielam sa kanya.

Napansin kong hindi pa rin siya kumikilos kaya tumayo na ako at ako mismo ang naglagay ng singanag sa plato niya. Nilagyan ko rin ng hotdog at itlog pati na rin longanisa ang plato niya. Pagkatapos kong lagyan ang plato niya ng pagkain ay bumalik na ako sa upuan ko at nagsimulang kumain.

"Kumain ka na, huwag mo ng hintayin na subuan pa kita diyan." Sabi ko sa kanya.

Nagsimula na rin naman siyang kumain at kahit papaano ay sinisilip ko siya. Tahimik lang siyang kumakain at katulad ng dati, sunod sunod pa rin ang pagsubo niya na para bang mauubusan. Bigla akong napangiti ng wala sa oras.

He never failed to amuse me.

Iniligpit ko ang pinagkainan namin pagkatapos naming kumain. Siya naman ay nakaupo lang sa sofa ko habang nagpapahinga. Marahil ay masakit pa rin ang ulo niya kaya ganoon. Hindi ko na napansin na nasa likuran ko na pala siya.

"R—Raisse." Biglang bumilik ang tibok ng puso ko ng magsalita siya sa may likuran ko.

"P—Patawarin mo na ako oh. Nagsisisi na naman ako sa mga ginawa ko, hindi ko na uulitin." Sabi niya pa.

"So may balak ka pang ulitin, ganoon?" Humarap ako sa kanya at tinaasan siya ng kilay.

"H—Hindi Misis. Hindi na ako uulit." Sabi niya.

"At ano ang karapatan mong tawagin akong Misis? Pinatawad na ba kita? At hindi ba break na tayo?" Sabi ko sa kanya. Bigla namang nagbago ang mukha niya. Iyong kaninang malungkot ay mas naging malungkot pa.

"Patawarin mo na ako, pinagsisisihan ko naman lahat ng nagawa ko. Tsaka miss na miss na kita, hindi ako makatulog at puro beer na nga iyong condo ko dahil sa'yo eh." Sabi niya.

"So sinisisi mo pa ako at puro beer na ang condominium mo ng dahil sa akin? Ganoon?" Tinaasan ko ulit siya ng kilay.

"Kapag hindi talaga ako nakapagpigil, hahalikan ko 'to."

"Ano'ng binubulong bulong mo diyan?" Mataray kong tanong sa kanya.

"Hindi naman sa ganoon, sinasabi ko lang sa'yo na nagsisisi na ako sa mga nagawa ko. Patawarin mo na ako Raisse, balikan mo na ako." Sabi niya.

Ang sarap lang niyang sipain sa parte ng katawan niya kung saan pinakamasakit. Akala naman niya bibigyan ko agad siya ng chance. Di porket ipinagluto ko siya ng agahan bati na kami, mukha niya!

"At sino ka para bigyan ko ng chance?" Tignan ko lang kung saan ang tapang mo Greg Joseff Montemayor.

"Asawa mo." Direkta niyang sabi sa akin.

"Lumayas ka—"

"Oo na, hindi na. Pero seryoso ako, hindi mo ba nakikita na namamayat na nga ako kasi puro beer na lang ang laman ng tiyan ko dahil hindi ko magawang kumain kakaisip sa'yo, hindi rin ako makatulog ng ayos dahil nagagalit ako sa sarili ko dahil sa kagaguhang ginawa ko sa'yo. Nakipagsuntukan din ako sa mga lasenggo sa kalye sa galit ko sa sarili ko dahil sa ginawa ko sa'yo. Nagsisisi na naman ako kaya patawarin mo na ako. Tsaka hindi mo ba ako namiss? Sige na oh." Sabi niya.

Matagal ko siyang pinagkatitigan sa mukha. Bigla kong naisip na kung patatawarin ko siya, baliwala lang ang mga gabing iniyakan ko siya. Mga araw na para akong bangag at mga oras na siya lang ang iniisip ko na para bang mababaliw na ako. Hindi ko dapat siya patawarin na lang ng basta basta. Dapat maghirap muna siya bago niya ako makuha.

"Patatawarin kita pero sa maraming kondisyon."

Pahihirapan muna kita Greg Joseff Montemayor.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Thirty Four

THIRTY FOUR

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Misis naman—"

"Ano magrereklamo ka? Akala ko ba gusto mong patawarin kita?" Tinaasan ko siya ng kilay.

"Oo na! Hindi na!" Pasigaw niyang sagot sa akin sabay kuskos ng damit na pinapalaba ko sa kanya.

I smirked. Umpisa pa lang naman 'yan Montemayor. Papahirapan pa kita ng bongga.

Sino bang mag-aakala na ang isang machong pogi na si Greg Joseff Montemayor ay pinaglalaba ko lang? Tinignan ko siya, wala siyang suot na pang-itaas at tanging jersey shorts lang ang suot niya habang hirap na hirap na kinukusot ang mga maruruming damit ko pati na rin ang sa kanya. Iyon kasi ang pinagawa ko sa kanya, tutal ay wala namang pasok. Pinadala ko sa kanya lahat ng damit niyang marurumi at nagulat ako na sobrang dami pala. Ayan, siya ngayon ang magdusa.

"Kapag talaga natapos 'to, hindi ko titigilan 'yang labi mo. Pamamagain ko 'yan." Narinig ko siyang bumubulong bulong.

"Ano'ng sinasabi mo diyan?" Mataray na tanong ko sa kanya. Hindi naman siya bubuyog pero bumubulong.

"Sabi ko ang ganda mo!" Sabi niya. Bigla ay para namang namula ang mukha ko sa sinabi niya sa akin.

"M—Maglaba ka na nga lang diyan!" Sabi ko at tsaka ko siya tinalikuran. Baka mamaya kung ano pa ang sabihin siya, knowing Greg.

Sabado ngayon at wala kaming klase ngayong araw pati na rin bukas. Ngayon ang unang araw ng pagpapahirap ko sa kanya. Ipapagawa ko sa kanya ang mga hindi niya ginagawa simula pagkabata niya ng makaranas naman siya ng hirap at para na rin masubukan kung gaano siya katatag.

Greg is really persistent. Alas singko pa lang ng madaling araw ay nandito na siya, may dala rin siyang breakfast na binili niya sa isang fast food chain. Alas otso na ng umaga pero hanggang ngayon ay hindi pa rin siya tapos sa paglalaba. Dapat siyang magdusa muna bago ko siya patawarin.

I looked at him again. Nakakunot ang noo niya na halatang naiinis at nahihirapan sa ginagawa niya. Wala sa sarili na naman akong napangiti.

Ang macho niya pero parang paglalaba lang ng damit hirap na siya? Poor Greg.

Isang oras pa ang lumipas at natapos din siya sa paglalaba. Naisampay na rin niya ang mga labahin sa labas ng maayos.

"Woah! Tangna, nakakapagod pala maglaba!" Sabi niya at tsaka umupo na para bang pagod na pagod.

Tumaas ang kilay ko. Pagod na agad siya? Wala pa nga sa kalahati ang ipapagawa ko sa kanyang pagpapahirap tapos pagod na siya? Aba, aba.

"Mister, buti naman at tapos ka na maglaba. Kanina pa kasi ikaw hinihintay ng banyo ko at gustong gusto ng malinis gamit ang mga kamay mo." Sarkastikong sabi ko sa kanya. Nanlaki naman ang mga mata niya sa sinabi ko.

"A—Ako? M—Maglilinis ng banyo?" Tanong niya sa akin na para bang ikamamatay niya kapag naglinis siya ng banyo.

"Oo, bakit? Aangal ka? Sabihin mo lang ng makaalis ka na dito sa apartment ko." Sabi ko sa kanya. I crossed my arms in my chest then I raised my eyebrow on him.

"H—Hindi ah! Parang iyon lang, ang dali dali naman!" Sabi niya at tsaka tumayo at tumungo sa banyo ko. Pilya akong napangiti.

Ilang minuto lang naman ang lilipas at maririnig ko na ang pagrereklamo niya. Ang arte arte pa naman niyang lalaki.

Nagpunta na lang ako sa kusina ng apartment ko kung saan malapit lang ang banyo ko at tanaw na tanaw ko siya. Tahimik lang siyang nakaluhod at nagkukuskos. Pawisan na rin siya at halatang hirap na. Bigla naman akong naawa sa kanya pero paninindigan ko ang mga pagpapahirap ko sa kanya. Kung totoo talagang humihingi siya ng tawad, hindi siya susuko at iyon ang gusto kong malaman.

Itinuon ko na lang muna nag pansin ko sa kusina. Napag-isipan ko na adobong manok na lang ang iluluto ko para sa aming dalawa para kahit papaano naman ay may reward siya sa mga ginagawa niya ngayon. Sinilip ko ulit siya at laking gulat ko ng hinuhubad niya ang suot niyang jersey shorts.

"H—Hoy! Bakit ka naghuhubad?!" Tanong ko sa kanya. Pero huli na dahil nahubad na niya ang suot niyang jersey shorts at naka-boxer shorts na lang siya.

"Eh nababasa kapag lumuluhod ako, di hubarin ko na lang." Sabi niya sa akin at nagulat ako ng biglang niyang ibato sa akin ang jersey shorts niya. Wala sa sarili kong nasalo iyon. Gago talaga 'tong manyak na 'to.

Tinignan ko ulit siya. Bigla ay parang uminit ang paligid ko. Halos wala na kasi siyang suot sa harapan ko. Paano ba naman, ang nipis at ang ikli lang ng suot niyang boxer shorts. Kita ko na nga ang tatak ng suot niyang brief eh, Calvin Klein pa. Lumilitaw tuloy ang balbon niyang legs. May pagka balbon kasi si Greg na siguradong sa side ng ina nito namana. Ganoon naman ata kapag lalaki, nagiging balbon kapag nagbibinata. Plus ang macho pa ng biceps niya at ang ganda ng dibdib niya. Pang lalaking pang lalaki 'yong katawan niya. Overall, machong pogi talaga siya plus balbon na legs.

Pinagpatuloy ko na lang ulit ang ginagawa ko at inignora na lamang siya. Pero mukha atang nananadya ang manyak na 'to.

"Misis, bakit nandito pa 'yong panty mo?" Sabi niya bigla kaya dali dali akong pumunta sa pwesto niya at inagaw ang hawak niyang undergarment kong naiwan.

Tumawa lang siya ng pilyo at ningitian pa ako with matching kindat pa. Manyak talaga 'tong siraulong 'to.

"Pakielam mo ba? Banyo ko 'to eh!" Sabi ko sa kanya sabay irap.

"Ang liit pala ng pan—"

"Manahimik na nga nga Greg! Isa, masasapak na kita!" Sigaw ko sa kanya. Binubwisit talaga ako ng lalaking 'to eh. Tumalikod na ako sa kanya at maglalakad na sana palayo ng magsalita siya.

"Ang bango rin, parang hindi ginamit." Doon ako natigilan. Napaharap ako bigla sa kanya at nakita ko siyang nagpipigil ng tawa.

"Inamoy mo?!" Sigaw ko sa kanya. Pero hindi na niya nasagot ang tanong ko dahil tawa na siya ng tawa. Wala sa sariling nilapitan ko siya at sinabutan.

"Manyak ka talaga! Hindi ka na nagtanda Greg Joseff Montemayor! Mapapatay na talaga kita!" Sunod sunod kong sabi bago ko bitiwan ang buhok niya.

"Ang sakit naman Misis, nagbibiro lang naman ako. Ikaw naman, hayaan mo kapag naging asawa na kita hindi lang 'yan ang aamuyin ko." Sabi niya sabay kindat sa akin.

"Manyak!" Sabi ko sa kanya sabay talikod. Narinig ko pa ang pagtawa niya.

Nakakainis! Akala niya wala siyang atraso sa akin! Kung makaasta parang normal lang ang lahat sa paligid niya. Na parang walang nangyari sa amin, na para bang hindi niya ako sinaktan.

Itinuon ko na lang ang sarili ko sa pagluluto ko. Hindi ko siya pinansin dahil naiinis ako sa kanya.

"Finish na Misis!" Sabi niya. Napansin ko rin na basa ang buhok niya at buong katawan niya. Iba na rin ang suot niyang boxer shorts.

"Ginawa mo?" Mataray kong tanong sa kanya. Dapat siyang matakot sa akin, dapat under ko siya. Kasi nga sabi ni Tita Freen, nagtitino ang isang Montemayor kapag under mo.

"Naligo na, bininyagan ko na 'yong banyo mo. Siyempre dapat ako unang gagamit. Gusto nga kitang yayain pero baka matakot ka kay pare, lumalaki kasi eh." Sabi niya at tsaka ngumiti ng pilyo. I just rolled my eyes.

"M—Magsuot ka nga ng damit!" Sabi ko sa kanya.

"Bakit ba? Mainit kaya. Di ba sabi ko sa'yo dapat masanay ka na sa hubad kong katawan? Paano na lang kapag wala na talaga akong suot? Baka mamaya mahimatay ka diyan kapag nakita mo si pare." Sabi niya sabay tawa.

"Ewan ko sa'yo. Wala ng matinong lumabas diyan sa bibig mo. Umupo ka na nga lang diyan!" Sabi ko sa kanya. Para naman siyang batang sumunod sa akin at umupo na.

"Nakakapagod pala suyuin ang babae." Sabi niya. Nilagyan ko ng plato ang harap niya pati na rin ang sa akin.

"Hindi ka sana mapapagod kung hindi ka nagloko." Sabi ko sa kanya. Nilagyan ko ng adobong manok ang isang mangkok at naglagay din ako ng kanin sa isang plato.

"Pinagsisihan ko na naman 'yon Misis. Patawarin mo na ako oh, hindi na ako uulit." Sabi niya.

"Tumigil ka diyan Montemayor, naiinis pa ako sa'yo." Sabi ko sa kanya. Nilagyan ko na ng kanin ang plato niya. Ewan ko ba, pero gustong gusto kong inaasikaso siya. Ayoko kasing makakakita ng hindi kumakain dahil naranasan namin iyon ng nanay ko dati. Buti na lang talaga at masipag si nanay at nakaraos kami. Balak ko nga siyang dalawin sa sem break.

"Hindi na nga kasi Misis, magtitino na ako. Tinamaan lang kasi talaga ako ng matinding selos pero hindi na ako uulit." Sabi niya pa.

"Mukha mo, ikaw hindi uulit? Putulin ko 'yang pare mo eh." Sabi ko sa kanya. Umupo na ako at nagsimulang kumain.

"Oo nga, tsaka bakit si pare nadamay sa away nating mag-asawa? Paano tayo makakarami niyan kung puputulin mo 'to?" Binigyan ko siya ng nakakamatay na tingin.

"Hindi mo ba talaga itititigil 'yang bastos mong bibig? Nakain tayo Greg Joseff Montemayor!" Sabi ko sa kanya.

"Eh kasi puputulin mo 'to eh, ayoko 'non. Di kita mapapaligaya sa kama." Sabi niya pa.

"Kumain ka na lang at itahimik mo 'yang bibig mo! Kapag hindi talaga ako nakapagpigil, tatahiin ko na 'yang bastos mong bibig." Sabi ko sa kanya habang itinuturo ko sa mukha niya ang hawak kong tinidor. Hindi na talaga nawala ang pagiging bastos ng bibig niya.

"Pero Misis, bubuntisin kita ah."

"Greg!"

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Thirty Five

THIRTY FIVE

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

Tinignan ko si Greg na mahimbing na natutulog sa kama ko. Yakap yakap niya ang unan na palagi kong ginagamit at mahina rin siyang humihilik. Wala sa sarili akong napangiti habang napapailing. Wala na naman kasi siyang suot na damit at boxer shorts lang ulit ang suot niya. Marahil ay nakatulog agad siya sa dami ng pinagawa ko sa kanya. Pinagligpit ko rin kasi siya ng plato at pinaglinis ng kwarto ko bago pa siya makatulog. Nadatnan ko na lang siya na nakahiga at malalim na ang tulog.

Lumapit ako sa kanya at umupo sa gilid ng kama. Marahan kong hinawakan ang mukha niya. I traced every part of his face, his eyes, nose, including his lips. Tila ba kinakabisa ko ito na para bang ayaw kong makalimutan ang mukha niya. Wala sa sarili na naman akong napangiti.

Masaya ako kung ano siya, tanggap ko kung ano pa ang ugali niya. Kung ano siya, iyon ang nagustuhan ko sa kanya. Hindi dahil sa Montemayor siya o ano pa man. Nagustuhan ko siya dahil siya si Greg na makulit, pilyo, manyakis, asar talo at hindi siyempre mawawala ang bastos niyang bibig.

Handa akong patawarin siya.

Pero hindi ako handa sa mangyayari kung sakaling patawarin ko siya. Basta ang alam ko, may tiwala ako sa kanya. Pero dapat ko ng itatak sa isipan ko na hindi ako pwedeng hindi masaktan.

Mahal ko si Greg.

Aaminin ko na ngayon lang ako nakaramdam ng ganito. Iyong para bang napakahalaga niya sa akin. Na kahit anong gawin niyang pangit baliwala sa akin dahil nangingibabaw pa rin 'yong pagmamahal ko para sa kanya. Na kahit anong kulit, bastos, kamanyakan ang ipakita niya sa akin wala akong pakielam dahil kung ano siya, iyon siya. Hindi ko na mababago iyon. At hindi naman rason ang mga kamalain niya para hindi ko siya mahalin. Dahil hindi iyon ang minahal ko sa kanya, kung hindi siya mismo.

I looked at him again and I felt my heartbeat racing so fast. Siya lang ang nakakagawa nito sa akin at alam ko sa sarili ko na siya lang at wala ng iba pa.

Biglang nagmulat si Greg ng mga mata kaya bigla akong napaayos ng upo.

"M—Matulog ka pa, mukhang masarap ang tulog mo." Sabi ko sa kanya. Sa puntong ito ay mahinahon na ako hindi katulad kanina na tinatarayan ko lang siya.

"Tabihan mo ako." Sabi niya sa akin. Naramdaman ko ang pagwawala ng sistema ko sa sinabi niya.

"S—Sira ka talaga, matulog na nga ulit." Sabi ko sa kanya. Hindi ako makatingin sa kanya ng diretso. Paano ba naman kasi kahit bagong gising ang gwapo gwapo niya.

"Tabihan mo ako, yakapin mo ako." Hindi ako nakasagot sa sinabi niya. Direkta lang akong nakatingin sa mga mata niya at ganoon din siya. Hindi ko mawari kung ano ba ang iniisip niya o kung ano ba ang laman ng isipan niya. Ramdam ko rin ang pagbilis ng tibok ng puso ko at pagwawala ng sistema ko.

At hindi na ako nagtaka ng bigla niya akong hapitin sa bewang at siilin ng halik.

Ipinikit ko ang mga mata ko at parang awtomatikong kumilos ang mga kamay ko at pumulupot iyon sa may leeg niya. Hinayaan ko lamang siyang gawin ang gusto niya sa mga labi ko hanggang sa hindi ko na namalayan na nasa ilalim na niya ako.

I felt his tongue seeking for the entrance and I let him in. I let him invade my mouth again. Ramdam ko ang bilis ng tibok ng puso ko habang sinasagot ang halik niya. Ang pagwawala ng sistema ko at ang init na nararamdaman ko. Wala na akong pakielam kung may makakita pa sa amin o wala. Hindi ko alam kung bakit ganito ako kasaya. Basta ang alam ko lang, nararamdaman ko ito kapag nandyan siya sa tabi ko. Bumitiw siya sa paghalik sa akin at tsaka ako tinitigan sa mukha. Ngumiti siya ng maluwag.

"Masarap ba akong humalik kapag bagong gising?" Sabi niya ng may pilyong ngiti sa mukha. Mahina ko siyang hinampas sa dibdib niya.

"Wala ka na namang damit." Sabi ko sa kanya.

"Ayos lang 'yan, para sa'yo talaga 'tong katawan ko." Sabi niya. Hinalikan niya ulit ako.

"Nakakarami ka na Montemayor!" Sabi ko sa kanya pagkatapos niyang pagsawaan ang mga labi ko. Hinapit niya ako sa bewang at niyakap ako ng mahigpit.

"Alam mo bang naging miserable ang mga araw na wala ka sa tabi ko at hindi kita nakikita, nayayakap at nahahalikan? Ang gago ko kasi Misis eh, pinairal ko 'yong selos." Sabi niya. Ibinaon niya ang mukha niya sa leeg ko at inamoy amoy iyon. Kahit na naiilang ako ay yumakap din ako sa kanya. Paano ba naman kasi, halos wala na siyang suot at manipis na boxer shorts lang ang suot niya.

"Pinapairal mo kasi 'yang pagiging seloso mo. Hindi mo man lang ako tinanong o kinausap. Basta ka na lang gumawa ng desisyon mo at hindi mo man lang inisip kung may masasaktan kang iba." Seryoso kong sabi sa kanya. Naramdaman ko ang paghigpit ng yakap niya sa akin.

"Sorry na, hindi ko na uulitin 'yon. Hindi pa naman kasi ako nakakaramdam ng selos dati, ngayon lang at sa'yo 'yon. Hindi ko naman alam ang gagawin ko, naiinis kasi

ako at nagagalit. Pinatawad mo na naman ako di ba?" Napakunot ang noo ko.

"At sino nagsabing pinapatawad na kita? Hindi pa naman tapos ang mga ipapagawa ko sa'yo." Sabi ko sa kanya. Bigla siyang napalayo sa akin.

"Kiniss mo na ako ah! Matik ng pinatawad mo ako!" Sabi niya. Pinaningkitan ko siya ng mata.

"Porket sinagot ko ang halik mo patatawarin na kita agad? Aba, magdusa ka!" Sabi ko sa kanya.

"Misis naman—"

"At ano nga pala ang ginawa n'yo ng Gwen na 'yon ng araw na makita ko kayo? Iyong araw na pinaiyak mo ako, ano?!" Pinanlakihan ko siya ng mata.

"W—Wala naman kaming ginawa eh! Sabi ko sa'yo kaibigan lang siya na nagmamalasakit, dinalaw niya lang ako para kamustahin dahil alam niya ang nangyari sa akin. Tapos nakita kita noon, sinadya kong halikan siya kahit na nandoon ka. Gusto ko kasi gumanti sa'yo, pero Misis nagsisi na ako. Hindi ko pala dapat ginawa 'yon. Sorry na." Sabi niya.

Bigla akong may naalala. Iyong singsing. Napatingin ako sa kamay niya pero wala siya ngayong suot na singsing.

"Sige na Misis, patawarin mo na ako." Naputol ang pag-iisip ko ng magsalita na naman siya.

"Ayoko, bahala ka sa buhay mo." Sabi ko sa kanya at tsaka umalis doon.

"Raisse naman!" Narinig ko pa ang pagngawa niya pero hindi ko na pinansin iyon.

*

"Greg, saan mo na naman ba ako dadalhin?" Tanong ko sa kanya. Pagkatapos kasi ng klase ko ay bigla na lang siyang sumulpot sa harapan ko at hinatak ako papalabas ng school.

"Basta kasi, sumakay ka na." Sabi niya sa akin. Sumakay naman ako sa kotse niya. Di man lang niya ako pinagbuksan, napaka gentleman!

"Saan mo ba talaga ako dadalhin?" Tanong ko sa kanya. Hindi siya sumagot pero ngumiti lang siya ng abot tenga.

"Sa langit, gusto mo?" Sabi niya. Sumimangot lang ako sa sinabi niya.

"Hindi pa kita napapatawad." Sabi ko.

"Alam ko." Kaswal niyang sagot sa akin.

"Nakakabwisit ka kamo!" Naiinis na sabi ko sa kanya.

"Nakakainlove ka naman." Sabi niya pa.

Hindi na ako nagsalita. Naiinis lang kasi ako kapag sumasagot siya, lagi naman akong talo kapag kausap ko siya. Ang bastos pa ng bibig niya.

Namalayan ko na lang na tumigil siya sa isang mataas na gate. Halos isang oras din ang ibiniyahe namin at hindi ko na alam kung nasaan na kami.

Bumaba siya kaya bumaba na rin ako, hinawakan niya ang kamay ko at naglakad papasok sa gate.

"Magandang gabi ho, sir!" Bati sa kanya ng gwardya. Tinanguan lang niya ito at pumasok na kami sa loob.

Literal na napanganga ako sa ganda noon. Hindi ko ata maisip kung gaano kayaman ang nakatira doon, para kasing mansyon na sa laki eh. Pero mas malaki parin ng dalawang beses ang mansyon ng mga Montemayor.

"G—Greg, sa inyo 'to?" Tanong ko sa kanya.

He just smiled.

"Wala sila daddy dito. Nagbakasyon sila sa Batangas kaya tayong dalawa at mga katulong lang ang nandito ngayon." Sabi niya sa akin. Pumasok kami sa entrada ng bahay at mas lalo akong namangha sa ganda ng loob.

Hindi pa rin niya binibitiwan ang kamay ko at dinala niya ako sa taas ng bahay. Umakyat kami hanggang sa third floor ng bahay hanggang sa umakyat pa ulit kami papuntang rooftop. Doon ay may nakaayos na lamesa at may mga pagkain din. Pinaupo niya ako roon.

"Ito lang ang naisip kong paraan para masolo talaga kita. Ayoko namang mag date sa labas, marami ng tao magastos pa. Ipinagluto na lang kita ng pagkain at huwag kang mag-alala nagpatulong ako kaya hindi na rin masama 'yan. Ako na lang kasi lagi ang ipinagluluto mo kaya gusto ko ikaw naman ang ipagluluto ko. Raisse, gusto ko malaman mo na seryoso ako. Na kahit bastos ako, manyak, makulit, pilyo at lagi kang inaaway. Seryoso naman ako pagdating sa'yo. Pinagsisihan ko na lahat ng

katarantaduhang ginawa ko sa'yo. Pinapangako ko na hindi na mauulit 'yon, Raisse. Hindi ko ata kakayanin na wala ka sa tabi ko kasi Raisse mahal kita." Nakagat ko ang ibabang labi ko dahil pinipigilan ko ang mapaiyak. Kinikilig ako at the same time napapaiyak sa saya. Dahil ang lalaking mahal ko, mahal din ako. Ang sarap sa pakiramdam na mahal ka rin ng taong mahal mo.

"Raisse, sana hindi mo ako iwan kahit na makulit ako ah. Patawarin mo na sana ako Raisse, hindi na ako uulit pa. Mahal na mahal kita." Sabi niya sa akin at tsaka lumuhod sa harap ko at may bigla siyang iniaabot sa akin.

Kapareha ng singsing na suot niya rin ngayon. Napatayo ako ng wala sa oras at napatakip ako ng bibig. Hindi ko na napigilan pa ang pagtulo ng mga luha ko.

"Raisse, pwede ba kitang maging girlfriend ulit? Pero this time, itatali ko na ang sarili ko sa'yo." Tanong niya sa akin ng nakangiti.

"Para ka kamong sira!" Sabi ko sa kanya at tsaka inabot iyong kamay ko. Isinuot niya rin sa akin ang singsing na katulad ng suot niya ngayon. Tumayo siya at bigla akong niyakap.

"Mahal kita Raisse, mahal na mahal."

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Thirty Six

THIRTY SIX

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Montemayor, gumising ka na. Anong oras na!" Niyugyog ko si Greg na tulog na tulog pa rin hanggang ngayon.

"Hmmm." Ungol niya lang sabay yakap pa sa unan ko, ipinatong niya rin ang hita niya roon na para bang ayaw na niya itong pakawalan pa. Aba't sinusubukan talaga ako nitong Montemayor na 'to eh!

"Isa Montemayor! Hindi ka gigising?!"

"Hmmmm. Inaantok pa ko Misis." Sabi niya. Napataas ang kilay ko.

"Aba Montemayor! Ang aga-aga mong natulog kagabi tapos inaantok ka pa? Aba bumangon ka diyan!" Pinalo ko ang pwet niya.

"Misis naman, tutulog pa ko." Sabi niya at tsaka niyakap muli ang unan ko at ibinaon ang mukha niya roon.

"Huwag mo akong subukan ngayon Montemayor! At tsaka tignan mo nga 'yang itsura mo. Wala ka na namang suot na pang-itaas at shorts!" Napailing ako. Paano na lang kung maging asawa ko 'to? Di puro ganito ang umaga ko. Ang kulit kulit pa naman ng isang 'to.

"Ikaw lang naman makakakita. Gusto ko pa matulog." Sabi niya.

"Di ka tatayo? Isa."

"Mamaya na, matutulog pa—"

"Dalawa."

"Inaantok pa nga ako Misis. Mamaya na nga—"

"Tatlo. Kapag hindi ka tumayo diyan mababaog ka." Gusto kong matawa sa panakot ko sa kanya. How childish.

"Oo ayan na nga! Gising na ako oh!" Sabi niya pa. Ngumiti naman ako simbolo ng pagkapanalo ko.

"Tumayo ka na diyan at kakain na tayo. Maaga pa tayong aalis." Sabi ko sa kanya.

Ilang buwan na rin ang lumipas at naging mas maayos ang relasyon namin ni Greg. Masasabi kong para akong nag-alaga ng bata kapag kasama ko siya. Pero kapag may iba na kaming kasama hindi siya ganoon. Gusto niya kasi na sa akin lang niya ipinapakita ang ganoong ugali niya. Kasi kahit anong ugali pa niya, alam niyang tanggap at mahal ko pa rin siya.

"Tara na! Para akong biglang nagutom ah." Sabi niya at tsaka niya ako inakbayan.

"Chansing ka ah. Umagang umaga." Tinaasan ko siya ng kilay pero medyo nakangiti ako.

"Halata pala, hehe." Ang kulit talaga niya.

Iyon din ang nagustuhan ko pa lalo kay Greg. Na kahit na ilang buwan na kaming magkarelasyon, walang pang nangyayari sa amin. Nakaka first base pa lang siya sa akin at minsan ay second base. Bigla ay para akong namula ng biglang pumasok muli sa isipan ko ang mga pagkakataon na nasosolo niya ako.

"Misis, sigurado ka bang hindi nangangagat iyong nanay mo?" Iyon ang lagi niyang tanong sa akin. Napag-usapan na kasi namin na sa Palawan kami magbabakasyon ngayong sem break. Nakapagpaalam na rin siya sa daddy niya kaya ayos na ang lahat. Kasama rin namin sina Dana at Cedric. Sila na kasi at masaya ako para sa bestfriend ko.

"Hindi nga ang kulit mo." Sabi ko sa kanya. Kumakain kami ngayon ng agahan. Mamaya na kasing alas diyes ang flight namin.

"Kinakabahan kasi ako, siyempre ipapakilala mo na ako sa nanay mo. Itatali mo na talaga ako sa'yo, ano? Kung sabagay, sino ba naman ang gusto pang pakawalan ako. Gwapo, macho, mayaman, matalino at may eight inches na pare!" Sabi niya at tsaka tumawa ng malakas.

"Sira ka talaga." Sabi ko at tsaka ko siya sinamaan ng tingin. Pero sa loob loob ko ay natatawa na rin ako pero pinipigilan ko lamang.

"Mahal kita." Bigla ay natigilan na naman ako. Gawain na niya ang ganoon, ang biglang sasabihan ako na mahal niya ako.

"May ginawa ka na naman bang kasalanan, Montemayor?" Tinaasan ko siya ng kilay.

"Wala mahal lang kita, kasalanan ba 'yon?" Ramdam ko ang biglang pamumula ng mukha ko. Lalo na ng ngumiti siya kaya lumabas ang pantay at mapuputi niyang ngipin.

"Oo na, mahal din kita." Sagot ko sa kanya.

Ngumiti ulit siya ng maluwag bago ako siilin ng halik.

****

"Captain, excited na ako! First time ko sa Palawan!" Sabi ni Dana sa akin. Hinihintay na lang namin na tawagin ang eroplanong sasakyan namin papuntang Palawan.

"Sigurado naman akong mag-eenjoy kayo roon. At tsaka masarap magluto si nanay. Mabubusog kayo roon." Sabi ko. Tinignan ko sila ni Cedric. They were holding each other's hand and it is visible to them that they are very happy with each other's accompany.

Tumingin naman ako sa katabi ko na kanina pa tahimik. Hindi ko mapigilang hindi matawa sa itsura niya. Hawak niya rin ng mahigpit ang kamay ko.

"Bakit ka ba natawa diyan! Sa kinakabahan nga ako, ano'ng magagawa ko?" Nakasimangot niyang sabi sa akin.

"Wala lang ang gwapo kasi ng boyfriend ko." Sabi ko sa kanya. Nakita ko namang namula siya.

"Kinakabahan ako Misis, baka ayaw sa akin ng nanay mo." Sabi niya.

"Bakit naman 'yon aayaw? Ikaw talaga kung anu-ano iniisip mo. Sabi ko namang mabait 'yon at magugustuhan ka 'non. Kaso nga lang galit siya sa mga foreigner, bitter 'yon eh. Bakit ba kasi mukha kang foreigner, hala lagot ka!" Hindi ko napigilan ang hindi mapatawa sa naging reaksyon niya.

"Misis naman, ikaw din naman mukhang foreigner ah. Tisay ka ako tisoy. Di galit din sa'yo nanay mo?" Napasimangot ako sa sinabi niya. Bakit ba lagi niya akong nababara?

"Ewan ko sa'yo! Nakakainis ka talaga." Sabi ko sa kanya. Bigla niya naman akong inakbayan at inilapit ang sarili niya sa akin.

"Mahal ka naman." Sabi niya.

Naramdaman ko ang pag-akyat ng dugo sa mukha ko. Minsan talaga may sapak 'tong si Greg at pinapakilig ako ng wala sa oras.

"H—Heh!" Iyon lang ang nasabi ko. Kasi naman, pinapakilig ako ng Montemayor na 'to.

"Pa-kiss nga sa Misis ko." Sabi niya at tsaka ako biglang hinalikan.

"Greg! Ano ka ba maraming tao!" Halos pabulong kong sabi sa kanya. Marami kasing nakatingin sa amin at pulos mga nakangiti.

"Tss. Hayaan mo sila, para malaman nilang akin ka na." Sabi niya sa akin at tsaka mas lalong hinigpitan ang akbay sa akin.

"Flight 045." Tinawag na ang eroplanong sasakyan namin papuntang Palawan kaya nagsitayuan na kami. Hindi niya pa rin binibitiwan ang kamay ko at mahigpit pa rin niyang hawak iyon.

Lagi ko na talagang tatandaan na may sweet side ang Montemayor ko.

****

"Matulog ka muna, malayo layo pa tayo." Sabi ko kay Greg.

"Ayaw ko." Sabi niya ng umiiling. Ginulo ko ang buhok niya.

"Inaantok ka pa hindi ba? Sige na, matulog ka muna dito sa balikat ko. Babantayan kita." Sabi ko sa kanya sabay ngiti. Napatitig naman siya sa akin.

"Talaga? Babantayan mo ako?" Hindi na ako sumagot dahil bigla ko na lamang siyang niyakap at inihilig sa may dibdib ko.

"Kahit kaylan ka talaga Greg, ang kulit kulit mo." Sabi ko sa kanya. Nasa van na kami papunta sa Bayan namin. Malayo kasi ang airport sa mismong Bayan namin.

"Ayaw mo ba ng makulit ako? Di mag bebehave na ako." Sabi niya sa akin. Ipinulupot niya ang mga braso niya sa may bewang ko.

"Kahit ano ka pa, mahal pa rin kita. Wala akong pakielam kung makulit ka, manyak ka, bastos at pilyo. Basta mahal kita tandaan mo, okay?" I kissed his temple.

"I love you Misis." Umangat ang mukha niya at hinalikan ako sa labi.

I answered his kiss with the same hunger. Tila wala na kaming pakielam kung may ibang tao pa sa paligid. Basta ang mahalaga ngayon mahal namin ang isa't isa.

"Nanay!" Hindi ko maipaliwanag ang saya na nararamdaman ko ng makita kong muli ang nanay ko.

"R—Raisse? Anak?" Tumakbo ako sa pwesto ng nanay ko at niyakap siya ng mahigpit.

"Salamat sa Diyos at nakarating kayo rito ng maayos. Kumain na ba kayo? Ang ganda na ng anak ko." Sabi ng nanay ko.

"Nay naman! Parang sinabi n'yo namang ang pangit ko dati." Sabi ko sa nanay ko habang pinapahid ang luha ko.

Lumingon naman ako sa may likuran ko at tsaka ko sila sinenyasan na lumapit.

"Hi po Tita Bien, kamusta na po kayo?" Sabi ni Dana kay nanay. Kilala na kasi ni nanay si Dana ng minsang dumalaw ito sa Maynila noon.

"Ayos naman ako. Sino ba iyang kasama mo? Boyfriend mo?" Bigla namang namula ang mukha ni Dana.

"O-Opo." Sagot ni Dana.

"Magandang araw po sa inyo." Magalang naman na bati ni Cedric.

"Eh itong gwapong ito? Sino naman ito?" Tanong ni nanay sabay turo kay Greg. Nakita ko namang napalunok si Greg. Lumapit ako sa kanya at tsaka ko hinawakan ang kamay niya ng mahigpit. Lumapit kami sa nanay ko.

"Nay, si Greg. Boyfriend ko po." Sabi ko ng diretso. Nakita ko naman ang pagkagulat sa mukha ng nanay ko.

"M--Magandang araw po sa inyo Nanay." Kinakabahan nitong sabi. Gusto kong matawa dahil sa nanay na rin ang tawag niya sa nanay ko. Dala siguro iyon ng kaba niya.

"Ganoon ba? O siya sige pumasok na kayo. At nagpahanda na ako ng pagkain para sa inyo. Mag eenjoy kayo rito sa Palawan." Sabi ng nanay ko at tsaka ito pumasok sa entrada ng resort na pinamamahalaanan nito.

Tinignan ko naman si Greg na katabi ko.

"Di siya galit?" Tanong niya. Tumawa lang ako at tsaka siya mahinang hinampas sa dibdib niya.

"Sira ka, naka-points ka nga agad sa kanya eh. Ang gwapo mo raw. Pero mamaya tiyak na mag-uusap kayo 'non ni nanay." Sabi ko sa kanya.

"Di niya ba ko pag-iigibin man lang ng tubig o pagpapalakulin ng kahoy?" Nagtataka niyang tanong sa akin. Mas lalo akong natawa sa tanong niya.

"Hindi nga! Ikaw talaga, pumasok na nga tayo sa loob." Sabi ko sa kanila. Pumasok kaming magkahawak ang kamay.

"Hoy babae! Sa inyo 'tong resort na 'to?" Tanong sa akin ni Dana ng iwan muna namin saglit ang dalawa para makapagliwaliw. Nakapagpalit na rin kaming apat ng damit.

"Hindi sa amin ito, sa amin lang pinamahala ng may ari hanggang sa mamatay iyon kaya sa amin na ito iniwan. Lalong sumikat itong resort dahil na rin sa mga luto ni nanay na pumatok sa mga turista." Paliwanag ko sa kanya. Inaayos kasi namin ang mga pagkain at maya-maya lang ay kakain na naman kami ulit. Alas tres y media na ng hapon at masarap mag swimming dahil hindi gaanong mainit dito.

"Ang galing naman pala ni Tita Bien, ano? Kaya pala masarap ka rin magluto." Sabi

ni Dana. Binigyan ko lang siya ng tipid na ngiti.

"Tara tawagin na natin 'yong dalawa at baka mamaya namimiyesta na ang mga mata nila sa mga babaeng nakabikini dito sa resort." Sabi niya.

Aba, subukan lang ng Montemayor na 'yon at puputulin ko ang pare niya!

Lumipas ang mga oras hanggang sa binalot na ng dilim ang kapaligiran at tanging tunog ng agos ng dalampasigan at mga ingay na nagmumula sa iba't ibang grupo ng mga tao roon ang bumabasag sa katahimikan.

"Ayaw mo pa bang matulog?" Tanong ko sa kanya. Nasa may dalampasigan kami malayo sa pwesto ni na Dana. Sa tingin ko ay sinadya niyang dalhin ako malayo sa kanila para masolo niya ako.

"Ayaw ko pa." Sabi niya at tsaka niya ako niyakap ng mahigpit mula sa may likuran.

Naramdaman ko ang pagdampi ng malamig na hangin sa mukha ko at pag-init ng katawan ko ng dahil sa kanya.

"Hindi ka ba nilalamig? Nakasando ka na naman." Sabi niya.

"Hindi, may body heat naman ako." Sabi niya at tsaka siya tumawa ng mahina.

"Ang kulit mo rin, ano?" Sabi ko sa kanya. Hindi ko mapigilan ang hindi mapangiti.

"Hindi naman, behave nga ako kanina."

"Kanina lang." Sabi ko sa kanya.

"Natatakot kasi ako sa nanay mo, baka mamaya ipatapon na lang ako 'non sa dagat." Sabi niya pa.

"Di kapag nandyan lang si nanay doon ka lang mag bebehave?"

"Oo, kaya ngayong wala na si nanay. Di na ako behave at solong solo na kita." Sabi niya. Bigla ay hinalikan niya ako sa leeg na nagpakiliti sa akin ng sobra.

"Greg!"

"Kanina pa kita gusto ma-solo Misis, kanina pa ako pigil na pigil." Sabi niya at tsaka niya pinaghahalikan ang pisngi ko pababa sa leeg ko.

"Greg ha! Nakikiliti ako."

"Hindi kita titigilan Misis, susulitin ko ang mga oras na solo kita!" Sabi niya at tsaka niya ulit ako pinaulanan ng halik.

Bigla ay nagsalubong ang aming mga mata at doon ay natigilan kami. We stared at each other's eyes. I could see love through his eyes and I felt my heartbeats racing so fast. At hindi ko na napigilan ang sarili ko.

I kissed him and I am the one who insist the kiss.

He undeniably answered my kiss. I put my arms around his neck and fist his hair to deepen the kiss. Para bang sabik na sabik ako sa mga labi niya at sa mga halik niya. Aaminin ko na tuwing nasosolo niya ako ay hindi niya pinapalagpas iyon, pero kahit sa maraming beses na 'yong nangyari. Hindi siya nagtangka na lumagpas pa roon ang ginagawa namin. He respects me so much kaya mas lalong lumalalim ang nararamdaman ko para sa kanya. Greg is a jerk but he's sweet and gentleman at the same time.

He suddenly ended the kissed and whispered something in my ear.

"Gusto mo bang dito natin gawin ang panganay natin?"

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Thirty Seven

THIRTY SEVEN

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Bakit ba kasi kailangan n'yo pang magkaroon niyan?" Naiinis niyang tanong sa akin at tsaka siya sumimangot.

Gusto kong matawa sa inaasal niya dahil mas apektado pa siya kesa sa akin sa pagkakaroon ko ng dalaw. Kanina kasing umaga ay inatake ako ng dysmenorrhea at head ache kaya alalang-alala siya sa akin ngayon.

"Bakit ka ba naiinis? Di ba dapat ako 'tong mainis dahil ako ang nakakaranas ngayon? Aba, dinaig mo pa ang may monthly period ah." Sabi ko sa kanya.

"Kasi naman, score na kagabi naging bato pa." Narinig ko siyang bumubulong bulong pero hindi ko na pinansin 'yon.

"Ayaw mo bang lumabas? Last day na natin dito sa Palawan at babalik na tayo sa Manila." Sabi ko sa kanya.

"Ayoko, si Ced at Dana lang naman nakikita ko doon at naglalampungan pa. Naiingit lang ako." Sabi niya. Tumabi siya sa akin at pinaglaruan ang kamay ko.

"Kung buntisin na lang kaya kita? Para nine months kang hindi mahihirapan ng ganyan?" Bigla niyang sabi.

"Greg ha!" Hinampas ko siya ng mahina sa dibdib.

"Kasi naman, nahihirapan ka kapag may ganyan ka! Di ko alam pero parang pati ako nahihirapan kapag nakikita kang ganyan." Seryoso niyang sabi. Pinakatitigan ko siya at nararamdaman ko na nagsasabi siya ng totoo. Minsan talaga sweet si Greg pero mas madalas kasi na bastos ang bibig niya.

"Three days lang naman 'to Greggy boy. Masyado mo namang siniseryoso 'tong period ko at tsaka normal na sa amin 'tong mga babae. Kaya ikaw, 'wag mo pasasakitin ang ulo ko kapag mayroon ako, maliwanag?" Sabi ko sa kanya.

Tumango naman siya na parang bata at tsaka pinagpatuloy ang paglalaro sa kamay ko.

"Pero kapag nabuntis ka titigil 'yan hindi ba?" Parang batang tanong niya.

"Oo." Kaswal na sagot ko sa kanya.

"Di bubuntisin na lang talaga kita para tumigil na 'yan at hindi ka mahirapan pa." Wala sa sarili ko siyang binatukan.

"Akala mo naman madali manganak? Kung ikaw kaya ang manganak?" Sabi ko sa kanya. Sumimangot lang siyang muli.

"Basta kapag kinasal na tayo, papabuntis ka ah?" Sabi niya. Buti na lang talaga at nandito kami sa kwarto ko sa bahay.

"Itikom mo na 'yang bibig mo Montemayor at baka may makarinig sa'yo sa labas." Sabi ko sa kanya.

"Hindi ako titigil hangga't hindi ka nagpapromise sa akin." Umakbay siya sa akin.

"Bakit? Sure ka na bang ako ang babaeng pakakasalan mo?" Tanong ko sa kanya.

"Oo naman!" Walang pag-aalinlangan niyang sagot.

"Paano kung lokohin kita? Saktan kita?" Tanong ko sa kanya.

"Susubukan kitang intindihin, pero kung sakaling hindi kita maintindihan. Huwag kang susukong ipaintindi sa akin ang lahat. Hangga't mahal mo ako, 'wag mo akong susukuan. Aaminin ko na tanga ako minsan mag-isip kaya kung sakaling dumating na 'yong araw na 'yon. Tandaan mo na kahit niloko mo ako, mahal pa rin kita." Sabi niya.

Hindi ako nakasagot sa sinabi niya. Para bang sinabi niyang tatanggapin pa rin niya ako kahit na sinaktan ko siya.

"Nakakainis ka Greg!" Sabi ko sa kanya at tsaka ako yumakap sa kanya.

"Hindi mo pa sinasagot ang tanong ko Misis."

"Oo na!" Sabi ko.

"Para namang napilitan ka lang Misis." Sabi niya. Sinimangutan niya ako. Bakit ba napapadalas ang pagsimangot niya? Di naman siya cute.

"Oo na, papabuntis na ako sa'yo! Basta ba papakasalan mo ako at hindi ka na magkukulit." Sabi ko sa kanya. Sumilay naman ang ngiti sa mukha niya.

"Talaga? Sabi mo 'yan ah!" Sabi niya sa akin na tuwang-tuwa. He even kissed me sa sobrang saya niya.

"Raisse, anak. May naghahanap sa'yo sa labas." Natigilan kami ni Greg ng marinig namin ang boses ng nanay ko.

Tumayo ako at lumabas ng kwarto ko, kasunod ko lamang si Greg.

"Raisse? Oh my gosh! Ikaw nga!" It was Lavenia. My childhood so called friend.

"Lavenia? Oh, ano'ng ginagawa mo dito?" Tanong ko sa kanya. Kilala ang pamilya ni na Lavenia dito sa bayan namin dahil sa mayaman sila.

"Kinakamusta kita! Hindi mo ba ako na-miss? Balita ko graduating ka na rin! Congrats girl!" Saad niya sa hindi ko maipaliwanag na tono.

"Oo, next year na." Sabi ko sa kanya. Biglang napatingin si Lavenia sa may likuran ko. Kita ko ang pagbabago ng mukha niya ng makita niya si Greg.

"Oh my gosh, sino siya?" Halos pabulong na tanong niya sa akin.

"Ah, si Greg. Boyfriend ko." I emphasize the last two words I've said.

"Boyfriend pa lang naman pala, mag bebreak din kayo niyan." Sabi niya sa akin habang nakatingin kay Greg. Bigla ay nakaramdam ako ng inis. Isa kasi si Lavenia sa nanlalait sa akin noong mga bata pa kami. Palibhasa ay mayaman ang pamilya nila kaya niya nagagawa iyon, pero kahit na mayaman pa siya. Wala naman kalaman laman ang utak niya kung hindi pulos kalandian. Katulad na lang ngayon na halos kita na ang singit niya sa ikli ng suot niyang shorts short pati na rin ang cleavage niya na gusto niya atang i-display sa National Museum.

Marahil ay napansin niya ang pagbabago ng mukha ko kaya nagsalita agad siya. "Biro lang." Sabi niya at tsaka siya ngumiti ng pilit.

"Ayos lang, kumpiyansa naman akong mahal niya ako." Sabi ko sa kanya at tsaka ngumiti ng maluwag.

"Ipakilala mo naman ako sa kanya." Sabi niya. Kahit na ayoko ay pumayag na rin ako. Lumapit sa amin si Greg.

"Hi, I am Lavenia and you are?" Saad niya sa malanding tono. Gusto kong mainis dahil ngumiti si Greg sa kanya.

"Greg." Sabi niya. Nakaramdam ako ng selos lalo na ng maghawak sila ng kamay kahit pa na saglit lang iyon.

"Nice to meet you, I've heard na girlfriend mo si Raisse? Bakit?" Hindi ko alam kung may gusto ba siyang patunayan o wala. Nakaramdam na lang ako bigla ng inis sa kanya.

"I don't know, wala namang dahilan kung bakit mo mahal ang isang tao hindi ba?" Sabi niya at tsaka siya tumingin sa akin at ngumiti. Hinawakan niya ang kamay ko sa harap ni Lavenia at nakita kong napasulyap siya doon. I saw her smirked.

Bigla ay kinabahan ako.

"So, ilang months na kayo?" Tanong niya.

"Three months." Ako na ang sumagot. Nakita ko ang makabuluhang ngiti sa mukha niya.

"Three months pa lang naman pala." Sabi niya at tsaka siya ngumiti.

"Bakit? May mali ba?" Tanong ko sa kanya.

"Wala naman, akala ko kasi hindi ka na magkakaroon ng boyfriend. Naalala ko kasi noon na hindi ka nga napapalit ng damit dahil wala kayong permanenteng tirahan ng nanay mo at tsaka gusgusin at uhugin ka pa noon. Naalala ko rin na wala rin kayong pambili ng pagkain at nanghihingi lang kayo kung kani-kanino. And who would have thought na makakapag-aral ka?" Tumawa siya ng nakakaloko.

Aaminin ko na nainsulto ako sa sinabi niya. Oo, totoo ang mga iyon pero kahit na ganoon ay nasaktan pa rin ako. Wala siyang karapatan na ipamukha sa akin ang mga ganoong bagay.

"Well, tignan mo nga naman. Makakagraduate ka na ng kolehiyo at sa isang kilalang Unibersidad pa sa Manila. Iba na talaga nagagawa ng pagiging malandi ng ina." Hindi ko narinig ang huli niyang sinabi pero may pakiramdam ako na panlalait iyon.

Biglang nagsalita si Greg. "Hindi nga rin ako makapaniwala na magkakaroon ako ng girlfriend na katulad niya. Iyong matapang, simple lang pero ubod ng ganda, matalino at higit sa lahat mahal ako. Ang swerte ko na dumating siya sa buhay ko. Balak ko na nga siyang pakasalan pag ka graduate namin next year." Sabi ni Greg habang nakatingin sa akin. Bigla akong napangiti at napahigpit ang hawak ko sa kamay niya dahil sa sinabi niya.

Kita ko naman ang pag-awang ng bibig ni Lavenia sa sinabi ni Greg. Sino ba naman kasi ang hindi magugulat kung sa harap mo ay isang gwapong binata ay magsasalita ng ganoon? Aaminin ko, isa rin sa insecurities ni Lavenia ang pagiging tisay ko. Kahit na kasi gusgusin ako noon ay litaw na litaw ang ganda ng kutis at tangos ng ilong ko. Halatang halata na may lahi ako lalo na ngayon na nagdalaga pa ako at mas lalong lumitaw ang pagiging half Australian ko.

"Oh, napadaan lang naman ako dito para sabihing pupunta rin ako ng Manila. Balak ko kasing mag transfer sa school n'yo this coming semester. Excited na nga rin akong makita kayo doon eh." Sabi niya sa akin at tsaka ngumiti ng kahulugan. Nakita ko ring tumingin siya kay Greg ng makabuluhan.

"I am so excited to be with you Greg." She said before she left with a smile on her face.

Ayokong bigyan ng kahulugan ang hulinh sinabi niya kay Greg pero hindi ko mapigilan. Para bang may nagsasabi sa sistema ko na dapat maging handa ako. Oo, may tiwala ako sa pagmamahal ni Greg para sa akin. Pero paano kung iba ang maging rason ng paghihiwalay namin?

Paano kung ako?

"Misis, tara na balik na tayo sa kwarto mo." Nabasag lang ang pag-iisip ko ng magsalita na si Greg. Nakangisi ito na parang may binabalak.

"At bakit?" Tinaasan ko siya ng kilay.

"Pa-homerun ako Misis." Nanlaki ang mata ko sa sinabi niya.

"Greg Joseff Montemayor!"

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Thirty Eight

THIRTY EIGHT

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Captain, tignan mo 'yon. Hindi ba siya 'yong babaeng tiga Palawan rin na sabi mong nag-aaral sa Manila?" Napalingon naman ako sa direksyon na itinuturo ni Dana.

It's her, Lavenia.

Nagulat ako dahil tinotoo pala niya ang sinabi niyang mag tatransfer siya sa St. Tomas. Balita ko ay magdadalawang lingo na itong nakapag transfer sa school pero ngayon ko lang siya nakita at doon ko lang din nakumpirma na lilipat nga ito ng school. Nakangiti ito na para bang kakandita sa eleksyon. Biglang nagtama ang mga mata namin ni Lavenia. Lumapit ito sa pwesto namin ni Dana. She even waved while smilling very wide.

"Hi, it's you. You didn't tell me na ang dami pa lang gwapo dito sa school n'yo. I am so surprised." Sabi niya pagkalapit niya sa pwesto namin ni Dana.

"Captain, ang arte niya magsalita ha." Bulong sa akin ni Dana. Ngumiti lang ako ng tipid.

"Nagulat ka ba na nandito ako sa school n'yo? Siguro naman narinig mo nang may transferee ?" Tanong niya sa akin. Hindi ko alam kung bakit parang may kahulugan ang mga ngiting ibinibigay niya sa akin.

"Ah—Medyo, akala ko kasi nagbibiro ka lang." Sagot ko sa kanya. Nasa may canteen kami ng school at may klase pa si Greg at Ced kaya hindi namin sila ngayon kasabay.

"Actually, may cousin kasi ako na nag-aaral dito kaya dito na rin ako mag-aaral." Sabi niya sa maarteng tono. Tumango na lang ako at siya naman ay parang may hinahanap.

"Ah Raisse, nasaan si Greg? Bakit hindi mo ata siya kasama?" Tanong niya.

"May klase pa siya, mamaya pa kami magkikita." Sagot ko sa kanya.

"Ah, ganoon ba? Iimbitahan ko sana siya sa welcome party para sa akin." Diretso niyang sagot sa akin.

"Siya?" Gulat na tanong ni Dana.

"I mean, kayo pala." Sabi niya sa akin sabay ngiti.

"Ah, hindi ko lang sigurado. Ang alam ko kasi ayaw ni Greg sa mga party." Sagot ko sa kanya.

"Oh? Sayang naman, tsaka minsan na lang naman tayo magkasama. Parang wala naman tayong pinagsamahan niyan Raisse. Magkababata naman tayo ah? Sige na, sumama na kayo. For sure mag-eenjoy kayo roon." Sabi niya.

"Ano kasi, hindi ko lang sigurado. Kakausapin ko muna si—"

"Kung gusto mo ako na ang kakausap kay Greg para diyan? Kaklase ko naman siya sa susunod na subject." Ngumiti ulit siya ng makahulugan.

Bigla ay nakaramdam ako ng selos at kaba sa sinabi niya. Sinadya niya bang maging magkaklase sila ni Greg?

"T—Talaga? K—Kaklase mo siya?" Tanong ko sa kanya.

Ngumiti ulit siya, pero sa pagkakataong ito. Ang ngiti niya at ang sinabi niya ay mas makahulugan.

"Yes, balak ko kasi siyang agawin sa'yo." Sabi niya sabay tawa ng nakakaloko.

Magsasalita na sana ako ng magsalita na siya. "Biro lang! Hindi ako marunong mang-agaw eh, sila kusang nalapit." Sabi niya sa akin.

Walang nakaimik sa amin ni Dana. Pero sa loob loob ko, kinakabahan ako ng hindi ko alam kung bakit. Parang may mangyayari at parang dapat maging handa ako.

"See you later Raisse." She said before she left.

"Captain hindi ko siya feel! Ang landi niya, hanggang dito nakasunod siya sa'yo? Wow ha!" Sabi ni Dana sa tabi ko.

"Dana, may napansin ka bang kakaiba sa kanya?" Tanong ko sa kanya.

"Wala naman Captain? Bakit?" Tanong ni Dana. I just shook my head.

"Wala, paranoid lang siguro ako."

"Ay, Captain. Narinig mo ba na bumalik na si Miguel? Balita ko ay nagbakasyon rin siya sa probinsya nila." Napalingon naman ako kay Dana.

Matagal tagal na rin simula ng huling magka-usap kami ni Miguel at hindi pa naging maganda ang pinag-usapan namin.

"Ganoon ba?" Tanong ko sa kanya. Wala talaga ako sa mood makipag-usap.

"Captain, may nangyari na ba sa inyo ni Greg?" Biglang tanong ni Dana na nagpabuhay sa katawang lupa ko.

"Ano ba naman 'yan Dana! Kung anu-ano pinagtatanong mo! Siyempre wala pa!" Sigaw ko sa kanya. Nakuha ko naman ang atensyon ng ilang kumakain sa paligid namin. Ningitian ko lang sila ng pilit at itinuon ulit ang pansin kay Dana.

"Sorry naman Captain, natanong ko lang. Pansin ko kasi na lagi siyang nasa apartment mo eh. Baka mamaya may nangyari na sa inyo, knowing Greg. Kilala 'yang womanizer dati." Sabi niya.

"Wala pa, hindi ko naman agad isusuko ang bataan ko kahit na mahal ko 'yon." Sabi ko sa kanya.

"Bakit sa inyo ni Cedric may nangyari na ba?" Tanong ko sa kanya.

"Wala pa 'no. Pero ano? Pupunta ka ba mamaya?" Tanong ni Dana. Bigla naman akong

natigilan at napatulala sa kawalan.

Pupunta ba ako?

****

"Greg!" Napalingon kami ni Greg ng may tumawag sa pangalan niya pagkapasok namin sa entrada ng mataas na gate ng isang bahay.

"Hi." Bati ni Greg sa kanya ng makalipit ito sa amin. We're here at her party. Sabi kasi ni Greg ay mabait naman daw ito kaya sila pumunta at para na rin daw makapagliwaliw sila.

"Buti nakapunta ka." Sabi niya kay Greg sabay haplos sa balikat nito. Biglang napukaw ang tingin niya sa akin.

"Kasama mo pala siya." Sabi niya at sa pakiramdam ko ay nadismaya siya roon.

"Yeah, gusto naman kasi namin gumimik kahit minsan." Sagot ni Greg sa kanya.

"I see, so C'mon. Let's go inside." Sabi nito sa amin.

It's a pool party at marami rin ang nakidalo. Halos lahat ay galing ng school at pamilyar ang iba sa akin.

"Misis, sana pala hindi na tayo pumunta dito. Kung hindi lang niya sinabi sa akin na gusto mo pumunta rito, hindi ako pupunta eh." Bigla akong napatingin kay Greg.

"Sinabi niyang gusto kong pumunta rito?" Tanong ko sa kanya.

"Oo, kanina. Kasi raw magkababata kayo at miss n'yo na ang isa't isa. Pero parang hindi naman." Sabi ni Greg. Nakaakbay lang ito sa akin habang ang isa naman niyang kamay ay nilalaro laro ang kamay ko.

Nandito na naman ang pamilyar na kaba sa may dibdib ko.

Parang may mali, parang planado ang lahat. Parang alam niya kung ano ang kilos at isip naming dalawa ni Greg. Something is really happening.

"Hi, nag-eenjoy ba kayo? Maraming drinks doon." Naputol ang pag-iisip ko sa biglang pagsingit ni Lavenia. May mga kasama itong tatlong babae.

"Ah girls, this is Greg and si Raisse kababata ko." Pagpapakilala nito sa amin.

Tinapunan naman ng tatlong babaeng kasama nito si Greg ng malagkit na tingin.

"Uhmm, Greg. Can we talk for a while? May gusto lang sana akong sabihin at ipakita sa'yo." Biglang sabi ni Lavenia. Napatingin agad ako kay Greg.

"Sure." He smiled.

Tumingin sa akin si Lavenia at tsaka ngumiti. Lumingon ako kay Greg. "B—Bumalik ka agad ah?" Sabi ko sa kanya. Tinanguan naman niya ako.

"Babalik agad ako, dito ka lang okay?" Sabi niya. Tumango ako sa kanya bago sila umalis ni Lavenia papasok sa entrada ng malaking mansyon.

Itinuon ko na lang ang pansin ko sa pag-inom ng light beer na iniinom ko. Hindi naman gaanong nakakalasing iyon kaya ininom ko. Pinanood ko na lang ang mga taong nagsasaya na iilan lang ang pamilyar na mukha sa akin. Hanggang sa nanawa ako at hindi ko na namalayan na mag-iisang oras na pala simula ng umalis si Lavenia at Greg. Nakakailang bote na rin ako at medyo tinatamaan na ako ng antok at kalasingan, pero kahit papaano ay nakakaya ko pa naman labanan ang mga iyon.

I texted him and I waited for minutes and there is no response. Balak ko na sanang sundan sila ng may biglang lumapit sa akin na lalaki.

"Nice to see you again, Raisse." Pilit kong inaaninag ang lalaking lumapit sa akin. Nanlalabo na kasi ang mata ko sa antok at sinabayan pa ng kalasingan pero ng maaninag ko ang lalaking nasa harapan ko ay parang kilala ko iyon.

Nagulat na lang ako ng hatakin niya ako paalis doon at wala na akong nagawa dala ng antok at kalasingan.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Thirty Nine

THIRTY NINE

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

Unti-unti kong minulat ang aking mata na tila ba nagising ako sa isang panaginip. Doon ay biglang gumihit sa sistema ko ang pananakit ng buo kong katawan. Sa tagpo ring iyon ay nalaman kong nasa isa akong puting kwarto.

Pilit kong ipinapasok sa isipan ko na isa lamang itong panaginip, pero agad na nabasag iyon ng lumaglag ang kumot na tanging tumatakip sa buo kong katawan at ng maramdaman ko ang mas pananakit sa ibabang bahagi ng katawan ko ay siyang nagpasok sa isipan ko na binaboy ako.

Tears escaped my eyes as the reality hit me. I was a waste last night. Binaboy ako ng kung sinong demonyo.

Mas lalo akong napaiyak ng makita ko ang pulang dugo sa puting kutson ng kama. Hindi ko kinaya ang nangyari sa akin, na para bang gugustuhin ko na lang na mamatay kesa sa binaboy ako ng kung sinong demonyo.

Biglang bumukas ang pintuan ng banyo at mula roon ay lumabas ang lalaking nambaboy sa pagkatao ko. Ang lalaking sumira sa pagkatao ko sa nakaaraang gabi. Nanalaytay ang galit sa buo kong pagkatao ng maisip ko na siya ang lalaking sumira sa akin.

It's him, Cedric.

Ibinalot ko sa buo kong katawan ang kumot na nasa gilid ko. Wala itong suot na pang-itaas at tanging kupas na pantalon lamang ang suot nito.

"You are now awake." He grinned like a devil. Pinulot nito ang damit na nagkalat sa sahig at tsaka isinuot.

"B—Bakit? Bakit mo nagawa 'to sa akin? Pinagkatiwalaan kita!" Hindi ko magawang tumayo para saktan siya. Tila ba naubos na ang lakas ko sa pag-iisip pa lamang na sira na ako.

Tumawa siya ng pagak. "That's the point, nagtiwala kayo agad sa akin. Napakinabangan ko rin pala ang feelings ng bestfriend mong tanga. I even fvcked her like you. I made her scream my name again and again. Buti nga napagtyagaan pa kita eh." Sabi niya.

Patuloy na kumakawala sa mga mata ko ang luhang galit at sakit ang dahilan.

"Kung babalakin mo rin lumaban, huwag mo ng subukan. Siguro naman alam mo na Gobernador sa bayan n'yo ang lolo ni Lavenia? Kung babalakin mong lumaban, masasaktan lang ang nanay mo. Baka nga ipapatay pa ang nanay mo kung sakaling manlaban ka. At wala ka ring pera, ibidensya o ano pa man. Talo ka Raisse kung lalabanan mo pa kami. Pero kung gusto mo naman lumaban, go. Take the consequences." He laugh, a devil laugh.

Ang nanay ko, hindi maaari.

"At kung ako sa'yo, layuan mo na rin si Greg. Para matahimik na 'yang buhay mo. Akala ko pa naman may nangyari na sa inyo ni Greg, swerte ko na lang at ako pa ang nakauna sa'yo." Ngumisi ulit siya na parang demonyo.

"Hayop ka! Ang sama mo! Ang sama sama mo!" Sigaw ko sa kanya at kasabay noon ay ang pag-uunahan ng mga luha ko na tumulo.

"Hindi ako masama Raisse, masamang masama ako." Sabi niya sa akin.

"H—Hindi ko inakalang ikaw pa ang gagawa nito sa akin, b—bakit ikaw pa?"

"Maybe, I am good fucking a virgin." He said then he showed me his demon smirk.

He suddenly throwed bills in the bed.

"Thank you for the sex last night. Don't worry, bayad na 'tong kwarto na 'to. Bayad ko 'yan sa'yo." Then he left the room.

And I felt like a whore.

Wala akong nagawa kung hindi ang iiyak na lang lahat ng sakit, galit, pandidiri at takot na nararamdaman ko. Ano'ng nangyari? Bakit naging ganito ang lahat? Bakit sa isang gabi lang ay nasira ang buo kong pagkatao? May nagawa ba akong mali? Nagmahal lang naman ako ah?

Marahan akong tumayo kahit na nananakit ang buo kong katawan lalo na sa parteng iyon.

Isa-isa kong pinulot ang mga damit ko at tsaka pumasok sa banyo.

Binitiwan ko ang kumot na bumabalot sa katawan ko at hinayaan ko lang lumantad ang katawan ko. Pinagmasdan ko ang kahubuan ko sa malaking salamin at bigla ay bumagsak na naman ang mga luha mula sa mata ko.

Nababoy na ako.

Binaboy ako, pinaglaruan, ginamit at itinapon na lang na para bang basura.

Hinayaan kong balutin ang katawan ko ng malamig na tubig na nagmumula sa shower. Alam ko sa sarili ko na kahit ilang ulit pa ako maligo ay hindi na mabubura ang katotohanang ginamit na ako. Na nababoy na ako ng kung sino. Alam ko na habang bumubuhos ang malamig na tubig sa kahubuan ng katawan ko, bumubuhos din ang mga

luha ko.

Umalis ako sa lugar na 'yon na parang wala sa sarili at hindi ko rin alam kung paano ako nakarating ng maayos sa apartment ko. Papalapit na ako sa apartment ko ng makita ko ang pamilyar na bulto.

Si Greg.

Walang pag-aalinlangan akong tumakbo sa pwesto niya at tsaka siya niyakap ng mahigpit.

"Raisse, saan ka ba pumunta? Alalang-alala ako sa'yo kagabi!" Sabi niya sa akin. Hinigpitan ko ang pagkakayakap ko sa kanya, na para bang ayaw ko siyang mawala sa tabi ko. Na ikamamatay ko kapag pati siya kuhanin nila sa akin.

Ipaglalaban ko siya dahil alam kong kahit ano'ng mangyari, tatanggapin niya pa rin ako.

"Misis, bakit ka ba naiyak? Alam ko namang miss mo ako, hindi mo na kaylangang umiyak." Sabi niya. Naramdaman ko ang pag-alog ng balikat niya. Marahan ko siyang hinampas sa dibdib niya.

"Nakakainis ka kamo!" Sabi ko sa kanya. Hindi siya sumagot bagkus ay marahan akong binigyan ng halik sa labi na siya namang sinagot ko ng walang pag-aalinlangan.

Nakaramdam ako ng saya at tila ba nawala ang takot na kanina ay bumabalot sa sistema ko.

"Mahal kita Misis, mahal na mahal." Sabi niya.

"May nagawa kang kasalanan, ano?" Sabi ko sa kanya. Pilit kong iniignora ang kaninang nangyari.

"Wala ah! Behave kaya ako." Sabi niya at tsaka niya ako bingyan ng ngiti.

"Sure ba 'yan?" Tanong ko sa kanya.

"Oo nga! Kiss mo pa ko eh." Ngumiti siya ng nakakaloko.

"Ikaw talaga, napakakulit." Sabi ko sa kanya. Ngumiti ako at sana sa ngiti kong iyon ay naitago ko ang kalungkutan at takot na nararamdaman ko.

Sana sa ngiti kong iyon, mabuo muli ang pagkatao ko.

Hindi ko na napigilan ang pagtulo ng mga luha ko. Hindi ko napigilan na ilabas ang sakit na nararamdaman ko kapag naiisip kong napagsamantalahan ako at wala akong magawa para pigilan iyon o pagbayarin ang taong bumaboy sa akin dahil mapapahamak lamang ang mga tao sa paligid ko at hindi ko rin masabi sa kanya na sirang sira na ako at hindi na ako buo dahil natatakot akong kapag nalaman niya, iwan niya ako.

"Raisse, may problema ka ba?" Sabi niya at tsaka niya marahan na pinahid ang mga luha na bumabagsak sa pisngi ko.

"W—Wala." Sabi ko at tsaka ako ngumiti. Hindi ko alam kung nagmumukha ba akong tanga dahil nakangiti ako pero patuloy pa rin ang pagbagsak ng luha ko.

"Handa akong protektahan ka kahit saan Raisse, basta magsabi ka lang sa akin ng totoo. Sabihin mo lang kung may problema ka Raisse." Sabi niya pa at tsaka niya ako tinitigan sa mga mata.

Kaya ko bang sabihin sa kanya ang totoo? Handa ba ako na kapag nalaman niya ang nangyari sa akin, iwan na lang niya ako bigla?

"W—Wala. A—Ayos lang ako. Walang problema." I lied.

Hanggang kaylan ko ba kaya itong itago sa kanya? Hanggang kaylan ba siya maniniwala sa kasinungalingan? At kaylan ba ako magiging buo ulit?

"Wala nga ba talagang problema?" Bigla ay para akong nanigas ng marinig ko ang boses ni Lavenia sa may likuran namin. Para akong bato na hindi makagalaw at hindi makapagsalita.

"What?" Tanong ni Greg sa kanya. Naramdaman ko ang paglapit niya sa amin at sa ilang saglit lang ay nasa harap na namin siya.

Na nakangisi na para bang kontrolado niya ang paligid.

"Wala ka ba talagang problema, Raisse? Bakit hindi mo sabihin sa kanya ang totoo?" Sabi niya. Pinakatitigan ko siya sa mata at nakita ko ang isang bagay na matagal ko nang nakikita sa kanya noon, inggit.

Nakita ko naman ang pagkunot ng noo ni Greg batid na naguguluhan ito at nalilito sa nangyayari sa paligid niya.

Bigla ay naalala ko ang sinabi ni Cedric kanina.

Baka nga ipapatay pa ang nanay mo kung sakaling manlaban ka.

"Ano, Raisse? Ayaw mo bang sabihin sa kanya ang nangyari sa inyo ni Cedric?" Naramdaman ko ang panginginig ng buo kong katawan at pangingilid ng luha ko. Nakita ko rin ang tanong sa mukha ni Greg sa sinabi ni Lavenia.

"What are you talking about?" Tanong niya kay Lavenia.

"Hindi niya masabi sa'yo kung bakit nawala siya kagabi?" Tumawa ng pagak si Lavenia.

"G—Greg." Hinawakan ko ang kamay niya.

"Raisse, why don't you tell him?" May paghahamong sabi ni Lavenia sa akin. Sa tagpong iyon, tuluyan ng bumitiw ang mga luha ko. Bumagsak ito batid na alam kong may mangyayaring hindi maganda kapag nagsalita na ako.

"Bakit hindi mo sabihin kay Greg na may nangyari sa inyo kagabi ni Cedric? Sabihin mo Raisse." Sabi nito. Mas lalo akong napaiyak ng makita kong natigilan si Greg. Nang makita ko ang pagguhit ng sakit sa mukha niya sa sinabi ni Lavenia. Hindi ko alam ang sasabihin ko, hindi ko alam ang gagawin ko at lalong hindi ko alam ang mangyayari sa mga susunod na oras. Basta ang alam ko lang ay umiyak.

"You are kidding me, right? You are just fvcking kidding me, right?" Tanong nito kay Lavenia. Wala na akong nagawa kung hindi ang humagulgol.

"Ask her." She reply.

"Raisse, tell me. Hindi totoo 'yon hindi ba? Nagbibiro lang siya hindi ba? Kasi ako 'yong boyfriend mo eh, mahal mo ako hindi ba? Hindi mo magagawa sa akin 'yon, alam ko." Sabi niya na para bang nagmamakaawa. Hindi ako nakasagot, umiyak lang ako.

"Raisse, magsalita ka naman oh. Sagutin mo naman 'yong tanong ko oh, hindi totoo 'yon hindi ba? Raisse. Sumagot ka." Sabi pa niya na parang nagmamakaawa na sabihin kong hindi totoo iyon.

Pero kapag sinabi kong nagahasa ako, nanay ko ang mapapahamak at baka hindi lang nanay ko at pati na rin ang mga taong nakapaligid sa akin at ayokong mangyari iyon.

"Raisse sumagot ka! Tangina, huwag mo akong iyakan! Sagutin mo 'yong tanong ko!" Naramdaman ko ang paghigpit ng kapit niya sa mga balikat ko. Nasasaktan ako, pero mas nasasaktan ako na makita ang reaksyon niya.

"Ano Raisse? Totoo ba na may nangyari sa inyo? Totoo ba?!" Sigaw niya sa akin.

"G—Greg."

"Sumagot ka!"

Tumango ako at doon ay mas naging sira ako. Mas nawasak ako, dahil kitang kita ko ang pagguhit ng sakit sa mukha niya. Nakita ko ang pagbagsak ng luha mula sa mga mata niya.

"G—Greg, pakinggan mo muna ako oh. Magpapaliwanag ako, Greg please. Makinig ka lang sa akin—"

"I hate you Raisse, I hate you." He said without any emotions before he turned his back to me.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Forty

FORTY

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

Hindi ko alam kung ilang oras na akong umiiyak simula ng umalis at iwan ako ni Greg. Wala akong nagawa ng umalis siya, hindi niya ako pinakinggan at nagkatotoo ang takot ko na iwan niya ako sa oras na malaman niya ang nangyari sa akin.

Ang sakit.

Sobrang sakit, dahil iyong taong inaakala kong dadamay sa akin sa gitna ng pagsubok at kahirapan ko, ay iniwan ako. Bakit? Akala ko ba kapag mahal mo ang isang tao, tatanggapin ka niya sa gitna ng mga pagkakamali mo, sa mga imperpeksyon mo. Mahal ko si Greg, mahal na mahal ko siya at alam kong ako ang may mali. Ako ang may kasalanan kung bakit siya nawala sa akin at alam ko sa sarili ko na ako lang din ang makakapagpabalik kay Greg sa akin.

Wala na akong pakielam kung ano pang sabihin ng iba, wala na akong pakielam kung mag mukha akong desperada sa gagawin ko. Mahal ko si Greg at hindi ko kayang mawala siya sa akin dahil siya lang ang bukod tanging lalaki na nagpapasaya sa akin at

nagbibigay kulay sa mundo kong dati ay balot ng makapal na itim na ulap.

Parte na siya ng buhay ko at hindi na magbabago iyon, siya at ako, iisa.

Tumayo ako at inayos ang sarili ko. Kahit na alam kong namamaga ang mga mata ko sa kakaiyak ay pinilit kong maging maayos ang mukha ko. Hahanapin ko si Greg, pupuntahan ko siya, pipilitin ko siyang makipag-usap sa akin. Magpapaliwanag ako kahit ayaw niya akong pakinggan, hindi ako susuko at tatandaan ko na titigil lang ako kapag sinabi na niya. Kapag ayaw na niya.

Mahal na mahal ko si Greg at handa kong gawin ang lahat para lang mapatunayan ko ang pagmamahal ko sa kanya at para mapatawad niya ako at matanggap niya ako.

Inayos ko na ang sarili ko. Kinuha ko ang cellphone ko pati na rin ang wallet ko. Tumingin ako sa munting orasan na nakasabit sa batong dingding ng apartment ko.

Alas onse y media ng hating gabi na.

Wala akong pakielam kung may mangyari pang masama sa akin, basta masabi ko lahat kay Greg. Basta masabi kong mahal na mahal ko siya. Ayos na sa akin 'yon.

Lumabas ako at laking pasalamat ko ng may mangilan-ngilan pang pampasaherong jeep ang pumapasada sa ganitong oras ng gabi. Pupuntahan ko siya sa condominium niya, hihingi ako ng tawad, sasabihin ko sa kanya na nagkamali ako. Na sana ay patawarin niya man lang ako, kahit iyon lang. Ayos na sa akin, ang mapatawad niya. Masaya na ako na mapatawad niya ako, huwag lang siyang magalit sa akin. Dahil ayokong iwan siya ng mayroong siyang tinatanim na galit sa akin.

Laking pasalamat ko ng makarating ako ng ligtas sa tinutuluyan niya. Hiningian lamang ako ng guard ng valid I.D at tsaka pinapasok sa loob ng mataas na building kung saan tumutuloy ngayon si Greg. Nagmamadali akong sumakay ng elevator at pinindot ang floor ni Greg. Wala pang ilang minuto ay nakarating agad ako roon.

Ilang ulit kong pinindot ang doorbell ng condominium niya pero walang nasagot. Alam ko ang pass code ng unit niya pero ng subukan ko iyon ay hindi ito gumana. Pinalitan na niya agad iyon at hindi ko alam kung bakit bigla ay nakaramdam ako ng sakit ng dahil doon.

Naghintay ako sa labas ng pintuan niya. Hihintayin ko siya kahit ilang oras pa ang tumagal, kahit abutin pa ako rito ng umaga, basta makausap ko lang siya at makapagpaliwanag ako sa kanya.

Ilang oras ang lumipas, pero wala pa rin si Greg. Alas tres y media na ng umaga pero wala pa rin siya. Desidido ako na hindi ako aalis dito hangga't wala siya. Pinuntahan na rin ako ng guard na nagroronda at tinanong ako kung ayos lang ba ako, tanging tango at tipid na ngiti lang ang isinagot ko.

Maghihintay ako Greg, maghihintay ako.

"Grabe, ang gwapo talaga ng bagong player ng school 'no? Kaya siya tinitilian eh. Kanina nga naghubad siya pagkatapos ng practice nila and I was like drowning na talaga. Gosh girl! Ang gwapo na macho pa!" Gustong gusto ko ng ipasak sa bibig ng katabi ko ang ballpen na hawak ko. Kanina pa ako iritang irita sa ingay nilang dalawa. Hindi naman siguro ako nagkamali na library ang pinasukan ko pero parang literal na chatting room ata itong napasukan ko.

"Sinabi mo pa. As far as I remember, he is a Montemayor. Grabe, ang swerte ng magiging girlfriend niya! Ang rich kaya niya." Sabi pa nung isa.

Pigil lang Raisse, pigil lang.

"He is so gwapo talaga. Manonood nga ako ulit ng practice nila mamaya eh. I am so kinikilig talaga." Hindi na ako nakapagpigil at tumayo na ako at hinarap sila.

"Jusko naman! Hindi ba kayo nandidiri sa mga pinagsasabi at pananalita n'yo? Aba, parang pniilipit 'yang mga dila n'yo. At marunong ba kayong magbasa? Ang laki laki na ng nakasulat na quiet zone tapos ang iingay n'yo pa rin? Inyo 'to? Kung gusto n'yo mag-ingay huwag dito. Kitang daming nag-aaral dito sa library tapos kayo kalandian lang? Di sana nag-enroll kayo sa Malandi University hindi dito. Ang iingay n'yo, pinakain yata kayo ng mga nanay n'yo ng tigsasampung soup number five noong bata kayo! Imbyerna, mga mukha namang impakto." Hindi ko napigilang masabi.

Halos lahat ng tao sa loob ng library ay nakatingin sa akin at 'yong tatlong babae na nasa harap ko ay pare-parehong mga nakanganga. Buti nga sa kanila! Agad kong kinuha ang gamit ko at tsaka umalis doon sa pwesto ko, pero hindi pa ako nakakalayo ng harapin ko ulit siya.

"Advice lang, aral muna bago landi." Iyon lang ang sinabi ko at tsaka ko na sila tinalikuran.

Bwisit! Ang ganda na ng review ko sinira pa ng mga malalanding iyon. At sino ba 'yong bagong player na 'yon? Ang gwapo naman ata niya para pagkaguluhan ng mga malalanding iyon.

Pababa na ako ng hagdan ng may biglang tumamang matigas na bagay sa may ulo ko.

"Punyeta naman!" Hindi ko mapigilang masabi. Agad kong hinarap kung sino ang demonyong bumato sa akin ng bola ng basketball.

"Sorry Ms. Hindi ko napansin na may tao." Sabi niya at tsaka siya ngumiti.

"So ano'ng palagay mo sa akin, hayop? Gagawin mo pa akong tanga!" Sabi ko sa kanya. Kumunot naman ang noo niya. Ang galing lang, foreigner nagtatagalog.

"Look Ms, I really meant my sorry. Hindi ko naman sinasadya 'yon, hindi lang talaga kita napansin. At kasalanan mo rin naman 'yon, kung hindi ka tumitingin sa paligid mo hindi ka matatamaan ng bola." Biglang nag-init ang ulo ko sa sinabi niya.

"Ang kapal din pala ng mukha mo 'no? Sa tingin mo ba, gugustuhin kong pagmasdan ang paligid mo kung may basurang tulad mo akong makikita?" Tinaasan ko siya ng kilay. Nakita ko naman ang pagngiti niya ng nakakaloko.

"Ang gwapo ko naman palang basura. Hindi mo ba ako kilala?"

"Ang tigas ng mukha natin ah? Ano ka chicks? Pag-aabalahan ko pa ba ang tulad mo na kilalanin ka? Ikaangat ba ng buhay ko na kilalanin ka? At uunlad ba ang ekonomiya ng Pilipinas kapag kinilala kita?"

"Hindi."

"Oh, hindi naman pala eh! So wala akong pakielam kung sino ka." Diretsa kong sabi sa kanya at tsaka ko siya tinalikuran, pero hindi pa ako nakakalayo ng magsalita siya.

"Greg."Lumingon ako sa kanya.

"Anong Greg?" Kunot noong tanong ko sa kanya.

"Greg, that's my name. Greg Montemayor."

"What are you doing here?" Bigla akong napa-angat ng tingin at agad na napatayo ng marinig ko ang napakapamilyar na boses niya.

"G—Greg." Naramdaman ko ang pangingilid ng luha sa gilid ng mga mata ko ng makita ko ang itsura niya. May pasa ito sa gilid ng labi at ilang galos sa mukha. Amoy ko rin ang alak na nagmumula sa katawan niya.

"G—Get out, I don't need you." He said. Akmang papasok na ito sa loob ng unit niya ng hawakan ko siya sa braso.

"Please naman Greg, pakinggan mo naman ako. Ipapaliwanag ko lahat, sasabihin ko lahat. Makinig ka—"

"I don't need your explainations Raisse. I don't need it and I don't need you. Kaya kong mabuhay ng wala ka, sino ka ba naman hindi ba?" Sabi niya. Aaminin ko, nasasaktan ako sa sinabi niya.

"Greg naman, lasing ka lang. Pakinggan mo ako." Nagmamakaawa kong sabi sa kanya.

Naramdaman ko rin ang pagbagsak ng mga luha ko mula sa mga mata ko.

"Raisse, ayoko na. Hindi ko maisip na pumatol ako sa tulad mo Raisse. At tsaka ayaw mo 'non? Wala ng tayo. You could fvck any men you want. Wala na akong pakielam sa'yo." Para akong pinalaso ng ilang ulit sa dibdib dahil sa sinabi niya. Oo, nasasaktan ako ng sobra. Sobrang sakit na tipong gusto ko na lang mamatay kesa marinig ang mga sinasabi niya.

"Greg, mahal kita."

"Mahal? Alam mo ba ang sinasabi mo? O baka naman nasasabi mo lang 'yan dahil wala ng gustong pumatol pa sa'yo? Tell me, si Cedric lang ba? Sino pa? Si Allen? Alex? O marami pa? Nice!" Tumawa siya pero sa tawang iyon ay alam kong nasasaktan siya ng sobra.

"Greg, mahal na mahal kita." Iyon lang ang kaya kong sabihin. Ayokong pati siya madamay, ayokong masaktan siya tulad ko. Ayos lang sa akin na ako lang ang masaktan, basta 'wag lang ang pamilya ko, huwag lang siya.

"Fvck you! You don't love me! If you love me, you won't do that! I hate you! I really hate you Raisse! I regret that I love you so much. Pinagsisisihan ko lahat ng nangyari sa atin at tatandaan ko na hinding hindi na mauulit iyon, hinding hindi na kita mamahalin pa. Wala na akong pakielam pa sa'yo, kahit na mamatay ka pa ngayon ayos lang sa akin. Sino ka ba? Wala ka namang kayang ipagmalaki sa akin. Walang wala ka, isa ka lang basura Raisse. Basura ka lang." Hindi ko napigilan ang pag-uunahan ng mga luha ko na bumagsak sa sinabi niya.

Nasasaktan ako ng sobra dahil sinaktan ko siya. Na kahit pa mamatay na ako ay wala na siyang pakielam pa. Sobrang sakit, napakasakit. Mahal na mahal ko si Greg, kaya gagawin ko kung ano ang tama. Kung ano ang nararapat. Para sa ikabubuti ng mga tao sa paligid ko, papakawalan ko na siya.

"You are a whore Raisse. Just a whore." Iyon lang at tsaka siya tuluyan na pumasok sa loob ng unit niya.

At naiwan ako roon na umiiyak. Sana panaginip lang ang lahat, sana panaginip lang.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Forty One

FORTY ONE

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

Isang lingo.

Isang lingo ko nang hindi nakikita si Greg at isang lingo na rin akong nangungulila sa kanya. Hindi pa rin ako tumitigil, patuloy pa rin akong pumupunta sa unit niya at hihintayin siya doon kahit na alam kong walang darating. Dahil umaasa ako na magiging maayos ang lahat, na mapapatawad niya ako, na hindi galit ang mararamdaman niya sa akin sa oras na umalis na ako.

Mahal na mahal ko si Greg. At handa kong gawin ang lahat, desperada na kung desperada. Pero ayokong sa paghihiwalay namin, galit ang nararamdaman niya sa akin. Siya ang unang lalaking minahal ko at patuloy ko pang mamahalin at hindi na magbabago iyon.

Greg is the first man who let me feel the word love.

Dati akala ko ang love ay isang salita lang na may apat na letra. Pero nang dumating siya sa buhay ko, mas naging makabuluhan iyon. Oo, magkaaway kami sa lahat ng bagay. Kahit simpleng pwesto noon sa canteen ay pinag-awayan na namin, kahit nga kulay noon ng ballpen ay muntik na kaming magkabugbugan dahil mas gusto niya ang black ako blue. May mga araw rin na talagang buong araw kaming nagkakasagutan, nagbabayangan o hindi naman kaya ay nagpapayabangan. Lahat ng iyon, doon nagsimula at natapos lang sa hindi magandang pangyayari.

Huminga ako ng malalim at tumingin sa kalangitan, pinagmasdan ko iyon. Hindi makulimlim at hindi rin gaano maliwanag, sakto lang. Tahimik at parang pinagmamasdan lang ang mga tao sa paligid na para bang nakikita niya rin ako pati na siya.

Marahan kong pinahid ang mga luha ko.

Ganito na lang ba? Iiyak na lang ba ako buong magdamag kapag naaalala ko siya? Ang mga araw na kasama ko siya? Oo, aaminin ko, ilang buwan lang kaming magkarelasyon pero ilang taon na kaming magkasama. Nakilala ko na siya ng lubos, ang ugali niya, ang mga tantrums niya. Lahat sa kanya, kilala ko na. Pati nga mga kamanyakan niya at kababuyan niya sa buhay alam ko eh, but despite of those things. He seems perfect to my eyes. I don't know, but those imperfections he has were perfect in my eyes. Na kahit ano pang pangit sa kanya ay baliwala sa akin. Ganoon nga ata talaga kapag nagmamahal ka.

Masasaktan ka.

Pinagmasdan ko ang paligid ko. Maraming tao at karamihan doon ay mga magkasintahan

na tila ba masaya sa piling ng isa't isa. May mga magkakaibigan rin na nagtatawanan, nagseselfie, nagkukulitan, nag-aasaran, nantitrip, naghahanap ng guwapo at kung anu-ano pa.

Pero ako, mag-isa lang at iniisip kung babalik pa ba kami sa dati. Yung siya at ako, iisa.

Tumayo na ako mula sa pagkakaupo ko sa damuhan ng field at lumakad na patungo sa susunod kong klase. Pilit ko lamang iniignora ang mga tao sa paligid kahit pa na binibigyan nila ako ng kakaibang tingin. Wala na akong pakielam sa kanila, ang akin lang makausap ko si Greg. Kahit pa magmakaawa ako sa harap niya para lang mapatawad niya ako. Handa kong ibigay ko sa kanya ang lahat ng mayroon ako, basta mapatawad niya lang ako.

Pero hinding-hindi ko sasabihin sa kanya ang nangyari sa akin dahil alam kong ikapapahamak niya iyon. Ayokong pati siya masaktan, ayokong pati siya madamay. Ayos na 'yong ako lang, 'wag na sila, 'wag na siya.

Malapit na ako sa classroom ko ng bigla akong matigilan ng mahagip ng mga mata ko ang pamilyar na bulto na papunta sa akin.

Si Greg.

Halos lahat ng mata ay sa kanya nakatingin habang naglalakad siya ng taas-noo. Sa loob ng isang lingo, nakita ko rin siya. Sa loob ng ilang araw na pag-iyak ko, alam ko na rin na maayos siya. Naramdaman ko na naman ang pagtulo ng luha ko pero marahas ko agad iyong pinahid.

Nakita ko ang mata niya na nakatingin sa akin pero agad din niya iyong iniwas na para bang wala lang ako sa kanya, na normal lang akong babae. Nakatingin lang ako sa kanya hanggang sa lagpasan niya ako.

Bigla ay nakaramdam ako ng sakit sa pambabaliwala niya. Pero kahit na ganoon, lakas loob ko siyang hinabol.

"Greg!" Sigaw ko, na siya namang naging dahilan para pagtinginan ako ng mga estudyante sa corridor.

"Greg!" Sigaw ko ulit ng hindi siya lumingon. Tumakbo na ako para maabutan ko siya at nagtagumpay naman ako roon.

"Greg, pwede mo na ba akong kausapin?" Hinihingal kong sabi sa kanya habang nakahawak ako sa braso niya.

Dumapo ang tingin niya sa kamay ko na nakahawak sa may braso niya. Bigla niyang hinawi iyon ng pagkalakas lakas kaya bigla akong nawalan ng balanse at tsaka ako natumba.

Naramdaman ko ang pagguhit ng sakit sa may likuran ko dahil sa biglang pagkabagsak ko pero hindi ko iyon ininda at agad na tumayo kahit na nahihirapan ako. Kahit na nasasaktan ako, literal na nasasaktan.

Nakita ko naman ang pag-iba ng ekspresyon ng mukha niya ng mapansin niyang nasaktan ako at doon ay nakaramdam ako na may pakielam siya sa akin pero agad din iyong nawala ng tumalikod siya.

"G—Greg, kausapin mo naman ako. May gusto lang sana akong sabihin sa'yo, kahit dalawang minuto lang. Sige na, pagbigyan mo na ako." Nagmamakaawa kong sabi sa kanya.

Pilit ko lamang iniignora ang mga tingin ng ilang estudyante sa amin ni Greg. Wala akong pakielam sa kanila, wala akong pakielam kung magmukha man akong tanga o kung ano pa man. Basta ang mahalaga ay nasa harapan ko na si Greg at mayroon na akong pagkakataon para makausap siya. Matagal din akong nagtiis sa kakahintay sa kanya sa condominium niya na umabot na nga sa puntong doon na ako nakakatulog sa labas ng unit niya at inaabot na ako ng umaga roon na wala pa siya. Kaya kong tiisin lahat ng sakit, basta para kay Greg.

"Get out of my way, basura ka na hindi ba?" He said fiercely to me. Narinig ko naman ang pagsinghap ng ilang tao sa paligid at ilang bulungan sa sinabi ni Greg. Marahil ay nagulat sila sa inaakto ni Greg sa akin. Na parang dati ay protektadong protektado niya ako pero ngayon ay hindi na.

Tiisin mo ang sakit Raisse, tiisin mo lang.

"K—Kahit ilang minuto lang Greg, may sasabihin lang ako." Sabi ko sa kanya. I bit my lower lip, I try to suppress my emotion. Baka kasi maiyak na naman ako sa harapan niya.

"K—Kahit saglit lang, kahit isang minuto lang." Nagmamakaawa kong sabi sa kanya.

Pero wala pa rin, tinalikuran lang niya ako. Binaliwala na para bang hindi niya ako kilala, na para bang wala kaming pinagsamahan, at parang isa lang akong walang kwentang babae para sa kanya.

"Akala ko ba kapag nagkamali ako, papakinggan mo ako?" Sabi ko kasabay ng pagtulo ng mga luha ko. Kasabay ng sakit na nararamdaman ko ngayon dito sa puso ko.

Natigilan naman siya sa paglalakad sa sinabi ko.

"Akala ko ba, ipaiintindi ko sa'yo ang lahat kahit na paulit-ulit pa? Kasi sabi mo, 'wag akong susuko na ipaintindi sa'yo ang lahat kung sakaling magkamali ako kasi sabi mo, mahal mo ako." Naramdaman ko ang patuloy na pag-bagsak ng mga luha ko. Wala na akong pakielam kung may mga tao pa sa paligid, wala na akong pakielam kung

may mga nanonood pa sa amin. Wala na akong pakielam kung mag mukha pa akong desperada sa harapan nila, basta ang akin lang. Masabi ko sa kanya ang lahat, masabi ko lang sa kanyang mahal ko siya kahit sa huling pagkakataon.

"Akala ko ba, pipilitin mong pakinggan ako? Paniwalaan ako? Kasi sabi mo, 'wag akong susuko kahit na ano'ng mangyari. Greg, hindi ako sumuko. Araw-araw kitang pinupuntahan sa unit mo kahit na alam kong wala ka roon. Naghihintay ako hanggang umaga, nagbabakasakaling uuwi ka at makausap kita. Ayoko kasing sumuko na lang basta, kasi itinatak ko sa isipan ko na kahit ano'ng mangyari, mahal kita." Hindi ko na napigilan ang sarili ko at hinayaan ko na lang na balutin ako ng emosyon ko. Kahit ngayon lang, dahil alam ko namang huli na 'to.

"Greg, alam kong nagkamali ako. Alam kong nasaktan kita, pero sana naman kahit saglit pakinggan mo ako. Oo, alam kong galit ka sa akin. Pero sana sa ngayon, isipin mo lang 'yong mga araw na kasama mo ako. Na masaya tayo, na mahal natin ang isa't isa. Sana maisip at maalaala mo 'yong mga bagay na 'yon. Greg, natatandaan mo pa ba noong una tayong nagkakilala? Iyong bangayan agad? Away agad? Tapos hindi mo na ako tinantanan? Lahat ng iyon Greg, hindi ko pinagsisisihan. Iyong araw na 'yon, hindi ko pinagsisisihan na nakilala kita. Dahil ngayon, alam kong masaya ako na minahal ko ang isang tulad mo. Na may isang lalaking dumating sa buhay ko at ipinaramdam sa akin ang salitang, pagmamahal. Greg. Salamat sa'yo dahil nandyan ka, dahil sa'yo naranasan kong magmahal at mahalin. Hindi ko makakalimutan lahat ng araw na kasama kita, na kapiling kita. Na tayong dalawa, iisa." Ramdam ko ang pagtigil ng paligid ko at parang isang malaking palabas ang nangyayari sa paligid ko at ako ang iba pati na rin siya.

"At sana Greg, sa oras na wala na ako. Isipin mo na lang na ako 'yong babaeng nagmahal sa'yo, pero sinaktan ka lang din sa huli. Hayaan mo, huli na 'to. Hinding-hindi na kita guguluhin pa. Atleast nasabi ko ang gusto kong sabihin sa'yo. Mahal na mahal na mahal kita Greg, paalam." At kasabay ng huling salitang sinabi ko ay ang pagtalikod ko sa kanya.

Ibabaon ko sa limot ang lahat at kasama na siya roon.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Forty Two

FORTY TWO

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

The reality of fear let myself to remind something. That you are not afraid to let go, but you are just afraid to accept the fact that he was gone. That the person you have been loved was already gone. Yes, there's a lot of pain in this world and the first one is to accept the reality. The reality that there is no permanent nor perfect in this world. The things around us are for the mean time only. The persons around us could be gone suddenly.

But you know what is the worst part? When the person you love the most, left you in the middle of your agony.

Hindi na ako nakapasok ng araw na 'yon, nagkulong na lamang ako sa lumang CR sa likod ng school at doon ay nag-iiyak. Hindi ko alam kung bakit ganito kasakit na pakawalan ang taong mahal mo, akala ko kasi dati masakit lang. Hindi ko alam na napakasakit pala at kaylangan kong tanggapin ang katotohanang iyon. Na walang permanente sa mundong ito.

Pilitin ko mang hindi sumuko, hindi ko na nagawa pa. Dahil siya na mismo ang nagsabi noon na ayaw na niya. Nasaktan ko siya ng sobra at tama lang na maranasan ko ang sakit na 'to. Dahil ako rin naman ang may kasalanan kung bakit nangyayari sa akin ito. Wala akong dapat ibang sisihin kung hindi ang sarili ko.

Inayos ko ang sarili ko at pinilit kong itago ang bakas ng kahit anong luha sa mukha ko. Pilit akong ngumiti sa harap ng salamin at pilit kong inaayos ang sarili ko kahit na alam kong hindi na ako magiging maayos at buo pa.

Lalo na't wala na siya.

Unti-unti ng binabalot ng dilim ang kalangitan ng lumabas ako. Iilan na lang din ang mga estudyante sa paligid na marahil ang iba ay nagsiuwian na. Naglakad ako palabas ng school bitbit ang mga gamit ko. Wala si Dana kaya wala akong mapaglabasan ng hinanakit ko sa buhay. Katulad ko, nagluluksa rin siya. She is trying to move on kaya nagpakalayo layo siya na hindi ko naman kayang gawin.

Kaylangan ko munang ayusin lahat bago ako umalis.

"Raisse!" Bigla akong napa-angat ng tingin ng may biglang tumawag ng pangalan ko.

"Andrew?"

Nakumpirma ko ngang siya iyon ng lumapit siya sa akin at bigla na lamang akong yakapin ng mahigpit.

"A—Andrew?"

"Shhh, I heard about what happen to you." He said.

May pakpak nga ang balita. Sino ba namang hindi agad malalaman ang nangyari sa amin ni Greg? Maraming babae ang patay na patay sa kanya at mabilis lang ang balita pag dating sa kanila.

"A—Ayos lang ako, ano ka ba!" Pilit kong nilalagyan ng saya ang boses ko kahit na alam kong nagmumukha lamang akong tanga.

"Don't be afraid Raisse, huwag kang matakot na umiyak sa harap ng ibang tao. It will show how brave you are, Raisse. Don't be afraid because I am here. I am here." He said.

"Ayos lang ako, ayos lang. H—Hindi ako iiyak, matapang ako. H—Hindi ako iiyak." Sabi ko sa kanya pero ang mga traydor kong mga luha ay nagsimula nang bumagsak.

I failed again, I cry.

Gusto kong magalit sa sarili ko dahil sa tuwing maaalala ko siya, umiiyak ako. Na sa tuwing bumabalik ang mga ala-alang magkasama kami at masaya kaming dalawa, nasasaktan ako. Dahil sinayang ko ang lahat, sinayang ko ang pagmamahal niya. Oo, nanghihinayang ako sa relasyon namin, nagagalit ako sa sarili ko dahil pati siya sinayang ko.

Hindi niya ako pinakinggan pero pinilit kong sabihin sa kanya ang dapat kong sabihin. Na kahit sa huling sandali, nasabi ko sa kanya na mahal ko siya. Sana bukas, kapag nawala na ako. Maging masaya na siya at malimutan niya na lang ako. Atleast kahit malimutan niya ako, hindi na siya galit sa akin. Hindi na niya ako kinamumuhian pa.

"Iiyak mo lang Raisse, andito lang ako." Sabi ni Andrew.

Wala akong nagawa kung hindi ang umiyak na naman at pinapanalangin ko na sana ito na iyong huling beses na iiyak ako dahil sa nasasaktan ako.

*

"Sabi nila, kapag nagmahal ka raw. Nagiging tanga at bobo ka kahit na matalino ka pa. Na 'yong tipong kahit magmukha ka pang tanga sa harap ng iba basta't makasama mo lang 'yong taong mahal mo gagawin mo. Iyong tipong magpapalitan kayo ng mga sweet messages, 'yong tipong may tawagan pa kayo. Bebs, boss, babes o kahit ano pa." Tumawa si Andrew ng mahina.

"Ang korny mo na pare. Ang bading mo." Sagot naman ni Miguel sa kanya.

"Gago! Di ako bading! Nagsasabi lang ako ng totoo." Sagot naman ni Andrew sa kanya.

"Tumigil nga kayong dalawa diyan, nandito ako para makalimot saglit hindi awatin kayong dalawa." Sabi ko sa kanila. Tumigil naman sila.

Kanina, hindi ko inaasahan na pati si Miguel dadamayan ako. Natawa pa nga ako kasi kanina ayaw papasukin ni Andrew si Miguel sa kotse niya pero sa huli nagkasundo rin sila. Napadpad kami ngayon sa isang bar, kaylangan daw nilang mag celebrate dahil malaya na ako.

Mula sa kanya.

"Tangna talaga, kaylangan nating pagplanuhan ang pagpatay sa Montemayor na 'yon. Binalaan ko pa naman 'yong gagong 'yon na ibibigay kita sa kanya basta 'wag ka lang sasaktan. Tang ina talaga!" Galit na sabi ni Miguel sabay lagok sa bote ng beer nitong hawak.

"Oo, dapat mapapatay na natin 'yon sa lalong madaling panahon, hindi ba Raisse?" Sabi naman ni Andrew.

"Mga sira talaga kayo." Sabi ko na lang sabay ngiti. Kahit pala papaano nakakangiti ako kahit na nasasaktan ako.

"Oo, gago 'yong Montemayor na 'yon eh! Sinaktan ka!" Sabi ni Miguel na mukhang tinamaan na ng alak. Alas diyes na rin kasi ng gabi.

"Oo tama, tama! Dapat nang ipapatay 'yon. Walang kwentang gagong 'yon! Sino may sabing saktan ka?!" Sagot naman ni Andrew na mukhang sinang-ayunan si Miguel. Parehas na silang may tama.

"Pinagtitinginan na tayo tignan n'yo. Tumigil na nga kayo." Sabi ko sa kanila.

"Ano'ng titigil? Eh tignan mo nga 'yang mata mo! Kanina pa namamaga!" Sabi ni Miguel.

"Huwag kang sumigaw Miggy. Malapit lang ako, naririnig kita. Lasing ka na talaga." Sabi ko ng naiiling.

"Di ako lasing!" Sabi niya sabay inom ulit ng beer niya.

"Basta, ipapapatay natin 'yon. Di ba par?" Sabi ni Miguel sabay akbay kay Andrew. Magkatabi kasi sila tapos ako kaharap nila sa lamesa.

"Oo, gago 'yon! Dapat maaga pa lang papatay na natin ng hindi makagala!" Sagot naman ni Andrew kay Miguel. Gusto kong matawa sa itsura nilang dalawa. Namumula na kasi sila sa rami ng ininom nila.

Hindi ko rin akalain na sila ang taong dadamay sa akin sa oras na mag-isa lang ako at hindi ko rin akalain na magiging ganyan agad sila ka-close. Ang sweet lang.

"Par, d—dapat may plano na tayo. Kung bugbugin muna natin kaya? Sirain natin ang mukha ng magtino!" Sabi ni Miguel.

"Oo, tangina 'non eh. Ako babasag sa mukha! Pinaiyak niya ang bestfriend ko. Gagong 'yon!"

"Oo, ako rin babasagin ko rin mukha tapos torturin natin. Ipa-rape natin sa benteng bakla ng magtino, ano?" Sagot ni Miguel.

Gusto kong matawa sa kanilang dalawa pero pinili ko na lamang ang ngumiti. Pero kung ayos sana ako, baka nababaliw na ako sa tawa sa inaasal nilang dalawa.

"Hindi, gawin nating sikwenta! Para mas magtino sa ginawa niya sa prinsesa natin!" Sagot naman ni Andrew. Tumango naman si Miguel.

"Tumigil na kayo, pinagtitinginan na tayo. Tsaka uuwi pa tayo, 'wag kayo masyadong pakalasing." Paalala ko sa kanila.

"Hindi, icecelebrate natin ang pagiging single mo! Babantayan ka na namin mula sa gagong 'yon!" Sabi ni Miguel.

"Hindi na naman kaylangan, kaya nga ako sumama sa inyo dahil huli na 'to hindi ba?" Sabi ko sa kanila. Natigilan naman silang dalawa.

"Kaylangan mo ba talagang gawin 'yon?" Tanong sa akin ni Andrew.

"Wala na, naka-oo na ako sa kanya. Tsaka pumayag na naman si nanay, ayos na lahat. Oras na lang ang hinihintay ko." Sabi ko sa kanila.

"Raisse—"

"Miguel it's okay, ayos lang ako at magiging ayos ako." Sabi ko sa kanila at tsaka ngumiti.

"Siguraduhin mo lang na magiging ayos ka." Sabi sa akin ni Miguel.

"Kayo talagang dalawa, para kayong mga bata diyan. Tignan n'yo magkaakbay pa rin kayo." Sabi ko sabay tawa ng mahina. Bigla naman silang nagkatinginan at parang diring diri na itinulak ang isa't isa.

"Tangna pare! Ikaw ata ang bading sa ating dalawa eh!" Sabi ni Andrew kay Miguel.

"Gago! Ako bading? Eh mas lalaki pa ako sa'yo!" Sagot naman ni Miguel. Idinaan ko na lamang sa tawa ang pag-aaway nilang dalawa.

"Gago, di palakihan na lang!" Sabi ni Andrew sabay tayo at akmang bubuksan ang sinturon ng pantalon at zipper niya.

"Boys! Tumigil na nga kayong dalawa diyan." Sabi ko sa kanila na siya namang nakapagpatigil sa kanilang dalawa.

We stayed together that night hanggang sa napag-isipan na nilang umuwi at ihatid ako. Sasakyan ni Andrew ang ginamit namin dahil wala naman kaming mga sasakyan.

"Mag-iingat kayo ah? Andrew, focus on the road. Ikaw naman Miguel, umayos ka. Okay? Lagot kayo sa akin kapag naaksidente kayo. Maliwanag?" Sabi ko sa kanila.

"Opo Prinsesa namin!" Sagot nilang dalawa.

"Salamat ulit, ingat kayo. Bye." I said then I smiled at them. Tumango lang sila at kumaway sa akin bago pinaharurot ang sinasakyan nila.

I sighed.

Kahit na sa saglit na panahon hindi nila ako binigo, pinasaya nila ako. At kahit sa ilang oras ay nagawa ko siyang kalimutan. Iyong sakit na nararamdaman ko sa dibdib ko. Nakalimutan ko ng makasama ko silang dalawa. I really need to move on.

Huminga muna ako ng malalim bago pumasok sa apartment ko. Akmang pipihitin ko na ang seradura ng pinto ng apartment ko ng may biglang magsalita na napakapamilyar na boses sa may likuran ko.

"R—Raisse." Tila binalot ako ng yelo ng marinig ko ang pamilyar na boses na 'yon.

Bigla ay naramdaman ko ang panginginig ng buo kong katawan at tila binalot ng takot ang sistema ko. Kahit na natatakot ako ay unti-unti akong humarap para makumpirma ang taong iyon.

"R—Raisse, w—we need to talk."

At hindi nga ako nagkamali kung sino nga 'yon.

It's him, Cedric with full of blood.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Forty Three

FORTY THREE

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

Pagmamahal.

Iyon ang pinanghahawakan ko ngayon. Wala na akong inaksayang oras pagkatapos akong kausapin ni Cedric. Si Greg na lang ang mahalaga sa akin ngayon, kahit sa huling pagkakataon. Makasama ko lang siya, maibigay ko lang sa kanya ang lahat dahil alam ko sa sarili ko na siya lang ang lalaking mamahalin ko ng ganito.

Marahan kong hinawi ang mga luhang patuloy na bumabagsak sa pisngi ko. Wala na akong pakielam kung anong oras na, basta sa huling pagkakataon makasama ko siya. Makapiling ko siya at masabi ko ulit sa kanya na mahal na mahal ko siya.

Masayang masaya ako ngayon, iyong ang nararamdaman ko. Hindi ko alam kung bakit pero alam ko sa sarili ko na masaya ako. Na nararamdaman kong mahal pa rin niya ako at hindi niya ako matatanggihan dahil mahal ako ni Greg, mahal niya ako.

Nagbayad agad ako sa taxi driver at agad na bumaba nang nasa tapat na ako ng building kung saan tumutuloy si Greg. Agad akong pumasok pagkabigay ko ng I.D sa security guard at patakbong sumakay sa elevator. Naghintay lang ako ng ilang minuto at nang makarating sa floor ni Greg ay agad akong dumiretso sa unit niya.

Paulit ulit kong pinipindot ang doorbell ng unit niya pero walang sumasagot. Nagbabakasakali akong naroroon siya. Ito na ang huli kong pagkakataon at wala na akong dapat palagpasin pa.

Naghintay ako roon ng ilang oras. Ala una na ng madaling araw at wala pa rin siya. Wala pa ring Greg na dumadating. Ayokong mawalan ng pag-asa, alam kong darating siya. Alam ko sa sarili ko na makakausap ko pa siya at masabi ko sa kanya at maiparamdam ang lahat.

Naghintay pa ako ng ilang oras hanggang sa mag alas dos y media na ng madaling araw at wala pa rin siya. Nawawalan na ako ng pag-asa na makikita ko pa siya pero agad

iyong nawala ng marinig ko ang pamilyar niyang boses.

"A—Ano pang ginagawa mo dito?" Matalim na tanong niya sa akin. Amoy alak siya at halatang nakainom, may pasa rin siya sa gilid ng labi niya na kanina naman ay wala. Gusot at magulo ang suot niyang polo shirt na puro mantsa ng dugo. Gusto ko siyang lapitan, gusto ko siyang yakapin, gusto ko siyang hagkan at gusto kong iparamdam sa kanya na nandito lang ako, nagmamahal sa kanya.

"Greg, ano'ng nangyari sa'yo?" Naiiyak kong tanong sa kanya. Ang makita lang siyang ganito, nasasaktan na ako.

"Wala kang pakielam." Mariin niyang sabi at tsaka ako itinulak para makapasok siya sa unit niya. He entered the code at agad na pumasok sa unit niya pero hindi ako nagpatinag at pumasok rin ako. Sinundan ko siya.

"Ano pa bang kailangan mo?! I—Itinaboy na kita!" Sigaw niya sa akin.

Gusto kong haplusin ang mga pasa niya sa mukha para kahit papaano ay maibsan ang sakit na nararamdaman niya. Para kahit sa huling pagkakataon ay mahawakan ko siya at maipadama na mahal na mahal ko siya.

"Greg, mahal kita. Andito lang ako, hindi kita iiwan." Sabi ko sa kanya at tsaka ako ngumiti sa kanya.

"Tangina, tinaboy na kita lahat lahat andito ka pa rin?! U—Umalis ka na! H—Hindi kita kaylangan!" Sabi niya sa akin. I looked at his eyes, he is not telling the truth. Because I could see that he needs me. He really needs me.

"Mahal na mahal kita, Greg." Iyon lang ang kaya kong sabihin. Ang paulit-ulit na sabihin sa kanya na mahal na mahal ko siya.

"B—Bakit ba Raisse? Bakit ka pa nandito? Bakit ba ayaw mo pa akong sukuan? Bakit ayaw mong tumigil? Bakit patuloy mo pa rin akong minamahal sa kabila ng mga sinabi ko sa'yong masasama? Raisse, itigil mo na 'to. Masasaktan ka lang kapag ako ang minahal mo, kapag pinagpatuloy pa rin natin 'to. Huwag mo na akong mahalin pa Raisse." He said then he broke. He cry.

He is crying in front of me.

"Tama na Raise..." He said while crying. Hindi ko na rin napigilan pa ang sarili ko. Naramdaman ko na lang ang pagbagsak ng mga luha ko habang nakikita siyang nasasaktan at umiiyak.

Ayoko ng ganito, gusto kong maging masaya siya.

"Nasasaktan ako Raisse...nasasaktan din ako. Hirap na hirap na ako Raisse...ayoko

nang masaktan pa." Sabi niya habang patuloy na bumabagsak ang kanyang mga luha.

"G—Greg, andito lang ako. Hindi kita iiwan, panghahawakan ko 'yong ipinangako ko na hindi ako susuko. Mamahalin pa rin kita." Sabi ko sa kanya.

"Itigil mo na 'to Raisse, itigil mo na 'to nagmamakaawa ako. Nasasaktan na ako ng sobra, nasasaktan ako sa mga kagaguhang pinaggagagawa ko. Nasasaktan ako dahil nasasaktan ka, na nasasaktan kita. Ang sakit sakit na Raisse, hirap na hirap na ako..." Patuloy siyang umiiyak habang sinasabi niya iyon.

"Greg, handa akong tanggapin ang lahat ng sakit para lang sa'yo. Mahal na mahal kita." Sabi ko sa kanya. Lumapit ako sa kanya at marahan na hinawakan ang magkabila niyang pisngi. Hinawi ko ang mga luhang bumabagsak mula sa mga mata niya.

"Greg, lagi mong tatandaan na kahit ano ang mangyari. Mahal na mahal kita, tandaan mo 'yan. Kahit na umalis ako, mahal na mahal kita. Tatandaan mo 'yan. Ikaw lang ang lalaking mahal ko at mamahalin ko pa, ikaw lang Greg Joseff Montemayor." I said then I closed my eyes.

To kiss him.

To let him feel that I love him.

To let him know that I am always at his side.

He answered my kiss and I let him invade myself. This night, I am ready to give myself to him. I am ready to be with him for the one last chance.

"I love you." I said between our kisses. He didn't said anything, he just answer what I said with a kiss. With a very passionate kiss.

When you are loving a Montemayor, you don't need to regret anything. Yes, it is really hard to handle them. But once a Montemayor love you back, it feels like heaven. It feels like you are floating in the clouds. Because loving a Montemayor is loving yourself.

"I love you too." He answered. I just smiled at him and he kissed me again.

But this time, it's more passionate, it's more romantic and I could feel how much he loves me. How he misses me.

"I don't care about the past anymore Raisse, just be with me. Just be my wife, just be the mother of my children and just be mine." He said.

"I am always yours, Montemayor. I will be always yours." And what I said was sealed

by a kiss.

He didn't waste any seconds, he kissed me again. He take me to his bed and continue kissing me. I was just moaning because of the pleasure he is giving to me. I never felt this kind of feeling in my whole life, it was very foreign. It's new to me, the pleasure, the feelings. All of it is new to me.

He took off his shirt and kissed me again, hindi ako magsasawa na halikan siya, na iparamdam ang pagmamahal ko sa kanya. Hinding hindi ako magsasawa kaylanman.

"I love you Raisse." He said as he remove my clothes. We were both naked and I admire his greek warrior body. I could say that he is not a boy anymore, he is now a man.

I am letting him to kissed my naked body, I am letting him into my spirit, thoughts, fears, future, hopes and dreams. Because I only love one man and that is him.

I moaned the pleasure he is giving to me. He kissed me down there and the feeling was so ecstatic. He let me feel that I am a lady, who badly needs him. Siya lang ang bukod tanging lalaki na nagparamdam na isa akong babae. Na mahalaga ako sa mundong ito, na kaylangan niya ako.

"Mahal na mahal kita Raisse." He said and I reached my first climax in my entire life.

He kissed me again and I answered his kiss.

"You are mine Raisse, you are mine, only mine." And with that, he positioned his member and try to enter mine but he suddenly froze when he felt the barrier.

"Y—You are..." I cutted what he is going to say by a kiss.

"Remember, I am always yours Montemayor, just yours." I said. He didn't speak again, but he planted a kiss in my lips.

I bit my lower lip and closed my eyes because of the pain I am feeling right now. Handa akong masaktan basta para sa kanya. Siya ang nakauna sa akin, siya lang at wala ng iba pa.

"I love you Raisse, I love you." He said as he thrust very slowly. I put my arms around his neck and he buried his face in my neck as he thrust very slowly. I endured the pain but later on, I could feel the pleasure until the pain eases away.

We dance with the same rhythm. With the same pleasure until we both reached our climax.

"Mahal na mahal kita Raisse." Iyon lang ang sinabi niya at tsaka ako niyakap ng mahigpit.

Masaya ako.

Masaya ako dahil siya ang unang lalaking naka-una sa akin. Ang unang naka-angkin sa akin. Masaya ako dahil akala ko wala na, pero hindi pala. Siya lang talaga at para sa kanya lang talaga ako. Masaya ako dahil alam kong sa paggising niya, hindi na siya galit sa akin. Hindi na niya ako kamumuhian pa.

Pinakatitigan ko siya at mahimbing siyang natutulog sa tabi ko habang mahigpit niya akong yakap. Marahan kong hinawi ang buhok niya katulad ng ginagawa ko noon sa kanya.

"Mahal na mahal kita Greggy boy." Sabi ko sabay halik sa kanya.

Hindi ako umalis doon hanggang sa mag-umaga na. Marahan kong inalis ang kamay niyang nakayakap sa akin at tsaka tumayo. Pinulot ko ang mga damit kong nagkalat at tsaka sinuot ang mga iyon. Inayos ko ang sarili ko kahit na medyo nahihirapan pa ako dahil sa nangyari.

Lumapit ako sa kanya at tsaka umupo sa gilid ng kama.

"Mahal na mahal na mahal kita Greg. Lagi mong tatandaan 'yan, okay? I love you so much." Then I kissed his lips.

Ilang minuto ko muna siyang pinakatitigan bago umalis. Tumayo na ako at lumabas pero bago ko tuluyang isarado ang pinto ay nilingon ko muna siya.

"Sana maging masaya ka Greg, I love you." And I smiled painfully and closed the door.

I left.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Forty Four

FOURTY FOUR

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

"Raisse, I did not..." Bigla siyang umubo nang sunod-sunod at nanlaki ang mata ko ng may kasamang dugo ang ubo niya. Gusto ko siyang lapitan pero pagkamuhi at galit ang nangingibabaw sa dibdib ko kapag nakikita ko siya.

"I did not rape you Raisse, I did not..." At muli ay umubo siya. Pero sa pagkakataong iyon ay natumba na siya at tuloy-tuloy ang pag-ubo niya na may kasamang dugo.

Bigla ay huminto ang paligid ko. Tila ba nabingi ako sa sinabi niya at hindi ako makapaniwala.

Naramdaman ko ang pangingilid ng mga luha ko. Nakaramdam ako ng saya, dahil alam kong sa kanya lang ako. Na maaari ko pang maibigay ang lahat ng mayroon ako sa lalaking pinakamamahal ko, kay Greg.

"Y—You did not..." Hindi ko magawang ituloy ang sasabihin ko. Tuluyan ng tumulo ang luhang kanina lang ay kaya ko pang pigilan.

Umangat ang tingin niya sa akin. "I did not, Raisse. Walang nangyari. Everything was just a play, just a play." He suddenly broke. Tears are flowing from his eyes.

"I am so much in love with her, but I just ruined my chance. I just ruined her, you and everything around me. I ruined it." He said. Hindi ako makaramdam ng awa sa kanya, kahit pa nasa harap ko na siya. Nakaluhod, duguan, umiiyak at sira.

"Mahal na mahal ko si Dana at hindi ko kayang pati siya ay mas masaktan pa. Tama nang umalis siya, tama nang iwan niya ako at tama nang hanggang doon na lang ang lahat." Sabi niya habang patuloy na lumalandas mula sa mga mata niya ang kanyang mga luha.

"Why did I feel sore that time? Why did you do that? Bakit ako, Cedric? May nagawa ba akong mali para sirain mo ang buhay ko?" Hinanakit ang nararamdaman ko ngayon, pagkamuhi at galit. Dahil hindi lang ako ang nasaktan sa ginawa niya. Pati si Greg nasaktan sa ginawa niya.

"I just need to do it for Dana, she's in danger. Buhay niya ang nakasalalay at hindi ko kayang pati siya saktan ni na Lavenia. Tama nang kinuha ng pamilya ni na Lavenia ang buhay ng ama ko, pero hindi ko kakayanin na pati ang buhay ng babaeng mahal na mahal ko ay kuhanin nila. It was just a play, Raisse. Hindi totoong ginalaw kita, hindi totoong ginahasa kita. The thing you felt that time was just a side effect of the drugs. Sinadya ang lahat ng iyon at planado iyon ni Lavenia. She

was there, she was watching us that time so I need to act like a demon. Patawarin mo ako Raisse, para lang iyon kay Dana. Ginawa ko lang ang lahat ng iyon para sa babaeng pinakamamahal ko." Tuluyan na siyang bumigay. Umiyak na siya sa harapan ko kahit pa puno na ng dugo ang damit niyang suot pati na rin ang mukha niya.

"C—Cedric." Hindi ko magawang makapagsalita, hindi ko alam ang dapat kong sabihin. Hindi ko alam kung dapat ko ba siyang patawarin o dapat ba akong maniwala sa mga pinagsasabi niya. Pero ang isinisigaw ng isip at puso ko ay maniwala ako sa kanya, na dapat ko siyang paniwalaan.

"I am so sorry, Raisse, patawarin mo ako. At kaya ako nandito sa harap mo ngayon ay dahil hindi ko alam kung mabubuhay pa ba ako. Pinapapatay na ako ng mga tauhan ni Lavenia dahil nalaman niyang may balak akong ipagpatapat sa iyo ang lahat pero nahuli niya ako. Binugbog nila ako at kulang na lang ay patayin ako pero pinalad pa rin ako, nabuhay pa rin ako dahil alam ng Diyos na dapat mong malaman ang lahat. Mahal ka ni Greg, mahal na mahal ka niya." Sabi niya. Pinilit niyang tumayo at nagawa naman niya. Mas natitigan ko ang mukha niya na puno ng pasa, galos, at halos namamaga na ang buo niyang mukha.

"Mapatawad mo sana ako Raisse, at kung sakaling mamatay ako, sabihin mo kay Dana, mahal na mahal ko siya at gagawin ko ang lahat para lang makasama siyang muli. Babalikan ko siya Raisse, babalikan ko at papasayahin ko ulit siya." He smiled painfully before he turned his back at me. Nakakadalawang hakbang pa lang siya ng tumigil siya at muli akong harapin.

"Puntahan mo na siya Raisse, alam kong aalis ka na kaya puntahan mo na siya. It's your chance to prove that your love for him is unconditional." He smiled and walked away.

Nang gabing din iyon ay wala akong sinayang na oras. Agad akong nagmadali para lang makita siya at masabi ko sa kanya na mahal na mahal ko siya. Alam ko sa sarili ko na hindi ako nagkamali ng ibinigay ko sa kanya ang sarili ko nang gabing iyon. Mahal ko siya, mahal na mahal at kailanman hindi ko pagsisihan iyon.

Aaminin ko nang dumating si Greg sa buhay ko, nagulo ang buhay ko na dating tahimik. Iyong tipong laging may kumokontra sa akin, umaaway, nantitrip at nagpapainit ng ulo ko. Pero hindi ko inakala na aabot kami sa ganito, na magiging kami. Na mamahalin ko siya nang ganito na pati ang pinakaiingatan kong bagay ay nagawa kong ibigay sa kanya. Hindi ko alam na kapag minahal ko pala siya, magiging masaya ako. Na kaya pala niya akong pangitiin sa mga simpleng ginagawa niya lang. Na kaya ko palang maging masya basta nandyan siya, pero hindi ko inaasahan na masasaktan pala ako ng sobra kapag minahal ko siya.

Pero wala na akong pakielam doon, handa kong tiisin lahat ng sakit, handa kong tanggapin lahat ng iyon. Basta para sa kanya, basta para maging masaya siya.

Nabasag ang pag-iisip ko nang biglang tumunog ang cellphone ko. Tinignan ko kung sino ang caller at ng makitang si Nanay iyon ay agad kong sinagot.

"Hello, Ma?" Ngumiti ako kahit na alam kong hindi naman niya makikita iyon.

"Anak, sigurado ka ba sa desisyon mong iyan?" Tanong niya sa akin. Huminga muna ako nang malalim bago siya sagutin.

"Oo naman 'nay, tsaka matagal na niya iyong hiling. At gusto ko na siyang pabigyan kahit sa huling sandali niya."

"Anak, handa ka bang makilala ng pamilya niya? Paano kung ipagtabuyan ka ng mga 'yon? Wala ako roon para ipagtanggol ka anak."

"Nay naman, ngayon pa kayo ng alala sa akin? Eh sa bata pa lang ako tinuruan n'yo na akong lumaban mag-isa. Kakayanin ko 'nay. At sigurado naman akong mabait ang pamilya niya, nakausap ko sila."

"Siguraduhin mo lang Raisse! Kung hindi walang pag-aalinlangan akong lilipad sa Australia para lang resbakan sila!" Tumawa ako nang mahina sa inasal ng nanay ko. She is protective when it comes to me.

"Opo 'nay, magpapakabait ako doon. I already took advance exams kaya wala ng dapat alalahanin pa. Finals na lang ang hihintayin ko at sinisigurado kong may isasabit kayo sa akin, 'nay." Masayang sabi ko sa nanay ko.

"Mahal na mahal kita anak, tatandaan mo 'yan. Mag-iingat ka roon ah, malayong bansa iyon. Ikamusta mo na lang ako sa kanya at sana magkakilala kayo ng lubos ng ama mo."

"Mahal din kita 'nay, mag-iingat ka lagi ah? Babalik agad ako diyan at isasama na kita kapag umalis ako." Naramdaman ko ang pangingilid ng luha ko.

Today, I am going somewhere. Where I could find myself, where I could fix my broken heart. Lalayo ako para mahanap ang sarili ko, para mapatunayan ang sarili ko. Kahit pa wala siya.

"Mag-iingat ka roon, I love you 'nak." Iyon lang at ibinaba na ni nana yang telepono. Ngumiti ako ng pilit sa sarili ko.

There's nothing wrong to smile.

I already packed my things last day at hinihintay ko na lamang ang oras. It's already two in the afternoon at alas singko ng hapon ang alis ng eroplanong sasakyan ko.

Hindi ko sinabi sa dalawa na ngayon na ang alis ko, kaya walang nakaalam kahit sino

na aalis ako. Magpapakalayo muna ako, bibigyan ko muna siya ng oras para makapag-isip at bibigyan ko naman ang sarili ko ng oras para makalimutan siya.

Marami nang nangyari at ayoko nang masaktan pa siya. Ayos ng ako lang ang masaktan at 'wag na sila. Darating din ang panahon na mapapatawad ko si Cedric at mahahanap ko ang sarili ko.

At sinisigurado kong darating din ang panahon na magiging buo ulit ako.

Inayos ko na ang mga gamit ko, naligo at nag-ayos na rin ako ng sarili ko. Binabalot ng nakabibinging katahimikan ang paligid. Wala sa sariling natigilan ako at napatitig sa kawalan.

"Ang pangit mo!" Sigaw ko sa kanya.

"Hindi nga kasi ako pangit! Ano ba! Naasar na ako dito!" Sabi niya sabay simangot.

"Pangit ka naman talaga, tignan mo 'yang buhok mo hindi black!" Sabi ko sa kanya sabay tawa.

"Ano ba!" Reklamo niya.

"Basta pangit ka!" Sabi ko sabay hagalpak. Bigla ay tumakbo siya sa pwesto ko at binuhat ko na parang bagong kasal.

Dinala niya ako sa kwarto ko at isinara niya gamit ang mga paa niya ang pinto at tsaka ako ibinagsak sa kama.

"Pagsisihan mo na sinabihan mo akong pangit, Misis." At kasabay noon ay ang paglapat ng labi niya sa labi ko.

Walang pag-aalinlangan ko iyong sinagot. Mahal ko si Greg, mahal na mahal.

Pagkatapos ng ilang minuto niyang paghalik sa akin ay nagtitigan kami sa mga mata.

"Sasabihan mo pa akong pangit?" Tanong niya habang nakangiti.

Ngumiti rin ako bago siya sagutin. "Oo, ang pangit-pangit mo." Sabi ko at tsaka ngumiti nang pilya.

"You know what I will do if you say that again." At hindi nga ako nagkamali nang bigla niya akong halikan.

I really love this man.

I smiled painfully. Those memories we had, it will be just buried in the past. I need to forget about him, to start a new without any Greg Joseff Montemayor in my life. Just me, alone.

I already finished fixing my things and myself. It's already three in the afternoon at ilang oras na lang ay aalis na ako.

Kinuha ko na ang mga gamit ko at tinext ang taxi na maghahatid sa akin sa airport. Ilang minuto lang ang hinintay ko at dumating naman ang taxi na inokupahan ko. Isinakay na ng taxi driver ang mga gamit ko sa may likuran. Lumingon muna ako sa apartment ko bago sumakay.

"Sana maging masaya ka, Greg. I love you." I whispered to the wind.

I smiled painfully again.

Tumalikod na akong muli pero bago pa ako makasakay ay may pamilyar na boses ang nagsalita sa may likuran ko.

"Don't you dare to ride that damn taxi or I am going to make love to you right here, right now."

I froze.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Chapter Forty Five

FINAL CHAPTER

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

Hindi ako makagalaw sa kinatatayuan ko. Tila tumigil ang paligid ko ng marinig ko ang pamilyar niyang boses. Naramdaman ko agad ang pangingilid ng mga luha ko sa gilid ng mata ko. Hindi ko rin magawang makagalaw upang harapin siya. Tila ba

nababalot ako ng yelo at hindi ako makakilos.

"Hindi ka aalis Raisse, sa akin ka lang. Sa akin lang." Ramdam ko ang pagmamahal sa boses niya at ramdam ko rin ang pagbilis ng tibok ng puso ko dahil sa sinabi niya.

Tama siya, sa kanya lang ako. Siya lang ang lalaking nagmamay-ari sa akin at wala ng iba pa.

I slowly turned myself at him and when I met his green eyes. My tears suddenly fell. I couldn't believe that I am going to love this man. I couldn't believe that I am going to give everything I have to him. Hindi ko lubos maisip na kaya kong mahalin ang lalaking nasa harapan ko ngayon.

Na kaya ko pa lang mahalin ang isang Greg Joseff Montemayor.

"B—Bakit ka nandito? A—Ano'ng ginagawa mo dito?" Tanong ko sa kanya habang patuloy na bumabagsak ang mga traydor kong luha.

"I am going to claim you." Diretso niyang sabi sa akin habang diretso rin siyang nakatingin sa mga mata ko.

"G—Greg, para saan pa? Masasaktan lang tayong dalawa!" Hindi ko na napigilan ang emosyon ko. Tama naman eh, kapag pinagpatuloy lang namin 'to. Parehas lang kaming masasaktan. Patuloy lang naming masasaktang ang isa't isa.

"Masasaktan lang natin Greg ang isa't isa. Umalis ka na, iwan mo na ako. Pabayaan mo na ako. Napatunayan ko na naman sa'yo hindi ba? Naibigay ko na sa'yo kung ano'ng mayroon ako Greg. Ibinigay ko na sa'yo ng buong-buo ang pagkatao ko, Greg. Mahal na mahal kita pero hindi tayo para sa isa't isa." Para akong pinalaso ng ilang ulit sa dibdib sa sinabi ko. Maisip ko pa lang na may iba siyang mahal, pinapatay na ako ng selos.

Natatakot ako na maulit ang lahat, na baka mas miserable pa ang mangyari kung sakaling ipagpatuloy pa namin. Natatakot ako na baka masaktan ko ulit siya, na baka sa pagkakataong ito. Hindi lang siya ang masaktan ko. Ayos ng ako lang, 'wag na sila. Huwag na siya. Mas pipiliin ko pang sarilihin na lang ang sakit na nararamdaman ko kesa pati siya ay masaktan din.

Wala akong narinig mula sa kanya. Tahimik lang siya na diretsong nakatingin sa akin. Hindi ko mabasa ang nasa isip n'ya.

"Itigil mo na 'to Greg, masasaktan ka lang." Sabi ko sa kanya. Pero wala pa rin, blanko pa rin ang mukha niya.

"Ano ba?! Greg naman eh! Itigil mo nga kasi sabi 'to!" Hindi ko mapigilang sigawan siya.

"Hindi ka ba magsasalita?! Sabi nang sumagot—" Hindi ko na naituloy ang sasabihin ko ng bigla niya akong hapitin at bigla na lamang siilin ng halik.

My world suddenly stopped when his lips touch mine. Naramdaman ko ang init ng labi niya ng patuloy niya akong halikan. Hindi ko alam pero parang awtomatikong sinagot ko ang mga halik niya.

I kissed him back.

Naramdaman ko ang pagpulupot ng mga braso niya sa bewang ko at pagyakap niya sa akin ng mahigpit habang sinasagot ko ang mga halik niya. I put my arms around his neck and he deepen the kiss. I felt his tongue seeking for the entrance in my mouth and I let him in. We taste each other's lips. Tila ba wala na kaming pakielam kung may nanonood ba sa aming dalawa.

Bakit ganito? Bakit pag dating sa lalaking 'to nanghihina ako? Na para bang kaya kong isuko ang lahat ng mayroon ako para lang makasama ang lalaking ito? Bakit ganito ang nararamdaman ko? Para akong pinapatay maisip lang na may iba siyang kahalikan bukod sa akin. Ganito ba talaga ang nagagawa ng pag-ibig? O sadyang ganito lang talaga ang epekto niya sa akin?

"Ayoko ng maraming sinasabi, kapag akin lang, akin. Wala nang pwedeng umangkin pa. Tandaan mo 'yan, Raisse Miracle Marquez." At muli niya akong siniil ng halik.

Hindi na ako pumalag pa dahil walang dudang mahal ko nga ang lalaking ito. Kahit pa manyak siya, makulit, pilyo, mapang-asar, bastos o kung ano pa man. Tanggap ko siya. Handa na akong isuko ang buhay ko sa kanya.

"Hoy ano ba! Maghahalikan na lang ba kayo sa harapan ko?! Kanina pa ako naghihintay dito! Wala pa akong kita ngayong araw at sinasayang n'yo lang ang oras ko!" Bigla kaming natigilan ni Greg ng marinig namin ang boses ng taxi driver. Bigla akong binitiwan ni Greg at agad na kinuha ang mga gamit ko sa may likuran ng taxi at pagkatapos ay pumunta sa harapan at inilabas ang wallet niya at nag-abot ng ilang libong papel sa driver.

"Umalis ka na, hindi na siya tutuloy." Iyon lang ang sinabi ni Greg at tsaka muling bumalik sa kinaroroonan ko. Agad namang umalis ang taxi driver.

"Greg kaylangan kong umalis!" Protesta ko sa kanya. Pero parang wala siyang narinig at kinuha ang mga gamit ko at ipinasok muli sa apartment ko pagkatapos ay hinatak niya rin ako papasok.

"Ano ba Greg! Kaylangan kong makita ang Papa ko! Kaylangan kong pumunta ng Australia!" Sabi ko sa kanya.

Pero hindi niya pa rin ako pinansin. Kinuha niya lang ang cellphone niya at tsaka may tinawagan.

"Hello, Claire? This is Greg. Please send me two plane tickets flight to Australia. Yes, I need it ASAP and I need it tomorrow morning." Iyon lang at ibinaba na niya ang telepono niya.

"Ano ba Greg! Nasisiraan ka na ba?! Bakit ka sasama sa akin?!" Naiinis kong sabi sa kanya.

"Ang ingay mo." Naiinis niyang sagot sa akin at laking gulat ko ng siilin na naman niya ako ng halik.

Hindi na ako nakasagot pa. Nawala na naman ako sa sarili ko ng lumapat ang mga labi niya sa labi ko.

"Akin ka lang, Raisse. Akin ka lang." Paulit-ulit niyang sabi habang hinahalikan ako.

"G—Greg." Hindi ko mapigilang sabihin ng lumapat ang mga labi niya sa may leeg ko.

He was giving me a sweet little kisses.

"Hindi na kita pakakawalan pa, akin ka lang. Tandaan mo 'yan." Sabi niya. Nagulat ako nang bigla niya akong buhatin at dalhin papasok sa kwarto ko. Nagawa niya iyong buksan kahit pa buhat niya ako. Isinara niya rin ang pinto gamit ang mga paa niya at marahan akong ibinaba sa kama.

"G—Greg." Hinahabol ko na ngayon ang boses ko. Pakiramdam ko ay biglang uminit sa loob ng kwarto ko.

"Sabay tayong aalis bukas ng bansa para pormal kong mahingi ang kamay mo sa papa mo." Seryoso niyang sabi habang diretsong nakatitig sa mga mata ko.

Those green eyes.

"Greg."

"Shhh, I am going to marry you Raisse. Pakakasalan kita kahit ano pang mangyari, wala na akong pakielam. Basta maging akin ka, basta ikaw lang ang maging ina ng mga magiging anak ko. Just be the mother of my children Raisse, just marry me. Just say yes and I will be yours. I love you." At hindi na ako nagulat ng bigla niya akong halikan.

Walang pag-aalinlangan ko iyong sinagot. Mahal ko si Greg at iyon ang nararamdaman ko. Alam ko sa sarili ko na hindi ko pagsisishan na mahalin si Greg. Siya lang ang bukod tanging lalaking nakakagawa nito sa akin at nakakapagparamdam kung gaano ako

ka-espesyal sa mundong ito. Si Greg lang at wala nang iba pa.

"At subukan mong umalis, bubuntisin kita." Banta niya sa akin. Nakapatong siya sa akin ngunit nakaalalay pa rin ang braso niya para hindi niya ako madaganan.

"Oo na! Hindi na." Sabi ko sa kanya at tsaka ngumiti. Ang sarap sa pakiramdam na makangiting muli dahil sa saya.

"Masaya ako, alam mo ba 'yon? Dahil alam ko na walang pwedeng makaangkin sa'yo maliban sa akin. Ang saya ko Raisse, hindi mo alam kung gaano ako kasaya sa paggising ko kanina. Pero ng makita kong wala ka sa tabi ko, nangamba ako na baka iwan mo ako pagkatapos ng mga masasakit na salita na sinabi ko sa'yo at hindi ko mapapatawad ang sarili ko kung sakaling mangyari 'yon. I want to be the father of you children and I want you to be the mother of my children. Pakakasalan kita Raisse sa gusto at sa gusto mo." Sabi niya. Marahan ko siyang hinampas sa dibdib niya. Hindi na ata mawawala ang ngiti sa mukha ko.

"Nakakainis ka alam mo 'yon? Naiinis ako sa'yo! Kasi kahit ano'ng gawin kong pag-iwas, hindi ko magawa. Mahal na mahal kita kaya naibigay ko sa'yo ang sarili ko at hinding-hindi ko pagsisihan 'yon, Montemayor. Ikaw lang ang bukod tanging manyak na lalaki ang makapagpapasaya sa akin. Kaya Greg, oo ang sagot ko." Nakita ko naman ang pagsilay ng ngiti sa mukha niya.

"Handa na akong ibigay ang buhay ko sa'yo Greg, handa na akong magpakasal sa'yo at handa na akong tumanda basta't kasama ka. Mahal na mahal kita kahit pa makulit ka, manyak ka, bastos ka, at pilyo ka. I love you, Greg Joseff Montemayor." And I gave him a sweet kiss on his lips.

Hindi mawala ang ngiti sa mukha niya. Kita ko ang pangingilid ng luha niya. Maraming beses ko na siyang nakitang umiyak sa harap ko pero ngayon, nakikita ko siyang naiiyak hindi dahil sa sakit na nararamdaman niya kung hindi sa pagmamahal na ibinibigay ko sa kanya.

"Di kung 'ganon simulan na natin ang pagbuo sa panganay natin!" Pilyo niyang sabi.

"Ikaw talaga pulos ka kalokohan!" Sabi ko sa kanya.

"Just promise me Raisse, promise me that I am the only man in your life. I love you so much, Raisse Miracle Marquez soon-to-be Montemayor." He smiled which makes me smile.

I cupped both of his face and looked directly to his green eyes. "Ikaw lang Greg, ikaw lang ang lalaking mamahalin ko panghabang buhay."

And those promises are sealed with a kiss of this possessive man.

****

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

==========

Epilogue

EPILOGUE

Copyright © Marco Jose (SiMarcoJoseAko)

Five years later.

Ilang taon na rin ang lumipas simula ng dumating ang pinakamalaking pagsubok sa pag-iibigan namin ni Greg. Noong araw na nagkaayos kami, inamin ko sa kanya ang lahat-lahat dahil hindi kami magiging maayos ang relasyon naming dalawa kung hindi namin ipagtatapat sa isa't-isa ang lahat.

He wasn't angry that time, he was enraged. But I explain everything to him, na hindi kasalanan ni Cedric ang lahat. Naging komplikado lang din ang paligid niya na mas pinili niyang mailigtas ang taong mahal niya. He kept saying his sorry that time na tipong umiyak pa siya sa harap ko dahil baka hindi ko raw siya patawarin. But I always remind myself: Love can forgive. Oo, aaminin ko na hindi naging madali ang pagsasama namin. Hindi naman kami perpekto ni Greg at mayroon din kaming hindi pagkakaunawaan, pero lahat ng iyon ay nalampasan naming dalawa ng maayos. Hindi na niya pinapairal ang init ng ulo niya sa tuwing mag-aaway kami.

I know in myself that I already forgave Cedric that night. Pinatawad ko na siya pero hindi ko magawang mapatawad si Lavenia. Hindi ko alam kung bakit hindi ko siya magawang mapatawad pero alam ko sa sarili ko na galit ako sa kanya. Dahil siya ang dahilan ng lahat ng paghihirap namin ni Greg. Galit na galit si Greg at gusto niyang pagbayaran ni Lavenia ang lahat. Pero lahat ng bagay ay may dahilan. Diyos na mismo ang gumawa ng paraan para pagbayaran nila ang lahat.

Lavenia's family was massacred pagkatapos ng dalawang lingo na pamamalagi namin ni Greg sa Australia. Napabalitaan na dahil sa illegal na transaction ng Gobernador nitong lolo kaya minassacre ang pamilya nito. She's there, pero nakaligtas siya. She's suffering right now because of a physcological disorder at trauma na dulot ng massacre na iyon. Hindi nga siya nakaligtas pero tila sinadya ng mga gumawa noon na gahasain siya ng ilang ulit at iwang buhay. Nasa mental hospital siya ngayon at wala na ni isang kamag-anak niya ang tumulong pa sa kanya. Inaamin ko, galit ako kay Lavenia. Pero hindi ko kaylan man ninais na maging ganoon kamiserable ang mangyari sa kanya. Naaawa ako sa kanya at alam kong may plano ang diyos at kaylangan nilang pagbayaran lahat ng bagay na ginagawa nila.

Dana's life has been ruined too. She was devastated the day Cedric left her. But as what I've said, God has a plan. In the middle of our graduation, Cedric suddenly came up and proposed to her. She was crying really hard. It was so memorable to us. Hindi namin lubos maisip na magagawa iyon ni Cedric sa harap ng maraming tao. Yes, they were only twenty that time but love comes in no time.

I remembered the time Greg and I went to Australia to meet my father. He was so nervous that time and I was just laughing so hard because of it. First time ko lang kasi siyang nakitang ganoong kakabado. Mas kabado pa siya sa akin. We stayed their for almost two weeks and I was so happy that I met my father. His family was so nice to us. I couldn't explain their faces when they saw me because I look exactly my father. Nakilala ko rin ang iba ko pang mga kapatid. My two sisters were swooning Greg that time and hell, I was so jealous. But when Greg proposed to me in front of my father, I was so happy. We even had an uhmm, advance honeymoon there. After six months, my father died and I am glad that I met him before he died.

Pagkaraan ng isang taon ng graduation namin, nagpakasal kaming dalawa. The wedding was really big, iba talaga kapag Montemayor ang pinakasalanan mo. My mother was so happy that I finally met my prince. Akala niya kasi tatanda na akong dalaga, I am now a known journalist in the Philippines. Hindi ko man natupad ang pangarap ko na maging isang tanyag na reporter sa ibang bansa, may inilaan naman sa akin ang panginoon na isang makulit na lalaking makapagpapaligaya sa buhay ko pero hindi ko lubos maisip na mas sasaya pa ako ng biyayaan kami ni Greg ng isang mas makulit na supling.

"Mommy! I am a big man na!" Reklamo ng anak ko habang pinapaliguan ko siya. I named him, Marcus Angelo.

"Anong big man?! You are only three years old at hindi ka pa big man!" Sabi ko sa kanya at tsaka muling sinabon ang katawan niya.

"Mommy, makikita mo si pareng birdy! Daddy said that I should hide it from big girls because it is not big, it's small pa!" Reklamo niya ulit.

"Bakit? Mommy mo naman ako ah, it's okay na makita ko si pareng birdy mo. At huwag kang makikinig 'don sa Daddy mo. Kung anu-ano na lang ang itinuturo sa'yo." Napailing ako ng ilang ulit.

"Mommy, kapag ba big na ako tulad ni Daddy. I can play basketball na?" Tanong niya sa akin habang nilalagyan ko ng shampoo ang buhok niya.

"Oo naman, you can play na anytime 'pag big ka na. Kaya dapat lagi kang makikinig kay Mommy, okay?" Sabi ko sa kanya. I looked at my son. He has a green eyes like his father, namana rin nito ang semi-blonde nitong buhok. Pero nakuha nito ang maamo at maganda kong mukha. Ang ilong naman niya ay tulad din ng kay Greg pero ang mga labi niya ay sa akin niya nakuha. I must admit that my son is really handsome. Kaugali rin ito ni Greg na hindi ko na ata mababago pa.

"Talaga Mommy? Di mag e-eat na ako lagi ng madami para mag big na ako." Sabi niya sa akin.

Ngumiti ako bago sumagot sa anak ko. "Tama, tapos 'wag ka na makikinig sa loko mong Daddy, ha? Good boy ka dapat, behave ka lagi para maging big ka agad. Okay?" Sabi ko sa kanya. Ngumiti naman siya ng malapad, ngiting katulad ng kay Greg.

"Aye! Aye!" Sabi niya sabay tango. Binanlawan ko na siya at tsaka binihisan ng sando na sponge bob na paborito niya at shorts na slam dunk.

"Ayan pogi ka na!" Sabi ko sa anak ko pagkatapos ko siyang bihisan. Hinalikan ko siya sa magkabilang pisngi.

"Talaga Mommy? Pogi na rin ako?" Tanong niya habang nakangiti. Binuhat ko naman siya at tsaka lumabas ng kwarto niya.

"Oo naman, mas pogi ka na kay Daddy mo." Sabi ko sa anak ko sabay ngiti. Gusto niya kasing sinasabihan ko siyang mas pogi sa Daddy niya.

"Gusto mo bang gisingin natin ang Daddy mo?" Tanong ko sa kanya. Sunod-sunod naman ang pagtango ang ginawa niya.

Dumiretso kami sa kwarto namin ni Greg at nadatnan namin siyang tulog na tulog pa. Nakadapa pa siya sa kama namin at medyo humihilik pa.

"Gisingin mo na si Daddy." Sabi ko sa makulit kong anak sabay baba sa kanya. Agad naman siyang sumampa sa kama namin ni Greg.

"Daddy, gising na ikaw!" Napangiti ako na makita ang mag-ama ko na magkasama.

"Hmmmmn."

"Daddy pogi, gising na!" Sabi ni Marcus sabay yugyog sa Daddy niya.

"Baby, mamaya na." Sagot naman ni Greg kay Marcus. Lumapit ako sa kanila at may ibinulong kay Marcus.

"Daddy, si Mommy may bisitang boyfriend." Bulong ni Marcus sa Daddy niya na agad namang nagpabangon kay Greg.

"Nasaan 'yon?! Nasan?!" Sabi ni Greg sabay tayo. Nagulat naman si Marcus sa inasal ng Daddy niya habang ako ay natatawa sa reaksyon niya.

Ang possessive kasi.

"Di bumangon ka rin, ano?" Sabi ko ng natatawa sa kanya. Sumimangot lang siya at tsaka pabagsak na humiga ulit sa kama pero nakamulat na ang mga mata niya.

"Ang agang panggising 'yon ah." Sabi ni Greg. Tumawa lang ako habang si Marcus naman ay sumampa sa Daddy niya.

"Daddy, mag peplay tayo mamaya sabi ko kay Mommy."

"Oo, basta 'pag may pangit na pumunta dito sumbong mo agad sa akin ah? Bubugbugin natin!" Sabi naman ni Greg.

"Di magagalit si Mommy?" Tanong ni Marcus sa Daddy niya.

"Hindi, ako bahala." Sabi ni Greg sabay kindat kay Marcus. I just rolled my eyes, may mga bagay talaga na mga lalaki lang talaga ang nagkakaintindihan.

"Tumayo na kayo diyan, mag bebreakfast pa tayo." Sabi ko sa kanilang dalawa. Binuhat naman ni Greg si Marcus.

"Hindi ka magbibihis?" Tanong ko kay Greg.

"Hindi na, tayo lang namang tatlo nandito. Family day natin ngayon 'di ba?" Sagot niya sa akin.

Boxers lang kasi ang suot niya at ayokong gayahin siya ng anak niya. Namimihasa kasing walang suot lagi kapag kami lang ang magkakasama.

Bumaba na kaming tatlo para mag breakfast. Saturday ngayon at family day namin kapag weekends. Busy rin kasi si Greg sa Montemayor Empire lalo na't promoted siya as a Vice President ng kompanya. Ako naman, hindi gaanong busy kaya natututukan ko pa rin si Marcus. Gusto na nga ni Greg na mag resign na ako sa trabaho ko kasi kaya niya naman daw kaming buhayin pero umayaw ako dahil gusto ko ang ginagawa ko.

Pagkatapos naming mag breakfast, iniligpit ko ang mga pinagkainan namin. Habang sila naman ay dumiretso sa pool para maligo. Wala rin naman akong nagawa kahit pa pigilan ko sila, kapag sila na kasi hindi na ako makatanggi pa. Pinuntahan ko sila pagkatapos kong magligpit. Masaya akong makita sila na masaya. Masaya na ako na dumating si Greg sa buhay ko pero hindi ko lubos maisip na mas magiging masaya pa ako ng dumating si Marcus sa amin ni Greg. Wala na akong hihilingin pa sa buhay, basta masaya ang mag-ama ko, masaya na rin ako.

"Ano'ng iniisip ng Misis ko?" Biglang yumakap sa may likuran ko si Greg.

"Greg! Mababasa ako!" Suway ko sa kanya.

"Wet ka na agad boss? Grabe ka naman!" Sabi niya sabay tawa. Sumimangot lang ako sa sinabi niya. Kahit kaylan talaga.

"Itigil mo 'yang baboy mong bibig Montemayor." Sabi ko sa kanya. Tinanaw ko naman si Marcus na nasa may hagdan lang ng pool at nilalaro ang speed boat niyang laruan.

"Minsan lang maglambing, sungit." Sabi niya. Humigpit ang pagkakayakap niya sa akin.

"Greg, masaya ka ba?" Tanong ko sa kanya.

"Oo naman, sobrang saya ko dahil kasama ko ang babaeng pinakamamahal ko at ang baby boy ko." Sabi niya. Hinalikan niya ako sa pisngi.

"Talaga? Masaya ka?"

"Words can't explain how happy I am right now. Seeing you every morning makes me very happy and seeing our child growing up makes me happier. Mahal na mahal ko kayong dalawa at handa akong gawin ang lahat para lang maprotektahan lang kayong dalawa. Handa akong isuko lahat ng mayroon ako basta para sa inyong dalawa, mahal na mahal ko kayo Raisse na kahit kapalit pa ng buhay ko para lang sa inyong dalawa ng anak ko." Sabi niya. Naramdaman ko ang pangingilid ng luha sa mga mata ko.

"Nakakainis ka!" Sabi ko kahit na nakangiti ako.

"Nakaka-inlove ka naman!" Sabi niya sabay halik sa pisngi ko. Humarap ako sa kanya at pinakatitigan siya sa mata. I think it is the right time to tell him.

"Greg, I am three weeks pregnant."

THE END

==========

Author's Note

Author's Note

Hello again! Maraming maraming maraming maraming thankyou sa lahat ng nagbasa ng istoryang ito. Napagtyagaan n'yo? Haha. Anyways, marami po talagang salamat sa pagsuporta sa pangalawa kong istorya. Ang sarap lang sa pakiramdam na nakatapos ulit ako ng istorya at suportado ka ng mga mambabasa mo. Hindi ko man po ma-

replayan 'yung mga messages at comments n'yo. Nababasa ko naman po siya at naappreciate ko siyang lahat. Maraming maraming salamat lalo na ulit sa diyosa kong pinsan na si @pantosaur sa pagsuporta niya (minsan) sa akin. Simula't sapul siya at siya na lang. Nakakasawa rin pala haha, good luck sa'yo sa UPCAT mo this August 16! Maraming salamat. Dedicated din po ito sa dalawa kong UNSUPPORTED friends na si Cee at Roma Mae, pati na rin sa lalaking nakita ko noon sa covered court ng school ko noong high school pa ako. Kung hindi kita nakita, hindi ko maiisip si Greg sa'yo. Kung sino ka man, salamat! Masyado nang mahaba ang author's note na 'to. Hanggang sa muli! Maraming maraming salamat.

PS: Suportahan n'yo rin po sana ang istorya ni Axcel. Just If--BSS3